

Daluyan

Journal ng Wikang Filipino

TOMO XXIX, BLG. 2, 2023



Daluyan

Journal ng Wikang Filipino

ISSN 0117-1275 | ISSN 2244-6001 (online)

Tomo XXIX, Blg. 2, 2023

Ang mga artikulo ng Daluyan ay pawang opinyon ng mga may-akda at hindi nangangahulugang opisyal na pahayag ng Sentro ng Wikang Filipino-UP Diliman.

Dr. Jayson D. Petras

jdpetras@up.edu.ph

Direktor, Sentro ng Wikang Filipino - UP Diliman

Dr. Jem R. Javier

jem.javier@up.edu.ph

Prop. April J. Perez

ajperez@up.edu.ph

Mga Editor ng Isyu

Larry Boy B. Sabangan

lbsabangan@up.edu.ph

Tagapamahalang Editor

Jeslie D. Luza

jdluza@up.edu.ph

Editor Pangwika

Edrick S. Carrasco

edrickcarrasco@gmail.com

Tagadiseno ng Aklat at Pabalat

Inilathala ng Unibersidad ng Pilipinas sa pamamagitan
ng Sentro ng Wikang Filipino-UP Diliman dalawang beses sa isang taon.
Maaaring maakses ang elektronikong bersiyon ng Daluyan sa
<https://journals.upd.edu.ph/index.php/djwf/issue/archive> at
<https://sentrofilipino.upd.edu.ph/>

Sentro ng Wikang Filipino-UP Diliman
3/F, Linangan ng Maliliit na Industriya (ISSI),
Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, Lungsod Quezon

Telepono blg.: +632-8924-4747 at +632-8981-8500 lok. 4583.

Email: daluyan.swf.upd@up.edu.ph

Nilalaman

5 Talâ ng Editor

JEM R. JAVIER

APRIL J. PEREZ

9 Pagpaplanong Pangwika sa New Southbound Policy at ang Pagtuturo ng Filipino sa Taiwan

AURA BERTA A. ABIERA

25 Isang Paunang Pagsasakasaysayan ng Caliraya Dam sa Silangang Laguna, 1939-1947

RUBEN JEFFREY A. ASUNCION

39 Malalimang Pagtalakay sa Dalawang Pangunahing Lápit sa Pagtatása sa Sigla ng mga Wika sa Pilipinas

NOAH CRUZ

59 Ideolohiyang Agta sa Awit na *On Potok*

MA. CECILIA C. DE LA ROSA

73 Pagpapakahulugan sa Konsepto ng Kalooban
sa Kongregasyon ng Jesus Miracle Crusade
International Ministry (JMCIM)

MARVIN RAEI TENECIO

97 Ang Teatrikalidad ng *MonoVlog*:
Improbisasyon at Kuwentuhan sa Panahon ng
COVID-19 sa Pilipinas

SIR ANRIL PINEDA TIATCO
LAYETA BUCOY

121 Ang Posibilidad at Hanggahan ng Ekosalin:
Isang Pagbabalangkas at Paglalapat ng
Nababagong Teorya sa Larangan ng Pagsasalin

CLAUDETTE M. ULIT

137 INTERNASYONAL NA LUPON NG MGA EDITOR

Dr. JEM R. JAVIER

jem.javier@up.edu.ph

Unibersidad ng Pilipinas, Diliman

Prop. APRIL J. PEREZ

ajperez@up.edu.ph

Unibersidad ng Pilipinas, Diliman

Matutunghayan sa isyung ito ng Daluyan ang mga pag-aaral na nakatuon sa iba't ibang disiplinang kinakikitaan ng pag-iral ng wika sa lipunan at kultura. Pinapaksa ng mga pananaliksikang pagpaplanong pangwika sa New Southbound Policy ng Taiwan, kasaysayang pangkapaligiran ng Caliraya Dam, pagtatasa sa sigla ng mga wika sa Pilipinas, ideyolohiyang Agta sa awit na *On Potok*, pagpapakahulugan sa konsepto ng kalooban sa kongregasyong Jesus Miracle Crusade International Ministry, teatrikalidad ng *MonoVlog*, at ekosalin.

Tinalakay sa artikulong “Pagpaplanong Pangwika sa New Southbound Policy at ang pagtuturo ng Filipino sa Taiwan” ni Aura Abiera ang New Southbound Policy (NSP) ng Taiwan, at ang Southeast Asian Language Program na bahagi nito, sa dalumat ng pagpaplanong pangwika. Itinuturing na mga haligi ng NSP ang mga sumusunod: pagtataguyod ng ekonomikong kolaborasyon, pagsasagawa ng tao sa taong pagpapalitan, pagpapalakas ng pagbabahaginan ng resources, at pagbubuo ng mga rehiyonal na ugnayan. Iniugnay ang polisiyang ito sa talakay ni Cooper kung saan tinitingnan ang mga politikal, ekonomiko, at siyentipikong mga salik bilang motibasyon sa pagpaplanong pangwika. Inilapat din sa artikulo ang dalumat ni Cooper sa pagpaplapano at patakarang pangwika at ipinakita ang kalagayan ng pagtuturo ng Filipino sa programang SEAL, gayundin ang mga implikasyon at/o mungkahi sa pagtuturo ng Filipino sa Taiwan.

Inilahad naman ni Ruben Jeffrey Asuncion sa kaniyang pananaliksik na “Isang Paunang Pagsasakasaysayan ng Caliraya Dam sa Silangang Laguna, 1939-1947” sa lapit ng kasaysayang pangkapaligiran ang pagsasakasaysayan ng Caliraya Dam. Pinahalalagahan

ng may-akda ang pagbibigay-pansin sa kasaysayan ng mga impraestrukturang itinayo sa panahon ng mga Amerikano na sa kasalukuya’y ginagamit pa rin. Liban pa sa ginawang pagsasakasaysayan, inilarawan at inilunan ang ni Asuncion ang Caliraya Dam at ang mga kaugnay na pasilidad nito, iniuri din ang mga disenyo at silbi ng mga dam sa Cavite at Laguna noong panahon ng Kastila at Amerikano, at binanggit ang ilang usaping historyograpikal

Ipinaliwanag ni Noah Cruz sa kaniyang artikulong “Malalimang Pagtalakay sa Dalawang Pangunahing Lapit sa Pagtatasa sa Sigla ng mga Wika sa Pilipinas” ang hinggil sa Language Vitality Endangerment (LVE) ng UNESCO at Expanded Graded Intergenerational Disruption Scale (EGIDS) nina Gary Simons at Paul Lewis. Inilahad at siniyasat sa papel ang mga batayang ideyang tinutuntungan ng LVE at EGIDS, gayundin ang paghahanay sa kabuuang prosesong sinusunod ng bawat isa. Dagdag pa rito, tinalakay rin ang mga kalakasan at kahinaan ng dalawang lapit. Sa huli, ninanais ng mananaliksik na makatulong sa pagtugon sa pangangailangan para sa isang lapit na makapagtatasa at makasusuri ng masalimuot na sitwasyon ng mga wika sa bansa.

Tampok sa papel ni Ma. Cecilia De La Rosa ang *On Potok*, isang awit-protesta sa wikang Umiray-Dumaget at tanyag sa mga komunidad ng Agta sa Luzon, partikular ang bulubunduking Sierra Madre. Gamit ang metodolohiya na sumusuri sa mga ideolohikal na senyas, itinanghal ni De La Rosa ang pagkaadaptibo ng aspektong ito ng kultura ng mga Agta, na nakikibagay sa kasalukuyan at pang-araw-araw na kontekstong nakapaligid sa kanilang pamayanan, partikular ang kanilang nagpapatuloy na pakikibaka laban sa banta ng mga dam sa kanilang lupang ninuno. Sa gayon, napagtitibay ang kahalagahan ng mga oral na panitikan, gaya ng mga awit, na nagsisilbing sisidlan ng ideolohiyang pinagsasaluhan ng mga tao, nagpapatingkad ng kanilang mga halagahin, naglalarawan sa kanilang buhay at pamumuhay, at nagsasalin ng mga adhikain sa susunod na salinlahi.

Isang muling pagsipat sa konsepto ng kalooban ang isinagawa ni Marvin Rael Tenecio sa kaniyang artikulong pinamagatang, “Pagpapakahulugan sa Konsepto ng Kalooban sa Kongregasyon ng Jesus Miracle Crusade International Ministry (JMCIM).” Sa kaniyang papel, pinalawak ni Tenecio ang pagdalumat sa konsepto ng kalooban sa pamamagitan ng pagpapaloob nito sa konteksto ng organisasyong panrelihiyon, partikular ang JMCIM, at kung paano hinuhubog ng mga kasapi nito ang naturang konsepto upang umayon sa diskurso at kolektibong paniniwala at paggawa ng mga miyembro. Lumilitaw na ang kalooban bilang isang konseptong panrelihiyon sa punto de bista ng mga kasapi ng JMCIM ay sumasaklaw sa plano at kapahintulutan ng Diyos, at sa pagpapasya, tanda ng pananampalataya, at sandigan ng mga kasapi ng kongregasyon.

Dinodokumento naman nina Sir Anril Tiatco at Layeta Bucoy ang monoVlog, isang likhang-sining na umusbong noong panahon ng pandemyang COVID-19. Tampok sa papel na ito ang iskrip ng isang halimbawang monoVlog na itinanghal nang live sa pamamagitan ng makabagong teknolohiya at sa gitna ng iba’t ibang limitasyon sa paggalaw dahil sa pandemya. Tinalaytay rin nina Tiatco at Bucoy ang kasaysayan ng pagbangon ng anyong-sining na ito, na nakalatag sa konteksto hindi lamang ng pandemya kundi ng kinakaharap na mukha ng lipunan sa panahong binubuo at hinuhubog ang monoVlog bilang bago at makabagong uri ng pagtatanghal. Mapagtatanto sa kanilang

pananaliksik na ang monoVlog ay hindi lamang isang malikhaing pamamaraan upang maitaguyod ang ganitong genre ng masining na pagpapahayag na labis na naapektuhan ng pandemya, kundi isang mainam na lunan upang masalamin ang realidad kung saan nabubuhay ang sangkatauhan sa kasalukuyan, at daan upang mapagyman ang sining ng pagtatanghal.

Ang huling papel na tampok sa isyung ito ng *Daluyan* ay pinamagatang, “Ang Posibilidad at Hangganan ng Ekosalin: Isang Pagbabalangkas at Paglalapat ng Nababagong Teorya sa Larangan ng Pagsasalin,” na akda ni Claudette Ulit. Nakasalig sa larangan ng eco-translation at ekolinggwistiks, ang ekosalin ay isang lapit sa pagsasalin na may adhikaing makakalikasan. Ayon kay Ulit, “Napatunayan na malaking tulong sa ekolohikal na perspektibo ang lingguwistika bilang disiplina na makarating sa mainam na pag-unawa kung paanong gumagana ang wika—kung paano ito ginagamit ng tao para sa sarili niyang kapakanan at kung paano ito naging behikulo sa pagkukubli ng mga katotohanang pumapabor o papabor sana sa kalikasan.” Ang artikulong ito ay nagsisilbing alingawngaw rin ng pananaw sa mahalagang papel na ginagampanan ng mga tagasalin hindi lamang bilang tagatulay sa dalawa o higit pang wika, kundi maging tagapag-ugnay ng mga kultura, pananaw-daigdig, paniniwala, at halagahin ng mga pamayanang bumabasa sa teksto at mga salin nito.

Ang iba’t ibang disiplina, metodolohiya, teoretikal na balangkas, at adbokasiyang inilalahad ng mga artikulo sa isyung ito ng *Daluyan* ay nagpapatotoo na ang wikang Filipino ay magagamit na midyum ng akademikong diskurso. Dagdag pa rito—at marahil lalong mahalaga—ang paggamit sa wikang pambansa sa pagpapalaganap ng mga resulta ng mga pananaliksik ng mga may-akda ay isang mabisang paraan upang maipaabot sa lalong malawak na madla ang mga bagong kaalaman, kritikal na pagsusuri, at panibagong perspektiba sa iba’t ibang aspekto ng lipunan at mga kulturang bumubuo sa bansa. Isang maalab na pasasalamat sa mga nag-ambag ng papel, mga bahagi ng lupon ng mga editor, mga kasapi ng pangkat pampatnugutan, at palimbagan ng UP Sentro ng Wikang Filipino - Diliman sa pagkakataong mabuo ang mahalagang isyung ito ng *Daluyan*. Maligaya at mabungang pagbabasa sa ating lahat.



Pagpaplanong Pangwika sa New Southbound Policy at ang Pagtuturo ng Filipino sa Taiwan

*Language Planning in the New Southbound Policy
and Teaching Filipino in Taiwan*

AURA BERTA A. ABIERA

aaabiera1@up.edu.ph

Unibersidad ng Pilipinas, Diliman

ABSTRAK

Pangunahing layunin ng papel na ito na maitanghal ang pagtuturo ng Filipino sa Taiwan bilang bahagi ng Southeast Asian Language Program sa ilalim ng New Southbound Policy na isang pangunahing programa na nagtuturo ng Filipino mula elementarya sa labas ng bansa. Ikalawa, masuri ang programang ito sa dalumat ng pagpaplanong pangwika. Tatalakayin sa papel ang mga sumusunod: ang New Southbound Policy (NSP) ng Taiwan, ang Southeast Asian Language Program na bahagi ng NSP, ang kaligiran ng pagtuturo ng Filipino sa Taiwan, at ang pagsusuri ng SEAL sa pamamagitan ng dalumat ng pagpaplanong pangwika. Sa huli, sa pamamagitan ng maihaharap na datos, susuriin ang kalagayan ng Filipino sa iskema ng pagpapatupad ng nasabing programang pangwika. Pangunahing patakaran ni Pangulong Tsai In-Wen ng Taiwan para sa ugnayang pandaigdig ang New Southbound Policy (NSP). Nakadisenyo ito upang palakasin ang pakikipagkalakalan at pang-ekonomikong ugnayan ng Taiwan at ng sampung bansa sa ASEAN, 6 na estado sa Timog Asya, Australia at New Zealand. Layon nitong magkaroon ng aktibong papel sa rehiyon sa pamamagitan ng pagpapalakas ng mga kooperasyon sa kalakalan, sa pamamagitan ng pagbabahaginan ng resources at tao sa taong pagpapalitan. Naging esensyal na bahagi ng New Southbound Policy ang South East Asian Language Program na pagtuturo ng 7 South East Asian na mga wika . Kabilang rito ang Filipino na sinimulang ituro mula pa 2017. Layon rin ng programa na ma-accommodate ang mga anak ng mga immigrant sa Taiwan at bigyan ng higit na kasanayan ang mga bata at kabataan sa Taiwan at maipakilala sa kanila ang mga kultura sa Timog Silangang Asya. Pumapasok ang programang SEAL ng NSP sa dalumat ng pagpaplanong pangwika ni Cooper. Mula sa layon na hindi lamang linggwistika na may kinalaman sa akwisiyon ng panibagong wika, tumutungo ito sa mga layunin na bentahe sa ekonomiya at cooption ng minoridad. Sa kasong ito, nariyan ang paglago ng mga pamumuhunan at kalakal sa pagitan ng Taiwan at mga katuwang na bansa sa tulong ng mga naisagawa at isinasagawang tao sa

taong pagpapalitan ng wika at kultura. Kasama rin ang integrasyon ng mga immigrant sa lipunan ng Taiwan na sa wika ni Cooper ay cooption ng minoridad. Sa dalumat na ito, nasaan nga ba ang wikang Filipino? Maituturing na pagkilala at pagpapahalaga ito sa wika at kulturang Filipino vis a vis pagpapahalaga sa bahagi ng populasyon ng mga immigrant gayundin ng mga migrante sa Taiwan. Ngunit kailangan ding pag-isipan kung saan dapat lumugar ang wika at kulturang Filipino sa kabuuang iskema na ito. Mananatili ba itong isang wika o asignatura ng pag-aaralan kung ihahain at isasama sa programa ng ibang bansa? Sa panahong malakas ang ragasa ng globalisasyon at ang hatak ng internalisasyon, kailangang makipagsabayan ang bansa. Maaaring matuto tayo sa ibang bansa ngunit mula sa pagkatutong ito, tayo mismo ang magigiit, magpapahalaga, magpalano at magtanghal ng wika at kulturang Filipino sa loob at labas ng Pilipinas.

Mga Susing salita: New Southbound Policy (NSP). Southeast Asian Language Program (SEAL), pagpapalano at patakarang pangwika, pagtuturo ng wikang Filipino

ABSTRACT

The primary objective of this paper is to demonstrate the teaching of the Filipino language in Taiwan as part of the Southeast Asian Language Program under the New Southbound Policy, a primary program that teaches Filipino from the elementary level abroad. Secondly, to analyze the program in the context of language planning. The paper will also discuss the following: the New Southbound Policy (NSP) of Taiwan, the Southeast Asian Language program as part of the NSP, the context of teaching Filipino in Taiwan, and the analysis of SEAL via the language planning frameworks. Finally, through the presentable data, the condition of the Filipino language under the scheme of implementation of the said language program will be examined.

The primary policy of President Tsai Ing-Wen of Taiwan for international relations is the New Southbound Policy (NSP). It is designed to strengthen Taiwan's trade and economic relations with ten ASEAN countries, six states in South Asia, Australia, and New Zealand. Its aim is to have an active role in the region by enhancing cooperation in trade, resource sharing, and personnel exchange. The South East Asian Language Program, teaching 7 South East Asian languages, has become an essential part of the New Southbound Policy. This includes Filipino, which has been taught since 2017. The program also aims to accommodate the children of immigrants in Taiwan and provide more skills to Taiwanese children and youth while introducing them to cultures in Southeast Asia. The SEAL program of the NSP enters Cooper's language planning framework. From the goal not only linguistically related to acquiring a new language, it moves towards objectives that benefit the economy and the co-option of minorities. In this case, there is the increase in investments and trade between Taiwan and partner countries with the help of previous and ongoing interpersonal language and culture exchange. Also included is the integration of immigrants into Taiwanese society, which in Cooper's language is referred to as the co-option of minorities. In this framework, where does the Filipino language stand? It can be considered as a recognition and appreciation of the Filipino language and culture vis-a-vis valuing the portion of the immigrant and migrant population in Taiwan. However, it also needs to be considered where the Filipino language and culture should be placed in this overall scheme. Will it remain a language or a subject of study when included in another country's program? At a time when globalization and internationalization is strong, the country needs to keep up. We may learn from other countries, but from this learning, we ourselves should assert, value, plan, and present the Filipino language and culture within and outside the Philippines.

Keywords: New Southbound Policy (NSP). Southeast Asian Language Program (SEAL), Language planning and policy, and the teaching of the Filipino language.



PANIMULA

Ilang halos tropikal na bansa ang Taiwan na matatagpuan sa Silangang Asya, nása Timog kanluran ng Okinawa, Japan at sa hilaga ng Pilipinas. Nása kanluran naman nito ang China. Gaya ng ibang bansa sa Asya, marami-rami rin ang populasyon ng Taiwan at kinikilala nang may maunlad na teknolohiya at ekonomiya. Nitong 2016, nagkaroon ng bagong direksiyon ang pamahalaan ng Taiwan sa pamamagitan ng New Southbound Policy (NSP). Bunsod ng NSP, nagkaroon ng programang pangwika ang pamahalaan ng Taiwan na nakaangkla rito. Pitong South Asian na wika ang sinimulang isama sa kurikulum ng primarya at sekondaryang antas noong Agosto 2019 bilang bahagi ng pagtatangka ng bansa na maisulong ang kultural na dibersidad at pagiging inklusibo. Interesante ang pangyayaring ito pagkat iilan pa lámang ang nagtuturo ng Filipino sa antas ng elementarya at sekondarya sa labas ng bansa gaya ng ilang piling paaralan sa USA, UAE, Canada, at Guam (Concepcion, 2021). Samantala, nakapaloob sa pambansang programa sa edukasyon ang pagtuturo ng Filipino sa batayang edukasyon sa Taiwan. Sa kabilang banda naman, malaon nang itinuturo ang Filipino sa ilang kolehiyo at unibersidad sa ibang bansa. Ilan sa mga ito ang University of California - Berkeley, University of California - Los Angeles, Cornell University, University of Michigan, University of Wisconsin - Madison, Loyola Marymount University, University of Pennsylvania, Northern Illinois University, University of Hawai'i, University of Pittsburgh, at San Francisco University sa Estados Unidos; Moscow State University at St. Petersburg sa Russia; Peking University, Communication University of China, Yunnan Minzu University, at Beijing University sa China; Osaka University, Shizuoka University, Tokyo University of Foreign Studies, at Takushoku University sa Japan; Sorbonne University, Institute National de Langues et Civilisations Orientales sa France, University of Malaya sa Malaysia, University Brunei Darussalam sa Brunei; at Busan University of Foreign Studies sa South Korea (Ramos at Mabanglo 5-8).

Batay sa ganitong kaligiran, layunin ng papel na ito na maipakita ang pagtuturo ng Filipino sa batayang edukasyon sa Taiwan bilang bahagi ng South Asian Language

Program at masuri ang programang ito sa dalumat ng pagpapalano at patakarang pangwika. Ilalahad din ang pagsisimula ng pagtuturo ng wikang Filipino na isa sa mga ihahaing Southeast Asian na wika. At sa huli, sisikaping masuri ang kalagayan nito sa iskema ng pagpapatupad ng programa sa wika na nakaangkla sa NSP.

New Southbound Policy ng Taiwan

Pangunahing patakaran ni Pangulong Tsai In-Wen ng Taiwan para sa ugnayang pandaigdig ang New Southbound Policy (NSP). Nananatili ito bilang prominenteng bahagi ng identidad ni Pang. Tsai In-Wen habang patuloy itong umiiral na nasa unahan ng kanyang mga ineteres. Nilalayan ng Taiwan na maihanay at maibahagi ang kanilang husay at kasanayan sa teknolohiya, agrikultura, at edukasyon upang lumikha ng mas maigting na ugnayang pang-ekonomiya sa mga bansang miyembro ng ASEAN, Australia, New Zealand, India, Pakistan, Bangladesh, Nepal, Bhutan, at Sri Lanka. Pangunahing layon ng patakaran na mapaunlad o mapalakas ang ekonomiya ng Taiwan at mailayo ang mga industriya nito sa mainland China. Habang primaryang daluyan ng polisiyang ito ang sosyo-kultural na pagpapalitan at interpersonal na koneksiyon.

May pagkakatulad man ang Go South policy ng mga naunang pinuno, higit na komprehensibo at estratehiko ang lápit ng NSP upang mas kilalanin at makalikha ng mga koneksiyon sa rehiyon kung ihahambing sa mga naunang pagtatangka.

Naging pokus ng mga naunang Southbound na polisiya ang direktang banyagang pamumuhunan sa Timog Silangang Asya upang hindi mahikayat o mahadlangan ang pagpasok ng pananalapi sa China. Lámang, hindi nagtagal ang mga pagtatangkang ito likha na rin ng mga baryasyon sa pamumuhunan at sa limitasyon ng mismong patakaran. Hindi rin lumago ang mga pamumuhunan dahil sa krisis pang-ekonomiya sa Asya kaya't nagkaroon ng pag-aalinlangan sa pagdirekta ng puhunan sa Timog. Kasunod nito, bumalik sa mainland China ang direksiyon ng pamumuhunan. (Glaser, Kennedy, Mitchell 6)

Ipinakilala ni Pres. Tsai Ing-wen ang New Southbound Policy (NSP) ng Taiwan noong 2016. Nakadiseno ito upang palakasin

ang pakikipagkalakal at pang-ekonomikong ugnayan ng Taiwan at ng sampung bansa sa ASEAN, 6 na estado sa Timog Asya, Australia, at New Zealand. Layon nitong magkaroon ng aktibong papel sa rehiyon sa pamamagitan ng pagpapalakas ng mga kooperasyon sa kalakalan, sa pamamagitan ng pagbabahaginan ng resources at people to people exchanges o tao sa taong pagpapalitan. Nakasentro ito sa pagpapahalaga na “settling in for the long haul, seeking comprehensive development, and creating mutual benefits” (Yang 17-19).

Nakapaloob sa plano na pagsasamahin nito ang yaman at lakas ng publiko at pribadong sektor upang makabuo ng bagong modelo ng kooperasyon at ekonomikong komunidad sa mga target na bansa.

May apat na haligi ang NSP:

1. Pagtataguyod ng Ekonomikong Kolaborasyon

Sa halip na ituring ang ASEAN at South Asia bilang mga kontraktual na base sa paggawa para sa export, isusulong ng Taiwan ang kooperasyon sa mga katuwang na bansa para sa supply chains, kokonekta sa domestikong kahingian at merkado at proyektong pang-impraestruktura.

2. Magsagawa ng Tao sa Taong pagpapalitan.

Habang nakapokus sa mga tao, palalalimin ang mga pagpapalitang bilateral sa pamamagitan ng paghubog sa mga iskolar, estudyante at propesyonal sa industriya. Magbabahaginan din ng yamang tao sa mga katuwang na bansa.

3. Pagpapalakas ng pagbabahaginan ng risors

Magtaguyod ng mga bilateral at multilateral na kooperasyon sa kultura, turismo, pangangalagang medikal, teknolohiya, agrikultura at medium-sized na negosyo. Layon nitong mapagbuti ang pamumuhay sa mga katuwang na bansa at mapalawak ang impluwensiyang ekonomiko ng Taiwan.

4. Pagbuo ng mga rehiyonal na ugnayan

Gawing sistematiko ang mga bilateral at multilateral na kooperasyon sa mga

katuwang na bansa habang pinalalakas ang mga negosasyon at diyalogo. Mula sa mga indibidwal na pagtatangka, mas bibigyang-diin ang kolektibong kalakasan ng mga pribadong grupo at Taiwanese network (Center for Strategic and International Studies).

Naglatag din ang Taiwan's Office of Trade negotiations ng 5 flagship na proyekto at 3 inobatibong larangan para sa kolaborasyon. Nakadiseno ang mga programang ito na gawing kapital ang mga haligi ng NSP at mapalago ang mga benepisyal na ugnayan ng Taiwan at mga bansa sa Indo-Pacific.

Kabilang sa mga flagship na programa ang pagpapaunlad ng agrikultura, kooperasyon para sa medikal at publikong kalusugan, kultibasyon ng talento, inobatibong mga industriya, youth exchanges at mga forum para sa mga polisiya. Habang kabilang naman sa 3 inobatibong larangan para sa kolaborasyon ang e-commerce, impraestruktura, at turismo.

Mula sa mga tinukoy na haligi at pangunahing programa ng NSP makikitang tumutugma ito sa sinabi ni Yang (2019) na estratehikong diskurso ng NSP ang pagkakaroon ng tuloy-tuloy na internasyonal na ugnayan na hindi lámang nakasentro sa kalakalan kundi maging sa sibiko at panlipunang ugnayan. Mula sa dating polisiyang nakasentro sa kita, nakasentro ang NSP sa mga tao kung saan binibigyan ng priyoridad ang talento at mga institusyon para sa pangmatagalang ugnayan. Likha na rin ng mga politikal na hadlang, hindi maaaring mag-aplay ang Taiwan bilang miyembro ng ASEAN. Dahil dito, ang mga negosasyon ukol sa kalakalan sa antas ng pamahalaan ay hindi posible. Maaaring ituring na ang tao-sa-taong ugnayan ay estratehiya upang mapalago at mapalawak ang komunikasyon at network sa mga katuwang na bansa ng NSP na may layong mapaunlad ang ekonomiya ng Taiwan. Kaugnay nito, binanggit rin ni Yang na nakipagtuwang ang Taiwan sa mga unibersidad at iba pang institusyon sa Southeast Asia, kasama na ang Pilipinas (Yang 4).

Isang patunay sa pagpapalawak ng ugnayan ang dumaraming bilang ng mga migranteng manggagawa sa Taiwan. Sa partikular, tinukoy ni Yang na may 150, 000 na mangagawang Pilipino na sa Taiwan. Karamihan sa mga Pilipino roon ay nagtatrabaho sa mga pagawaan, sa mga kompanya ng Impormasyon, Teknolohiya at Komunikasyon (ICT) at sa mga publikong institusyon para sa pangangalagang

pangkalusugan. Ngunit bukod sa pag-aambag sa lakas-paggawa sa Taiwan, ang Pilipinas ang ikaapat sa pinakamalaking trade-partner ng Taiwan. (Mogato)

Pagpaplano at patakarang pangwika bilang batayang teorya na iuugnay sa NSP at SEAL

Ayon kay Rubin, “sakop ng pagpaplano ang pagtukoy sa aktibidad na sumasaklaw sa pinakamalawak na uri ng paghahanap ng solusyon sa mga problema o pagdedesisyon hanggang sa limitadong pagtukoy ng aktibidad na pinasimulan o sinuportahan ng isang pormal na ahensiya. Itinuturing naman na higit na limitadong depenisyong ang pagpaplano bilang isang aktibidad kung saan inilalatag ang mga tunguhin, pinipili ang mga proseso o hakbangin, at binibigyan ng prediksyon ang mga kalalabasan sa isang sistematikong paraan” (Rubin 217-218). Pasók o lapát ang paliwanag na ito sa pinasimulang New Southbound Policy ng Taiwan sa ilalim ni Pangulong Tsai Ing-Wen.

Gayundin, maaaring ituring, tingnan o basahin ang ginawang programang pangwika sa ilalim ng New Southbound Policy sa usapin ng pagpaplanong pangwika. Sinasabing karaniwang nakadirekta ang pagpaplanong pangwika sa pagkamit ng mga layon o mithiing di-linggwistika, gaya ng proteksiyon ng mamimili, nasyonal na integrasyon, kontrol na politikal, ekonomikong pag-unlad, paglikha ng bagong elite o pagpapanatili ng katayuan, co-option ng minoridad at mobilisasyon ng mga political at pambansang kilusan. Ngunit para kay Cooper hindi lang ito layon, sa halip, tinitingnan niya ang mga salik politikal, ekonomiko, at siyentipiko bilang mga motibasyon sa pagpaplanong pangwika, at makabuluhang bigyan ng pagpapakahulugan ang pagpaplanong pangwika bilang pagtatangka na makaimpluwensiya sa pag-uugaling wika (Cooper 35).

Binubuo ng mga sumusunod ang dalumat ni Cooper para sa pagpaplanong pangwika:

1. Ang mga aktor sa pagpaplanong pangwika at polisiya ay mula sa idea nina Kaplan (1989) na top-down na pagpaplano. Sila ang mga awtoridad na gumagawa ng desisyong pangwika para sa mga

partikular na grupo na karaniwan ay walang konsultasyon sa mga natututo at tagasalita ng wika.

2. Layon ng pagpaplanong pangwika at polisiya na maimpluwensiyahan ang pag-uugaling wika sa mga pamamaraang estruktural o linguistic property, functional o layong paggagamitan ng pag-uugali at inaasahang antas ng adaptasyon o pagtanggap.
3. Tinutukoy rin kung sino-sino ang target ng pagbabagong pangwika at ano ang mga insentibo na nakalaan para sa kanila.
4. May mga layon ang ginagawang pagpaplano at patakarang pangwika. Maaari itong lantad (overt) na pagbabago sapag-uugaling wika o maaari rin namang di-lantad (latent) na walang kinalaman sa pag-uugaling wika kundi nagsusulong ng mga partikular na interes
5. Iba-iba rin ang kondisyon na iniiralan ng pagpaplano at pagbabago sa wika. Tinitingnan ni Cooper na ang mga estruktural (politikal, ekonomiko, sosyal, demograpiko, ekolohikal), kultural na kaligiran at pang-impormasyong mga kondisyon ay maaaring magkaroon ng impak sa pagpaplano at patakarang pangwika.
6. May iba’t ibang paraan din kung paano ipinakilala at pinalalaganap ang mga desisyon sa pagpaplanong pangwika.
7. Tinutukoy naman ang mga proseso ng pagbuo ng mga desisyong pangwika ang pormulasyon ng mga problema at/o, pagbuo ng mga proseso o paraan upang makamit ang layunin.
8. At sa kahulihan, sinasabing mahirap pang matukoy o mahulaan ang magiging epekto o kahihinatnan ng pagpaplano at patakarang pangwika. (Cooper 98)

Programang Pangwika (SEAL)

Pinasimulan ang Southeast Asian Language Policy (SEAL) na pagtuturo ng pitong Southeast Asian na mga wika sa Taiwan noong Akademikong Taon 2018. Nagkaroon ng pilot ng SEAL sa mga gradong 1-12 at ang implementasyon nito sa buong bansa ay isinagawa noong sumunod na taon. Orihinal itong iminungkahi upang mapalaganap sa kamalayan ng mga mag-aaral na isang multilinggwal na lipunan ang Taiwan at dinevelop bilang bahagi ng midterm na proyekto 2014-2019 Educational Development for Children of New Residents sa ilalim ng dáting Pangulong Ma- Ying Jeou. Samantala, sa administrasyon ni Pangulong Tsai-In Wen, naging esensiyal na bahagi ng kanyang New Southbound policy ang SEAL kung saan target ng Taiwan na mapalawak o mapalawig ang politikal at pang-ekonomiyang merkado sa Southeast Asia.

Nakabase ang Southeast Asian Language Policy (SEAL) sa New Talent Cultivation Program ng Ministry of Education ng Taiwan (MOE) na may tatlong (3) bahagi:

1. Hinihikayat ang mga unibersidad at mga kolehiyong teknikal na maghain ng mga kurso para sa pagkatuto ng Southeast Asian na mga wika. Makatatanggap ang bawat kurso ng NT\$ 100,000 na subsidyo;

2. Naghain ng scholarship ang Ministry of Education para mahikayat ang mga estudyante na kumuha ng mga gradwadong kurso (kapuwa Masterado at Doktoral) sa Southeast Asia at mag-aral sa mga lokal na wika; at

3. Isinama ang pagkatuto ng Southeast Asian na mga wika sa 2019 National Education Curriculum. (Lee)

Ayon sa Ministry of Education ng Taiwan (MOE), mandatory ang pagpapakuha ng wika simula sa unang taon sa elementarya habang magiging elektib naman ito pagdating sa Junior High school. Maaaring mamili ang mga estudyante sa mga wikang Vietnamese, Indonesian, Thai, Burmese, Khmer, Malay, at Filipino (Huang Tzu-ti). Habang kabilang naman ang mga wikang ito bilang pangkalahatang kursong elektib pagdating sa kolehiyo.

Layon din ng programa na matulungan ang mga anak ng mga migrante sa Taiwan. Ayon sa Ministry of Education, may humigit-kumulang na 140,000 na mga bata na may isa

man lang magulang mula sa Timog Silangang Asya sa mga paaralan sa Taiwan. Gayundin layon nitong bigyan ng higit na kasanayan ang mga bata at kabataan sa Taiwan at maipakilala sa kanila ang mga kultura sa Timog Silangang Asya.

Ang patakaran at programang ito ang kauna-unahan sa buong mundo. Pinakauna ang Taiwan na nagsama ng 7 opisyal na wika mula sa Timog Silangang Asya at karatig bansa. Itatala sa silabus ng kurikulum ang Pambansang wika, katutubong wika, new residents language, Ingles, at ikalawang banyagang wika bilang mga eryang pangwika (2018 Resident language Curriculum Implementation related Plans).

Batay sa New Immigrants Curriculum Guidelines, magsisimula ang pagtuturo ng wika sa grade 1 sa pamamagitan ng 1 klase sa 1 linggo. Malayang makapipili ang estudyante ng wikang pag-aaralan ayon sa kanyang interes. Sa Junior High School, maaari na itong maging elektib bilang bahagi naman ng flexible study curriculum. At sa Senior High School, nakapasok naman ito bilang elektib sa ilalim ng second foreign language curriculum.

Ayon kay Hung Yung Shan, 2019, direktor ng Curriculum and Instruction Research Center sa National Academy for Educational Research “How to use the study of different languages to promote understanding of all the people that live in this country is the concept behind the new curriculum design”. Dagdag pa niya, “In recent years the United Nations has repeatedly stressed the desire for a more tolerant world. Taiwan has always been a society where diverse cultures coexist. In the past few years the number of students born to new immigrants has continued to climb, so naturally this area shouldn’t be overlooked”. (Toman, 2019)

Gayundin kinikilala na makatutulong sa kross-kultural na uunawaan ng Taiwan at mga bansa sa Timog Silangang Asya ang pagpapakilala at pagtuturo ng mga nasabing wika at magbibigay ito sa Taiwan ng higit na oportunidad para sa mga kolaborasyon sa mga bansa sa rehiyon. (“SE Asian Languages to be Included”)

Kaugnay ng nasabing patakaran, sinimulan ng Taiwan ang pagsasanay ng mga guro noong 2016. At para mapabilis ang pagsasanay ng mga gurong magtuturo ng mga Southeast Asian na wika, nagdesisyon ang pamahalaan na sanayin ang mga bagong

residente na may kasanayan na sa wika upang makapagturo agad ang mga ito matapos ang pagsasanay (Ministry of Education, 2016). Hanggang noong Disyembre, nakapagsanay na ng 1,313 na guro para sa

mga wika ang mga lokal na pamahalaan ng Taiwan sa pamamagitan ng mga maikling programang sinuportahan ng MOE. (“SE Asian Languages to be Included”) Kaakibat ng pagsasanay, mayroon ding programa para sa sertipikasyon ng mga guro sa ilalim ng MOE K-12 Administration. Kailangan ng mga aplikante na makompleto ang pagsasanay na ibinibigay ng National Immigration Agency sa ilalim ng Ministry of the Interior o kaya naman ay pagsasanay na ihinahain ng mga lokal na pamahalaan o mga non-governmental na organisasyon. (“SE Asian Languages to be Included”)

Gayundin, inatasan ng Ministry of Education ang New Taipei City Education Office na magdevelop ng unified textbook para sa bawat wika. Binubuo ito ng 18 bolyum para sa apat na antas. (Ng 69-70)

Ayon kay New Taipei City, Department of Education Director Cang Min-wen, nakibahagi ang siyudad sa paghahanda at pagsusulat ng mga textbook para sa mga wikang Southeast Asian noong 2016. Tininyak na pareho-pareho ang mga textbook para sa buong bansa at sasalamatin din nito ang kulturang dinadala ng bawat wika. Nagsagawa rin sila ng mga trial courses gamit ang mga textbook noong 2017. (“SE Asian Languages to be Taught”)

Samantala, nagkaroon naman ng kolaborasyon ang K-12 Administration, National Central University, at Institute for Information Industry para sa paggawa ng digital content para sa pagtuturo ng mga Southeast Asian na wika. (“SE Asian Languages to be Taught”)

Pagtuturo ng Filipino sa Taiwan

Kasama sa mga wika ng Timog Silangang Asya na sinimulang ituro sa Taiwan ang Filipino. Mula pa noong 2017 ay naging katuwang na ng Ministry of Education ng Taiwan ang

Manila Economic and Cultural Office (MECO) sa pagsasanay ng mga guro sa wika at paghahanda ng mga textbooks.

Naging priyoridad ng MECO ang pagsasanay ng mga guro kaya’t nag-organisa ito ng seminar-workshop para sa mga guro noong 2017 at 2018. Nagawa ito sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa ilang guro mula sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas ng Unibersidad ng Pilipinas. Sa nasabing mga palihan, naging paksa ang sumusunod:

1. Kasaysayan at pag-unlad ng Wikang Filipino;
2. Ugnayan ng wika at kultura;
3. Alpabetong Filipino;
4. Gramar; at
5. Mga paraan at Estratehiya sa pagtuturo ng Filipino.

Bukod dito, nagkaroon din ng cultural-immersion trip para sa mga sinasanay na guro sa pamamagitan ng Lakbay MEConnect program. Bumisita sila sa Iloilo, Guimaras, at Maynila at nagkaroon din ng pagkakataon na bumisita sa Unibersidad ng Pilipinas. Ginawa ito upang mas makilala nila ang edukasyon at kultura sa Pilipinas at personal na maranasan ang bansa. Layon din nitong makatulong sa ginagawang pagdidisenyo ng mga Filipino textbook na gagamitin sa pagtuturo ng wika sa Taiwan (Ng).

Sa kasalukuyan, patuloy na nagpapatulong ang MOE sa MECO sa pagre-recruit ng mga bagong magsasanay para sa Filipino language training. MECO rin ang nagrerekomenda ng mga guro sa mga nangangailangan ng guro sa wikang Filipino. Nakapagbigay rin sila ng karagdagang mga teacher training, team building, at mga online na pulong tuwing may bagong implementasyon gaya ng paglilipat sa online na pagtuturo nitong panahon ng pandemya, Gayunman, nahinto ang mga pagsasanay at team building nitong nakaraang dalawang taon dahil sa pandemya.

Bago naman ang aktuwal na implementasyon ng kurikulum sa wika, nagsagawa rin ng pilot teaching sa apat na lugar sa Taiwan. Ginawa ito sa New Taipei, Kaohsiung, Pingtung, at Taitung. Naging katuwang din ang MECO ng MOE ng Taiwan sa paghahanda ng 18 textbook para sa pagtuturo ng Filipino sa Taiwan. Nakalaan ang 12 nito para sa elementarya, habang 6 naman ang nakalaan para sa Junior High School. Nakadiseno ang mga libro na makuha ang atensiyon ng mga

batang mag-aaral sa pamamagitan ng grapikal na representasyon ng pagtuturo ng mga bokabularyo at grammar. Sa mga unang textbook, kabilang ang pagpapakilala ng alpabetong Filipino, pagbigkas, pagbuo ng pangungusap at grammar. Ipinasok din ang mga pagpapahalaga at ang kulturang Pilipino sa mga aktibidad at ehersisyo sa textbook. Para sa Akademikong Taon 2021-2022, apatnapu't limang guro ang magtuturo ng 234 na klase sa wikang Filipino sa Elementarya at Junior high school. ("MECO assists Taiwan Education")



Pagtuturo ng Filipino sa Alberta, Canada

Gaya ng nabanggit sa panimula, isa ang Canada sa dati nang nagtuturo ng Filipino sa batayang edukasyon. Pahapyaw itong tatalakayin sa papel upang makita rin ang pagkakatulad at/o pagkakapareho ng programang SEAL sa programa ng pagtuturo ng Filipino sa batayang edukasyon sa ibang bansa.

Mula 1983 umiral na ang Filipino Language and Culture School of Edmonton sa ilalim ng pangunguna at pag-iisponsor ng Filipino-Canadian Saranay Association of Alberta. Kabilang din dito ang Philippine Cultural Foundation sa Calgary. Na-accredit na rin ng Alberta Education ang mga kurso sa wikang Filipino mula grade 4 - grade 12 at itinuturo sa 5 Katolikong paaralan sa Edmonton. (Filipino Canadian Saranay Association)

Ang pagsisimula ng pagtuturo ng Filipino ay bunsod ng pagkilala sa multikulturalismo ng gobyerno ng Canada sa pamamagitan ng Multiculturalism Act of 1971 ni dating PM Pierre Trudeau (Petras 2023). Kinilala ng polisiya na galing sa iba't ibang background ang mga Canadian at may natatanging halaga ang lahat ng kultura. (Jedwab 2020). Samantala, naisabatas ang Canadian Multiculturalism Act noong 1988. Layon ng batas na maprotektahan ang Cultural heritage ng mga Canadian, mabawasan ang diskriminasyon, at mahikayat ang implementasyon ng mga multikultural na programa at aktibidad sa mga institusyon at organisasyon. Dulot din ito ng dumaraming bilang ng mga migrante at immigrant hindi na lámang mula sa Europa kundi sa Asya, Africa, at Gitnang Silangan

na lumikha ng mga bagong pangangailangan at prioridad. Bukod sa pagpapanatili ng kanilang kultura at wika, nagpahayag din ang mga bagong migrante ng kanilang mga alalahanin ukol sa trabaho, pabahay, edukasyon, at diskriminasyon Sinalamin ng batas na ito ang nagbabagong realidad ng etnikong dibersidad sa Canada. Kinilala ng batas ang multikulturalismo bilang pundamental na katangian ng lipunan ng Canada na may integral na bahagi sa pangangasiwa sa kinabukasan ng bansa. Binigyang-diin ang karapatan ng mga indibidwal na mapreserba ang kanilang kultura habang napananatili ang kanilang karapatan sa ganap at pantay na partisipasyon sa lipunan ng Canada. Hinikayat din ang interkultural na pagpapalitan at interaksiyon upang magbunsod ng higit na pagpapahalaga at kamalayan sa kultural na dibersidad sa Canada. (Canadian Multiculturalism Act, 1988)

Noong Pebrero 2019, inanunsiyo ni Premier Rachel Notely na idaragdag ang Filipino sa mga wikang itinatuturo na sa mga paaralan sa Alberta at pasisimulan ito sa susunod na taon. Palalawigin din ang programa mula Kindergarten hanggang Grade 12. Binangit din na ang programa ay bunsod ng mga kahilingan mula sa mga komunidad na dagdagan ang ihinahangin mga kurso sa Filipino sa mga paaralan. Tinukoy rin ni Notely na kaugnay ito sa pagkilala sa komunidad ng mga Pilipino bilang isa sa pinakamalaki at lumalagong populasyon sa Canada na lubhang nag-ambag ng kanilang mga kasanayan sa kanilang lakas-paggawa at sa kanilang social fabric. Matitiyak ng paglikha ng K-12 kurikulum sa Wikang Filipino at Kultura ang pagpapatatag ng kanilang pamanang lahi.

Ayon naman sa Ministro ng Edukasyon na si David Eggen, ang pangangailangan para sa pagtuturo ng Filipino para sa mga paaralan ang nagtulak sa kanya na idagdag ang Filipino sa mga itinatuturong wika. Ayon pa sa kaniya, "Hindi lang ito wika. Sa wika nananahan ang kultura at ang pagtuturo ng wika ay nagpapakita ng respeto at pagkilala". (Pornel 2019)

Pagkatapos madevelop ang bagong K-12 na kurikulum sa Filipino, makikipagtulungan ang mga opisyal sa Edukasyon ng Alberta sa stakeholders at katuwang sa komunidad upang matukoy ang risorses na makasusuporta sa kurikulum. Nabanggit din ng Ministro ng Edukasyon David Eggen na gagawing tuntungan

ng ministryo ang mga umiiral nang kurso sa pagdevelop ng kurikulum para sa lahat ng grado. "Ang pagpapalakas ng mga programa sa wika batay sa mga lokal na pangangailangan ay maaaring maging epektibong kasangkapan sa paglaban sa rasismo".

Gayunman, hindi magiging mandatoryo ang lilikhaing K-12 Kurikulum sa Wika at Kulturang Filipino. Pahihintulutan ng probinsiya ang mga awtoridad sa mga paaralan na pumili ng programa sa wikang higit na makatutugon sa pangangailangan ng mga komunidad na kanilang pinagsisilbihan. (Canadian Filipino Net 2019)

Ang wikang Filipino ang ika-9 na internasyonal na wikang maisasama sa probinsiyal na kurikulum ng Alberta. Ang iba pa ay Arabic, Chinese Mandarin, German, Italian, Japanese, Punjabi, Spanish, at Ukaranian. Bukod sa mga paaralang pang-komunidad, sa pagpasok ng Filipino sa K-12, naituturo na ang Filipino sa elementarya at sekondarya. Sa Sekondarya sa partikular, itinatuturo ang mga kursong Filipino 15 para sa Grade 10, Filipino 25 para sa Grade 11 at Filipino 35 para sa Grade 12. Sa kaso ng Filipino 15, pinag-aaralan nila ang alpabeto, mahahalagang bokabularyo at pahayag, pangngalan, panghalip, pang-uri, at pandiwa. Pinatitingkad din ang pag-aaral ng kultura sa mga hulíng paksa ng klase dahil sa pagkilala na pamanang wika ito ng mga kumukuha ng klase. Sa kasalukuyan, hámon pa rin ang pagbuo ng mga materyales na mas angkop sa danas ng mga Fil-Canadian at pagsasanay ng mga guro (Petrás, 2023).

Matagal mang naituro ang Filipino sa Alberta, Canada, makikitang hindi ito pambansang programa kahit pa dulot ito ng Multiculturalism Act. Gaya ng SEAL, pareho silang nakaangkla sa kaisipan ng kross-kultural na unawaan, pagkilala at pagpoprotekta sa kultura at pamanang lahi ng mga migrante, at pag-iwas sa diskriminasyon. Gayunman, magkaibang-magkaiba ang kabuuang iskema ng pagtuturo ng Filipino sa dalawang bansa. Kinilala kapuwa ng Punong Ministro at ng Ministro ng Edukasyon na ang hiling mula sa mga komunidad ang pangunahing tulak sa pagpapaturo ng Filipino. Habang ang SEAL ay kaugnay ng mismong Pambansang polisiya na NSP na may sosyo-politikal at pang-ekonomiyang layunin at tunguhin. Malinaw rin na pambansa ang programa dahil isinama ang pagkatuto at/o pagtuturo ng 7 Southeast

Asian na wika sa Pambansang Kurikukulum sa Edukasyon. Itatala ito bilang isa sa mga eryang pangwika sa ilalim ng taguring *New Residents Language* kasama ng Pambansang Wika, Katutubong wika, Ingles, at ikalawang wikang banyaga. Mandatory ang pagpapakuha ng isa sa pitong wika sa antas primarya at magiging elektib sa Junior Highschool. Makikita rin sa naiharap nang datos na holistiko at may nakalatag na programa para sa pagpapatupad ng SEAL mula sa pagbuo ng kurikulum, paghahanda ng unified textbook, pagsasanay, at pag-a-acredit ng mga guro at pakikipagugna at tulungan sa stakeholders. Samantala, nanantiling probinsiyal, hindi mandatoryo at may hâmon sa paghahanda ng mga kagamitang pampagkatuto at pagsasanay ng mga guro ang pagtuturo ng Filipino sa Alberta.

Sa pamamagitan ng maikling paghahambing na ito, mas napatitingkad kung bakit nakita na maaaring masuri ang SEAL sa pamamagitan ng dalumat ng pagpaplanong pangwika ni Cooper.

Pagpaplanong Pangwika at ang Southeast Asian Language Program (SEAL)

Ilalapat sa bahaging ito ang dalumat ni Cooper ukol sa Pagpaplano at patakarang pangwika.

1. Aktor

Pangunahing aktor si President Tsai Ing-Wen na nagpakilala ng New Southbound Policy ng Taiwan bilang pangunahing ekonomiko at politikal na programa ng kanyang administrasyon. Samantala, sumusunod naman ang Ministry of Education (MOE) na siyang naatasang kumilos upang magpatupad ng SEAL na isa sa mga esensiyal na bahagi ng NSP. Inatasan naman ng MOE ang New Taipei City Education Office para mamahala sa pagdedevelop ng unified textbook para sa bawat wika. Nagkaroon din ng papel ang National Central University at Institute for Information Industry na siyang nagsagawa ng digital na mga textbook. Maisasama rin sa aktor ang mga gurong na-recruit at sinanay upang magturo ng mga Southeast Asian na mga wika. Gayundin, maituturing na aktor ang mga

nagsulat at naging konsultant para sa mga kagamitang pampagkatuto.

2. Layon ng Pagpaplano at Patakarang Pangwika

Kinilala na sa pamamagitan ng SEAL, mabibigyan ng oportunidad ang mga ikalawang henerasyon ng mga immigrant na matutuhan ang kanilang wika at kultura upang hindi sila masaisantabi at higit silang mailahok sa lipunan ng Taiwan. Likha na rin ng mababang populasyon ng Taiwan, kinikilalang maaaring magkaroon ng makabuluhang papel ang mga batang migrante sa hinaharap. Higit pa rito, tinatayang magbubunsod ang SEAL ng kross-kultural na unawaan at magiging mainam itong paraan upang mahikayat ang tao sa taong pagpapalitan at kolaborasyon sa pagitan ng mga wika at bansang kasangkot.

3. Target ng Pagbabagong Pangwika at Insentibo

Target ng SEAL ang mga immigrant ng Taiwan, kapuwa ang mga unang henerasyon na sila ring hinikayat at sinanay na magturo ng kanilang mga pambansang wika at mga ikalawang henerasyon na target naman na turuan ng kanilang mga heritage na wika. Sa ganitong gana, nabigyan ng dagdag na oportunidad at trabaho ang mga immigrant. Habang natulungan naman ang mga bata na makilala ang kanilang wika at kultura. Sa proseso, inaasahang mas maiparamdam o higit na mararamdaman ng mga batang ito ang kanilang pagiging bahagi ng lipunan ng Taiwan sapagkat may karampatang pagkilala at pagpapahalaga sa kanilang wikang pamana at kultura.

4. Mga Layon ng Pagpaplano na Maaaring Overt o Covert

Prioridad ng administrasyon ni Tsai ang pagpapalawig ng intelektuwal at kultural na pagbabahaginan tungo sa higit na pagkonekta ng Taiwan sa rehiyon ng Asya at Pasipiko. Sa ganitong tunguhin, malinaw na napaloob ang patakarang SEAL sa pagpaplanong pangwika ng Taiwan.

Sinasabing layon na maipalaganap sa mga ikalawang henerasyon ng mga immigrant ang kanilang sariling mga wika at kultura. Sa ganitong kalagayan mapagtutuunan ng pansin ang bahaging ito ng populasyon at inaasahan na higit nilang maramdaman ang kanilang integrasyon sa pamumuhay sa bansang Taiwan. Gayunman, sa likod nito, malinaw na nakapaloob ang layong ito sa ekonomiko at politikal na mithiin. Mas makakokonekta ang bansang Taiwan sa rehiyon at Asya at maiiwasan ang pagsasantabi sa bansa. Kinikilala ang lakas ng wika at kultura upang mapukaw at mapanatili sa mahabang panahon ang koneksiyong ito. Sa proseso, maaaring mapalalakas ang kalakalan, pamumuhunan, at turismo ng Taiwan at mailalayo ang industriya nito sa mainland China. Kapuwa panloob na integrasyon ng iba't ibang residenteng bumubuo sa Taiwan at panlabas na pagkilala sa rehiyong kinabibilangan ng Taiwan ang mga layong iniugnay sa pagpapalano na magreresulta sa lakas-politikal at mga pakinabang sa ekonomiya.

5. Mga Pamamaraan sa Pagpapalaganap ng Desisyon

Upang maipalaganap ang Southeast Asian Language Program, ginawa ng pamahalaan ang sumusunod na hakbang:

- a) Inatasan ang Ministry of Education ng Taiwan na siyang mangasiwa sa paghahanda at pagpapatupad ng programa;
- b) Inatasan ng Ministry of Education ang New Taipei City Education Office na magdevelop ng unified textbook para sa bawat wika;
- c) Kumuha ang New Taipei City Office ng mga praktisyoner sa wika at edukasyon na kapuwa maalam sa Mandarin at sa mga Southeast Asian na wika para manguna sa pagsusulat at pagbuo ng mga textbook;
- d) Kumuha rin ng mga consultant sa wika at kultura mula mismo sa mga bansang kaugnay para maedit, mapino, at mas matiyak na angkop, napapanahon, at sadyang sumasalamin sa kultura ang

nilalaman ng mga textbook;

- e) Sa pangunguna ng Curriculum and Instruction Research Center, binuo ang New Immigrants Curriculum Guidelines na sumasaklaw sa paraan ng pagpapatupad ng programang SEAL sa mga paaralan;
- f) Sinimulan ang pagsasanay ng mga guro noong 2016 upang mapadali at mapabilis ang pagsasanay. Nagdesisyon ang pamahalaan na sanayin ang mga residenteng may kaalaman na at kasanayan sa mga wika sa SEAL at sa Mandarin na siyang magiging mga unang guro sa oras na ipatupad na ang patakaran; at
- g) Nagtagapag rin ng paunang pagtuturo sa ilang piling lugar sa Taiwan (Ng).

6. Mga Desisyon para sa Pagpaplanong Pangwika

Nailatag sa sinundang bahagi ang mga hakbang na isinagawa para sa implementasyon ng patakarang pangwika. Mahahango rito na top-down, mula taas paibaba ang ginawang pagdedesisyon, pagbuo, at implementasyon ng patakaran. Impetus ang NSP ni Pangulong Tsai sa pagbuo ng SEAL. Samantalang pinangunahan ng Ministry of Education at ng mga napapasailalim ditong mga sangay ang pagsasagawa ng mga hakbang para sa paghahanda at tuluyang pagpapatupad ng programa.

7. Epekto ng Pagpaplanong Pangwika

Gaya ng sinabi ni Cooper, mahirap mahinuha at makita ang kahirahinang ng pagpapatupad ng pagpapalano at patakarang pangwika. Sa kasalukuyan kinakailangan pa ng aktuwal na ebalwasyon ng programa upang matáya ang kinalabasan nito. Gayundin, inabutan ng pandemya ang aktuwal na implementasyon ng patakaran. Maraming restriksiyon na nakaapekto sa inaasahang mga ugnayan na may kinalaman sa kalakalan, agrikultura, turismo, at edukasyon.

Pagpaplanong Pangwika sa New Southbound Policy at ang Implikasyon nito sa Pagtuturo ng Filipino sa Labas ng Bansa

Bilang mahalagang bahagi ng New Southbound Policy, ang Southeast Asian Language Program na inisyatiba ni Pang. Tsai Ing Wen ay nakatuon sa higit na pagkilala at pagpapahalaga sa Taiwan ng mga katuwang sa Southbound Policy. Magsisilbing mga bagong tulay ng Taiwan at mga bansa sa Timog Silangang Asya ang mga bagong immigrant at ang kanilang mga anak na nabigyan ng pagkakataon at espasyo upang matutunan at ma-maisabuhay ang kanilang wikang pamana at kultura. Kasabay nito, natatanggap o nagiging bahagi sila ng wika at kultura ng Taiwan at magkakaroon ng ambag sa pagdevelop ng ekonomiya nito. Ang mga bagong henerasyon ng mga Taiwanese na mayroong Southeast Asian na pamanang lahi ang inaasahang magbigay ng malakas at pangmatagalang relasyon ng Taiwan at mga southbound na katuwang. Sa ganitong gana magsisilbi ang programa sa wika at kultura ng Taiwan sa pangmatagalang ekonomiko at politikal na mga hangarin ng bansa.

Kaugnay sa nabanggit sa itaas, pumapasok ang programang SEAL ng NSP sa dalumat ng pagpaplanong pangwika ni Cooper. Mula sa layon na hindi lámang lingguwistika na may kinalaman sa akwisisyon ng panibagong wika, tumutungo ito sa mga layunin na bentaha sa ekonomiya at co-option ng minoridad. Sa kasong ito, nariyan ang paglago ng mga pamumuhunan, kalakal, at turismo ng Taiwan at mga katuwang na bansa sa tulong ng mga naisagawa at isinasagawang tao-sa-táong pagpapalitan ng wika at kultura. Kasama rin ang integrasyon ng mga imigrant sa lipunan ng Taiwan na sa wika ni Cooper ay co-option ng minoridad. Malinaw rin na nailapat ang mga elementong kabilang sa dalumat ng Pagpaplanong pangwika sa programang SEAL sa ilalim ng NSP mula sa aktor hanggang sa epekto ng pagpaplanong pangwika.

Ngunit sa dalumat na ito, nasaan nga ba ang wikang Filipino? Makikita sa sumusunod na Talahanayan ang naging karanasan at/o kalakaran sa pagtuturo ng Filipino sa ilalim ng programang SEAL Kasabay nito, tumukoy ang mananaliksik ng mga implikasyon at/o mungkahi na maaaring isagawa upang mas maiangat pa ang pagtuturo na Filipino hindi lang sa Taiwan kundi sa global na espasyo.

Kalagayan ng pagtuturo ng Filipino sa SEAL	Implikasyon at/o mungkahi sa pagtuturo ng Filipino sa Taiwan
Itinuturing at itinala na isa sa mga New Residents Language sa Eryang Pangwika sa Kurikulum	Sa hiniharap, maaaring magmula ang inisyatiba sa pagtuturo ng Filipino sa gobyerno mismo ng Pilipinas at hindi na lang umaasa sa mga development o programa ng ibang bansa. Kung maisasagawa ito, posibleng lalo pang lumawak ang abot ng Filipino sa global na espasyo at maituring na internasyonal na wika sa kalaunan.
May nadevelop na unified textbook kasabay ng anim pang wika	Maaaring palawigin ang konsultasyon sa mga iskolar sa wika at kulturang Filipino upang matiyak na masasamin ang umiiral na kultura. Gayundin, maaaring maggiit na magkaroon ng sabay-sabay na pagpupulong o konsultasyon ang mga manunulat mula sa 7 wika upang matiyak kung angkop nga ba ang pagtitiyak na unified ang mga textbook o kinakailangan ng puwang para sa pagpapalutang ng kakanyahan ng wika at kultura ng bawat bansa lalo pa ng Filipino.

Nagkaroon ng kolaborasyon ang K-12 Administration, National Central University, at Institute for Information Industry para sa paggawa ng digital content para sa pagtuturo ng mga South East Asian na wika (kasama ang Filipino)	Kung magkakaroon nga ng inisyatiba mula sa gobyerno sa pagtuturo ng Filipino sa labas, maaaring tipunin din ang mga institusyon at/o stakeholders para sa kolaborasyon sa paggawa ng mga digital na materyales para sa pagtuturo.
Aktibong recruitment ng mga guro mula sa mga immigrant na Pilipino sa Taiwan.	Karamihan sa mga nare-recruit ay walang karanasan o background sa pagtuturo. Sumasailalaim lámang sila sa training at akreditasyon. Maaaring buksan ang recruitment sa mga guro ng wika at kultura sa Pilipinas na posibleng makapag-ambag din at makatulong sa mga sinanay nang guro sa Taiwan.
Mandatory ang New Residents Language sa elementary (isa sa pagpipilian dito ang Filipino) habang elektib na ito sa Junior High school	Maaaring igiit ng stakeholders na mas magagagap ng mga mag-aaral ang wika at mas malulubog sila sa kanilang kultura kung ipagpapatuloy ang pag-aaral ng wika at kultura hanggang sa Junior high school. Dahil mas mataas na antas ito ng pag-aaral, maaaring palawigin ang kurikulum na magsasama na rin ng ibang paksa at ibang batis gaya ng panitikan at kulturang popular.

Isinama ito sa kurikulum, ginawan ng mga textbook, at sinimulang ituro simula Grade 1 at ihinaing elektib sa Junior Senior High School at kolehiyo ang Filipino bílang isa sa mga wikang pamana ng mga bagong immigrant sa Taiwan. Maituturing na pagkilala at pagpapahalaga ito sa wika at kulturang Filipino kaugnay ng pagpapahalaga sa bahagi ng populasyon ng mga immigrant gayundin ng mga migrante sa Taiwan. Gayunman, gaya nang naisa-isa sa naunang bahagi, ang hangarin at pagpapahalagang ito ay may katuwang na layuning sosyopolitikal at ekonomiko. Hindi masama ang ganitong kalakaran habang makikita at mararamdaman ang mutual na benepisyo sa dalawang panig. Maaaring makatamasa ng benepisyo sa pamamagitan ng pagkatuto sa kanilang maunlad na teknolohiya lalo pa sa agrikultura at medisina. Nagbibigay rin ang kanilang mga industriya sa loob at labas ng Pilipinas ng mga trabaho sa mga Pilipino. Patuloy rin ang ihinahaing oportunidad sa pag-aaral at mga internship para sa Pilipinong estudyante . Gayundin, patúloy naman ang kanilang pakikipagtuwang sa mga unibersidad sa antas tersiyaryo.

Subalit kailangan ding pag-isipan kung saan dapat lumugar ang wika at kulturang Filipino sa kabuuang iskema na ito. Mananatili ba itong isang wika o asignaturang pag-aaralan kung ihahain at isasama sa programa ng ibang bansa gaya ng SEAL halimbawa? Sa panahong malakas ang ragasa ng globalisasyon at ang hatak ng internalisasyon, kailangang makipagsabayan ang bansa. Nakita na ang bentaha ng pagpapalaganap ng wika at kultura ng iba gaya ng Koreano halimbawa. Naisaad na rin ang mga layunin ng pagtuturo ng wika at kulturang Filipino sa Taiwan. Hindi dapat manatiling pasibo ang ating pamahalaan. Kailangang kilalanin na ang pagpaplanong pangwika ay maaaring maging katuwang o kaakibat ng pagpaplanong panlipunan. Ngunit paano nga ba ito aasahan kung maging sa sariling bansa ay patúloy at wala pa ring katapusan ang pagkukuwestiyon at pagdududa sa kainaman at bisa ng sariling wika? Maaaring matuto táyo sa ibang bansa ngunit mula sa pagkatutong

ito, sa pamahahalaan mismo magsimula ang pagpapalano. Kung kikilalanin ng pamahalaan ang bisa ng pagpaplanong pangwika, maaaring gawin nito lahat ng pagtatangka, makapaglaan ng sapat na pondo, magkaroon ng “political will” sa paghahanda at tuluyang implementasyon ng sentralisadong plano upang patuloy na mapalawak ang pagtuturo ng Filipino sa iba pang mga bansa. Kung sentralisado ang plano, maaari nitong makuha ang partisipasyon ng lahat ng stakeholders gaya ng mga guro sa wika, iskolar sa kultura at Araling Pilipino, iskolar sa Pagpaplanong Pangwika, mga embahada ng Pilipinas sa iba’t ibang bansa. Sa kooperasyon ng mga nabanggit, makabubuo ng mas holistikong programa sa pagtuturo ng Filipino sa labas ng bansa. Ang pagpapahalaga at pagtatanghal ng Wikang Filipino at kulturang Pilipino ay maaaring makapagbigay rin ng ekonomiko at sosyo-politikal pakinabang sa bansa. Sa pamamagitan ng seryoso, sentralisado, at maigting na pagpapalano, inaasahang maluklok din ang Filipino bílang isang mahalagang internasyonal na wika. ♦

BIBLIYOGRAPIYA

Alberta Developi ng New K-12 Curriculum. *Canadian Filipino Net*. Feb. 16, 2019 <https://www.canadianfilipino.net/news/alberta-developing-new-k-12-filipino-curriculum>

Canadian Museum of Immigration at Pier 21. Canadian Multiculturalism Act, 1988. <https://pier21.ca/research/immigration-history/canadian-multiculturalism-act-1988>

Concepcion, Gerard. “Programang Pangwika ng Filipino sa Labas ng Bansa sa Panahon ng Pandemya.” Jesus Fer Ramos Seryeng Panayam, 28 August, 2020, Online webinar. Lecture.

Cooper, R.L. *Language Planning and Social Change*. New York, NY: Cambridge University Press.

Center for Strategic and International Studies. *The New Southbound Policy*. 2019 https://southbound.csis.org/?fbclid=IwAR3Os-wBgewf6-uC2m-JkfbYAK-0GdQArGp-w0VZuzmW_hmfYxVSAbUCn9x_s

Glaser, B.S.. S. Kennedy, D. Mitchell. 2018, *The New Southbound Policy: Opening Taiwan’s Regional Integration*. Washington DC: Center for Strategies and International Studies. Huang Tzu-ti. Taiwan to Include 7 Southeast Asian Languages in Basic Education. *Taiwan News*. June 25, 2019.

https://www.taiwannews.com.tw/en/news/3731681?fbclid=IwAR1mCBy7TMj2rbFqvJriu3aaAlF3PIxBoEGNWW6iCnqAzv_g8Q0wGpEM88

Filipino Canadian Saranay Association. <http://www.filcansaranayassociation.com/programs.html> Filipino Language Teachers Support Training Workshop. Kaohsiung, Taiwan. July 28-29, 2018 Filipino Language Teachers Support Training Workshop, Kaohsiung, Taiwan. Jul7 17-22, 2019

Huang Tzu-ti, Taiwan’s Elementary School Students to Learn Southeast Asian Languages. *Taiwan News*. Aug. 26, 2019

https://www.taiwannews.com.tw/en/news/3767775?fbclid=IwAR3-wX1K-OLXMFqu4linhGZr3Oidn-WTda4FnmD8i3tX0B_mEPhJvH2ptSbU

Jedwab, Jack. "Multiculturalism". *The Canadian Encyclopedia*. March 20, 2020. <https://www.thecanadianencyclopedia.ca/en/article/multiculturalism>

Lecture Proceeding. *Taiwan's New Southbound Policy: Implications for the Philippines*. Quezon City: Strategic Studies Program, University of the Philippines Center for Integrative and Development Studies. 2019.

Kaplan, R.B., and R.B. Baldauf Jr.1997. *Language Planning: From Practice to Theory*. Clevedon: Multilingual Matters.

K-12 Education Administration, Ministry of Education. 2018 New Residents' Language Curriculum Implementation Related Plans.

Lee, Tony. Director, Education Division, Taipei Economic and Cultural office in the Philippines. Online na komunikasyon. Sept. 26, 2022.

"MOE Ramps Up teacher Training in Southeast Asian languages", Taiwan Today, Aug.19, 2016https://nspp.mofa.gov.tw/nsppe/content_tt.php?post=102515&unit=&unitname=Taiwan-Today&postname=MOE-ramps-up-teacher-training-in-Southeast-Asian-languages

Mogato, Anna

<https://www.rappler.com/business/229064-taiwan-sees-better-ties-philippines-new-southbound-policy/>Gabriela. New Southbound policy Seen to Improve PH-Taiwan Ties. Rappler.com.

Manila Economic and Cultural Office. Meco Assists Taiwan Education Ministry for Training Filipino Language Teachers. Dec. 12, 2018

<https://www.meco.org.tw/news/meco-assists-taiwan-education-ministry-for-training-filipino-language-teachers>

Ministry of Education. Relevant Plans for the Implementation of language Courses for New Residents in107 Academic Year.

https://www.edu.tw/News_Content.aspx?n=9E7AC85F1954DDA8&s=3AED9D9B0382BFA8&fbclid=IwAR1mCBY7TMj2rbFqvJri_u3aaAlF-3PIxBoEGNWWe6iCnqAzv_g8Q0wGpEM88

Ng, Irene S. Director , Kaohsiung Extension Office, Manila Economic and Cultural Office. Online na komunikasyon. Aug. 19, 2021

Ng, Yufita" Taiwan new residents Culture and languages Education Development Under New Southbound policy" Journal of Policy and Bureaucracy Management Vol. 1Nº2 file:///C:/Users/Aura/Downloads/5-Article%20Text-76-1-10-20201120%20(2).pdf

"Go South Strategy Threatened" *Taipei Times*. Sept. 29, 2004.

p.2 https://www.taipeitimes.com/News/taiwan/archives/2004/09/29/2003204811?fbclid=IwAR0W6Om-Y3xxoyMuDa0cAqfiPnljqQnsTAcvLnbM-3KCmlDykGWANafILO_o

"Office of the President Approves Guidelines for New Southbound Policy", *Taiwan Today*, Aug. 17, 2016

[https://nspp.mofa.gov.tw/nsppe/content_tt.php?post=102356&unit=&unitname=Taiwan Today&postname=Office-of-the-President-approves-guidelines-for-New-Southbound-Policy](https://nspp.mofa.gov.tw/nsppe/content_tt.php?post=102356&unit=&unitname=Taiwan%20Today&postname=Office-of-the-President-approves-guidelines-for-New-Southbound-Policy)

Office of Trade Negotiations, Executive Yuan. New Southbound Policy Guidelines and Action Plan.

https://www.ey.gov.tw/otnen/64C34D-CA8893B06/a8cded96-e4f9-4439-8ef3-8c0b8e8ef2_72

Petras, Jayson D. Director, Sentro ng Wikang Filipino, Unibersidad ng pilipinas Diliman. Online na Panayam. Dec. 8, 2023

Pornel, Atom L. Filipino Language and Culture Studies to be Offered in Alberta, Canada Schools. *Good News Pilipinas*. Feb. 13, 2019

<https://www.goodnewspilipinas.com/filipino-language-and-culture-studies-to-be-offered-in-alberta-canada-schools/>

“SE Asian Languages to be Included in School Curriculum”, *Taiwan Today*, Aug. 12, 2016

“SE Asian Languages to be taught in nation’s schools”, *Taipei Times*, June 26, 2019
<https://www.taipeitimes.com/News/taiwan/archives/2019/06/26/2003717597>

Rubin, Joan and Bjorn H. Jernudd, eds. *Can Language Be Planned? Sociolinguistic Theory and Practice for Developing Nation*. Honolulu, Hawaii: University of Hawaii Press. 1971.

Toman, David. New Immigrant Languages Added to List of Required Languages in Primary Schools- Why are Some parents Up in Arms?

https://english.cw.com.tw/article/article.action?id=2498&fbclid=IwAR2OnAoM-JK5_gMR_SD91JSr-nMpBrjYuln0rQA-pUpNZERRg5FDeA9mF1ayBZM

Yang, Allan H and Sana Hasmi. October 7, 2022. ‘To Give Taiwan a Voice’ Enlist the New Southbound Policy. *The Diplomat*.

https://thediplomat.com/2022/10/to-give-taiwan-a-voice-enlist-the-new-south-bound-policy/?fbclid=IwAR1eNd67i0xtiEaeGbRRGguh_kCC2yjDznF6PAwPBZ-20k912o_jSUGddVAo



Nagtapos si AURA BERTA A. ABIERA ng BA Philippine Studies, MA Filipino at PhD Filipino (Pagpaplanong Pangwika) sa Unibersidad ng Pilipinas, Diliman. Kasalukuyang nagtuturo ng mga kurso sa wika sa antas di-gradwado at gradwado sa Unibersidad ng Pilipinas. Aktibo ring nakisangkot sa iba’t ibang organisasyon at kilusang pangwika nitong mga nakalipas na taon. Kasalukuyan ring Tagapag-ugnay ng Opisina ng Gradwadong Aralin ng Kolehiyo at Arte at Literatura. Bukod rito, nakapagsilbi rin sa unibersidad sa pamamagitan ng iba pang gawaing administratibo gaya ng pagiging Tagapangulo ng Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas mula 2013-2018 at naging Katuwang na Kalihim ng Kolehiyo ng Arte at Literatura noong dekada 90.

Isang Paunang Pagsasakasaysayan ng Caliraya Dam sa Silangang Laguna, 1939-1947¹

RUBEN JEFFREY AGUSTERO ASUNCION

raasuncion2@up.edu.ph

Unibersidad ng Pilipinas Los Baños

ABSTRAK

Sa loob ng siglo 20, tuwirang mararamdaman ang mga epekto ng mga gawaing antropoheniko. Sa pamamagitan ng mga gawaing iyon, nakokontrol na ng tao ang mga likás na penomena, katubigan, o kalupaan na dati ay tila imposibleng makamit. Maraming mga proyektong impraestruktura ang sinimulan, at natapos sa maraming parte ng daigdig. Sa kaso ng Pilipinas, maaaring tingnan ang kahalagahang pangkasaysayan ng Caliraya Dam. Sinimulang maitayo ito sa “rurok” ng Pamahalaang Komonwelt at sa pagsapit ng mga hukbong imperyo ng mga Hapones. Minsang ibinantog ito ng isang kasaysayang lokal bilang pinakamalaking proyektong haydroelektrik sa buong Pilipinas. Bagamat, nasundan na ito ng iba pang malalaki ring dam, hindi maikakaila ang papel ng Caliraya Dam sa pagsulong sa Pilipinas ng mas malawakang produksiyon ng koryente gáling sa paghaharang ng mga ilog o batis at ang pagpapaipon sa mga *reservoir* o imbakang-tubig. Sa papel na ito, tinatangka ng mananaliksik na isakasaysayan ang pagtatayo sa Caliraya Dam sa silangang Laguna. Sa pagsasapanahong 1939-1947, sakop nito ang pagpapalit ng mga kaayusan mula sa kolonyal pa ring Pamahalaang Komonwelt (1935-1946) at Ikalawang Republika (1943-1945) túngo sa mga hámon ng mas nagsasarili nang Ikatlong Republika (1946-1972). Kinasangkapan, sinuri, at sinisiyasat ng mananaliksik ang ilang kasaysayang lokal at mga dokumentong kaugnay sa Caliraya Dam upang ilagay ito sa nauukol na panahon sa kasaysayan ng Pilipinas. Bagama’t tentatibo ang mga obserbasyon at punto sa papel, hinahangad ng mananaliksik na makapagpalawig pa ito sa multidisiplinaryong lápit at paraan ng papel ng mga dam sa kasaysayang pampolitika, pangkapaligiran, at panlipunan ng Pilipinas.

Mga Susing salita: Caliraya Dam, Pamahalaang Komonwelt, Ikalawang Digmaang Pandaigdig, hydropower.

¹ Maraming salamat sa mga kawani ng Laguna Provincial Library, at sa mga aklatang pangkolehiyo ng College of Engineering and Agricultural Technology sa Unibersidad ng Pilipinas- Los Baños (UPLB) at sa College of Engineering sa UP Diliman sa mga tulong upang makahiram ng mga sangguniang kaugnay sa pagpapatayo ng Caliraya Dam at sa mga konseptong mekanikal sa pagpapatakbo ng isang *hydroelectric plant*. Nása akin ang mga posibleng limitasyon o pagkukulang sa interpretasyon o sa paglalatatag ng datos at mga katawagang teknikal. Maraming salamat din kay G. Wogie Pacala sa paglilinaw hinggil sa ilang detalye kay Miguel Cuaderno, sa mga kasamahang Asst. Prof. Ryan at Asst. Prof. Reidan Pawilen (na mga kapwa guro sa UPLB- Kagawaran ng mga Agham Panlipunan) sa mga tulong upang makarating sa Caliraya at sa isa ring kasamahan, si G. Axle Tugano sa pagbigay ng isang kopya ng aklat tungkol sa Binatbat na Tanso ng Laguna.

ABSTRACT

The effects of anthropogenic activities were manifestly palpable throughout the 20th century. Through these actions, human beings were able to somehow control natural phenomena, bodies of water, or land forms that previously were deemed impossible to regulate. As a result, many infrastructure projects were started and finished in various parts of the world. In the Philippines, we can take a look at the historical significance of Caliraya Dam, which is found in eastern Laguna. The dam's construction had commenced at the "peak" of the Commonwealth Government and upon the arrival of the Japanese imperial forces. A local historical chronicle even once boasted the dam as the largest hydroelectrical project in the entire Philippines. However, even though Caliraya Dam was followed by subsequently larger and more massive dams, one cannot fail to appreciate its role in spearheading in the Philippines the more massive generation of electricity from hydropower by damming rivers or streams. Through this paper, the researcher would attempt to historicize the construction of the Caliraya Dam. The researcher would utilize, analyze and investigate some local historical narratives and related documents in order to appropriately contextualize its place in Philippine history. By framing the study within the period 1939-1947, the periodization covers the changing of the political order from the colonial nature of Commonwealth government and the Second Republic towards the challenges of the independent Third Republic. The conclusions and points made are tentative. However, the researcher hopes this paper will help encourage the deployment of multidisciplinary approaches and methods in historicizing the political, environmental, and social roles of dams in Philippines.

Keywords: Caliraya Dam, Commonwealth Government, World War II, hydropower.



PAMBUNGAD

I sang usapin sa pag-aaral sa kapaligiran ang samot-saring epekto ng mga gawain ng tao sa kanyang lugar. Maliit man o malaki, madalang man o madalas, mayroong naidudulot na pagbabago ang mga aktibidad ng mga tao sa kanilang paligid. Kayâ may mga mananaliksik na pinag-aralan ang pagbabago sa kapaligiran, sa kasalukuyan man o sa mga nagdaang panahon. Isa sa mga gawaing ito ang pagpapatayo ng mga *hydroelectric dam*. Makatutulong dito ang paggamit bilang lăpít ng kasaysayang pangkapaligiran bilang "isang sub-dibisyon ng *Kasaysayan* (na sumusuri at tumatása) sa masalimuot na ugnayan ng tao at ng kalikasan-kapaligiran" (Orillos-Juan 2016 4). Sa kabila ng kasalimuotang ito, may "myutwal" at "magkapantay" na papel ang tao at

ang kanyang kapaligiran. Mahirap ang biglaang pagbubukod sa Araling Pangkapaligiran at Kasaysayang Pangkapaligiran. Kapuwa silang pumapaksa ng ilang tema gaya ng (a) perspektiba ng tao sa ginagawalang kapaligiran; (b) mga pagbabago sa kapaligiran na nagdudulot ng kapinsalaan sa tao, gaya ng mga kalamidad; (c) ang "pagbabago" ng tao sa kalikasan at ang mga (kadalasang negatibong) bisa ng mga ito; (d) ang ugnayan ng kolonyalismo sa mga pagbabago sa kapaligiran; (e) pagtiyak sa pinagmulan ng mga usaping nakaapekto o may kaugnayan sa kapaligiran; at (f) ang pagsuri sa mga batas na may epekto sa kalikasan o kapaligiran (Juan 2016 5-6). Nagmumungkahi si Juan ng paghahati ng mga tema upang mas maging partikular pa ang magiging pag-aaral sa kapaligiran o kalikasan, mapa-Araling Pangkapaligiran man

o Kasaysayang Pangkapaligiran. Maaaring gamitin ang temang kategoryang pisikal at maaari din namang kategoryang biyolohikal. Sa ilalim ng temang pisikal maihahanay ang mga sub-temang atmosperiko, heolohikal/heomorfolohikal; hydrolohikal, oceanography, at *climate change* (Juan 6). Kinikilala rin ni Juan ang “tuwirang hámon” sa mga nag-aaral ng Araling Pangkapaligiran o Kasaysayang Pangkapaligiran na paunlarin pa ang iskolarsip dito, ibig sabihin, “palalimin” at “palawigin” ang pag-aaral at paglapat ng mga metodo o konsepto.

Sa pagpapakahulugang ito inilulunsad ang isang tentatibong pag-aaral pangkasaysayan sa pagtatayo sa Caliraya Dam. Matatagpuan ang dam at ang imbakang-lawa na ito sa silangang bahagi ng Laguna, partikular na sa pagitan ng mga bayan ng Lumban at Cavinti. Ayon sa National Power Corporation (NAPOCOR), matatagpuan ito 289.12 metro mula sa antas ng dagat / *sea level* at may layong 109 kilometro mula sa Maynila (w.p.). Tutugon ang pananaliksik na ito sa sumusunod na tanong: (1) ano ang kontekstong pangkasaysayan sa pagtatayo ng dam?; (2) ano-ano ang naging bisa nito sa mga taga-Maynila at Laguna, lalo na sa kapaligiran at ekonomiya ng huli?; at (3) masasabi bang bahagi ng mga plano at dalumat sa pambansang kaunlaran ang pagtatayo ng dam?

Maaaring ilapat sa pag-aaral na ito ang mga naunang nabanggit ni Juan na mga puntos gaya ng (c) “pagbabago” ng tao sa kalikasan at mga (kadalasang negatibong) bisa ng mga ito; (d) ang ugnayan ng kolonyalismo sa mga pagbabago sa kapaligiran; at (e) pagtiyak sa pinagmulan ng mga usaping nakaapekto o may kaugnayan sa kapaligiran (2016 5-6). Mahalaga ang paglalapat na ito sapagkat kailangang ipaloob sa panahong pangkasaysayan ang pag-aaral. Marapat banggitin na sinimulan at ipinagpatuloy ang pagtatayo sa Caliraya Dam sa “rurok” ng panahong Komonwelt (1939-1941) at sa pumalit na marahas na pagsakop ng mga Hapones (1942-1945). Nagtapos naman ito sa panahon ng Ikatlong Republika, sa mga taóng kinikilalang pagsisimula ng kontemporaneong kasaysayan (1946-1949). Gayunman, malakas ang bisa ng kolonyalismo at neokolonyalismo sa pagtatayo ng Caliraya Dam. At kahit sa panahon ng diktadurang Marcos ay nagagamit din ang mga dam bilang simbolismo ng kaunlaran. Pero, kung titingnan ang halimbawa sa Kalinga

noong dekada 70, napigil ang mga proyektong mapaminsala sa pamamagitan ng pagkakaisa ng mga pamayanan gamit ang kanilang taal na mga institusyong panlipunan (Javar 2023). Samantala, hindi naman maitatanggi ang pagbabago sa kapaligiran ng ilang bahagi ng silangang Laguna gawa ng pagpapatayo ng dam sa Caliraya.

Napapanahong gawin ang isang pormal na pananaliksik lalo na at kailangang balikan din ang kasaysayan ng mga impraestruktura noong panahon ng mga Amerikano na ginagamit pa rin hanggang sa kasalukuyan. Sa kasalukuyang panahon (hanggang nitong 2024), sa kabuoan ng pananaliksik sa mga gawaing publiko noong panahong kolonyal ng mga Amerikano, ang talambuhay kay Eusebius Julius Halsema ang isa sa iilang detalyadong salaysay ng mga paggawa ng mga dam, kalsada at minahan (Halsema 1986). Bagama’t, lagi pa, sa pananaw ito ng isang opisyal ng kalakarang kolonyal. Nararapat ding balikan ang kahalagahan ng mga impraestrukturang nagbibigay ng suplay ng koryente, bagama’t kailangan ding isaalang-alang ang mga napatahimik na naratibo sa likod ng pagtatayo ng dam. Sa pag-aaral na ito, kinikilala ang ugnayang heograpikal, politikal, at ekonomikal ng dam, ng imbakang-lawa, at mga kaugnay na pasilidad nito sa karatig na lugar at sa malalayong pook. Ipapaloob ang pananaliksik sa panahong 1939-1947. Sinimulan ito sa dekada 1930 sapagkat, ito ang panahon ng paghahanda sa dahan-dahang “pagbabalik” sa kasarinlan ng Pilipinas; kaalinsabay rito ang mga proyektong pang-impraestruktura na masasabing sumisimbolo sa yugtong paghubuo ng bansa sa mga panahong ito. Ikalawa, dekada 1930 rin nang naunang maitayo ang Botocan Dam sa Laguna at naging hudyat sa potensiyal ng lalawigan bilang lokasyon ng mga dam na mapagkukunan ng haydroelektrikal na enerhiya. Ikatlo, may nangyayari ding pag-unlad sa lalawigan ng ilang sektor gaya ng pagtatanim at pagproseso ng niyog, na siyang karaniwang hanapbuhay sa timog at silangang Laguna.

Hahatiin sa mga sumusunod na bahagi ang pag-aaral: paglalarawan at paglulunan sa Caliraya Dam at ang mga kaugnay na pasilidad; pag-uuri sa disenyo at silbi ng mga dam at ang paggawa ng mga prinza sa Cavite at Laguna at iba pang dam noong panahon ng mga kolonyalistang Kastila at Amerikano; pagbanggit sa ilang usaping historyograpikal

lalo na ang pagsipat sa ilang di-akademikong naratibo; at ang pagsasakaysayan ng Caliraya Dam batay sa mga sulatin ng NAPOCOR, Lewis Gleeck, at ang ilang lahok mula sa mga *Historical Data Papers* ng Lumban, Laguna. Ikokontekstualisa ang bahaging ito sa mga programang pangkaunlaran ng pamahalaang Komonwelt hanggang sa mga hakbangin sa pagbangon matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig ng administrasyong Quirino. Sa pagtatapos, susuriin ang kabuoang kahalagahan ng Caliraya Dam at paano ito nakapekto--batay sa ilang datos na kantitabo--sa mga munisipalidad ng Lumban at Cavinti.

PAGLALARAWAN AT PAGLULUNAN SA CALIRAYA DAM

Karamihan sa mga detalye rito ay kinuha mula sa *digital brochure* na nakapaloob sa *website* ng CBK Power Co. Pormal na kilalá ito ngayon bilang Caliraya Hydroelectric Power Plant (CHEPP) at itinuturing na pinakaunang planta ng koryente na ginawa ng NAPOCOR (NAPOCOR, w.p.). Matatagpuan ito 60 *areal kilometers* timog-silangan ng Maynila at madaraan papasok mula sa highway na kumonekta sa Lumban at Kalayaan. Mayroon itong *catchment area* na 129 kilometro kuwadrado, kung isasama rin ang *catchment area* ng Imbakang-lawang Lumot na may 37 kilometro kuwadrado rin ang laki. Káya namang makapag-apon ng tubig ang imbakang-lawang Caliraya ng 80 million metro kubiko ng tubig. Ang minimum at maksimum na *normal operating water levels* nito ay mula 286-288 *masl*. Saklaw ng imbakang-lawang ng Caliraya ang 12 baranggay sa tatlong munisipalidad ng Laguna: San Antonio at San Juan sa Kalayaan; Lewin at Caliraya sa Lumban, at East Talaongan, West Talaongan, Lumot-Mahipon, Inao-awan, Sisilmin, Bukal, Cansuso, at Paowin sa Cavinti. Isinaayos ng Caliraya-Botocan-Kalayaan Power Company Ltd. ang mga pasilidad sa Caliraya dam at natapos ito noong 2002. Kasalukuyan itong pinatatakbo ng nasabing kompanya, kasama ang mga pasilidad sa Botocan at Kalayaan na pawang sa Laguna rin. Bilang CHEPP, kasama nito ang tatlo pang bahagi ng Caliraya-Botocan-Kalayaan complex.



Larawan 1. Bahagi ng imbakang-lawang ng Caliraya. Kuha ng may-akda, Marso 2022.

Bílang isang uri ng impraestruktura, mauuri ang Caliraya na isang *rolled-earth dam*, na may taas mula sa tuktok (*crest elevation*) na 292 *masl*, *base width* na 161.7 metro at *top width* na 10 m. Ang base ng dam sa *foundation level* ay tinatáyang 270 *masl*. Itinayo ito sa ibabaw ng isang pundasyon ng nagsasalit-salit na mga sapin ng batong basal at “malalambot na materyales.” Kung isasama ang west at east dike, tinatáyang may habang 1,156 ang dam. Kabilang pa sa mga pasilidad ng Caliraya ang *intake structure*, *surge tank*, *penstock*, at *powerhouse*. Matatagpuan sa kaliwang pampang ng

imbakan ng Caliraya ang *intake structure*. Mula rito hanggang sa *surge tank* ipinapadaloy ang tubig sa pamamagitan ng isang lagusang 2.5 ang diyametro at gawa sa *circular reinforced concrete*. Ano naman ang *surge tank*? Ito ay isang uri ng tanke na kasamang tumulong sa maayos na pagpapadaloy ng tubig mula sa dam pababa. Sa kaso ng Caliraya, ito ay may uring Johnson *differential type*, may diyametrong 6.1 metro at nása 32.9 metro itaas mula sa pundasyon. Sa ibaba nito, mayroon din itong *maintenance butterfly*. Ang *penstock* naman ang siyang nagdadala ng tubig patungong *powerhouse*. Ang *powerhouse* naman ay naglalaman ng mga generator na gumagana habang pinapadaloy ang tubig dito mula sa *penstock*. Ayon sa opisyal na paglalarawan ng CBK:

Nagtataglay ito ng dalawang turbinang Francis vertical at isang *synchronous generator*. May kabuuang *guaranteed capacity* ang mga ito na 22.6 MW. Ang mga *generator* na ito ay nakakonekta sa pangunahin at tagapag-ugnay na mga *bus* sa substation sa pamamagitan ng SF6 *gas-type circuit breakers* na 1,250 A. May dalawang transformer, 13,800 at 480 V, ang siyang nagpapadaloy sa mga *plant auxiliaries*. Mayroon pang dalawang *feeder* na kumokonekta sa Kalayaan at linyang 115 KV ng Botocan. Ang bawat isa ay may taglay na *de-ton grid circuit breaker*. Ang mga *feeder* na ito ay nagsusuplay ng koryente sa pamamagitan ng dalawang *3-phase power transformers*, na ang bawat isa ay 22,000 kVA, 13.2 KV / 115 K.

(C)contains two Francis vertical turbines and synchronous generator with a total guaranteed capacity of 22.6 MW. The generators are connected to the main and transfer buses in the substation through SF6 gas-type circuit breakers rated 1,250A. Two transformers 13,800/480V feed the plant auxiliaries. There are two feeders connecting Kalayaan and Botocan 115 KV line, each one equipped with a de-ton grid circuit breaker. These feeders supply power through two 3-phase power transformers each rated at 22,000 kVA, 13.2 KV / 115K.

Samantala, ang imbakang-lawa ng Lumot, na matatagpuan sa bayan ng Cavinti, Laguna,

ay siyang nagsisilbing pantulong na imbakan ng Caliraya. Bahagi ito ng Caliraya-Lumot *watershed* na pormal na inutos buoin noong 1969 sa bisa ng Proklamasyon Blg. 73. May lagusang umuugnay sa dalawang imbakang-lawa ng Caliraya at Lumot, at tinatawag itong Lumot- Caliraya *tunnel*. Isa itong lagusang may habang 2.2 kilometro at diyametrong 2 metro. Mayroon din itong *maintenance valve* sa ibabang bahagi ng *intake portal*.

Samantala, mayroong dalawang pag-aaral sa heograpiya at kasaysayan ng Laguna ang mapagkukunan ng mga detalye sa lunan ng Caliraya Dam. Ang mga munisipalidad na saklaw ng Caliraya Dam/CHEPP ay bahagi ng rehiyong heograpikal na Baybay. Itinuturing ang Baybay bilang ikatlong sonang heograpikal o *geographical zone* ng Laguna. Ayon kina Alvero-Boncocan at Diestro, nagsisimula ang nasabing zone sa bayan ng Lumban at nagtataglay ng makitid na dalampasigang katabi ng lawa at ng mga buról na makikitid. Bukod sa pagtatanim ng niyog at pag-aani ng palay, ikinabubuhay rin dito ang pagkuha at pagproseso sa mga produktong mula sa kagubatan (Boncocan at Diestro 2002 10). Kasama pa sa nasabing rehiyon sa hilagang-silangan ng probinsiya ng Laguna ang mga munisipalidad ng Kalayaan, Paete, Pakil, Pangil, Siniloan, Mabitac, Famy, at Santa Maria. Pagtawid naman sa ilog ng Pagsanjan ay ibang heograpikal na zone na ang makikita. Ang nasabing zone ay kinabibilangan ng munisipalidad ng Pagsanjan at ang kasuluyang kabeserang-bayan ng Sta. Cruz at humahangga sa Los Baños sa may gitnang-kanlurang parte ng Laguna (10). Gayunman, ang dalawang zone na ito ay kapuwa karatig ng lawa ng Bay. Samantala, sa konteksto ng pagsasakaysayan at paglulunan ng Binatbatang Platong Tanso sa Laguna, nailalarawan ni Tiongson na bahagi ang Caliraya, at pati ang Botocan, sa tinatawag na Kasumuran. Ano itong Kasumuran? Aniya, ito ang rehiyon sa silangan at timog-silangang Laguna na pinagmumulan ng tubig (“rehiyon ng mga bukal”) na dumadaloy patungo sa Lawa ng Laguna (Tiongson 2010, 26). Saklaw nito ang mga munisipalidad ng Nagcarlan, Majayjay, at Lucban (sa paanan ng mga bundok sa Banahaw) at ng Cavinti (26). Samantala, sa kanilang pag-aaral, sinuri nina Hernandez, Henderson, at Oliver (2012) ang bisa ng nagbabagong paraan ng paggamit sa lupa sa dami ng mga sediment na nailalagak sa Laguna de Bay. Sa kanilang

pag-aaral, na pinagbatayan sa paggawa ng mga mapang Geographical Information System o GIS, naipakita ng mga may-akda ang ugnayang he ograpikal ng Caliraya (bilang sub-catchment) sa kabuuang Pagsanjan *catchment basin* (8-12). Ayon sa mga mananaliksik, mayroong súkat na 444 kilometro kuwadrado ang kabuuang *catchment basin* ng Pagsanjan, kasama na ang Caliraya (8). Ang katubigang dumadaloy sa mga ilog at batis dito patungo sa lawa ay bumubuo ng 18-20 porsiyento ng kabuuang pag-agos ng tubig tabáng sa Laguna de Bay, bagama't ang nasabing catchment area ay kumakatawan sa 10 porsiyento ng kabuuang *catchment* (Hernandez, Henderson, at Oliver 8). Subalit, dahil nasulat na ito sa kontemporaneong panahon, masasabing may iba pang salik ang nagbunsod sa paglaganap ng sediment sa ilalim ng lawa, at tila wala namang malaking papel ang dam dito.

PAG-UURI SA KLASE AT GAMPANIN NG MGA DAM

Maraming uri ng dam, batay sa disenyo at gampanin. Sa kanilang kontekstuwalisasyon hinggil sa kahalagahan ng katatagan ng nasabing mga estruktura, inihanay ng mga mananaliksik na mula sa Brazil ang mga dam ayon sa pinagbatayang materyales sa konstruksiyon, silbing pang-e struktura (*structure functions*), disenyong haydrolik at laki (Ribas et al. 4412). Madalas itayo ang mga *earth dam* sa malalawak na lambak. May *flat slopes* din ito sa mga gilid kung saan inilalagay ang mga tinatawag na *abutment* (4412).

Hinggil sa disenyong haydrolik, ang gampanin ng mga dam ay ang pagpigil sa tubig, upang bumuo ng mga imbakang-lawa, para sa pagkontrol sa baha, pagprodyus ng koryente at / o patubig. Ang iba pang uri ng mga dam ay mahahati sa yaóng mga hinahayaan ang pag-*overflow* ng tubig, upang magamit ito sa iba't ibang paraan, at yaóng tinatawag na *pumped storage* o *reversible*.

With regard to hydraulic design, the purpose of most dams is to impound water and form reservoirs, variously for flood control, electricity generation and/or irrigation. Other types are divided

into those allowing water to overflow in order to take advantage of the flow of the river and those called pumped-storage or reversible (4412).

Gaya ng iba pang impraestruktura, kinakailangan din ng pagkompone sa mga pasilidad ng *hydropower*. Ayon kay Viaña, may tatlong klase ng pagmamantene (*maintenance*) o pagsasaayos ang ginagawa sa mga dam, gaya sa Caliraya: *breakdown*, *corrective*, *preventive*, at *predictive* (10-11). Mahalaga ang pagmamantene sa mga pasilidad na ito upang masulit ang produktibidad. Isinasagawa ang *breakdown maintenance* kapag nasagad na ang makina. Samantala, sa *corrective maintenance*, isinaayos ang makina kapag nakitaan na ito ng depektong hindi naman gaanong kalakihan o kalala. Sa *preventive maintenance*, na itinuturing na pinakakaraniwang uri ng pagsasaayos, may mga nakaiskedyul na gawain at pagkokompone upang maiwasan ang posibleng pagkasira ng makina nang wala sa oras (Viaña 11). Pinakabagong uri ng pagkokompone ng makina ang *preventive maintenance*.

Sa Pilipinas naman, ginawa ang mga dam gámit ang matitigas na materyales noong huling bahagi ng siglo sa panahong Kastila. Subalit, bahagi ang mga ito ng sistemang patubig na ipinagawa ng mga ordeng prayle para sa kanilang mga asyenda. Pinakatampok sa ilang aklat at kahit mga video sa social media ang mga *prinza* (mga dam na bahagi ng sistemang patubig) na naitayo sa mga lalawigan ng Bulacan, Cavite, at Laguna.

Ngayon, gawa ng suburbanisasyon lalo na sa Cavite at Laguna, tanging sa mga toponimo o mga pag-aaral sa mga pangalan ng pook na lámang mababakas ang minsang pagkakatayo ng mga *prinza* sa nasabing mga lugar. Maihahalimbawa sa lalawigan ng Cavite ang pag-iral ng mga toponimong “Prinza Dam,” “Payong na Bato” at “Zanja Mayor” bilang gunita ng mga nasabing patubigan (Medina 35-36). May mga bakás pa ng mga prinza sa Molino (Bacoor) at Tres Cruces (Tanza), Cavite. Hanggang ngayon naman ay may lugar ding tinatawag na “Prinza” sa siyudad ngayon ng Calamba, Laguna, na dáting bahagi ng asyenda ng Orden ng Predicadores noong siglo 19. Mayroon ding baranggay na “Prinza” sa Calauan, Laguna at may bakás pa rin ng dam na ito.

Subalit, noon lámang panahon ng mga Amerikano naitayo ang mga dam na mas malaki sa *prinza*. Maihahalimbawa ang pagtatayo ng Botocan dam sa Laguna simula 1929, pati ng mga dam sa Buhisan (Cebu), Montalban (Wawa), at Novaliches, Caloocan (noo'y bahagi pa ng lalawigan ng Rizal). May kinalaman sa *power generation* ang konstruksiyon ng Botocan, samantalang kaugnay sa pagsuplay ng inuming tubig sa lumalaking Kamaynilaan ang naging tungkulin ng mga dam sa Wawa at Novaliches. Isa sa pinakaunang dam sa bansa na nakalaan sa pagsuplay ng inuming tubig sa panahon ng Amerikano ang pagpapatayo ng Buhisan Dam sa mga bundok ng siyudad ng Cebu (Halsema 1991, 71-76). Itinuring ang dam na ito at ang Osmeña Waterworks na ambag sa pamamayanang politikal noong 1900s ni Speaker Sergio Osmeña.

Mas dumami lámang ang *hydroelectric power plants* mula huling bahagi ng dekada 40 hanggang kasalukuyan. Mababanggit ang pagpapatayo sa Maria Cristina *hydropower project* (sa may Iligan, Lanao del Norte), Ambuklao at Binga sa Benguet, Pantabangan sa Nueva Ecija, at Magat sa lalawigan ng Isabela.

ILANG USAPING HISTORYOGRAPIKAL

Sa kasalukuyan, tila wala pang pormal na akademikong pag-aaral pangkasaysayan ang nagagawa tungkol sa Caliraya Dam. Nabanggit man ang dam na ito sa tesis ni Estelita Averion na siyang ginamit na lahok sa *Historical Data Papers* ng lalawigan ng Laguna, naisama ang proyekto sa Caliraya doon sa “Majayjay” (Averion- *Historical Data Papers-Laguna*, 1971, w.p.). Tinutukoy ng “Majayjay” na ito ang Botocan Dam. Mayroong nakitang naratibo sa isang kilalang madaliang sanggunian sa Internet. Sinasabi dito na noong unang dekada pa lang ng pananakop ng mga Amerikano ay pinagplanuhan nang magtayo ng dam sa iba’t ibang bahagi ng Pilipinas. Ikalawa, noong 1937 umano ay ipinadala ang isang “Major General Hugh John Casey” upang maging tagapayo sa NAPOCOR sa mga binabalak nitong proyektong *hydropower* at pagkontrol sa baha (“Caliraya” Wikipedia, walang petsa). Sa kasamaang-palad, hindi na ma-akses ang anim sa mga sangguniang nakalista sa references list. Ang mga sanggunian dito na maaaring mabuksan ay ang mga link ng Chan Robles.com

para sa Commonwealth Act #120, na nagtatag sa NAPOCOR; at Republic Act 216, na naglalaan ng pondo para sa pagtatayo ng mga bagong dam ng koryente. Pinakamahalaga sana sa hindi pa ma-akses na sanggunian na iyan ang mga *memoirs* ni John Casey. Kung sakaling matunton ang kopya ng kanyang *engineering memoirs*, maaaring may mga makuhang detalye mula kay Casey hinggil sa pagtatayo ng dam, at ang kanyang papel sa naturang proyekto.


Karamihan sa mga detalye sa nasabing lahok ay hindi nababanggit sa mga kumbensiyonal at naunang mga naratibo sa pagtatayo ng saplad pangkoryente sa Caliraya. Bagama’t, sa unang malas ay mukha namang may katotohanan ang detalyeng isinaad sa nasabing lahok sa Wikipedia, hindi nito naisangguni ang pinakamahalagang batis para sa kasaysayang lokal, ang *Historical Data Papers* o *HDP*. Partikular na sinangguni ang *HDP* ng Lumban. Sa ngayon, mas mapagtitiwalaan ang naratibo sa *HDP* na ilalagom sa mga susunod na bahagi ng pag-aaral na ito. Mapagtitiwalaan ito una: natipon at nasulat ang *HDP* ng Lumban (o *HDP-LmB*) ilang taon matapos pormal na mabuo ang Caliraya Dam. Ikalawa, higit na detalyado ang pagsasalaysay nito ng pagbuo sa dam kung ihahambing kay Lewis Gleek sa kasaysayan niya ng Laguna noong panahon ng Amerikano at lalo na sa Wikipedia. Mahalaga rin tingnan ang probisyon nito sa pagpapalawak pa ng Caliraya Dam at paglilipat sa daloy ng Ilog Lumot. Naglaan ang nasabing batas ng P6 milyong pondo para sa nasabing mga gastusin sa Caliraya.

Ang *Historical Data Papers* ay kalipunan ng mga salaysay na nagkukuwento ng nakaraan ng mga bayan sa buong Pilipinas. Itinipon at sininop ito sa bisa ng Executive Order 486 s. 1951 na nilagdaan ni Pang. Elpidio Quirino. May iilang *soft copies* ng *HDP* na nása website ng Pambansang Aklatan ng Pilipinas. Subalit, mas marami, kung hindi man halos lahat, ay mga nakalimbag pang bersiyon na nakalagak sa naturang ahensiyang pangkultura ng pamahalaan. Bagamat kadalasang sinasangguni ang *HDP* ng mga mananaliksik na may interes sa kasaysayang lokal lalo noong panahon ng Kastila at Amerikano, mahalaga ang *HDP* ng Lumban sapagkat naitala sa “pambayang gunita” ang pagtatayo ng Caliraya Dam. Subalit, ang lahok lámang para sa Lumban ang mayroong komprehensibong pagtalakay sa

pagtatayo sa malaking dam na ito sa Caliraya. Bukod pa rito, ang lahod sa *HDP* para sa kabuuan ng lalawigan ng Laguna ay “hango sa tesis ni Estelita C. Averion” na may petsang Abril 1971. Lumilitaw na tanong: may nagawa ba talagang *HDP* para sa Laguna? Kung mayroon, bakit ang kay Averion ang binanggit at hindi yaóng dapat ay natipon ng mga guro.

ANG PAGPAPATAYO NG CALIRAYA DAM

Ang pagbubuo sa Caliraya Dam ay bahagi ng programang pangkaunlaran na isinagawa sa ilalim ng Pamahalaang Komonwelt mula 1935 hanggang sa pagsapit ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Kaalinsabay sa mga proyektong ito ang pagbubuo ng mga korporasyong pag-aari o may papel sa pagpapatakbo ang gobyerno; tinatawag na natin ngayon ang mga ito bilang *Government- Owned and Controlled Corporations o GOCCs*. Sa usapin ng pagprodyus ng koryente, nakatuon dito ang National Power Corporation o NAPOCOR, na binuo ng Commonwealth Act Number 120 noong Nobyembre 3, 1936 bilang isang *non-stock government corporation*. Ayon sa isang ulat, inutos ni Pang. Manuel Quezon ang pagsisimula ng konstruksiyon ng dam noong kalagitnaan ng 1939. Tinatáya sa mga panahong iyon na P8,500, 000 ang gastos sa naturang proyekto. Ang NAPOCOR ang siyang inatasan ng pangulo na pangunahan ang pagtatayo sa saplad. Nabanggit na nabuo ang nasabing kompanya na may P20,000,000 na kapitalisasyon at maaaring maglabas ng bonds para sa nasabing halaga para makabuo ng isang *revolving fund* (Hulyo 1939 Philippine Magazine).



Mapa 1: Mapa ng mga Imbakang-lawang Caliraya at Lumot, mula sa Google Earth

Ayon kay Gleeck:

Mayroong ilang mabuting balita mula sa silangang bahagi ng probinsiya noong 1939. Sinimulan ang isa pang mahalagang proyektong haydro-elektrik ng National Power Corporation. Sinasabing “1,000 ang patuloy na nagtatrabaho” noong 1940 upang makahabol sa nakatakdang petsa ng pagtatapos na Enero 1, 1942. Tinatáyang umabot sa \$8, 500, 000 ang gastúsin para dito.

There were some good news in (the) eastern part of the province in 1939, where the construction of another important hydroelectric project by the National Power Corporation had

begun in Caliraya. By 1940, there were said to be “1000 men working at top speed” in order to meet the scheduled completion date of January 1, 1942. Costs were estimated at \$8, 500, 000 (1981132).

Ang Laguna ay nakararanas ng kaunlarang ekonomikal at nakasaksi ng mga paglalatatag ng mga kalsada at riles hanggang dekada 1930 (Gleeck 1981 84-93), lalo sa mga taniman ng niyog sa San Pablo. Ito ay sa kabila ng depresyon na lubos na nagpapababa sa presyo ng mga produktong yari sa niyog. Dalawa sa mga pangunahing prodyuser ng mga *dessicated coconuts* ay mula sa lalawigan: Franklin Baker sa siyudad ng San Pablo at McCord's Blue Bar sa munisipalidad ng Pagsanjan (132). Dahil sa mga napundar na mga pagawaan, at ang kaalinsabay na pagdami ng mga tao, nagkaroon na rin ng pangangailangan para sa mas tuloy-tuloy na suplay ng koryente. Subalit naipit din ang lalawigan sa suliranin ng pagkaligalig ng mga kasamá sa asukarera sa Canlubang (karatig ng Calamba at malapit na sa Silang, Cavite), sa mga usap-usapan sa patúloy na pag-iral ng sugal na *jueteng* sa probinsiya, at ang pagtatapos ni Arsenio Bonifacio sa matagal ding pamamayagpag sa probinsiya ng dáting heneral na si Juan Cailles (Gleeck 133).

Noong 1929 naman sinimulan ng Manila Electric Company (Meralco) ang pagtatayo ng pinakamalaki noong impraestruktura sa isang bangin sa ilog ng Botocan, Majayjay, Laguna (Gleeck 82). Sa mga panahong iyon, ang mga Amerikano pa ang nagpapatakbo ng Meralco. Para kay Gleeck, ang proyektong ito na “pinakamalaking” proyektong impraestruktura sa Laguna noong mga panahon ng mga Amerikano ay isinagawa para sa kapakinabangang ekonomikal ng Maynila, bagama't may kaunting pakinabang din daw dito ang probinsiya. Ang proyekto sa Botocan ay binuo noon ng dalawang 800 *kilowatt* at isang 960 *kilowatt* na generators. Ang koryenteng mapoprodyus dito ay dadalhin sa Maynila sa pamamagitan ng isang 115,000 *boltaheng transmission line*. Ang dam mismo ay may habang 300 talampakan (tinatáyang 91.44 metro) at habang 90 talampakan (tinatáyang 27.432 metro). Natapos ito sa mga unang taon ng dekada 30 at pinaglaanan ng Meralco ng P4 milyong badyet. Ang naging dulo ng linya ng riles para sa proyektong ito ay sa bayan ng Pagsanjan, kung saan inilagay ang imbakan ng

mga gamit at suplay, mga talyer na paayusan, at garahe ng mga trak at kotseng kinailangan sa paghahakot ng mga tao at kagamitan sa proyekto.

Mayroong 10 bahagi ang proyekto nang sinimulan ito noong 1939, ayon sa *HDP*, at siyam sa mga ito ay masasabing nasa Lumban o sakop ang bayan (7). Ang isa naman ay ang substation na noo'y nása bayan pa ng Makati, na bahagi ng lalawigan ng Rizal hanggang 1975. Ang natitirang siyam ay ang sumusunod: *diversion tunnel*, *dam* at *dike*, paghukay sa *Cabacab creek*; *waterway line*; *penstock* at *surge tank*; *powerhouse substructure*; *powerhouse superstructure*; *tailrace canal* at *access road*; at linyang pangtransmisyon (*HDP-LmB* 7). Nailarawan ang pagtatayo sa Caliraya dam bilang “isang paghahabol sa oras at pakikipagtunggali sa mga lakas ng kalikasan at mga suliraning teknikal (*HDP-LmB* 7). May trabaho dito, araw man o gabi na kinailangan ang lakas ng ‘1,000’ manggagawa”. Dahil dito, mahihinuhan may mga nagkasakit o nahirapan (7). Subalit tila hindi pa sumapat ito sapagkat inabutan sila ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Itinigil ang pagtatayo sa saplad noong Disyembre 29, 1941, at isa lámang sa tatlong *generating unit* ang natapos. At nang sumiklab ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, patúloy pa rin ang konstruksiyon sa gabi kahit nakapatay ang mga ilaw, bilang pag-iingat sa posibleng pagronda sa himpapawid ng mga eroplanong Hapones.

Bukod sa Maynila, ipapadaloy rin ang koryente sa lalawigan ng Batangas. Binalak noon na magtayo ng ekstensiyon ng Caliraya Transmission Line na magmumula sa bayan noon ng Calamba, Laguna patungong Batangas, Batangas (9). Bahagi naman ng suplay ng koryente na ipadaraan dito ay mapupunta sa mga bayang bahagi ng Baybay sa silangang Laguna. Naisama rin ang mga munisipalidad ng Lumban at Pagsanjan, bagama't mayroon na noong suplay ng koryente sa pamamagitan ng mga pasilidad ng isang pribadong may-ari ng prangkisa (9).

Ayon sa *HDP-LmB*, sa kabuuan noon na 38,000 *kilowatt* na power capability at 160 milyong KW na available na enerhiya ng pinagsamang Caliraya Plant at Lumot River Diversion Project, 36,000 KW ay binebenta noong dekada 50 sa Manila Electric Company (9). May linyang transmisyon, na may boltaheng 115,000 *kilowatts*, ang naghahatid

ng koryente at dumaraan sa kanlurang gilid ng Laguna de Bay bago ito sumanib sa sistema ng Meralco sa Maynila.

Sinimulan din ang pag-aaral sa pagdisenyo at pagbuo sa Lumot River Diversion Project noong 1941 (*HDP-LmB* 8). Gaya ng pangunahing proyekto sa Caliraya, nahinto ito gawa ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, at muling sinimulan noong 1942 hanggang sa matapos ang pag-aaral at pagdisenyo nito noong 1943. Gayunman, nabinbin ang aktuwal na konstruksiyon sa proyektong dibersiyon dahil sa kakapusan sa materyales at kagamitan (8). Natigil pansamantala ang konstruksiyon sa dam at pasilidad ng Caliraya nang sumiklab ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Ayon pa sa *HDP*, inabandona ang mga makinarya habang “tinapon” sa ilog ang mga nakaimbak na gasolina at krudo na nása planta (8). Itinuloy ng mga Hapones ang paggawa ng dam at pasilidad sa ikalawang *quarter* ng 1942. Inilagay ng Japanese Military Administration ang NAPOCOR at ang Caliraya Plant sa ilalim ng kompanyang Taiwan Demyoku Kabushiki Kaisya. Binalak ng mga Hapones na muling patakbuhin ang planta pagsapit ng Hunyo 1942, subalit pansamantalang naudlot ito nang bumigay ang itaas na bahagi ng penstock habang ito ay sinusuri. Posible rin na hindi rin ito matuloy-tuloy ng mga Hapones dahil sa presensiya ng mga gerilya sa mababang mga bundok ng Cavinti at Luisiana, na umaabot hanggang sa mga bayan ng Lucban at Sampaloc sa Tayabas.

Noong bumalik ang mga Amerikano sa yugto ng “Liberasyon,” nakarating sila sa Caliraya sa kalagitnaan ng Abril 1945. Matapos nito, sinimulan ang pagsasaayos at rehabilitasyon sa mga pasilidad (8). Muling gumana ang isang yunit ng planta noong Oktubre nang taóng ding iyon. Ibinalik naman sa pangangasiwa ng NAPOCOR ang planta sa Caliraya. Noong Oktubre 2, 1947 tuluyan nang bumalik sa serbisyo ang lahat sa tatlong yunit nito (8). Matatandaang naging mga estratehikong lugar ang mga dam at kabilang ito sa unang tatangkaing sirain ng mga Hapones o kukubkubin ng mga Pilipino at Amerikano. Maihahalimbawa rito ang kaso ng Ipo Dam sa Bulacan (Legarda 2016, 391-394).

Bukod sa silbi nito bílang imbakang-lawa ng dam, naging gampanin din ang Caliraya Lake bílang isang pook ng gunita ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Partikular

na rito ang Japanese Garden na ginawa rito bílang pag-aalala sa mga Hapones na namatay sa mga labanan noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig (Jose 2021 153). Kapansin-pansin naman na natapos ang pagtatayo sa Caliraya Dam noong dumating na ang mga Hapones noong digmaan. Paglalarawan pa ni Dr. Jose, nagdala pa ang mga mananakop ng paring Shinto upang basbasan ang dam na sinimulang gawin ng kanilang mga kaaway na Amerikano. Sa kasalukuyan, at sa kabila ng pandemya mula 2020-2023, puntahan na rin ito ng mga turista at may mga kainang makikita sa kalsadang papunta sa dam na sumasanga sa highway sa Lumban.

Nang papatapos na ang Caliraya Dam, ipinagpatuloy pa ang pagpapatayo sa mga dam pangkuryente bílang bahagi ng pagbangon sa Pilipinas matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Ang pagpapatayo sa mga pasilidad sa Maria Cristina, Ambuklao, at Binga ay bahagi ng nilalayong industriyalisasyon ng bansa noong 1949-- dekada 50. May naipasá pang Republic Act No 216 na pormal na binibigyan ng awtorisasyon ang Pangulo noon na “umutang para sa mga layuning rehabilitasyon at pagpapalagong pang-ekonomiya.” Nagkabisà ang nasabing batas noong Hunyo 1, 1948. Ang industriyalisasyon na iyon, na pormal na nagsimula sa administrasyon ni Pres. Elpidio Quirino, ay kaakibat ng muling pagtindig ng bansa mula sa pinsalang dulot ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig sa Pilipinas mula 1941-1945. Nabanggit na sa isang pag-aaral noong 1955 ni McIntyre ang tunguhing pangkaunlaran ng mga administrasyon Roxas at Quirino kayâ naipatayo ang mga nabanggit na dam (1955 117). Subalit, apektado rin ito ng neokolonyal na ugnayan ng Pilipinas at Estados Unidos. Noong 1946, nakipagtulungan ang NAPOCOR sa Westinghouse Electric Company upang “bumuo ng isang postwar na pagsasaayos at pangmatagalang planong pangkaunlaran na mahahati sa apat na bahagi” (117). At kapansin-pansin na ang pagtatayo ng isang rolled earth dam sa Ilog Lumot ay bahagi ng nasabing unang yugto, kasama na ang pagtatayo sa mga haydro-elektrik na dam sa Ambuklao at Binga, sa lalawigan ngayon ng Benguet. Kasama naman sa natitirang tatlong yugto ang konstruksiyon sa mga proyektong pangkuryente ng Maria Cristina, ang pagtatayo pa ng maliliit na saplad na pangkuryente, at ang pagtatayo naman ng mga plantang pinatatakbo ng singaw sa

mga lugar na walang katubigan ay maaaring pagtayan ng mga dam (117). Nitong mga dekada 90-- 2000, naitayo rin ang San Roque Dam sa Pangasinan. Sa kasalukuyan, may 12 *hydropower dams* ang pinatatakbo ng NAPOCOR. Limang malalaking dam ang matatagpuan sa Luzon: Ambuklao, Binga, San Roque, Angat, at Caliraya. Samantala, pitó namang malalaking dam ang matatagpuan sa Mindanao: Pulangi, Lake Lanao, Agus 2, Agus 4, Agus 5, Agus 6, Agus 7 (NAPOCOR 2022).

Sa muling pagbangon ng bansa at “pagkamit” nito ng kasarinlan, nag-iba na ang konteksto ng pinagmumulan ng pondo sa mga gawaing imprastruktura. Kung bago magkagiyera ay mula sa sobrang kita gawa ng mgabuwisalangisngniyogatkapitalisasyonng NAPOCOR ang pinagkukunan ng mga gawaing publiko, matapos ang 1946, kinailangan nang humingi ng tulong sa malalaking bangkong konektado sa mga interes ng Estados Unidos. Ang pondong kinakailangan para sa mga proyektong ito ay nakatali na sa mga utos ng World Bank. Kayâ, tinangka man noon ng Kalihim ng Pananalapi na si Miguel Cuaderno na makautang mula rito. Subalit, nabigo muna siya rito dahil sa paggigiit ng naturang institusyong pampananalapi na maglatag muna ng isang komprehensibong plano sa pambansang kaunlaran bago pa magsimula ang mga negosyasyon (Takagi 2016, 95-97). Sa huli, sumunod si Cuaderno sa kahingiang ito. Inilatag ng nabanggit na kalihim ng pananalapi, at naging unang gobernador ng Central Bank of the Philippines (malao’y makikilala rin bilang Bangko Sentral ng Pilipinas), ang isang “programa ng pagsasaayos at pagpapaunlad na ibinabagay ang ekonomiya ng Pilipinas sa pagbawas ng kabayaran ng Estados Unidos simula 1951 at magbigay ng kinakailangang *adjustment* sa tulúyang paglapat, matapos ng 1954, ng mga taripa ng Estados Unidos” (Cuaderno sinipi sa Takagi 97).

Ilang dekada nang mabuo nang tuluyan ang Caliraya Dam, may mga pagbabagong dinanas ito sa mga dekada 60 at 70 hinggil sa uri ng korporasyon nito. At hanggang dekada 80, gampanin din ng NAPOCOR ang pagpapadaloy ng elektrisidad--bukod sa pagprodus ng koryente--sa pamamagitan ng isang pambansang *transmission grid*. Ayon sa NAPOCOR, ang dati nitong tungkulin ay “*vertically integrated, centrally controlled and managed, and wholly-owned by the NPC*”

(NAPOCOR). Sa kasalukuyan, ang National Grid Corporation of the Philippines ang nangangasiwa sa mga sistemang *grid* sa buong bansa.

Ayon sa dokumentong *Laguna: Pangunahing Lalawigan*, na inilabas ng pamahalaang panlalawigan (lalo na ng opisina ng gobernador) noong dekada ‘80, noong 1988, pinag-iibayo pa ang kapasidad ng Caliraya para makaabot ito ng araw-araw na 1,800 mw na kapasidad mula sa 36 mw ng mga panahong iyon. Nakapagsuplay din ito ng koryente sa 14 na malalaking konsumador sa lalawigan, kabilang ang UP Los Baños, International Rice Research Institute, Makiling (Forest Reserve), Canlubang Sugar Estate, Sugar Aggregate, Meralco, LECO (Laguna Electric Cooperative), at San Juan Ice Plant (49-50). Ang mga konsumador na ito ay nakakalat sa mga munisipalidad ng Biñan, Los Baños, Kalayaan, Paete, Santa Maria at Siniloan (49-50). Ang mga datos na ito ay indikasyon ng paglaganap sa paggamit ng koryente mula sa Caliraya Dam mula nang pormal na natapos ang pagtatayo rito.

Ano nga ba ang naging epekto ng dam sa kabuhayan ng mga taga-Lumban at Cavinti? Kung babasahin nang maigi ang *Averion-Historical Data Papers-Laguna*, 1971, sa unang tingin ay hindi nagbago ang kabuhayan ng mga mamamayan ng nabanggit na munisipalidad. Kapansin-pansing hanapbuhay noong dekada ‘70 sa Lumban ang paggawa ng keso, manomanong pagbuburda, paggawa ng mga palayok, at pagbuo ng mga bangka (*Averion-Historical Data Papers-Laguna*, 1971, w.p.). Samantala, sa mga nananahan sa Cavinti, ang mga hanapbuhay hanggang dekada ‘70 ay pagtanim ng pinya, paggawa ng mga bag, sako, bangka at sambalilong buli, at ang paggawa ng “katawan ng trak.” Kung pagbabatayan pa nga ang naging klasipikasyon noong 1963, na “tinipon ng tanggapan ng gobernador,” sa mga munisipalidad ng Laguna, nása ikalima at ikaapat na klase ang Cavinti at Lumban (*Averion-HDP* w.p.). Mas malaki naman ang taunang kita ng Lumban (P90, 906.47) kung ihahambing sa Cavinti, na halos sa kalahati lámang ang “*average annual income*” (P47, 026.89). Kung gagawin namang sukatán sa paglago ng munisipalidad ang pagdami ng populasyon, hindi kagyat ang epekto ng dam sa nasabing mga munisipalidad. Labindalawang taon ang nagdaan bago

umabot sa mahigit 9,700 ang populasyon ng Lumban, mula sa 7,516 noong 1948 (PhilAtlas, “Lumban”); 2.29 porsiyento ang naging “bilis” ng pagdami rito. Samantala, matapos ang 1.61 porsiyentong pagbaba ng populasyon ng Cavinti tungong 6,193 noong 1948 mula 1939, dahan-dahang lumaki ito tungong 8,297 noong 1960. At noong huling hati ng dekada ‘80, kung kailan may natipong pagtatáya ng lawak sa napadaluyan ng koryente sa lalawigan ng Laguna, mapapansing umabot sa mahigit 19,700 populasyon sa Lumban at mahigit 15,100 naman sa Cavinti.

Sa HDP naman ng Lumban, kasama sa mga panapos na tanong sa dulo ng salaysay ang mga (a) kung naging maganda ba ang ibinunga ng pagkakaroon ng Caliraya Dam sa munisipalidad, at (b) ang pagpapaguhit sa estudyante ng iba’t ibang bahagi ng nasabing saplad. Indikasyon ito na tinanggap na ng mga naninirahan doon ang presensiya ng dam bagama’t maaaring may puwang din sa posibilidad na may mga negatibong epektong naidulot ito sa munisipalidad.

MGA OBSERBASYON AT PAGTATAPOS

Sa pagkakatatayo ng *hydroelectric power plant* sa baryo Caliraya sa Lumban, Laguna at ang kasunod na pagkakabuo ng imbakang-lawa sa Lumot, bayan ng Cavinti, hindi maitatangging nakapagprodyus ang mga pasilidad nito ng hindi na mabilang na megawatt na koryente, lalo na para sa Kamaynilaan at mga karatig-lalawigan. Nagtagumpay namang matapos ito kahit nahuli sa mga naitakdang *deadline* ng plano ng Komonwelt gawa ng digmaan. Hanggang sa kasalukuyan ay nakapagpoprodyus pa rin ang dam ng koryenteng nagmumula rito at patúloy pa ring dumadaloy ito lalo na sa mga siyudad at urbanisadong bayan sa paligid ng Lawa ng Bay. Sa kabilâng banda, napalubog ang ilang bahagi ng dalawang munisipalidad, bukod pa sa may mga inukang bahagi ng bundok, burol, at batis. Masasabing may nasakripisyo sa mga lugar na ito sa ngalan ng kaunlaran na unang ibinandera ng mga awtoridad ng Pamahalaang Komonwelt at ipinagpatuloy ng mga administrasyon sa ilalim ng neokolonyal na Ikatlong Republika. Bagaman pira-piraso ang mga detalye, makikita sa mga pigura ng 1963 at ilang detalye sa tesis ni Averion noong 1971

na hindi pa rin nakapagdulot ng malakihang pagbabago sa sitwasyon ng Lumban at Cavinti ang nasabing dam, lalo na at napanatili ang mga nakasanayan nang ikinabubuhay ng mga residente doon.

Subalit, ang hindi pa masyadong napapalitaw sa mga naratibo rito, at nangangailangan ng hiwalay na saliksik na gagamit din ng pasalitang paraan o mga ulat sa mga natitira pang pahayagan, ay kung ano ang naging pananaw ng mga taga-Laguna mula dekada ‘30 hanggang sakasalukuyan sa pagkakatatayo ng dam? Kaugnay rito, ano ang mga naging pananaw at karanasan ng mga manggagawa, *foremen*, enhinyero at iba pang nagtrabaho sa proyekto, tuwiran man o hindi? Dahil sa mobilidad ng mga panahon na iyon--paglalatatag at operasyonalisasyon ng linya ng tren hanggang Pagsanjan at mga kalsada--malamáng ay may mga dayong nakipagsapalaran sa mahihirap na kalagayang pantrabaho sa gitna ng maliit na bundok ng Baybay. May indikasyon ng hirap sa kalagayan lalo na at ginawang “araw-gabi” ang trabaho dito mula 1939-1941. Bukod pa rito, kailangan din tingnan kung gaano katibay ang dam kung ihahambing sa ibang malalaking dam sa Pilipinas. Maaaring maikasangkapan ng mga mananaliksik ang mga tekstong pangkasaysayan ng Caliraya at ng ibang dam at mga kantitatibong mga datos sa katatagan ng nasabing mga impraestruktura sa loob ng isang itinakdang panahon. Kailangan ding suriin ang ilang online na kronolohikong datos tungkol sa Caliraya Dam, lalo na at may mga sanggunian at detalye ito na hindi matagpuan sa mga nasiyasat ng kasalukuyang mananaliksik. Sa paniniwala rin ng mananaliksik, kailangang seryosohin ang interogasyong pang-akademiko sa Wikipedia yamang ang website na ito ang puntahan agad ng mga estudyante, lalo na kung sila ay maghahanap ng datos na aksesibol agad tungkol sa impraestruktura at mga lugar sa Pilipinas. Panghulí, bagama’t tila mga bakanteng espasyo sa bundok ang nailubog sa tubig gawa ng mga imbakang-lawa sa Caliraya at Lumot, maaaring may mga naisama ring mga pook na minsang naitala sa mga dokumento, o nása gunitang-bayan noon ng mga taga-Lumban at Cavinti, hanggang sa panahon ng Komonwelt, na maaaring nalubog na sa limot.

Maaari ding tingnan ng/sa mga darating pang pagsusuring pangkasaysayan ang ebolusyon sa Pilipinas ng mga teknokohiya

at katawagan na kaugnay sa paggawa ng mga dam. Kung dati ay para sa paghuhuli ng mga isda, pagpapadaloy ng patubig o pagsasaka ang mga katawagan kaugnay sa mga ito, ngayon ay maaari nang ilapat ito sa mga proyektong publiko na malawakan ang sakop at saklaw. Para sa mga susunod na pag-aaral, maaaring ipagsama sa isa o higit pang pag-aaral na multidisiplinaryo ang mga larang pang kasaysayan at klimatolohiya upang tingnan ang lawak at lalim ng bisà ng pagbabago ng klima sa antas ng tubig sa mga imbakang-lawa ng Caliraya at Lumot. ♦

SANGGUNIAN

- Alvero-Boncocan, Rhina at Diestro, Dwight David A. *Nineteenth Century Conditions and the Revolution in the Province of Laguna*. University of the Philippines Center for Integrative and Development Studies. 2002.
- Averion, Estelita-*Historical Data Papers-Laguna*, 1971. w.p
- Caliraya Hydroelectric Power Plant.w.t. National Power Corporation. [Caliraya Dam \(napocor.gov.ph\)](http://CalirayaDam.napocor.gov.ph). Na-access Hunyo 27, 2022.
- Caliraya Dam. “Wikipedia.” Walang taon.
- “Cavinti.” [Cavinti, Laguna Profile – PhilAtlas](#). Na-access Pebrero 3, 2024.
- CBK Power Co. Ltd. “ Caliraya Hydroelectric Power Plant.” [CHEPP-Brochure.pdf \(cbkpower.com\)](#). Na-access Hunyo 8, 2022.
- Gleeck, Lewis. *Laguna in American Times: Coconuts and Revolucionarios*. Heritage Conservation Society. 1981.
- Halsema, James. *E. J. Halsema: A Colonial Engineer*. New Day Publishers. 1991.
- Hernandez, E.C., Henderson, A. Oliver, D.P. Effects of changing land use in the Pagsanjan-Lumban catchment on suspended sediment loads to Laguna de Bay, Philippines. *Agricultural Water Management*, 8(16). 2012.
- Historical Data Papers*. Lumban, Laguna.
- Javar, Roderick. “Pagkakaisang-Bayan Kontra Agresyong Pangkaunlaran: Ang Bodong Laban sa mga Saplod ng Diktadurang Marcos.” Bol 6 (Blg.1). 2023.
- Jose, Ricardo. “Triumph and Tragedy: The Liberation of Laguna in 1945.” *Journal of Philippine Local History and Heritage*. 2021.
- Juan, Ma. Florina Orillos. Kasaysayang Pangkapaligiran at Araling

- Pangkapoligiran sa Wikang Filipino: Katayuan at Tunguhin (Pambungad ng Patnugot). *Saliksik*, 5(1), 2016.
- Laguna Provincial Government: *Laguna: Pangunahing Lalawigan*. Walang taon.
- Legarda, Benito. *Occupation: 1942-1945*. Vibal Publishing. 2016.
- “Lumban.” [Lumban, Laguna Profile – PhilAtlas](#). Na-access Pebrero 3, 2024.
- McIntyre, Wallace. Philippine Hydroelectric Development. *The Scientific Monthly*, 80 (2). [Philippine Hydroelectric Development on JSTOR](#). 1955.
- Medina, Isagani. “Isang Pag-aaral ukol sa mga Pangalan ng mga Lugar sa Lalawigan ng Kabite.” *Ang Kabite sa Gunita: Essays on Cavite and the Philippine Revolution*. University of the Philippines Press. 22-42. 2001.
- National Power Corporation. “Who we are.” [Historical Background \(napocor.gov.ph\)](#). Hunyo 22, 2017. Huling na-access Hulyo 17, 2022.
- News Summary. *Philippine Magazine*. Hulyo 1939.
- Republic Act Number 216. “An Act to Authorize the Expenditure of the Proceeds of a Loan now being Applied for by the Government for the Construction of certain hydroelectric power projects and the erection of a Fertilizer Plant.” [PHILIPPINE LAWS, STATUTES AND CODES – Chan Robles.com](#). 1948.
- Ribas, Jose Roberto; Severo, Juliana Crenitte Ribas; Fernandes Guimaraes, Luciana; Perpetuo, Kim Parrente Currilin. “A fuzzy FMEA assessment of hydroelectric earth dam failure modes: A case study in Central Brazil.” *Energy Reports*; 4412-4424. 2021.
- Takagi, Yusuke. *Central Banking as State Building: Policymakers and their Nationalism in the Philippines, 1933-1964*. Ateneo de Manila University Press. 2016.
- Tiongson, Jaime. *Ang Saysay ng Inskripsyon sa Binatbat na Tanso ng Laguna*. Ma. Carmen V. Penalosa at Zeus Salazar (mga pat.). Pila: Bagong Kasaysayan at Pila Historical Society, Foundation Inc. 2010.
- Viaña, Galileo V. Predictive Maintenance of Caliraya-Botocan-Kalayaan (CBK)-Botocan Hydroelectric Power Plant (BHEPP). Tesis. 2006.



Kasalukuyang isang katuwang na propesor sa Unibersidad ng Pilipinas (UP)-Los Baños si RUBEN JEFFREY AGUSTERO ASUNCION. Nakapagturo na siya ng Philippine Institutions-10 at nagtuturo ng mga kursong History of the Philippines/Kasaysayan ng Pilipinas, Introduction to History, at Philippine Studies 21. Kabilang sa kanyang mga interes sa pananaliksik ang mga kasaysayang lokal/pampook ng Kabikolan, Laguna, Caloocan-Novaliches, at hilagang-kanlurang Mindanao. Nakapagpalathala na siya ng mga artikulo hinggil sa kabataan at kasaysayan ng Pilipinas sa *UPLB Journal* at *Journal of Philippine Local History and Heritage* ng National Historical Commission of the Philippines. Sa interseksyon ng kasaysayan at panitikan, nakapagpalatha rin siya sa *The Cordillera Review* ng Cordillera Studies Center at *Daluyan* ng Sentro ng Wikang Filipino- UP Diliman. Hinggil sa kasaysayan at mga natural na kalamidad, nakapagpalimbag na rin si Asst. Prof. Asuncion sa *Lux Veritatis* dyornal ng Unibersidad ng Santo Tomas-Legaspi. Kasalukuyang tinatapos din niya ang PhD sa Kasaysayan sa UP Diliman.

Malalimang Pagtalakay sa Dalawang Pangunahing Lápit sa Pagtatása sa Sigla ng mga Wika sa Pilipinas¹

NOAH CRUZ

ncruz@up.edu.ph

Unibersidad ng Pilipinas Diliman

ABSTRAK

Kakambal nang maituturing ng diskurso tungkol sa pagiging multilingguwal ng Pilipinas ang usapin ng panganganib ng mga wika sa bansa. Paulit-ulit na maririnig na batay sa mga sensus pangwika (e.g., Eberhard et al.; Headland), parami na nang parami ang mga nanganganib na katutubong wika sa bansa at ang iba ay nása bingit na nang tuluyang pagkawala. Ang ganitong mga pagtatáya ay walang-pag-aalinlangang tinatanggap ng marami, at tíla nakakalimutan nang busisiin ang sistemang sinunod upang maabot ang mga pagtatáyang ito. Layunin ng kasalukuyang pananaliksik na siyasatin ang dalawang lápit na pinakamalimit na ginagamit sa pagtatása sa sigla ng mga wika sa bansa, i.e., Language Vitality and Endangerment (LVE) ng United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization (UNESCO) at Expanded Graded Intergenerational Disruption Scale (EGIDS) nina Gary Simons at Paul Lewis. Sa papel na ito ay ipinakita ang isang malalimang pagbalangkas sa kabuuang sistema ng dalawang lápit--pagbalangkas na makatutulong sa pagpapakahulugan sa mga datos na lumalabas hinggil sa estado ng mga wika sa Pilipinas at sa pag-unawa sa kung paano nahuhubog ang diskurso ng panganganib pangwika (language endangerment) sa bansa. Bukod dito, inilahad din sa pananaliksik ang ilang kritikal na suri tungkol sa iba't ibang aspekto ng LVE at EGIDS. Mithiin ng papel na magsilbing gabay sa pagtitimbang sa kaangkupan ng mga lápit sa konteksto ng mga wika sa Pilipinas, na sa hinaharap ay inaasahan namang makatutulong sa pagbuo ng sistemang ganap na makagagap sa natatanging sitwasyon ng mga wika, diyalekto, at komunidad pangwika (speech community) sa bansa.

Mga Susing Salita: pagtatása sa sigla ng wika, panganganib pangwika, mga wika sa Pilipinas, multilingguwalismo, sosyolingwistiks

¹ Ang papel na ito ay bahagi ng isinusulat na masteradong tesis ng may-akda, na naisakatuparan sa tulong ng OVCRD Thesis and Dissertation Grants. Lubos ang pasasalamat ng may-akda kay Kaw. Prop. Jesus Federico Hernandez na nagsilbing tagapayo sa isinagawang pananaliksik at sa mga referee na nakatulong sa pagpapaunlad sa nilalaman ng papel.

ABSTRACT

Language endangerment can be considered an issue inseparable from the discourse about the Philippines being a multilingual country. It can be heard repeatedly that based on linguistic censuses (e.g., Eberhard et al.; Headland), more and more of the country's native languages are getting endangered, and others are on the verge of complete disappearance. Such projections are accepted unquestioningly by many, and it seems that the systems followed to arrive at these forecasts have been forgotten to be scrutinized. The present study aims to investigate the two approaches most commonly used to assess the vitality of languages in the country, i.e., UNESCO's Language Vitality and Endangerment (LVE) and Gary F. Simons and M. Paul Lewis' Expanded Graded Intergenerational Disruption Scale (EGIDS). In this paper, an in-depth discussion of the entire systems of the two approaches is presented--a discussion that can help in interpreting the data being released regarding the state of languages in the Philippines and in understanding how the discourse of language endangerment in the country is being shaped. Moreover, the research presented some critical analysis of different aspects of LVE and EGIDS. The paper strives to serve as a guide in weighing the appropriateness of approaches in the context of Philippine languages, which in the future is expected to contribute to developing a system that can fully address the unique conditions of languages, dialects, and speech communities in the country.

Keywords: language vitality assessment, linguistic endangerment, Philippine languages, multilingualism, sociolinguistics



1. PANIMULA

Mapapansin sa mga kasalukuyang pagdidiskurso tungkol sa sitwasyong pangwika sa Pilipinas ang hitik na paggamit sa mga terminong panganganib pangwika at nanganganib na wika. Hindi na maiaalis ang mga terminong ito sa namamayaning naratibo tungkol sa multilinggualismo sa Pilipinas gawa na ang mga salitang ito ang nakagagagap sa mapait na realidad na siyang ating kinahaharap. Sa kabila nito, nakapagtatakan ang mga pagtatayang inilalabas hinggil sa estado ng mga wika sa bansa--konserbatibo man ang mga datos o hindi--ay walang-pagdadalawang-isip na tinatanggap ng marami bilang ganap na katotohanan. Sa ganang ito, nilalayon ng kasalukuyang pananaliksik na pasimulan ang pagkukuwestiyon sa mga umiiral na palagay at idea tungkol sa panganganib ng mga wika sa Pilipinas sa pamamagitan ng paghihimay at paglalahad ng kritikal na ebalwasyon sa dalawang lapit na maituturing nang mga

institusyon sa pagtatasa sa sigla ng mga wika: ang Language Vitality and Endangerment (LVE) ng UNESCO at ang Expanded Graded Intergenerational Disruption Scale (EGIDS) nina Gary F. Simons at M. Paul Lewis.

Hindi lámang ang pagiging kilalá at gamít ng LVE at EGIDS sa konteksto ng Pilipinas ang dahilan kung bakit piniling tutukan ang mga ito sa papel. Nakaangkala rin ang pagpili sa mga ito sa dahilang ang LVE at EGIDS ay pawang nilikha upang matása ang sigla ng hindi lámang isang espisipikong wika o grupo ng mga wika kundi maging ng lahat ng mga wika sa daigdig.

Sa susunod na mga seksiyon ay makikita ang malalimang pagtalakay sa LVE at EGIDS. May tatlong pangunahing tuon ang nasabing pagtalakay. Ang una ay ang paglalahad at pagsiyasat sa mga batayang ideang tinutuntungan ng dalawang lápit. Ang ikalawa naman ay ang paghahanay sa kabuuang prosesong sinusunod sa bawat lápit. Samantala, ang ikatlong tuon ay ang pag-alam sa mga kainaman at kahinaan ng LVE at EGIDS.

2. ANG LANGUAGE VITALITY AND ENDANGERMENT (LVE)

Bahagi ng ulat ng binuong Ad Hoc Expert Group on Endangered Languages ng UNESCO ang isang set ng mga salik na nakaaapekto umano sa sigla ng mga wika sa daigdig. Siyam na salik ang tinukoy ng grupo: (i) intergenerational na pagpapása ng wika; (ii) kabuuang bilang ng mga nagsasalita; (iii) dami ng mga nagsasalita sa kabuuang populasyon ng komunidad; (iv) mga pagbabago sa kasalukuyang mga domeyn ng wika; (v) pagtugon sa mga bagong domeyn at media; (vi) mga materyales para sa pagtuturo ng wika; (vii) mga pananaw at patakarang pangwika ng pamahalaan at iba pang institusyon; (viii) mga pananaw ng mga miyembro ng komunidad tungkol sa kanilang sariling wika; at (ix) dami at kalidad ng dokumentasyon. Lakip ng bawat salik--maliban sa ikalawang salik--ang isang rubrik upang matukoy kung ano ang sitwasyon ng komunidad pangwika (speech community). Ang set ng mga salik na ito ay tinatawag na Language Vitality and Endagerment (LVE) at nakilala rin bilang Nine Factors.

2.1. ANG SIYAM NA SALIK SA LVE

2.1.1. Unang Salik

Ang pinakaunang salik na inilahad ng UNESCO ay ang intergenerational na pagpapasa ng wika, na maituturing na pinakakaraniwang salik na tinitingnan ng mga nagsasaliksik tungkol sa sigla at panganganib ng wika. Nakabatay ito sa payak na palagay na kung ang isang wika ay patuloy na naipapása, masasabing matatag ang wika. Mayroong anim na posibleng grado para sa isang wika batay sa pagpapása nito sa iba't ibang henerasyon. Ang gradong 5 (Safe) ay nangangahulugang ang wika ay sinasalita pa rin ng lahat ng henerasyon, samantalang ang pinakamababang gradong 0 (Extinct) ay nangangahulugan namang ang wika ay hindi na sinasalita o naalala ng anumang henerasyon, Sa Talahanayan 1 ay makikita ang rubrik na binuo para matukoy ang estado ng isang wika batay sa nabanggit na salik.

Degree of Endangerment	Grade	Speaker Population
Safe	5	<i>The language is used by all ages, from children up.</i>
Unsafe	4	<i>The language is used by some children in all domains; it is used by all children in limited domains.</i>
Definitively Endangered	3	<i>The language is used mostly by the parental generation and up.</i>
Severely Endangered	2	<i>The language is used mostly by the grandparental generation and up.</i>
Critically Endangered	1	<i>The language is used mostly by very few speakers, of great-grandparental generation.</i>
Extinct	0	<i>There exists no speaker.</i>

Talahanayan 1. Eskala para sa unang salik sa Language Vitality and Endangerment (LVE) ng UNESCO

2.1.2. Ikalawang Salik

Ang ikalawang salik naman ay tungkol sa kabuuang bilang ng mga nagsasalita ng wika. Walang rubrik na binuo upang ipakita ang iba’t ibang antas ng panganganib ayon sa kabuuang bilang ng mga nagsasalita; gayunman, ipinaliwanag ng UNESCO na ang isang maliit na komunidad pangwika ay palaging nalalapit sa panganib. Ang isang komunidad na may maliit na populasyon ay mas madaling mauubos sakali mang magkaroon ng pagkalat ng sakit, digmaan, o delubyo kompara sa isang komunidad na may malaking populasyon.

2.1.3. Ikatlong Salik

Kaugnay pa rin ng bilang ng mga nagsasalita, ang ikatlong salik na naitala ng UNESCO ay may kinalaman sa dami ng mga nagsasalita sa kabuuang populasyon ng isang pangkat. May anim na antas ang rubrik na binuo ng UNESCO para sa salik na ito (makikita sa Talahanayan 2). Ang gradong 5 (Safe) ay ibibigay kung ang wika ay sinasalita ng buong populasyon ng komunidad. Sa kabilâng dáko, ang pinakamababang gradong 0 (Extinct) ay para naman sa mga wikang hindi na sinasalita.

Degree of Endangerment	Grade	Proportion of Speakers Within the Total Reference Population
Safe	5	<i>All speak the language.</i>
Unsafe	4	<i>Nearly all speak the language.</i>
Definitively Endangered	3	<i>A majority speak the language.</i>
Severely Endangered	2	<i>A minority speak the language.</i>
Critically Endangered	1	<i>Very few speak the language.</i>
Extinct	0	<i>None speak the language.</i>

Talahanayan 2. Eskala para sa ikatlong salik sa Language Vitality and Endangerment (LVE) ng UNESCO

2.1.4. Ikaapat na Salik

Ang ikaapat na salik namang tinukoy ng UNESCO ay ang mga pagbabago sa kasalukuyang mga domeyn na pinaggagamitan ng wika. Direkta umanong nakaaaapekto ang konteksto (i.e., lunan, tagapakinig, paksa) kung saan ginagamit ang isang wika sa kung maipapása ba ito o hindi sa mga susunod na henerasyon. May anim na posibleng grado para sa aspektong ito (makikita sa Talahanayan 3). Ang pinakamataas na gradong 5 (Universal Use) ay ibinibigay kung ang wika ay ginagamit ng isang etnolingguwistikong pangkat bilang wika ng interaksyon, pagkakakilanlan, pag-iisip, pagkamalikhain, at paglilibang at ang wika ay aktibong ginagamit sa lahat ng mga domeyn ng diskurso at para sa lahat ng dahilan. Sa kabilâng banda, ang gradong 0 (Extinct) ay para sa mga wikang hindi ginagamit sa anumang lugar at panahon.

Degree of Endangerment	Grade	Domains and Functions
Universal Use	5	<i>The language is used in all domains and for all functions.</i>
Multilingual Parity	4	<i>Two or more languages may be used in most social domains and for most functions.</i>
Dwindling Domains	3	<i>The language is in home domains and for many functions, but the dominant language begins to penetrate even home domains.</i>
Limited or Formal Domains	2	<i>The language is used in limited social domains and for several functions.</i>
Highly Limited Domains	1	<i>The language is used only in very restricted domains and for very few functions.</i>
Extinct	0	<i>The language is not used in any domain and for any function.</i>

Talahanayan 3. Eskala para sa ikaapat na salik sa Language Vitality and Endangerment (LVE) ng UNESCO

Bagama't naglahad ng eskala ang UNESCO upang mailarawan ang iba't ibang antas ng paggamit ng wika, kinikilala nilang maraming mga multilingguwal na lugar sa daigdig. Kung kayâ, mahalaga umanong tandaan na hindi kinakailangang maging monolingguwal ang isang komunidad para maging masigla ang kanilang wika. Ang importanteng suriin sa mga pagkakataong ito ay kung ang katutubong wika ay may makabuluhang papel sa mga domeyn na mahalaga sa kultura ng komunidad.

2.1.5. Ikalimang Salik

Ang pagtugon sa mga bagong domeyn at media ang ikalimang salik. Mahalaga umano sa pagpapanatili ng sigla ng isang wika na makasabay ito sa mga pagbabagong nangyayari sa lipunan, tulad ng pagkakaroon ng mga bagong paaralan, trabaho/hanapbuhay, o media. Kung ang komunidad ay hindi makasabay sa mga pagbabagong ito, mataas ang posibilidad na mawalan ng halaga ang wika.

Gaya ng sa mga naunang salik, may anim na gradong posibleng ibigay sa isang wika batay sa pagtugon nito sa mga bagong domeyn. Ibinibigay ang pinakamataas na gradong 5 (Dynamic) sa mga wikang ginagamit sa lahat ng mga bagong domeyn, samantalang ang pinakamababang gradong 0 (Inactive) ay para sa mga wikang hindi ginagamit sa anumang bagong domeyn. Makikita sa Talahanayan 4 ang buong eskala.

Bukod sa pagbibigay ng eskala para sa nabanggit na salik, ipinaliwanag din kung paano masasabing bago ang isang domeyn dahil magkakaiba ang kontekstong kinalalagyan ng mga wika sa daigdig. Ang halimbawang binanggit ng UNESCO ay may kaugnayan sa paggamit ng isang wika sa media. Ang isa umanong nanganganib na wikang ginagamit sa broadcast media (e.g., radyo at telebisyon) ay maaaring makakuha lámang ng gradong 2 (Coping) o 3 (Receptive) kung limitado lámang ang oras kung kailan ginagamit ang wika sa nabanggit na domeyn.

Degree of Endangerment	Grade	New Domains and Media Accepted by the Endangered Language
Dynamic	5	<i>The language is used in all new domains.</i>
Robust/Active	4	<i>The language is used in most new domains.</i>

Receptive	3	<i>The language is used in many domains.</i>
Coping	2	<i>The language is used in some new domains.</i>
Minimal	1	<i>The language is used only in a few new domains.</i>
Inactive	0	<i>The language is not used in any new domains.</i>

Talahanayan 4. Eskala para sa ikalimang salik sa Language Vitality and Endangerment (LVE ng UNESCO

2.1.6. Ikaanim na Salik

Nakatuon ang ikaanim na salik sa pagkakaroon ng oportunidad para magamit ang wika sa edukasyon at literasi. Sa salik na ito, pangunahing sinusuri kung ang wika ay may ortograpiya at kung may mga nakasulat na materyales na magagamit sa pagtuturo at pag-aaral ng at gamit ang wikang ito.

Para sa salik na ito, ang pinakamataas na gradong 5 ay ibinibigay sa mga wikang may ortograpiya, tradisyon ng literasi na may grammar, diksiyonaryo, teksto, panitikan, at pang-araw-araw na media, at kung ang pagsusulat sa wika ay ginagamit sa pamamahala at edukasyon. Ang pinakamababang grado na 0 ay para naman sa mga komunidad na walang ortograpiya.

Grade	Accessibility of Written Materials
5	<i>There is an established orthography, literacy tradition with grammars, dictionaries, texts, literature, and everyday media. Writing in the language is used in administration and education.</i>
4	<i>Written materials exist, and at school, children are developing literacy in the language. Writing in the language is not used in administration.</i>
3	<i>Written materials exist and children may be exposed to the written form at school. Literacy is not promoted through print media.</i>
2	<i>Written materials exist, but they may only be useful for some members of the community; and for others, they may have a symbolic significance. Literacy education in the language is not a part of the school curriculum.</i>
1	<i>A practical orthography is known to the community and some materials are being written.</i>
0	<i>No orthography available to the community.</i>

Talahanayan 5. Eskala para sa ikaanim na salik sa Language Vitality and Endangerment (LVE) ng UNESCO

2.1.7. Ikapitong Salik

Ang ikapitong salik ay ang mga pananaw at patakaran pangwika ng pamahalaan at iba pang institusyon. Para sa salik na ito, mahalagang masuri kung may mga ipinatutupad na patakaran na makatutulong sa pagpapanatili ng paggamit sa wika. Kung ang lahat ng wika sa isang bansa ay itinuturing bilang yaman at pinoprotektahan ng mga batas at kung isinusulong ng pamahalaan ang pagpapanatili sa sigla ng wika sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga patakaran, ang sinusuring wika ay maaaring makatanggap ng gradong 5. Sa kabiláng dulo naman ng eskala ay ang pinakamababang grado na 0, na para naman sa mga “minority” na wikang ipinagbabawal gamitin sa anumang domeyn. Matutunghayan sa Talahanayan 6 ang eskala para sa salik na ito.

Degree of Support	Grade	Official Attitudes toward Language
Equal Support	5	<i>All languages are protected.</i>
Differentiated Support	4	<i>Minority languages are protected primarily as the language of the private domains. The use of the language is prestigious.</i>
Passive Assimilation	3	<i>No explicit policy exists for minority languages; the dominant language prevails in the public domain.</i>
Active Assimilation	2	<i>Government encourages assimilation to the dominant language. There is no protection for minority languages.</i>
Forced Assimilation	1	<i>The dominant language is the sole official language, while non- dominant languages are neither recognized nor protected.</i>
Prohibition	0	<i>Minority languages are prohibited.</i>

Talahanayan 6. Eskala para sa ikapitong salik sa Language Vitality and Endangerment (LVE) ng UNESCO

2.1.8. Ikawalong Salik

Ang ikawalong salik ay tungkol sa pananaw ng mga miyembro ng komunidad tungkol sa kanilang sariling wika. Gaya ng makikita sa Talahanayan 7, kung ang lahat ng mga miyembro ng komunidad ay pinahahalagahan ang kanilang wika at ninanais na makita itong maisulong, ang wika ay maaaring bigyan ng gradong 5. Samantala, kung walang sinuman sa komunidad ang nag-aalala kung mawawala ang wika at kung mas pinipili ng lahat ang gumamit ng mas dominanteng wika, ang wika ay nasa gradong 0.

Grade	Community Attitudes towards the Language
5	<i>All members value their language and wish to see it promoted.</i>
4	<i>Most members support language maintenance.</i>
3	<i>Many members support language maintenance; others are indifferent or may even support language loss.</i>
2	<i>Some members support language maintenance; others are indifferent or may even support language loss.</i>
1	<i>Only a few members support language maintenance; others are indifferent or may even support language loss.</i>
0	<i>No one cares if the language is lost; all prefer to use a dominant language.</i>

Talahanayan 7. Eskala para sa ikawalong salik sa Language Vitality and Endangerment (LVE) ng UNESCO

2.1.9. Ikasiyam na Salik

Ang pinakahuling salik sa listahan ay ang dami at kalidad ng dokumentasyon. Nanggagaling ang pagtukoy sa salik na ito sa idea na ang dami at kalidad ng dokumentasyong mayroon ang isang wika ay nagsisilbing gabay sa pagtatáya kung gaano kasidhi ang pangangailangan para sa agarawang pagsasagawa ng dokumentasyon tungkol sa wika. Partikular na dapat tutukan ang mga nakasulat na teksto, gaya ng aktuwal na talâ, nakasalin, at may anotasyong rekording ng mga natural na usapan.

Sa binuong eskala para sa salik na ito, na makikita sa Talahanayan 8, ang pinakamataas na gradong 5 (Superlative) ay ibinibigay sa mga wikang (i) may komprehensibong grammar at diksyonaryo, ekstensibong teksto, at nagpapatúloy na daloy ng mga materyales para sa wika at (ii) maraming mga anotadong audio at video recording na may mataas na kalidad. Ang pinakamababang gradong 0 (Undocumented) naman ay para sa mga wikang walang anumang materyales.

Nature of Documentation	Grade	Language Documentation
Superlative	5	<i>There are comprehensive grammars and dictionaries, extensive texts; constant flow of language materials. Abundant annotated high-quality audio and video recordings exist.</i>
Good	4	<i>There are one good grammar and a number of adequate grammars, dictionaries, texts, literature, and occasionally updated everyday media; adequate annotated high-quality audio and video recordings.</i>
Fair	3	<i>There may be an adequate grammar or sufficient amount of grammars, dictionaries, and texts, but no everyday media; audio and video recordings may exist in varying quality or degree of annotation.</i>

Fragmentary	2	<i>There are some grammatical sketches, wordlists, and texts useful for limited linguistic research but with inadequate coverage. Audio and video recordings may exist in varying quality, with or without any annotation.</i>
Inadequate	1	<i>Only a few grammatical sketches, short wordlists, and fragmentary texts. Audio and video recordings do not exist, are of unusable quality, or are completely un-annotated.</i>
Undocumented	0	<i>No material exists.</i>

Talahanayan 8. Eskala para sa ikasiyam na salik sa
Language Vitality and Endangerment (LVE) ng UNESCO

2.2. ANG LVE SA PAGLIPAS NG PANAHOON

Nang sumapit ang 2006 ay inilathala ng UNESCO ang “UNESCO Survey: Linguistic Vitality and Diversity.” Ang pangunahing layunin sa pagkabuo ng survey na ito ay ang magamit sa pagkaloketa ng mga datos para sa binubuong *Atlas of the World’s Languages in Danger of Disappearing*, *Digital Atlas of the World’s Languages in Danger of Disappearing*, at *Indicator on the Status and Trends of Linguistic Diversity and Numbers of Speakers of Indigenous Languages* ng UNESCO. Ang survey ay kinakailangang sagutan ng isang mananaliksik ayon sa kanyang kaalaman sa sitwasyon ng wika at ng mga nagsasalita nito. Maaaring pangkatín sa tatlo ang nilalaman ng survey: (i) impormasyon tungkol sa wika, (ii) sigla at panganganib ng wika sa loob ng komunidad, at (iii) pagkakaiba-iba ng mga wikang ginagamit.

Walong taon naman matapos unang inilabas ang LVE, nagsagawa ang UNESCO ng inisyatiba upang suriin ang kaangkupan ng LVE sa pagtatása sa estado ng mga wika sa daigdig. Kaugnay ng inisyatibang ito ay inilabas ang isang ulat na nagsusuma sa samot-saring palagay at komentaryong inilahad ng iba’t ibang mananaliksik tungkol sa LVE. Batay sa mga nakalap na komentaryo, isa sa mga kapuri-puring aspekto ng LVE ay ang kakayanan nitong magsilbing gabay upang matukoy ang iba’t ibang salik na nakaaapekto sa sigla ng isang wika at kung ano-anong mga hakbang ang kinakailangang gawin ng mga nakapangyayaring puwersa. Sa kabiláng banda, isa sa pinakamalalaking puna sa modelo ay ang paglalarawang ibinigay sa bawat antas ng panganganib; kinakailangan umano ng mas malinaw at tuwirang paglalarawan para sa bawat antas.

Bukod sa mga palagay at komentaryo sa LVE, mababása rin sa inilathalang ulat ng UNESCO noong 2011 ang ilang aktuwal na pagtatása kung saan ginamit ang modelo. Makikita sa mga pagtatásang ito ang ilang rebisyong ginawa upang maging angkop ang LVE sa pag-aanalisa sa mga espesipikong danas ng ilang komunidad pangwika. Halimbawa, para sa isinagawang National Indigenous Languages Survey (NILS) ng Australian Institute of Aboriginal and Torres Strait Islander Studies (AIATSIS) noong 2004, sa halip na gamitin ang mga notional na henerasyon (e.g., children, parents, grandparents) ay piniling gamítin ang mga aktuwal na saklaw ng edad (i.e., 0-19, 20-39, 40-59, at 60+). Ayon sa ginawang ulat tungkol sa NILS, ang paggamit ng mga notional na henerasyon ay dapat lámang gamítin kung mahirap ang pagtukoy sa mga saklaw ng edad.

Hindi lámang ang paggamit ng mga aktuwal na saklaw ng edad ang inobasyong ginawa sa NILS. Sa siyam na salik na ikinokonsidera sa LVE ay idinagdag ang pansampung salik: ang estado ng mga programang pangwika. Gaya ng sa karamihan ng mga salik na tinukoy ng UNESCO, nilakipan din ang pansampung salik ng isang eskala. Makikita ang eskalang ito sa Talahanayan 9.

Grade		Status of Language Programs
Successful	5	<i>A regular and successful program is running involving >5 per cent language identifiers.</i>
Good	4	<i>A program is running with two out of three of the following: regularly; successfully; >5 per cent language identifiers.</i>
Fair	3	<i>A program is running with one out of three of the following: regularly; successfully; >5 per cent language identifiers.</i>
Basic	2	<i>A program is running involving a small group (<5 per cent of identifiers) irregularly and with few or no outcomes.</i>
Aspiring	1	<i>No language programs but a group are talking of starting one.</i>
None	0	<i>No language program and no interest in starting one.</i>

Talahanayan 9. Eskala para sa idinagdag na pansampung salik para sa
National Indigenous Languages Survey (NILS)

Noong 2009 ay ginamit din ng Institute of Ethnology and Anthropology (IEA) ng Chinese Academy of Social Sciences (CASS) ang siyam na salik sa LVE upang matása ang sigla ng mga minoryang wika sa China. Upang matamang masuri ang natatanging sosyolingguwistikong sitwasyon sa China, nagdagdag ang IEA ng tatlong salik. Idinagdag na pansampung salik ang distribusyon sa loob ng komunidad pangwika, panlabing-isa ang antas ng internal na baryasyon ng wika, at panlabindalawa ang distribusyon ng mga wika sa transnasyonal na antas. Gamit ang labindalawang salik, nagawang maikategorya ang mahigit isandaang wika sa China ayon sa sumusunod na klasipikasyon: (i) mga wikang dinamiko; (ii) mga matatag o aktibong wika; (iii) mga wikang may katamtamang sigla at nagpapakita ng ilang senyales ng panganganib; (iv) mga wikang nása panganib ang sigla o tiyak na nanganganib; (v) mga wikang may mababang antas ng kasiglahan o lubos na nanganganib; at (vi) hindi aktibo o kritikal nang nanganganib o patay nang wika.

3. ANG EXPANDED GRADED INTERGENERATIONAL DISRUPTION SCALE (EGIDS)

Sa pangalan pa lámang na Expanded Graded Intergenerational Disruption Scale (EGIDS) ay makukuha na agad ang idea na ito ay pagpapalawak ng isang naunang lápit. Mula sa simulain ni Joshua Fishman sa Graded Intergenerational Disruption Scale (GIDS) ay binuo nina M. Paul Lewis at Gary F. Simons noong 2010 ang EGIDS. Layunin nina Lewis at Simons sa pagbuo ng EGIDS na matugunan ang mga napuna nilang kakulangan sa modelo ni Fishman. Apat na pangunahing aspekto ng GIDS ang pinuna nina Lewis at Simon. Una, inilalarawan umano ng GIDS ang antas ng pagkaantala o pagtigil sa pagpapása ng wika sa pamamagitan ng mga terminong hindi nagpapakita ng direksiyon ng nangyayaring pagbabago sa paggamit sa wika. Ikalawa, hindi umano ganap na naipapakita ng GIDS ang lahat ng posibleng maging estado ng isang wika. May mga wikang hindi lámang ginagamit sa pambansang antas kundi maging sa pandaigdigang din, kung kaya't maituturing ang mga itong lagpas sa antas na 1 ng GIDS. Sa kabiláng dáko, may mga wika namang hindi maipapasok kahit sa pinakamababang antas ng GIDS sapagkat ganap nang walang natitirang nagsasalita ang mga ito o hindi kayâ ay hindi na gaanong ginagamit at nanatili na lámang na pamanang wika. Ikatlo, bagama't

kinikilala ni Fishman ang malaking papel ng iba't ibang institusyon (e.g., pamahalaan at tahanan) sa pagpapanatili ng paggamit ng wika, sa pananaw nina Lewis at Simons ay hindi malinaw na naipapakita sa GIDS ang gampanin ng mga institusyong ito. At huli, sinasabi nina Lewis at Simons na kinakailangang gawing mas detalyado ang pagkakategorya sa antas ng sigla o panganganib ng wika nang sa gayon ay malinaw na mailarawan ang mga panlipunang salik na kinakailangang matugunan sa anumang kaso. Makikita sa Talahanayan 10 ang buod ng GIDS.

Level	Description
1	<i>The language is used in education, work, mass media, government at the nationwide level</i>
2	<i>The language is used for local and regional mass media and governmental services</i>
3	<i>The language is used for local and regional work by both insiders and outsiders</i>
4	<i>Literacy in the language is transmitted through education</i>
5	<i>The language is used orally by all generations and is effectively used in written form throughout the community</i>
6	<i>The language is used orally by all generations and is being learned by children as their first language</i>
7	<i>The child-bearing generation knows the language well enough to use it with their elders but is not transmitting it to their children</i>
8	<i>The only remaining speakers of the language are members of the grandparent generation</i>

Talahanayan 10. Graded Intergenerational Disruption Scale ni Joshua Fishman

Mapapansin sa EGIDS na pinanatili nina Lewis at Simons ang dalawang pangunahing tuon ng GIDS: (i) ang pagtingin sa mga domeyn kung saan ginagamit ang wika at (ii) kung nagkakaroon ng pagkaantala o paghinto sa pagpapása ng wika. Bukod dito, ginamit din nila ang mahahalagang aspekto ng GIDS tulad ng paggamit ng numerikal na representasyon upang ipakita ang antas ng sigla o panganganib ng isang wika at ang paglalakip ng deskripsiyon para sa bawat numerikal na representasyon. Gayunman, hindi tulad ng GIDS na mayroon lámang walong antas, ang EGIDS ay mayroong antas na mula 0 hanggang 10. Tatlong bagong antas ang idinagdag. Ang antas na 0 ay idinagdag upang sumaklaw sa mga wikang ginagamit sa internasyonal na antas. Ang antas na 9 (Dormant) naman ay kumakatawan sa mga wikang nagsisilbing paalala ng pamanang pagkakakilanlan ng isang pangkat etniko. Sa antas na ito, walang sinumang nagsasalit at agapagsalita ng wika ang may kasanayang higit sa simbolikong papel ng wika. Samantala, ang 10 (Extinct) ay para sa mga wikang hindi na sinasalita at walang sinumang nag-uugnay ng kanyang etnikong pagkakakilanlan sa wikang ito kahit na para sa mga simbolikong kadahilanan.

Bukod sa pagdaragdag ng mga antas na 0, 9, at 10, hinati rin nina Lewis at Simons sa dalawa ang mga antas na 6 at 8. Ang 6a (Vigorous) ay tumutukoy sa wikang ginagamit nang pasalita ng lahat ng henerasyon at natutuhan ng mga bata bilang kanilang unang wika, samantalang ang 6b (Threatened) ay para sa mga wikang ginagamit nang pasalita ng lahat ng henerasyon ngunit ilan lámang sa henerasyong may anak ang nagpapása nito sa kanilang mga anak. Hinati naman ang antas na 8 sa 8a (Moribund) na para sa mga wikang ang natitirang aktibong nagsasalita ay ang henerasyon

na lámang ng mga lolo at lola at 8b (Nearly Extinct) na para sa mga wikang ang nalalabi na lámang na mga nagsasalita ay mga miyembro ng henerasyon ng mga lolo at lola o mas matanda pa, na may iilang oportunidad na lámang para magamit ang wika. Ang paghahating ito sa mga antas na 6 at 8 ang siyang nakitang solusyon nina Lewis at Simons sa napuna nilang pangangailangang maipakita ang direksiyon ng pagbabago ng paggamit ng wika.

Bagama't sa pangalan ay masasabing ang EGIDS ay nakatuon lámang sa GIDS at sa pagpapalawig nito, malaki rin ang naging impluwensiya sa EGIDS ng LVE ng UNESCO at ng mga naunang kategoryang ginagamit ng website na Ethnologue bago pa nito simulang gamitin ang EGIDS. Gawa nga nito ay itinuturing nina Lewis at Simons ang EGIDS bílang “harmonization” ng tatlong modelo. Ang impluwensiya ng modelo ng UNESCO at Ethnologue ay mababakas sa kung paano ikinategorya at binigyan ng katawagan nina Lewis at Simons ang bawat antas sa kasiglahan ng wika.

Level	Label	Description
0	International	<i>The language is used internationally for a broad range of functions.</i>
1	National	<i>The language is used in education, work, mass media, government at the nationwide level.</i>
2	Regional	<i>The language is used for local and regional mass media and governmental services.</i>
3	Trade	<i>The language is used for local and regional work by both insiders and outsiders.</i>
4	Educational	<i>Literacy in the language is being transmitted through a system of public education.</i>
5	Written	<i>The language is used orally by all generations and is effectively used in written form in parts of the community.</i>
6a	Vigorous	<i>The language is used orally by all generations and is being learned by children as their first language.</i>
6b	Threatened	<i>The language is used orally by all generations but only some of the child-bearing generation are transmitting it to their children.</i>
7	Shifting	<i>The child-bearing generation knows the language well enough to use it among themselves but none are transmitting it to their children</i>
8a	Moribund	<i>The only remaining active speakers of the language are members of the grandparent generation.</i>
8b	Nearly Extinct	<i>The only remaining speakers of the language are members of the grandparent generation or older who have little opportunity to use the language.</i>
9	Dormant	<i>The language serves as a reminder of heritage identity for an ethnic community. No one has more than symbolic proficiency.</i>
10	Extinct	<i>No one retains a sense of ethnic identity associated with the language, even for symbolic purposes.</i>

Talahanayan II. Expanded Graded Intergenerational Disruption Scale nina M. Paul Lewis at Gary F. Simons

3.1. Ang Pagtatása sa Sigla ng Wika Gámit ang EGIDS

Upang matása ang sigla ng isang wika gámit ang EGIDS, limang susing tanong ang kinakailangang masagot. Ang unang tanong ay may kinalaman sa papel at gámit ng wika sa komunidad: *What is the current identity function of the language?* Sa tanong na ito, apat ang posibleng sagot:

- (i) Pangkasaysayan (Historical) - Ang wika ay wala nang natitiráng nagsasalita at walang komunidad ang nagtuturing sa wika bilang kanilang wika ng pagkakakilanlan. Gayundin, wala nang anumang itinakdang gamit sa wika ang anumang pangkat. Sa ganitong mga kadahilanan, ang wika ay maituturing nang nasa antas na 10 (Extinct) ng EGIDS.
- (ii) Pampamana (Heritage) - Wala nang natitirang L1 na nagsasalita ang wika, ngunit maaaring may sumisibol na mga L2 na nagsasalita.² Maaari ding ang wika ay ginagamit lámang sa mga simboliko o seremonyal na pagkakataon. Kung ganito ang sitwasyon, ang wika ay nása antas na 9 (Dormant).
- (iii) Pantahanan (Home) - Ang wika ay ginagamit ng ilan sa pang-araw-araw na pasalitang komunikasyon sa domeyn ng tahanan. Sa kasong ito, mahalaga ang direksiyon ng pagpapalit o pagpapanatili ng paggamit ng wika upang matukoy ang antas sa EGIDS na kinabibilangan ng wika, kung kaya't mahalagang sagutin ang ikatlong susing tanong.
- (iv) Lingua Franca (Vehicular) - Ginamit ang terminong *vehicular* upang tumukoy sa lawak ng paggamit sa wika para sa komunikasyon ng mga táong magkakaiba ang unang wika. Kung ang isang wika ay inilalarawan bilang isang lingua franca, nangangahulugan itong ang wika ay ginagamit bilang

L2 ng ilan bukod sa paggamit dito ng komunidad ng mga nagsasalitang ang wikang ito ang L1. Nangangahulugan din itong ang wika ay may papel bilang pagkakakilanlan ng komunidad hindi lámang sa loob ng mga karatig o malalapit na komunidad. Kapag ang pinili ang lingua franca bilang tugon sa unang tanong, kinakailangang sagutin ang ikalawang susing tanong upang matukoy ang eksaktong antas ng wika sa EGIDS.

May kaugnayan naman sa opisyal na paggamit ng wika ang ikalawang tanong: *What is the level of official use?* Ang tanong na ito ay makatutulong upang matukoy kung ano ang espesipikong antas ng isang wika sa EGIDS kung ito ay nagsisilbing lingua franca. May apat na posibleng sagot sa ikalawang tanong:

- (i) Internasyonal (International) - Kung ang wika ay ginagamit sa pandaigdigang antas bilang wika ng negosyo, edukasyon, at iba pang mga aktibidad na may kinalaman sa pangmalawakang komunikasyon, pasók ang wika sa antas na 0 (International) ng EGIDS.
- (ii) Nasyonal (National) - Ang wika ay kinikilala bilang opisyal o de facto na wika sa antas ng bansa (nation-state) at ginagamit para sa pamahalaan, edukasyon, negosyo, at para sa iba pang pangangailangang pangkomunikasyon. Ang mga wikang may ganitong katangian ay nabibilang sa antas na 1 (National).
- (iii) Rehiyonal (Regional) - Ang wika ay opisyal na kinikilala sa antas sub-nasyonal para sa paggamit sa pamahalaan, edukasyon, negosyo, at iba pang mga domeyn. Ang ganitong uri naman ng wika ay nasa antas na 2 (Regional).
- (iv) Hindi Opisyal (Not Official) - Hindi opisyal na kinikilala ang wika, ngunit ito ay ginagamit hindi lámang sa panloob na interaksyon ng lokal na komunidad. Maaaring ang wika ay ginagamit sa

² Ang L1 ay tumutukoy sa unang wikang natutuhan ng isang tao, samantalang ang L2 ay para naman sa mga wikang natutuhan ng isang tao bukod sa kanyang L1. Gayunman, hámon sa kinamihasnang depinisyon ito ang realidad sa mga lunang multilingguwal kung saan ang mga indibidwal ay maaaring matuto ng dalawang wika nang sabay. Ilan sa mga pagtalakay sa salimuot ng usapin ng pagkatuto ng wika sa multilingguwal na konteksto ay mababasa sa akda ni Cenoz noong 2000 at ni Hammarberg noong 2014.

negosyo/kalakalan, lipunan, at iba pang gawaing pangkomunikasyon. Pasók ang ganitong uri ng wika sa antas na 3 (Trade).

Kung ang tugon sa unang tanong ay Pantahanan (Home), ang ikatlong susing tanong ay: *Are all parents transmitting the language to their children?* Dalawa lámang ang posibleng sagot dito:

- (i) Oo - Ang intergenerational na pagpapása ng wika ay ganap, laganap, at nagpapatúloy. Kung ito ang piniling sagot, kailangan pang sagutin ang susunod na tanong upang matukoy kung ang komunidad ay nása antas na 4, 5, o 6a.
- (ii) Hindi - Naaantala o nahihinto ang pagpapása ng wika bilang L1. Nagpapahiwatig ang tugon na ito na nagsisimula na o posibleng nása malalang antas na ang pagpapalit ng wika ng komunidad. Upang malaman kung ang wika ay nása antas na 6b, 7, 8a, o 8b, kailangang sagutin ang ikalimang tanong.

Kung ang tugon sa ikatlong susing tanong ay “Oo”, kailangang sagutin ang ikaapat na tanong na may kaugnayan sa literasi: *What is the literacy status?* May tatlong posibleng sagot dito:

- (i) Institusyonal (Institutional) - Nakakamit ang literasi sa pamamagitan ng isang sistema ng edukasyon na sinusuportahan ng isang sustenibleng institusyon, Ang tipikal na halimbawa nito ay ang sistema ng pampublikong edukasyon, ngunit maaari din namang magbigay ng edukasyon sa literasi ang iba pang mga institusyong nakabase sa komunidad (e.g., simbahan). Kung ganito ang kaso, ang wika ay nabibilang sa antas na 4 (Educational).
- (ii) Nagsisimula (Incipient) - Naipakilala na sa komunidad ang literasi sa wika ngunit hindi pa nakakamit ng karamihan sa mga miyembro ng komunidad ang literasi sa pamamagitan ng matatatag na institusyong na may akses ang

publiko. Ang mga wikang may ganitong katangian ay nása antas na 5 ng EGIDS (Written).

- (iii) Wala (None) - Maaaring maliit na bahagi lámang ng populasyon ang may literasi sa wika o hindi kayâ ay walang organisadong paraan upang magkaroon ng kakayahang may kaugnayan sa literasi ang mga miyembro ng komunidad. Maaari ding ang mga letradong miyembro ng komunidad ay nakapagbabása o nakapagsusulat lámang sa L2. Walang anumang institusyon na sumusuporta sa pagkakaroon ng literasi sa lokal na wika o kung mayroon mang ganoong mga institusyon, hindi pa ito nagkakaroon ng malaking epekto sa komunidad. Ang ganitong kalagayan ay pasok sa antas na 6a (Vigorous).


Ang huling tanong ay nauugnay muli sa pagpapása ng wika sa mga susunod na henerasyon: *What is the youngest generation of proficient speakers?* Mahalaga umanong aspekto sa tanong na ito ang kahulugan ng terminong *proficient speakers*. Ang maituturing umanong *proficient speaker* ay yaóng gumagamit sa wika para sa buong talakayan o interaksyon sa iba’t ibang konteksto. Mahalaga ang tanong na ito upang matukoy kung nasaang antas na ang kasidhian ng nangyayaring pagpapalit ng wika sa isang komunidad. Apat na posibleng henerasyon ang ibingay nina Lewis at Simons:

- (i) Mga Nuno sa Tuhod (Great Grandparents) - Kung ang pinakabatang nagsasalita na lámang ng wika ay ang henerasyon ng mga ninuno sa tuhod, malalang-malala na ang nangyayaring pagpapalit ng wika sa komunidad. Ang wikang may ganitong sitwasyon ay nasa antas na 8b (Nearly Extinct).
- (ii) Mga Nuno (Grandparents) - Kung ang pinakabatang nagsasalitatagapagsalita ng wika ay ang henerasyon ng mga nuno o mga lolo at lola, masasabing malala na ang pagpapalit ng wika sa komunidad. Ang ganitong uri ng wika ay maikakategorya sa antas na 8a (Moribund) ng EGIDS.

(iii) Mga Magulang (Parents) - Ang pinakabatang nagsasalita ng wika ay kabílang sa henerasyon ng mga magulang o ng mga nása edad na para magkaroon ng anak. Sa yugtong ito, nagsimula na at malinaw nang mapapansin ang ang pagpapalit ng wika sa komunidad. Ang wika ay nása antas na 7 (Shifting) ng EGIDS.

(iv) Mga Bata (Children) - Ang pinakabatang nagsasalita ng wika ay mga bata; gayunman, maaaring nagsisimula na ang pagpapalit ng wika. Ang ganitong uri ng wika ay nása antas na 6b (Threatened) ng EGIDS.

Ang buod ng sistema para sa pagsagot ng mga susing tanong para sa EGIDS ay makikita sa Dayagram 1.



Dayagram 1. Diagnostic Decision Tree para sa Paggamit ng EGIDS mula kina Lewis at Simons

4. ILANG KRITIKAL NA TALÂ SA LVE AT EGIDS

Lumabas sa isinagawang paghahanay sa kabuuang balangkas na sinusunod sa ilalim ng LVE at EGIDS ang iba't ibang kainaman ng mga ito bilang mga lápit sa pagtatása sa sigla ng mga wika. Gayunman, sa kaparehong paraan ay may mapupunang mga suliranin at kakulangan sa dalawang lápit--mga suliranin at kakulangang maituturing na nakahahadlang upang matamang masuri ang estado ng isang wika, lalo na sa konteksto ng Pilipinas.

4.1. Mga Kainaman ng LVE at EGIDS

Malinaw na mapapansin na ang ibinibigay ng LVE ay isang pagtingin sa sigla at panganganib ng isang wika mula sa iba't ibang salik at punto de bista. Sa pamamagitan ng pagtitimbang sa iba't ibang salik ay naipauunawa na ang estado ng isang wika ay nakakawing sa samot-saring nagkakalakip-lakip na mga salik. Sa ganitong pamamaraan ay naipapakita na ang kinasanayang ituring na maliliit na bagay, gaya ng hindi paggamit ng wika sa radyo o telebisyon, ay maaaring indikasyon ng panganganib ng isang wika.

Bukod sa pagkilala na hindi lámang iisang salik ang nagdidikta sa sigla ng isang wika, isa sa pinakamalalaking kainaman ng LVE ay ang pagsasaalang-alang nito sa bigat ng pananaw pangwika. Sa LVE, napapansin ang papel ng mga ideolohiya at pananaw pangwika ng mga nagsasalita, ng buong komunidad pangwika, at ng mga nakapangyayaring puwersa sa kung ang isang wika ay patúloy na gagamitin at ipapása ng mga miyembro ng komunidad.

Sa kabiláng dáko, pangunahing bentahe ng EGIDS ang likás na pagiging payak ng sistemang sinusunod sa lápit na ito. Sa paggamit ng EGIDS sa pagtatása sa sigla ng wika, hindi rekisito ang pagsasagawa ng aktuwal na fieldwork o pakikipanayam sa mga miyembro ng pinag-aaralang wika. Ang mga impormasyong kinakailangan para matása ang antas ng sigla o panganganib ng wika gámit ang EGIDS ay maaaring hanguin mula sa mga naunang pag-aaral o mga sekondaryang batis ng impormasyon. Bunga nito, madaling nagagamit ang eskala sa pagtatáya sa kalagayan ng isang wika. Isa ito sa

mga dahilan kung bakit ang Ethnologue--isang website na pagmamay-ari ng Summer Institute of Linguistics--ay nakapaglalathala ng mga impormasyon tungkol sa sitwasyon ng halos lahat ng mga wika sa daigdig.³

Kung titimbangin, masasabing may mga konteksto kung saan ang LVE ay mas mainam na gamitin at sa kaparehong paraan ay may mga pagkakataong ang EGIDS ang mas angkop na lápit. Ang LVE, sa isang banda, ay mas mainam na gamitin kung ang layon ay isang ebalwasyong mula sa pagsilip sa iba't ibang salik. Naaangkop din ito sa pagtukoy kung ano-anong mga aspekto ang nangangailangan ng kagyat na pagtugon at alin ang hindi. Sa kabiláng banda, dahil sa pagiging payak ng sistemang ito at sa bílang na salik na isinasaalang-alang dito, ang EGIDS ay mas magagamit kung nangangailangan ng isang pauna o mabilisang pagtatáya sa estado ng isang wika.

4.2. Mga Kritisimo sa LVE at EGIDS

Sa kabila ng mga mapapansing kainaman ng LVE at EGIDS at bagama't matagal nang ginagamit ang mga ito sa pagtatása sa iba't ibang wika sa daigdig, lantad ang ilang kakulangan at suliranin sa paggamit sa mga naturang sistema, na siyang dahilan kung bakit mahirap gamitin ang dalawang lápit para sa malalimang ebalwasyon sa sitwasyon ng mga komunidad pangwika sa Pilipinas.

Halimbawa, ang paggamit sa LVE sa konteksto ng Pilipinas--bagaman nagreresulta sa pagbibigay ng analisis sa samot-saring salik na maaaring nakaaapekto sa estado ng mga wika sa bansa--ay nahaharap sa iba't ibang limitasyon. Una, binibigyang-diin ng mga lumikha ng LVE na ang mga salik, bagaman magkakaiba, ay hindi dapat na gamitin nang hiwalay sa bawat isa at ang panganganib sa isang salik ay hindi nangangahulugan ng panganganib ng wika sa kabuuan. Mainam ang katangiang ito ng modelo sapagkat naipakikita nito na ang sigla at panganganib ng isang wika ay hindi lámang bunga ng pagliit ng populasyon o ng pagpapalit ng wika bagkus ay binubuo at hinuhulma ito ng iba't ibang salik. Sa kabila nito, hindi nagkakaroon ng linaw kung ano ang pangkalahatang estado ng wika. Gayundin, ang ilan sa mga tinukoy

³ Ayon sa inilabas na datos ng Ethnologue para sa taóng 2023, 25 sa 175 na katutubong wika sa Pilipinas ang nása *institutional* na antas, 33 ang *vigorous*, 37 ang *in trouble*, at 11 ang *dying*.

na salik ay hindi naaangkop sa lahat ng mga komunidad pangwika sa daigdig, gaya ng mga komunidad sa Pilipinas. Isa sa mga salik na ito ay ang dami at kalidad ng dokumentasyon. Sa isang bansang mayaman sa wika ngunit iilan lámang ang mga mananaliksik at limitado ang pondo para sa pagsasagawa ng mga pag-aaral at dokumentasyon sa mga wika, isang mapait na realidad ang kawalan ng dokumentasyon. Gayunman, hindi nito tuwirang naaapektuhan ang paggamit ng wika, maging ang panloob na kaayusan sa loob ng mga komunidad pangwika. Sa katunayan, may mga miyembro ng mga komunidad pangwika sa bansa na hindi nais na magkaroon ng dokumentasyon ang kanilang wika o hindi kayâ ay hindi nais na maipaalam sa mga tagalabas kung ano-ano ang mga katangian ng kanilang wika at kung paano ito ginagamit.⁴ Kalimitang nagmumula ang ganitong mga pasiya at pananaw tungkol sa dokumentasyon sa pangambang ang ganitong mga gawain ay maaaring magdulot ng kapahamakan sa kanilang komunidad at malantad sa mga tagalabas ang kanilang mga pinangangalagaang lihim at kaalaman.

Bukod sa ikasiyam na salik na dami at kalidad ng dokumentasyon, mahirap ding gamiting sukatán ng sigla ng mga wika sa Pilipinas ang proporsiyon ng mga nagsasalitagapagsalita sa kabuuan ng populasyon at sa ilang pagkakataon ay maging ang mismong kabuuang bílang ng mga nagsasalitagapagsalita. Hindi ito akmang gamitin hindi dahil sa mali ito o wala itong kaugnayan sa sigla ng wika. Mahirap itong gamitin sa mga wika sa Pilipinas dahil sa kawalan ng akses sa ganitong uri ng datos. Kahit ang Pangasiwaan ng Estadistika ng Pilipinas o Philippine Statistics Authority (PSA) na inaasahang may akses sa mahahalagang estadistikong datos tungkol sa bansa ay walang tiyak na impormasyon tungkol sa dami ng mga nagsasalitagapagsalita ng bawat wika sa bansa. Ang pinakahuling datos lámang na hawak ng PSA tungkol sa bílang ng mga nagsasalitagapagsalita ng mga katutubong wika sa bansa ay ang nakalap sa pamamagitan ng pagtatanong ng *What is the language/dialect*

generally spoken at home by the members of this household? sa isinagawang pambansang sensus noong 2020.⁵ Malinaw na ang datos na nakalap gámit ang naturang tanong ay hindi maituturing na tiyak na kumakatawan sa aktuwal na populasyon ng mga nagsasalita ng isang wika gawa ng ang konstruksiyon ng mismong tanong ay hindi malinaw. Hindi tukoy mula sa tanong kung ang hinihingi ay ang pangalan ng wika o ng diyalekto. Hindi rin makukuha mula sa mga datos na gáling sa tanong ang bahagdan ng nagsasalita sa loob ng isang tiyak na komunidad.

Hindi natatapos ang suliranin sa uri ng datos na mayroon ang PSA. Kahina-hinala rin ang mga impormasyong pangwikang mababása sa mga ulat kaugnay ng sensus. Halimbawa, ayon sa ulat na inilabas ng PSA tungkol sa pinakahuling sensus na isinagawa noong 2020, ang Bisaya/Binisaya, na sinasalita sa 4,214,122 sambahayan o 16.0% ng kabuuang bílang ng sambahayan sa bansa, ang pangalawang wikang pinakaginagamit sa mga sambahayan sa bansa (Mapa). Problematiko ang impormasyong ito sapagkat sa kaparehong listahan ay makikita rin ang wikang Cebuano, na sinasalita sa 1,716,080 sambahayan, ay nása panlimang puwesto. Agad na mapapansin ng mga eksperto sa mga wika sa Pilipinas at ng mga nagsasalitagapagsalita ng mga wika sa Kabisayaan ang problema sa ulat na ito: Ano ang kaibahan ng Cebuano sa Bisaya/Binisaya at ano-anong mga wika ang tinutukoy na Bisaya/Binisaya sa datos ng PSA? Hindi lámang sa Cebuano at Binisaya makikita ang ganitong usapin. May iba pang mga wikang inilista bílang magkahiwalay na aytem sa ulat (e.g., Abelling/Aberling at Aeta/Ayta-Abelling/Abellen). Ang kalituhang ito ang siya ring dahilan kung bakit 240+ na mga wika ang iniulat ng PSA na ginagamit sa bansa gayong ang numerong naitala ng mga institusyon gaya ng Summer Institute of Linguistics at Komisyon sa Wikang Filipino ay naglalaro lámang sa 130 hanggang 187.

Gaya ng nabanggit sa naunang sub-seksiyon, isa sa mga kainaman ng LVE ay ang pagsasaalang-alang nito sa pananaw pangwika

⁴ Ang ganitong mga pananaw patungkol sa dokumentasyon at pananaliksik ay karaniwang maoobserbahan sa maliliit at nakahiwalay na komunidad.

⁵ Bagama't ang pinakahuling datos lámang na mayroon ang PSA tungkol sa mga katutubong wika sa Pilipinas ay ang sagot sa tanong na *What is the language/dialect generally spoken at home by the members of this household?*, sa mga nakaraang sensus ay nakakalap din ang ahensya ng iba pang impormasyong may kinalaman sa mga wikang ginagamit ng mga Pilipino (e.g., kakayahang gumamit ng Ingles mula sa sensus noong 1980 at 2000; kakayahang gumamit ng Filipino mula sa sensus noong 1980, 1990, at 2000).

ng mga miyembro ng komunidad. Gayunman, walang nailatag na pamamaraan ang UNESCO sa kung paano masusing matatása ang pananaw pangwika. Gaya ng sa iba pang mga salik, tanging sa kaalaman lámang ng ekspertong nagsasagawa ng pagtatása nakasalalay ang pagtatáyang magagawa tungkol sa pananaw pangwika ng mga miyembro ng komunidad. Samakatwid, hindi masasabing epektibong naisasaalang-alang sa LVE ang pananaw pangwika bílang isa sa mga susing salik na nagdidikta sa sigla ng isang wika.

Sa kabilâng dáko, ang EGIDS, na maituturing na may angking kapakinabangan dahil sa madali itong gamitin sa paglalarawan sa estado ng isang wika, ay hindi rin masasabing epektibo sa pagbibigay ng paglalarawang tunay na sumasalamín sa kasalukuyang sitwasyon ng isang wika. Sa katunayan, dahil hindi kinakailangan ng fieldwork upang magamit ang EGIDS sa pagtatása ng sigla ng wika, ilan sa mga inilalabas na pagtatása ng Summer of Institute of Linguistics sa Ethnologue ay nakabatay sa mga pag-aaral na ilang dekada na ang nakararaan (e.g., impormasyon tungkol sa Ayta Ambala at Sambal Botolan).⁶

Mangyari pa, kung paghahambingín ang mga pagtatásang bunga ng fieldwork (e.g., pag-aaral ni Quakenbush sa Agutaynen, pananaliksik ni Tajolosa sa tatlong komunidad ng mga Batak) at ang mga pagtatásang nakaangkla sa mga sekondaryang batis (e.g., karamihan sa mga impormasyon sa Ethnologue), agad na masisipat ang kaibahan sa lalim ng mga ito. Matutukoy na ang mga pagtatásang nakaangkla sa mga datos mula sa aktuwal na pakikipag-usap sa mga miyembro ng pinag-aaralang komunidad pangwika ay kakikitahan ng pagiging malalim at komprehensibo, samantalang ang mga pagtatásang nakatuntong lámang sa mga sekondaryang batis ay tila mababaw at hiwalay na hiwalay sa wikang pinatutungkulan nito.

Bukod sa panganib ng paglalabas ng hindi realistikong pagtatása, hindi rin naikokonsidera sa paggamit ng EGIDS ang ilang mahahalagang salik. Isa sa mga salik na ito ay ang pananaw at ideolohiyang pangwika ng mga

nagsasalitapagsalita, na kung tutuusin ay siyang ugat ng pagpapása o di-pagpapása ng wika sa mga susunod na salinlahi. Mahalaga ring maisaalang-alang ang mga pananaw pangwika sapagkat ito ang sumasagot sa mga usapin tulad ng limitadong paggamit sa wika at kakulangan ng institusyonal na suporta. Kakabit din ng hindi pagsasaalang-alang sa pananaw pangwika ng mga nagsasalita ang panganib na maisantabi ang mga ideolohiyang nakakintal nang malalim sa kolektibong kalinangan ng komunidad pangwika. Matagal nang napatunayan sa mga pananaliksik (e.g., Bordieu, Standford) na ang pagpapanatili o pagtigil ng isang tao sa paggamit ng kanyang wika o diyalekto ay maaaring may kaugnayan sa kultura at kolektibong ideolohiya ng komunidad kung saan siya nagmula. Pinagtitiyay ng ganitong uri ng mga saliksik ang pangangailangang marinig ang mga idea o sensibilidad ng mga nagsasalita tungkol sa kanilang wika at diyalekto at sa paggamit nila sa mga ito upang makabuo ng isang komprehensibong pagtatása at pag-unawa sa estado ng isang wika o diyalekto, na siya namang instrumental sa pagkatha ng mga programang makatutulong upang mapasigla at mapag-ibayo ang paggamit sa isang wika.

5. PAGLALAGOM

Sentro ng naging takbo ng papel na ito ang pagtalakay sa mga aspekto ng diskurso sa panganganib pangwika sa Pilipinas na madalas na isinasantabi at hindi pinag-uusapan—ang sistema ng mga pinagkakatiwalaang lápit na pinakamadalas gamitin sa pagtatása sa sigla ng mga wika sa bansa. Dalawang lápit ang pokus sa pananaliksik. Unang hinimay ang Language Vitality and Endangerment o Nine Factors ng UNESCO. Inilatag ang siyam na salik na para sa Ad Hoc Expert Group on Endangered Languages ng UNESCO ay mahalaga sa pagtatása sa estado ng isang wika. Sunod namang siniyasat ang Expanded Graded Intergenerational Disruption Scale (EGIDS) na binuo nina Gary

⁶ Bagama't masasabing hindi na saklaw o kontrolado ng EGIDS ang pasiya ng mga gumagamit nito hinggil sa kung anong uri ng datos ang gagamitin at sasangguniín para sa pagtatása, hindi masasabing ang paggamit ng sekondaryang batis ay maituturing na ganap na hiwalay sa EGIDS bílang isang lápit. Ito ay sapagkat hindi tahasang isinusulong ng mga bumalangkas sa lápit na ito ang pangangailangang siyasatin ang aktuwal na danas ng mga komunidad pangwika. Mangyari pa, ang mga modelo at halimbawang pagtatásang nagsisilbing mukha ng EGIDS ay pawang nakatuntong sa mga sekondaryang impormasyon.

F. Simons at M. Paul Lewis. Mula sa pagtalakay sa kabuuan ng balangkas ng EGIDS--ang nilalaman ng mismong eskala at ang *decision tree* na ginagamit upang matukoy ang tiyak na antas ng isang wika sa eskala--ay naipakita ang mga aspekto ng paggamit ng wika na naging tuon ng lápit. Sa ginawang pagsiyasat sa LVE at EGIDS, natuklasang ang dalawang lápit ay kakikitahan ng mga kainaman--kainamang dahilan kung bakit may mga konteksto kung saan akma ang paggamit sa mga ito. Gayunman, kapuna-puna ring kahina-hinala ang kaangkupan ng naturang mga lápit sa pagbibigay ng komprehensibong tása sa sigla ng mga wika sa Pilipinas.

Sa kabila ng mga nailatag na kritisismo, hindi itinatagngi ng papel ang napakalaking ambag ng LVE at EGIDS sa pagmulat sa marami tungkol sa nakababahalang estado ng maraming wika sa Pilipinas. Sa mga susunod na mga pananaliksik ay mainam nga rin kung ang mga pagtatásang gumagamit ng LVE at EGIDS ay mapagtuunan ng mas malalimang pagsiyasat nang sa gayon ay lubos na masuri kung sa ano-anong mga konteksto akmang gamitin ang mga ito at kung ano-anong mga rebisyon ang maimumungkahing gawin.

Hangad ng papel na ito na ang bawat pagtatásang ginagamitan ng LVE at EGIDS ay unawain at tanggapin ng mga mambabasa nang may ganap na pagkaunawa sa buong sistema ng dalawang lápit at nang hindi inihihiwalay sa kontekstong kinaiiralan ng wika sapagkat ang mga ito ay ilan sa pinakamahahalagang bagay na humuhubog sa ating pagdidiskurso sa usapin ng panganganib pangwika. Higit sa anupaman, mithiin ng akdang ito na makatulong na matugunan ang napakalaking pangangailangan para sa isang lápit sa pagtatása na matapat na makasusuri sa natatangi at masalimuot na sitwasyon ng mga wika, diyalekto, at komunidad pangwika sa Pilipinas. ♦

MGA SANGGUNIAN

- Bourdieu, Pierre. *Language and Symbolic Power*. Edited by John Thompson, Translated by Gino Raymond and Matthew Adamson, Polity Press, 1991.
- Cenoz, Jasone. "Research on Multilingual Acquisition." *English in Europe: The Acquisition of a Third Language Bilingual Education and Bilingualism*, edited by Jasone Cenoz and Ulrike Jessner, 2000, pp. 39–53.
- Eberhard, David M., Gary F. Simons, and Charles D. Fennig, eds. "Philippines." *Ethnologue: Languages of the World*, 2023, www.ethnologue.com/country/PH/. Accessed 30 Aug. 2023.
- Fishman, Joshua A. *Reversing Language Shift: Theoretical and Empirical Foundations of Assistance to Threatened Languages*. Multilingual Matters Ltd, 1991.
- Hammarberg, Björn. "Problems in Defining the Concepts of L1, L2 and L3". *Teaching and Learning in Multilingual Contexts: Sociolinguistic and Educational Perspectives*, edited by Agnieszka Otwinowska and Gessica De Angelis, Bristol, Blue Ridge Summit: Multilingual Matters, 2014, pp. 3-18. <https://doi.org/10.21832/9781783091263-003>
- Headland, Thomas N. "Thirty Endangered Languages in the Philippines." *Workpapers of the Summer Institute of Linguistics, University of North Dakota*, vol. 47, no.1, 2003, doi.org/10.31356/silwp.vol47.01.
- Lewis, M. Paul, and Gary F. Simons. "Assessing Endangerment: Expanding Fishman's GIDS." *Revue Roumaine de Linguistique*, vol. 2, 2010, pp. 103–120.
- Mapa, Dennis. "Tagalog Is the Most Widely Spoken Language at Home." *Philippine Statistics Authority*, 7 Mar. 2023, psa.gov.ph/content/tagalog-most-widely-spoken-language-home-2020-census-population-and-housing. Accessed 30 Aug. 2023.

Minasyan, Anahit. UNESCO, 2011, pp. 1–15, *UNESCO's Language Vitality and Endangerment Methodological Guideline: Review of Application and Feedback since 2003*.

Mufwene, Salikoko S. "Language Vitality: The Weak Theoretical Underpinnings of What Can Be an Exciting Research Area." *Language*, vol. 93, no. 4, Dec. 2017, pp. e202–23. <https://doi.org/10.1353/lan.2017.0065>.

Quakenbush, J. Stephen. *Tracking Agutaynen Language Vitality*. Manila, Philippines, SIL Philippines, 2011.

Stanford, James N. "Eating the Food of Our Place': Sociolinguistic Loyalties in Multidialectal Sui Villages." *Language*

in Society, vol. 38, no. 3, June 2009, pp. 287–309. <https://doi.org/10.1017/S0047404509090502>.

Tajolosa, Teresita. "Predicting the Ethnolinguistic Vitality of an Endangered Philippine Language: The Case of Three Batak Communities in Palawan." *Language Documentation and Cultural Practices in the Austronesian World: Papers From 12-ICAL*, edited by I Wayan Arka et al., vol. 4, Asia-Pacific Linguistics, 2015, hdl.handle.net/1885/13514.

UNESCO Ad hoc Expert Group on Endangered Languages. *Language Vitality and Endangerment*. UNESCO, 2003.

"UNESCO Survey: Linguistic Vitality and Diversity." UNESCO, 2006.



Si NOAH CRUZ ay miyembro ng kaguruan ng UP Departamento ng Linggwistiks, Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya. Siya ay nagtapos ng BA Linggwistiks at kasalukuyang kumukuha ng MA Linggwistiks sa parehong institusyon. Nagsasagawa siya ng mga pananaliksik na may kaugnayan sa ponolohiya, etnolinggwistiks, sosyolinggwistiks, at sigla at panganganib ng mga wika at diyalekto sa Pilipinas.

Ideolohiyang Agta sa Awit na *On Potok*¹

MA. CECILIA C. DE LA ROSA

mcdelarosa@up.edu.ph

Unibersidad ng Pilipinas Diliman

ABSTRAK

Sinusubukan ng papel na ito na halawin ang Ideolohiyang Agta mula sa *On Potok*, isang awit-protesta na laganap sa mga komunidad ng Agta sa mga bayan sa Luzon na nakalatag sa kahabaan ng Bulubundukin ng Sierra Madre. Ang *On Potok* ay likhang-bayan at awit-komunidad ng mamamayang Agta, na inaawit sa purong wikang Bulos (Umiray-Dumaget). Gamit ang mga metodolohikal na pre-rekisitos ni Valentin Voloshinov para sa pagsusuri ng mga senyas, tinukoy sa liriks ng awit ang mga salita na matatalaga bilang mga ideolohikal na senyas na umunlad sa konteksto ng produksyon, kultura, at pakikibakang pulitikal ng mamamayang Agta. Nahanap sa mga senyas na ito ang mga bagay na pinahahalagahan ng lipunang Agta: ang lupa, si Makidapat (diyos), ang tao (agta), at ang pakikibakang anti-dam. Mula rito'y napagtitibay na taglay ng *On Potok* ang Ideolohiyang Agta na nagkahugis simula nang magkaroon ng banta ng mga dam sa kanilang lupang ninuno.

Mga Susing salita: On Potok (Ang Lupa), ideolohikal na senyas, ideolohiya, awit-protesta, dam, Agta

ABSTRACT

This paper attempts to extract the Agta Ideology from On Potok, a protest song popular among Agta communities in Luzon towns spread all over the Sierra Madre mountain range. On Potok is a folk and community song of the Agta people, sung in pure Bulos (Umiray-Dumaget) language. Using the prescribed methodological prerequisites by Valentin Voshinov, I identified from the lyrics of the song the words that can be assigned as ideological signs which developed in the context of production, culture, and political struggles of the Agta people. From these signs we found what the Agta society values: the land, Makidapat (god), the people (agta), and their anti-dam resistance. From here we can establish that On Potok possesses the Agta Ideology which has taken shape when first emerged the threat of dams on their ancestral land.

Keywords: On Potok (The Land), ideological signs, ideology, protest song, dam, Agta

¹ Nakatuntong ang papel na ito sa aking undergraduate na tesis, "On Potok: Awit-Protesta bilang Awit-Komunidad ng mga Agta sa Quezon" (2013). Binaybay ng nasabing tesis ang kasaysayan ng On Potok. Nahanap ang halaga ng awit na ito sa pagkakaisa at pakikibaka ng mamamayang Agta. Isang awit-protesta na naging pang-araw-araw na anthem ng lipunang Agta ang On Potok. Samantalang ipinása rin ang mismong papel bilang gradwadong kahingian sa klaseng Fil 225 (Sitwasyong Pang-wika sa Pilipinas) noong 2020.

On Potok e yenedi, e yenedi ni Makidapat
On Potok e yenedi, e yenedi ni Makidapat
On Potok e yenedi, kakmukan ni Agta
Eyen yenedi, eyen yenedi para de orat

-On Potok,
awit ng Agta

PANIMULA

Ang *On Potok* ay awit na popular sa mga Agta ng Sierra Madre. May dalawang *On Potok* na umiiral sa mga komunidad ng Agta. Ang isa² ay komposisyon ni Fr. Oliver Castor, paring redentorista at aktibista na minsang namuhay bilang misyonero sa General Nakar, Quezon, taóng 1987. Sinulat niya ang awit noong 1988 at matapos ang ilang rebisyon ay inilabas noong 1989. Ang isa pa—na siyang pambungad ng papel na ito—ay ang orihinal na *On Potok* na naging inspirasyon ni Fr. Castor sa pagsusulat niya ng awit na may parehong pamagat. Bukod sa pamagat, hiniram ni Fr. Castor sa naunang awit na ito ang mga salita para sa koro ng sarili niyang komposisyon, na mayroon lámang bahagyang pagkakaiba sa baybay at bigkas. Ang *On Potok* ni Fr. Castor ang nakarating sa mainstream na odyens dahil sa mga cover na ginawa ng ilang grupo tulad ng Southern Tagalog Exposure (STEx) at Talahib People's Music. Samantalang nanatili sa loob ng mga komunidad ng Agta ang orihinal.

May parehong pagpapahalaga sa dalawang *On Potok* ang mga Agta, kahit pa ang isa rito'y sinulat ng isang tagalabas o hindi-Agta. Sa katunayan, itinuturing nila ang mga ito na pangalawang “pambansang awit”, seremonyal na kinakanta sa mga paaralan ng Agta pagkatapos ng Lupang Hinirang, gayundin sa mga programa at pagtitipon (de la Rosa 62).

Ang unang awit na *On Potok* ang siyang pagtutuunan ng pansin ng papel na ito. Ang punla ng pag-aaral ko sa *On Potok* ay nagmula sa aking interes sa awit ni Fr. Castor na una kong narinig sa music video ng STEx na naka-upload sa Youtube, noon pang 2006. Sa video ay tinukoy ang awit bilang “On Potok, Awit ng Dumagat”. Gawing 2013, noong ako'y nagbabalak nang gumawa ng tesis sa kolehiyo, binanggit sa akin ng isang kasama sa Concerned Artists of the Philippines na ang *On Potok* ay sinulat ng isang pari, at hindi katutubong awit ng mga Dumagat. Dito ako nagkainteres na hanapin ang pari para magsaliksik tungkol sa kanyang awit. Ang layon ko noon ay mabigyan siya ng tamang pagkilala bilang kompositor ng awit. Nahanap ko si Fr. Castor at nakapanayam pero itinuro niya ako pabalik sa komunidad ng mga Agta. Nakapanayam ko noong Oktubre

2013 ang noo'y gobernador ng mga Agta na si Ramcy Astoveza sa Brgy. Pamplona, Infanta, Quezon at ang kanyang kapatid na si Marvin sa Teacher's Village, Diliman, Quezon City. Sa hulí, binaybay ng aking di-gradwadong tesis ang kasaysayan ng dalawang awit na *On Potok*. Sa kasalukuyang pag-aaral, nása unang *On Potok* ang tuon dahil dito nagsimula ang mga salitang “On potok e yenedi ni Makidapat” na naging liriks din ng marami pang awit tungkol/para sa mga Agta.

Gámit ang teorya ni Valentin Voloshinov, Ruso at Marxistang lingguwist na nagpasok ng pilosopiya ng wika sa Marxistang diskurso, susubukin ng papel na ito na tukuyin ang mga ideolohikal na senyas ng *On Potok*. Pangunahing haka ng papel ay: tinataglay ng liriks ng *On Potok* ang Ideolohiyang Agta, at mahahanap ito sa pamamagitan ng pagtukoy ng mga ideolohikal na senyas sa teksto ng awit. Gusto kong ibuod ang Ideolohiyang Agta bilang pakikibakang anti-dam na nagtatanggol sa lupang ninuno, ang Sierra Madre.

Nais makapag-ambag ng pag-aaral sa araling katutubo at araling performans. Gayunman, partikular na sinasaklaw lámang ng pag-aaral ang pagbasa sa liriks ng awit,

² Nása Apendiks ang buong liriks.

bagama't inilalarawan ang melodiya nito bilang bahagi ng pagsasakasaysayan at pagsasakonteksto ng paglikha.

KONTEKSTO NG *ON POTOK*

Ang Lipunang Agta

Sa maraming literatura tulad sa mga pag-aaral nina Barrows, Headland, Reid, at Himes, tinatawag na Dumagat ang mga Agta. Nananahan sila sa Sierra Madre na saklaw ng mga bayan ng Palanan sa Isabela; Dingalan, Baler, Dinalungan, Dilasag, Dipaculao at Casiguran sa Aurora; Infanta, Real, General Nakar at Polilio Island sa Quezon, Tanay sa Rizal; at Norzagaray sa Bulacan (Franciso 8). Mayroon ding mga tinatawag na Remontado na may halo ng ibang etnolingguwistikong grupo tulad ng Tagalog. Marami sa kanila'y naninirahan sa gawing Antipolo, Montalban, at Tanay sa Rizal (Francisco 9, 13). Bagama't tinatanggap na rin ng mga Agta ang katawagang "Dumagat", ang pangalan nila sa sarili ay Agta (Francisco 5; Astoveza, R; Astoveza, M.). Ang agta ay direktang salin ng salitang "tao" (Francisco 5). "Tao" rin ang kahulugan ng mga baryasyon ng pangngalang "Agta" tulad ng Ita, Aeta, Alta, Ati, atbp, pangalan ng mga katutubong namumuhay sa iba-ibang bahagi ng bansa (Francisco 5). Sa gayon, minamarapat ng papel na ito na gamitin ang katawagang Agta para tukuyin ang grupo ng mamamayang nagluwal ng awit na *On Potok*.

May dalawang pangunahing barayti ang wikang Agta: ang Kabulowan at Bulos (Francisco 13). Ang una ay ginagamit sa Hilagang-Silangang Bulacan at Timog-Silangang Nueva Ecija partikular sa malapit sa mga ilog ng Sumakbaw, Rio Chico, at Umiray, sa Gen. Tinio, Nueva Ecija at sa Doña Remedios Trinidad, Bulacan. Kabulowan din ang gámit sa bandang Bundok Kilingbuk, at tri-boundary ng Bulacan, Aurora, at Nueva Ecija. Ang Bulos naman ay ginagamit sa Timog-Silangang bahagi ng Bulacan hanggang Baler, Aurora, Infanta, Real, at General Nakar, Quezon, gayundin ang katapat nitong isla ng Polilio (Francisco 13; Himes 275-276; Reid 8). Tinatawag ding Umiray-Dumaget³ ang Bulos (Ethnologue). Sa barayting Bulos o Umiray-Dumaget³ nakasaad ang *On Potok*.

Pangingisda at panggugubat ang pinagkukunan ng pagkain ng mga Agta. Bagama't sa pagpasok ng mga bagong naninirahan ay naging bihasa sila sa agrikultura (Francisco 31). Sa kabila ng pagkatutong magtanim, nananatili sa mga Agta ang gawing magpalipat-lipat ng lugar upang umangkop sa panahon at pangangailangan. Lubhang mahalaga para sa Agta na malaya silang makagalugad sa Sierra Madre. Nása gubat sila sa tuwing panahon ng bagyo na imposibleng mangisda sa Dagat Pasipiko at nakakababa naman sa mga dalampasigan kapag tag-init. Dahil sa ganitong katangian ay hindi nagtatayo ng malalaki at permanenteng estruktura ang mga Agta. Payak ang kanilang mga kubo, maninipis na kahoy ang ginagamit nilang haligi, dahon ang ginagawang bubong. Gabay ang prinsipyo sa pagkonsumo ng anumang produkto ng kalikasan, laging bilin ng Agta na "Huwag gagamit nang higit sa kailangan bilang tao." Walang kagahamanan sa ganitong katutubong prinsipyo (de la Rosa 40).

Maliban sa estriktong pagtupad sa prinsipyo ng sapat kundi man matipid na pagkonsumo, espiritwal din ang pagpoproseso ng Agta sa mga produkto ng gubat. Nagpapaalam sila sa pamamagitan ng awit at dasal sa mga *sobkal*, espiritong namamagitan sa tao at kay Makidapat, ang diyos at dakilang lumikha sa daigdig ng Agta. Ginagawa ito upang makapagpasalamat at makahingi ng paumanhin sa pagputol ng puno o pagkatay sa hayop, sa gayon ay mapananatili ang balanse ng kalikasan (Francisco 245). Ang praktis na ito ay patunay sa espiritwal na ugnayan ng tao at lupa, ayon sa paniniwalang Agta. Kinikilala ang ugnayang ito ng batas na ibinibilang sa lupang ninuno o ancestral lands ang mga konsepto ng teritoryo:

...which cover not only the physical environment but the total environment including the spiritual and cultural bonds to the areas which the ICCs/IPs possess, occupy and use and to which they have claims of ownership. (Indigenous Peoples Rights Act of 1997)

Bilang minorya at marginalized na mamamayan, ang mga katutubong Agta ay nailalagay sa pook/posisyon ng dinodolina.

³ Baryasyon sa baybay ang "Dumaget" ng "Dumagat." Ang entri sa Ethnologue 2015 ay "Umiray Dumaget Agta" at Dumaget-Bulos

Samantala, maraming suson ang nagdodomina sa kanila, ang kanilang agresor: estado/gobyerno, tauhan ng estado tulad ng militar, mga konsesyon ng pagtotoso na may paramilitar o private army, mga dayong lowlander at bagong naninirahan na pangkaraniwan nilang tinutukoy bilang “Tagalog,” at iba pang grupo na may interes sa Sierra Madre at likás na yaman nito. Mailalarawang mapayapa ang mamamayang Agta. Bagama’t bihasa sa pangangaso, kung gayon sa mga armas-pangaso, wala sa estrukturang politikal ng Agta ang mga armadong tagapangtanggol (Francisco 188). Lumalayo sila sa agresyon. Malawak na malawak para sa kanila ang Sierra Madre at hangga’t maaari ay magmamaniobra na lámang sila sa lawak na ito kaysa humarap sa agresyon.

Sa kabilang banda, bago pa ang mga pakikibakang kontra-agresyong development, kalahok na ang mga Agta sa mga patriyotikong pakikibaka. Dahil naging natural na atrasan at kublihan ng mga gerilya at rebolusyonaryo ang Sierra Madre, naorganisa rin at napalahok bílang mga giya at mandirigma ang maraming Agta sa armadong pakikibaka laban sa mga Amerikano at kalaunan, sa mga Hapones (Francisco 117). Maaaring isipin kung gaano kaasintado sa pagpana—mga bihasang mangangaso at mangingisda gámit ang palaso—ang mga Agta; paano kayâ kung sa sandatang riple maisasalin ang kabihasang ito? Bukod dito, napakalaki ng bentaha sa tereyn ng Agta dahil kilala niya ang bawat buról at likô ng mga ilog ng Sierra Madre.

Sapagpasok ng agresibong mga proyektong impraestraktura ng gobyerno, nagkaroon ng panibagong mukha ang pakikibakang Agta. Sa lahat na ng dáko nagmumula ang panghihimasok sa Sierra Madre at wala nang punto na umiwas lámang ang mamamayang Agta. Ano pa’t simula nang buksan ang Wawa Dam noong 1900’s ay naharap sa hámon ng pagtatanggol sa lupang ninuno ang mga Agta (de la Rosa 47). Maraming proyektong dam ang naging banta sa mga komunidad ng Agta: Wawa [Montalban Rizal, 1908], Ipo [Bulacan, 1926], Angat [Bulacan at Quezon, 1961], Pantabangan [Nueva Ecija, 1970] at Laiban [Rizal at Quezon, 1981] (Francisco 129-135). Pinakamalaking banta, dahil pinakamalaki rin sa saklaw, ang Pantabangan Dam. Nagbukas ang proyektong ito noong panahon ni Pangulong Ferdinand Marcos Sr., panahon ding pinaslang si Maclining Dulag, lider ng tribong Butbut sa Cordillera

at isa sa mga nasa prontera ng pakikibaka laban sa Chico River Dam Project. Isinilang ang *On Potok*—bílang isang awit-protesta—sa parehong panahon.

Agta at Awit

Mahilig sa musika ang mga Agta. Kumakanta sila kapag masaya at gayundin kapag sila ay malungkot. Sa paglalakad, at dahil mahahaba ang mga lakarin sa bundok, kaugalian din nila ang pag-awit. *Ilda* ang tawag ng Remontado sa awit ng paglalakad (Francisco 295). Bahagi rin ng kanilang mga ritwal ang awit at sayaw. Madalas ay *a capella* ang kanilang pag-awit, ngunit marami na rin sa kanila ang marunong maggitara. Marami rin silang katutubong instrumento tulad ng *kudesing* o gitarang yari sa kawayan, *bolobodyong* o plawta, at *tugtog* o tambourine, at may ilan na ring bagong teknolohiya para sa pakikinig ng musika (Francisco 295). Tulad sa ibang grupong katutubo, ang mga awiting Agta ay di-nakasulat at bahagi ng tradisyong oral.

Sa kasalukuyan, karamihan sa awit ng mga Agta ay nakasaad na sa Tagalog. May katangiang banal o sagrado ang mga awit na nakasaad sa wikang Agta, lalo iyong inaawit sa seremonya ng paglilibing at sadyang inaawit lámang ng mga nakatatandang nagriritwal. Dahil dito, hindi basta maaring ituro sa nakababata ang mga awiting ito (de la Rosa 57). May ilan din namang katang Agta na nakasaad sa Tagalog na masasabing may kalumaan na at bahagi ng oral na tradisyon ng grupo. Ito lámang ang mga awit—na dahil ang mga tema ay kadalasang pag-ibig, wastong-asal, o paglilibang—ang malayang naipasa sa kasalukuyang henerasyon (57).

Nása konteksto ng pang-araw-araw na pamumuhay ang paglikha ng musika ng mga Agta. Mapapansing ang mga awitin nila, maliban nga sa nakasaad na sa Tagalog, ay pumapatungkol na rin sa modernong panahon. Lumalabas na wala na silang gaanong alaala ng mga lumang awiting katutubo dahil mas malapit sa karanasan nila ang mga awit-protesta (Baes 10). Mapapansin na ang mga awitin nila ngayon ay “parinig” sa nang-aapi sa kanila o mga hinagpis tungkol sa kahirapan. Ilan sa mga awiting popular sa mga Agta ay ang *Baru Kung Ladut/Bedu Kung Ladut*, *Aking Mga Tribo*, *Tribong Ligaw*, *Tribo Naming Malaya*, at *Ibong Malaya*. Lahat ng mga ito ay mailulugar na sa modernong panahon. Ang *Ibong Malaya* ay matutunton pa sa dekada ’70 (de la Rosa 58).

Sa klasikong *Baru Kung Ladut* (Ang Damit kong Sira)⁴, mamamalas ang kalagayan ng persona ng awit: isang bata na nagkukuwento na iisa lang ang kanyang damit at punit pa; umiiyak sila sa kahirapan, at minsan lámang makakain ng kanin. Higit na luma sa *On Potok* at popular ito sa iba't ibang komunidad ng Agta.

Katangian ng *On Potok*

Ang una kong narinig na *On Potok* ay ang popular na awit ni Fr. Castor. Hindi pa noon hayag na kaalaman na siya ang kompositor ng awit, at may palagay pa ngang ito ay isang katutubong awiting may katangiang lumang-luma. Dahil nakasaad sa wikang katutubo, madali rin sa aking mag-akala na ito ay sintanda ng pananahan ng mga Agta sa Sierra Madre. Napabulaanan ang haka kong iyon nang matunton at makapanayam ko mismo si Fr. Castor noong 2013, at mailinaw sa akin na ang orihinal na *On Potok* ay mahigit isang dekada lámang ang tanda sa kanyang komposisyon. Kung 1987 niya sinulat ang kanyang *On Potok*, mga maaga o gitnang 1970 lámang maaaring nalikha ang orihinal. Mula rito'y naestablisa na isang modernong awit ang *On Potok*. Maituturing ding marker ng panahunan ang mismong melodiya ng *On Potok*. Inawit ito para sa akin ni Fr. Castor at sa ibang pagkakataon ni Marvin Astoveza. Hawig na hawig ang tono nito sa *May Ibong Kakanta-kanta*, awit na pinasikat ni Pilita Corrales. Isinulat ang awit ni Levi Celerio, at inareglo ni A. Villanueva, at unang inilabas noong 1973. Ayon kay Fr. Castor, madalas ipakanta ang awit na ito sa mga seminar o pagtitipong inoorganisa ng gobyerno sa mga liblib na barangay—isang taktika para ilayo ang mamamayan sa noo'y lumalakas na pakikibaka laban sa tiraniya ni Marcos (de la Rosa 85). Bahagi naman ang mga kanta ng tinatawag na pop music industry sa panahon ng Batas Militar. Hinihikayat ng record industry noon ang mga awit na pawang “kapanatagan” ang nilalaman (Maceda 35). Isang linya sa kanta ay nagsasabing “ang buhay mo raw giginhawa rin kung masipag ka”. Ang dalas ng mga seminar sa mga baryo at ang popularidad ng awit sa radyo, na pinatingkad ng kasikatan din ni Corrales, ay walang dudang impluwensiyal sa tunog ng *On Potok*. Gayunman, malinaw na isang subersiyon ang paggamit ng melodiya ng mismong awit na

itinuro para hindi lumaban ang mamamayan.

Salungat nga sa una kong akala na matagal na matagal nang umiiral ang *On Potok*, isinilang ito sa gitna ng pagtutol ng mamamayang Agta sa magkakasunod at halos sabay-sabay na pagbubukas ng mga dam sa Sierra Madre. Tanda rin ng panahon ng pagkakalikha ng isang awiting Agta ang banggit o di-pagbanggit ng dam sa liriks nito. Isang halimbawa, sa kantang *Awit sa Kailugan ng Kadumagatan*,⁵ ang mahabang-mahabang awiting tungkol sa pagbaybay sa isang mahabang ilog sa Bulacan, nababanggit lámang ang ilang pananda sa ilog tulad ng Wawang Krus, batong kalabaw, Nabutas, atbp, at ilang marahil ay dokumentadong kamatayan ng ilang Agta sa mga partikular na bahagi ng ilog. Sa haba ng awit na ito, ni minsan ay hindi nabanggit ang Angat, bagama't nabanggit ang Ipo, isa sa mga ilog na pinagmumulan ng suplay ng Angat Dam. Dahil dito'y tinatayang ang awit ay nagawa ilang taon, kung hindi man ay dekada, bago ang pagtatayo ng naturang dam. Sinusuportahan ito ng mga obserbasyon na memoryado ang awit na ito ng maraming nakatatandang Agta sa Bulacan (Francisco 295).

Sinimulan ang Umiray-Angat-Ipo System o ng Angat Dam noong 1961 (Francisco 133-135) at Pantabangan Dam noong hulíng bahagi ng dekada '60. Nasa Norzagaray, Bulacan ang Angat Dam ngunit malaki ang tubig na magmumula sa Ilog Umiray, sa gawing Infanta-Nakar, Quezon. Nangangahulugan ito ng malawakang dislokasyon ng mga Agta sa malaking bahagi na ito ng Sierra Madre. Samantala, nagkawatak-watak ang pangkat ng mga Agta sa gawing Bulacan dahil sa paglayo nila sa Angat Watershed gawa ng mga pagpapasabog sa bundok para masarhan ang umaagos na ilog (Francisco 138).

Ang Pantabangan Dam naman ay matatagpuan sa pagitan ng Bundok Caraballo at ng Sierra Madre. Ito ay nása bayan ng Pantabangan sa probinsiya ng Nueva Ecija. Sinimulan ito sa bisa ng Upper Pampanga River Project Act o ang Republic Act 5499, na naisabatas noong 1966. Hunyo 1971 nang umpisahan ang proyekto at Agosto 1974 nang matapos ito (Pantabangan Website). Humigit-kumulang 13,000 katao o katumbas ng isang bayan na may pitong baryo ang dinispleys ng

⁴ Ibid.

⁵ Ibid.

pagtatayo ng Pantabangan Dam sa Nueva Ecija (Ibon). Sinalubong ito ng malawakang protesta ng mga mamamayan ng bayan ng Pantabangan (Galang). Ayon kay Fr. Pastor, bago ang malalaking pagkilos kontra sa Pantabangan, walang awit na naglalaman ng mga katagang mayroon ang *On Potok* (de la Rosa 88). Sa *On Potok* pa lámang unang ginamit ang liriks na “On Potok e yenedi ni Makidapat.” Mula rito’y nais kong iestablisa na nilikha nga ang *On Potok* sa gitna ng pakikibakang anti-dam, kung gayon sa simula’t sapul sa pagkakalikha ay isang awit-protesta.

Gayunman hindi maikakailang isang likhang-bayan ang *On Potok*. Pasók ito sa kategorya ng folk song o awiting-bayan na ayon kay ni Mellie Leandicho Lopez ay:

Pagkakasunod-sunod ng mga tunog na may melodiya at binubuo ng mga salita at musikang likha ng tinig ng tao. Umiinog ito sa mga miyembro ng partikular na grupong Pilipino... sa simula’y nilikha ng isang/mga di-kilalang may-akda; sa mga may-akda’y marahil nakilala pa ang isa sa isang punto, pero nakalimutan na rin sa pag-usad ng panahon nang ang awit ay maging bahagi ng tradisyonal na gamit (227; akin ang salin).

Paulit-ulit ito kung awitin, walang partikular na bilang ng pag-uulit at madalas sa paraang *a capella*. Wala na ring kinikilalang indibidwal na awtor ang *On Potok*. At para sa mga Agta, kolektibong pag-aari ng komunidad ang awiting ito, natututunan ng mga miyembro ng komunidad sa aktuwal na pag-awit, kung gayon napapása sa paraang oral, hindi pasulat. Laging sabáyan kung ito ay kantahin at madalas ay may kasabay na sayaw.

Samantala, itinuturo ng wika ng *On Potok* ang pinagmulan nitong lugar. Sa wikang Bulos o Umiray-Dumaget nakasaad ang awit, kung gayon ay mahihinuha na isinilang ang awit na ito saanman sa mga bayan ng Infanta, General Nakar, o Real, Quezon na mga bahagi ng Sierra Madre.

PAGSUSURI: ANG IDEOLOHIKAL NA SENYAS NG *ON POTOK*

Inihahain ni Voloshinov ang problematisasyon ng ideolohikal na senyas at kung ano ang kaugnayan nito

sa kamalayan ng tao. Argumento niya, lahat ng bagay na ideolohikal ay nagtataglay ng kahulugan at kumakatawan sa isa pang bagay labas sa orihinal niyang kaligiran at kalikasan. Lahat ng bagay na may kahulugan ay senyas. Samakatwid walang ideolohiyang mabubuo kungwala ang mga bagay na may ipinahihiwatig na kahulugan—ang senyas (Voloshinov 9). Kay Voloshinov, hindi mapaghihiwalay ang wika at ideolohiya. Kung gayon ay iminumungkahi ni Voloshinov na suriin ang wika at sosyo-kultural na mga konteksto upang lumitaw ang ideolohikal na dimensiyon (9).

Hindi basta maituturing na ideolohikal ang mga imahen, o mga pisikal na bagay. Magiging ganap lámang itong ideolohikal kapag may artistiko-simbolikong imahen na itong katumbas. Ang simbolikong imahen na may ipinahihiwatig labas sa orihinal na pisikal na bagay ay ideolohikal. Ibinigay ni Voloshinov na halimbawa ang maso at karit, na kung titingnan bilang mga instrumento ng produksiyon ay wala pang ibang kabuluhan kundi ang kani-kanyang gámit o punsiyon, kung gayon ay wala pang ideolohikal na kabuluhan. Pero ang dibuho ng dalawang bagay na ito—na pinagsama—ay ang simbolo ng komunismo, at walang dudang ideolohikal (Voloshinov 10).

Masusing idinidiin ni Voloshinov ang pagkakaugnay at hindi paghihiwalay ng ideolohiya at ng senyas. May salubungan ang ideolohiya at senyas, dahil wala ring ideolohiya kung walang senyas. Aniya:

The domain of ideology coincides with the domain of signs. They equate with one another. Wherever a sign is present, ideology is present, too. Everything ideological possesses semiotic value” (Voloshinov 10).

Tulad ng paghubog ng lahat ng kamalayan, panlipunan ang pagbubuo ng kamalayang Agta—nakabatay sa ugnayan ng mga miyembro at sa sama-sama nilang pamumuhay sa gubat at dagat, sa paggawa o produksiyon sa lupa, at sa pangangalaga sa mga halaman at hayop. Pero malinaw ding materyal at real ang kanilang búhay at ang kulturang umuunlad mula sa ugnayang ito. Pinauunlad ng bawat pangyayari sa kanilang kasaysayan ang kamalayan ng Agta bilang lipunan. Bagama’t sinasabing panlipunan, may dimensiyong espirital ang ugnayan nila at ng kalikasan. Mahalaga

ang puntong ito dahil hindi maihihiwalay sa lipunang katutubo ang espirital nilang tali sa lupang ninuno. Isang halimbawa, ang lupang ninuno ay lupang libingan ng mga ninuno. Materyal itong batayan ng paniniwalang nása lupa ang mga espirito ng lahat ng namayapang ninuno.

Naglatag si Voloshinov ng mga pre-rekisitong metodolohiya na maaaring gamitin sa pagsusuri sa ideolohikal na senyas:

1. Ang ideolohiya ay hindi maaaring ihiwalay sa materyal na realidad ng senyas (hal. sa pagpopook nito sa kamalayan o anumang lunan na hindi malinaw o magagap);
2. Ang senyas ay hindi maaari ihiwalay sa kongkretong anyo ng panlipunang talaban;
3. Ang komunikasyon at ang mga anyo nito ay hindi maaaring ihiwalay sa materyal na batayan (21; akin ang salin).

Sa ganang ito, maaaring itanong muna, ano ang materyal na realidad ng Agta? Ano ang kongkretong anyo na iniiralan ng panlipunang talaban nila? Ano ang materyal na batayan ng kanilang komunikasyon? Ang mga ito ay ang siyang inilatag sa itaas: ang pamumuhay ng Agta sa Sierra Madre. Ang búhay ng Agta ay hindi maihihiwalay sa kanilang lupang ninuno. Pinasasalimuot ang realidad na ito ng banta ng mga dam. Ito ang materyal na batayan ng mga senyas na ating tutukuyin sa *On Potok*.

Pero saan nga ba matatagpuan ang senyas at ideolohiya? Ipinopook ng Marxismo sa superrestruktura ang kamalayan, kung gayon ay ang ideolohiya. Ayon sa teoryang ito, ibinubunga ng ekonomikong báse ang dominanteng uri na magluluwal din ng superrestruktura (Marx). Kabilang dito ang mga institusyon, mga batas, media na maglululan ng kaisipan, sining, at ideolohiya. Sa ganang ito, dahil ang *On Potok* ay isang kultural na artifak, ipopook ito ng Marxistang modelo sa superrestruktura.

Gayunman, para kay Voloshinov, ang ideolohiya ay hindi lámang nakadikit sa kamalayan na ibinubunga lámang ng materyal o ekonomikong báse. Ang ideolohiya para sa kanya ay naroon din mismo sa materyal at

ekonomikong báse—ang ekonomikong báse na kinabibilangan ng produksiyon (Voloshinov, Introduksiyon). Puna ni Voloshinov, ang paglulugar ng ideolohiya sa superrestruktura, at tanging sa superrestruktura lámang, ay mekanistikong uri ng materyalismo, na bagama't diyalektikal din ay maling pagbasa ng kawsalidad (17). Kung susundan, iniaalok ni Voloshinov ang kaisipan na ang ideolohiya ay nagsisimula sa báse at tumutuloy hanggang sa kaganapan nito sa superrestruktura—nagiging bahagi ng sining, relihiyon, siyensiya, batas, atbp.—alinsunod sa Marxistang pakahulugan (17).

Pinunto ni Voloshinov na ang salita, bílang batayang yunit ng wika, at kung gayon, batayang senyas, ay bahagi ng báse at kasama sa mga transisyong patungo sa superrestruktura. Ang mga manggagawa raw ay nag-uusap habang isinasagawa ang produksiyon, nagkakaroon ng mga negosasyon at iba pang aktibidad na sangkot ang salita o ang wika. Hindi maaaring mangyari ang produksiyon nang wala ang salita. Sa katunayan, sinasabi sa ilang teorya ng pinagmulan ng wika ang mahalagang papel ng paggawa sa pagsibol ng wika; sa sama-samang paggawa nakabuo ng mga krudong tunog-simbolo ang mga unang tao, ayon kay Tran Duc Thao (56). Sa pagbabanat ng butó at laman ay may mga tunog ang tao na inboluntaryong nalilikha. Kalaunan ay maitutumbas ang tunog na ito sa kung ano man ang nililikhang gámit (57). Samantala, sinabi ni Ernst Fischer na hinihingi ng paggawa na magsalita ang tao, at itinutulak nito ang komunikasyon. Sumusuhay ang kanyang idea sa teorya ni Thao na nalikha ang wika kasabay ng paglikha sa mga kagamitan sa paggawa (Thao 56; Fischer 18). Sa madaling sabi, tulad ng kagamitan sa paggawa, materyal ang wika/salita/senyas. Dahil materyal, may kakayahan ang wika na taglayin ang pagbabago at lahat ng nadadagdag sa proseso ng pagbabagong pangkasaysayan (Voloshinov 19).

Tutuntungan ko ang pagpapahalagang ito sa salita, at hahanapin ang ideolohikal na katangian ng mga salitang ito sa *On Potok*. Gámit ang tekstuwal na pagsusuri sa liriks, nais kong malaman kung ang mga salita nga ba sa *On Potok* ang senyas na tinutukoy ni Voloshinov.

Narito ang mga salita ng *On Potok* at ang literal na salin ng mga ito sa Filipino: (Nilagyan ko ng diin ang mga susing-salita sa Bulos at ang kanilang katumbas)

On Potok e yenedi, e yenedi ni Makidapat On Potok e yenedi, e yenedi ni Makidapat On Potok e yenedi, kakmukan ni Agta Eyen yenedi, eyen yenedi, para de orat	Ang lupa ay ginawa, ginawa ni Makidapat Ang lupa ay ginawa, ginawa ni Makidapat Ang lupa ay ginawa, kabilang ang Agta Hindi ginawa, hindi ginawa para sa tubig.
--	---

Kapag binabanggit ng Agta ang lupa, ang tinutukoy nila ay ang Sierra Madre, na sa sariling wika nila’y Mahabe Pagotan (Francisco, Introduksyon). Ang “mahabe pagotan” sa literal na Tagalog ay “mahabang gulugod” (Francisco 1). Naniniwala ang mga Agta na ang mundo ay hindi nagsimula sa kapatagan kundi sa Mahabe Pagotan at sa tuktok nito matatapos ang lahat (Francisco 29). Nakadugtong ito sa paniniwala na noo’y nakalubog ang mga kapatagan at tanging ang dakilang gulugod lámang ang nakalitaw. Patunay daw nito ang mga sigay o kabibe na mahuhukay sa Sierra Madre/Mahabe Pagotan (Francisco 29.)

Pansinin din na sa pangalan/pangngalan ay may pagkilala ang Agta sa haba at laki ng sakop ng bulubunduking ito. Bagama’t mula sa iba-ibang bayan at probinsiya, nagkakaisa ang mga Agta na ang Mahabe Pagotan ang tunay nilang tahanan at ang kanilang lupang ninuno at minana (Francisco, Introduksyon). Pre-kolonyal ang pangalang ito kompara sa “Sierra Madre” (Tag. Inang Kabundukan) na ipinangalan ng Español sa ilang bundok sa mga naging kolonya nila sa Hilaga at Sentral na Amerika. Ang “potok” kung gayon sa linyang ito ay hindi lámang tipak ng lupa, katawang heolohikal, hindi lámang espasyong nasusukat ng ektarya, at isang namamapang heograpikal na lokasyon, kundi isang mahaba, malaki, malawak, at matandang-matandang anyo ng buháy na kalupaan. Bagamat si Makidapat ang pinakamakapangyarihan sa lahat para sa Agta, hindi ang pangalan niya kundi ang praseng “on potok” ang unang binanggit sa awit. Ang bumubungad sa atin ay ang pinakamahalagang nilalang para sa Agta: ang lupa.

Mapagpasyang aksiyon ang “yenedi” (ugat: yedi). Ang “paggawa”, sa wika ng kapitalismo, ay isang ekonomikong salita. Pero mas batayan para sa Agta ang salitang “pagyedi”. Bahagi ito ng bokabularyong Agta bílang aktibidad sa araw-araw, isang kailangang hakbang para mabuhay. Ito ang kanilang tawag sa produksiyon, na sama-samang nilalahukan ng mga miyembro ng komunidad. Pansining ang “yedi” ay kogneyt o kamag-anak ng salitang “yari” (Reid), na kasingkahulugan ng “gawa”. Ang pagyedi ay proseso ng paglikha ng isang produkto gámit ang lakas-paggawa. Sa pagdalumat ni Fischer, ang paggawa ay ang pagtransporma ng tao sa kalikasan gámit ang kanyang mga kamay (Fischer 18). Sa ganito’y napapakinabangan ng tao ang kalikasan—nagiging pagkain ang halaman o hayop, nagiging bahay ang puno, atbp. Ang pagyedi samakatwid ay ang matalik na relasyon ng tao at ng lupa, na nagluluwal ng mga produktong yayariin ng kamay ng tao para magamit niya at maitaguyod ang kanyang búhay. Mahalaga sa paggawa ang sustenibleng pagtransporma ng natural na paligid, ibig sabihin ay kayang maghilom ng kalikasan matapos gamitin ang mga hindi pa napoprosesong materyales mula rito. Ito ang malaking kaibahan ng transpormasyon sa kalikasang gawa ng katutubo at transpormasyong gawa ng kanyang agresor. Sa transpormasyong ginagawa ng hulí, laging humahantong sa pagkasira ng natural na paligid, at pagkasira iyong hindi na magagamot kailanman. Ngayon kung magsasakatawang-tao si Makidapat, maaaring sabihing ginamit niya ang sariling mga kamay para magawa/yariin ang lupa mula sa kung ano mang kalikasang mayroon siya sa espiritwal niyang lunan. Ang ginawa niya ay mga bagay na magtatagal, at magsusustine sa isa’t isa. Nagtatransporma siya nang walang sinisira. Mahalaga ang imahinasyong ito sa pagbibigay ng bigat sa praseng “yenedi ni Makidapat.”

Ang repetisyon, bilang teknik ay pagbibigay ng diin sa isang salita, sa pagkakataong ito sa aksiyong “yenedi” (ginawa), bagama’t sa awit ay madaling sabihing isinagawa ang pag-uulit para maisabay sa melodiya ng *May Ibong Kakanta-kanta*. Sa pag-uulit—e yenedi, e yenedi—inihahanda tayo ng kanta sa susunod na salita—ni Makidapat. Sa isang banda, bumabalik ang empasis sa produkto ng pagyedi ni Makidapat, at muli, natutuon sa unang prase ang bigat ng halaga. Para bang tinatanong: Ano ang ginawa? Ano nga ang ginawa ni Makidapat? Ang lupa. Ano pa at awtomatikong ang “*On Potok*” ang naging pamagat, kung gayon ay bandila ng awit.

Bagama't awit ng lipunang Agta, hindi silang mga Agta lámang ang tinutukoy sa awit, kundi ang tao sa kabuuan—sino man—Tagalog, Ilokano, mga bagong naninirahan, tagalungsod, ay sinasaklaw ng pangalang Agta (Astoveza, R). Ang Sierra Madre ay para sa lahat ng tao, at hindi ipinagdadamot kanino man ng Agta. Ilang beses na bang iniligtas ng Sierra Madre ang mga taga-patag na kinukubli nito mula sa mga superbagyo ng Karagatang Pasipiko? Ito pa lámang ay malinaw nang suporta sa ipinaglalaman ng mamamayang Agta: hindi lámang sila ang kinakanlong ng Sierra Madre. Pero, kahit magkaganoon, inaako ng Agta ang tungkulin ng pagtatanggol sa Sierra Madre.

Sa pagtatayo ng dam, ang banta ng pagkasira ay nása lupa: sa bundok, sa mga bato, at natural na tubig. Sa pagkasira ng lupa ay natural na sumusunod ang pagkasira ng iba pang nabubuhay rito—hayop, halaman, at tao. Sa gayon, hinihingi ng sitwasyon na may magtanggol sa lupa. At ang tao ang siyang tanging may kakayahang gawin ito. Paano winiwika ng awit ang kahingiang ito? Tingnang muli ang pahayag: On potok e yenedi ni Makidapat. Kung tutuusi'y deklarativo ang pangungusap na ito; walang atas o panawagan para sa pagkilos sa kabila ng pagiging awit-protesta. Pero isang deklarasyon at reapirmasyon ng halaga ang pagpapahayag na “Ang lupa ay ginawa ni Makidapat.” Pahayag ito ng isang absolutong katotohanan sa kamalayan ng Agta. Sa unang tingin, maaari pa ngang basahing litaw rito ang pagkamapayapa ng Agta. Walang dahas sa pagsasabing ang lupa ay ginawa ng diyos, ngunit sa likod ng deklarasyong mapayapa ay ang kabuluhan ito: “Kailangang ipagtanggol ng Agta ang lupa dahil ito ay ginawa ng mismong kamay ni Makidapat.”

May isang salita sa liriks na hindi pangngalan o pandiwa, pero kasinghalaga ng mga una nating sinipat na salita: ang pang-abay na “eyen” (hindi). Hindi lámang palamuti ang negasyon sa linyang “Eyen yenedi, eyen yenedi para de orat” (Hindi ginawa, hindi ginawa para sa tubig.) Kailangan ng “yenedi” ang “eyen” para magpahayag ng isang negatibong diwa: hindi ginawa ang lupa para sa tubig. Ayon kay Fr. Castor, hindi lubos-maisip ng Agta kung bakit kailangang magtayo ng isang estruktura na magiging sisidlan ng tubig gayong may mga ilog na natural na sisidlan nito. Ang

lupa umano ay nilikha ng diyos para sa tao, bakit ito huhukayin para paglagyan ng tubig (de la Rosa 90)? Ang buong Sierra Madre ay epektibong watershed. Sa pagdedeclarang “Eyen yenedi, eyen yenedi para de orat,” nirerehistro ng Agta ang mariing pagtutol sa kumbersiyon ng mga natural na daluyan ng tubig tungo sa isang dambuhalang artipisyal na estrukturang sisidlan ng tubig. Ito ang anti-dam na sentimyento ng Agta, at kung gayon ang deklarasyon ng kanilang pakikibaka. Natuon na nga raw sa pakikibaka ang tema ng mga awit ng Agta (Baes 9). Ang *On Potok* ang pinakamatingkad na halimbawa nito.

Sa liriks ni Fr. Castor, sinasalin ang “kakmukan ni Agta” bílang “para sa mga Dumagat.” Nakaayos ang liriks ni Fr. Castor sa paraang pinagsusunod ang liriks na Bulos at ang salin sa Tagalog, para agad maunawaan ng tagapakinig:

On potok na ang Lupang nilikha ni
Makidjapat

Kakmukan ni Agta, para sa mga Dumagat.

Ang “kakmukan” ay nangangahulugang “other/iba” o “including/kabilang”. Sa ganang ito’y maaaring tingnang mali ang salin ni Fr. Castor, dahil sa pagtutumbas ng “para sa mga Dumagat” sa praseng “kakmukan ni Agta.” Sa kabilang banda, hindi ito itinatama ng mga Agta at sa halip ay inaaawit nila nang parang kanila rin ang salita. Sa katunayan, kapag inaaawit ang orihinal na *On Potok*, sinasalit-salit din ito sa Tagalog na may ganitong liriks: “Ang lupa ay nilikha, nilikha ni Makidapat/ ang lupa ay nilikha, nilikha ni Makidapat/ Ang lupa ay nilikha, para sa mga Agta / Hindi nilikha, hindi nilikha para sa tubig.” (Astoveza, M.)

Kung tutuunan ng pansin ang kabuluhan ng “kakmukan” bílang “kabilang,” maaaring iinterpreta ang liriks sa ganito: ginawa ni Makidapat ang lupa kabilang na ang tao, kung gayon hindi sila maaaring paghiwalayin. Ginawa ang tao para alagaan ang lupa. Ginawa ang lupa para sa pakinabang ng tao. Nilalatag nito ang kondisyon para igiit ang pagpapanatili ng talik ng ugnayan ng tao at lupa. Sa ganitong lohika natin isaad ang punto: “Ginawa ni Makidapat ang lupa at ang tao, samakatwid hindi sila dapat paghiwalayin, samakatwid ang lupa ay para sa tao. Ang lupa ay ginawa para sa tao, samakatwid hindi ito para sa tubig.” Malinaw sa pamimilosopiyang

ito ang pagtanggì ng Agta na baguhin ang sa paniniwala nila ay intensiyon ni Makidapat sa paglikha sa lupa.

Narito ang mga senyas na ating tinukoy sa awit at ang katumbas na kabuluhan:

- On potok – Mahabe Pagotan o Sierra Madre – tahanan at búhay ng lipunang Agta
- Pagyedi–paggawa–trabaho/produksiyon ng Agta at paglikha ni Makidapat
- Makidapat – diyos – pinakamataas na espiritwal na entidad na gumawa sa lahat
- Eyen yenedi para de orat – anti-dam na sentimyento – pakikibakang anti-dam

Ang mga senyas na ito ay pang-araw-araw na wika ng mga Agta. Kapaligiran at kaligiran nila ang lupa, ang tubig, ang kapuwa Agta, at si Makidapat na nananahan din sa lupa, sa tubig, sa kapuwa Agta, sa bato, sa mga hayop, sa puno at sa lahat ng bagay, kasama ng espirito ng mga ninuno. Nabuhay ang Agta dahil sa pagyedi ni Makidapat at nabubuhay sila dahil sa araw-araw nilang pagyedi para alagaan ang lupa. Samakatwid, ang mga senyas na ito ay mismong mga materyal na realidad ng Agta. Ito ang mga ideolohikal na senyas na bumubuo at sumusuhay sa Ideolohiyang Agta. Sa pagbubuo, mailalarawan ang Ideolohiyang Agta bílang pakikibakang anti-dam na ang pangunahing layon ay ipagtanggol ang Sierra Madre/Mahabe Pagotan, para sa patúloy na pamumuhay ng Agta at pagsusustine ng mga susunod na henerasyon ng tao, kasama ang hindi Agta.

Tinawag ni Voloshinov ang ideolohikal na senyas na repraksiyon sa halip na repleksiyon (11). Ang repraksiyon, sa pisikal na siyensiya, ay pagdaan ng liwanag sa isang midyum, sa proseso ay nababali ang liwanag at bahagyang naiiba ang direksiyon. May kaibahan ito sa repleksiyon na pagtama at pagtalbog ng liwanag sa isang midyum. Maaaring maging repleksiyon lámang ang senyas, kung walang ibang umunlad na kabuluhan labas sa kaligiran nito (hal., ang maso at karit ay maso at karit lámang kung wala ang pagsasanib ng manggagawa at magsasakang Ruso na nagbigay ng katumbas na kabuluhan sa mga senyas na ito). Marami sa mga realidad ng lipunan ang hindi itinatapon pabalik upang maging senyas bagkus ay tumutuloy o tumutulay sa isang proseso na nagluluwal ng mga ideolohikal

na senyas. Kailangang maintindihan na masalimuot ang prosesong ito, hindi tuwid at hindi mabilis na nangyayari.

Nagkakaroon daw ng repraksiyon kapag may interseksiyon ng magkakaibang interes sa loob ng isang komunidad ng senyas (Voloshinov 23). Bagama't magkaiba ang wika, ang senyas na “lupa” at “potok” ay pareho ang literal na kahulugan (i.e. land, heolohikal na katawan, tipak ng heograpikal na espasyo, naapakan, tinutubuan ng mga puno, natitirahan, at natatamnan). Dahil dito, ilulugar ko ang Agta at ang kanyang agresor sa iisang komunidad ng senyas. Ang pagkrus ng kanilang interes, at kung gayon ang pagmumulan ng repraksiyon ay kung ano ang halaga ng lupa para sa kanila. Sa Agta, ang lupa ay ang lupang ninuno na katumbas ng búhay ng buong sangka-Agtaan at kanlungan ng kanilang espiritwal na buhay; sa agresor, ang halaga ng lupa ay ang monetaryong ganansiya ng mga proyektong impraestruktura. Sa magkaibang materyal na pagdanas ay nahuhubog ang mga pagpapahalagang ito. Ang Agta ay binubuhay ng lupa kung kayâ may ganitong pagtangi sa lupa. Ang agresor, bagama't kung tutuusin ay binubuhay din ng lupa, ay yumayaman sa tubò kung kayâ walang ano mang nakikita kundi ang kapangyarihang kakambal ng monetaryong yaman. Sa ganitong halagahan, lalong nahiiwalay ang ideolohikal na senyas ng *On Potok*, at lalong tumitingkad sa atin kung ano ang Ideolohiyang Agta.

Alinsunod sa mga pre-rekisitos na inilatag ni Voloshinov, ang *On Potok* ay binubuo ng mga salita o senyas na sisidlan ng at kumakatawan sa ideolohiya ng Agta. Ang mga senyas sa *On Potok* ay hindi maihihiwalay sa materyal na realidad ng Agta, sa lipunan ng kanilang paggawa/pagyedi, samakatwid, ng diskurso, talastasan, laban, at tunggalian. Ang banta ng dam ang naging bunsod para luminaw ang pakikibaka para sa lupang ninuno at ang *On Potok* ay ang payak ngunit malalim, malawak, at kompleks na artikulasyon ng Agta sa pakikibakang ito.

NAGPAPATÚLOY NA DIWA NG *ON POTOK*

Mula 1970s, nagpapatúloy ang kabuluhan ng *On Potok* hanggang sa kasalukuyan. Naging inspirasyon ang *On Potok* ng mga awit na isinulat ng mga indibidwal na hindi naman kabilang

sa komunidad ng Agta, pero dinadala ang kanilang kawsa. Una na nga rito si Fr. Castor. Pero mismong ang *On Potok* pa lámang ni Fr. Castor ay may ilan nang popular na cover kabilang ang rendisyon ng STeX at Talahib. Sa koro ng *Lupang Minana* ni Fr. Don Irinco, itinatampok ang liriks na “*On Potok* ni ayenede ni Makidjapat⁶... para de pesen” (Ang lupa ay nilikha ni Makidapat... para sa lahat). Si Fr. Irinco ay naging misyonero rin sa Umiray, General Nakar, Quezon. Samantala, inalay ni Norman Taniegra, musikero at dáting redentoristang seminarista rin, sa mga Agta ng Infanta ang kanta niyang “Oyayi ni Makiejepet”. Nasa liriks din ng awit ni Taniegra ang linyang “*On Potok* ne ayenade ni Makiejepet” (de la Rosa 96). Sa ganang ito lumalaganap ang ideolohikal na senyas sa mga sirkulo at odyens ng mga nasabing kompositor/artista. Kung gayon nakakatulong silang kumabig ng opinyon at suporta para sa nagpapatúloy na laban ng Agta.

Taóng 2019 nang muling itulak ng administrasyong Duterte ang konstruksiyon ng Kaliwa Dam. Binibigyang-matuwid ito ng isang artipisyal na krisis sa tubig sa Kamaynilaan. Nalantad din agad na may interes ang gobyerno ng China sa pagtutulak ng proyektong ito. Bagama’t tumitingkad ang presensiya ng dagdag na entidad—isang bagong dayuhang gobyerno na mas malakas ang impluwensiya sa mga internal na desisyon ng bansa—sa anti-dam na laban, mapagsasama-sama pa rin ang mga ito sa iisang panig: ang panig ng agresor na pinangungunahan ng gobyerno ng Pilipinas. Tuloy-tuloy ang bantang ito hanggang sa kasalukuyan, na sinasalubong ng tuloy-tuloy ding pagtutol mula sa lipunang Agta at mga alyado sa kapatagan.

Sa gitna ng malawakang pagkilos, at pagkabig sa suporta ng publiko sa pakikibakang anti-dam, bumabaling sa karahasan ang estado para takutin at patigilin ang mga Agtang nakikibaka. Ang magpinsang sina Puroy at Randy dela Cruz ay mga Agta na pinaslang ng militar sa isang operasyon na tinaguriang “Bloody Sunday” noong 2021. Ang mga biktima ay aktibo sa pakikibaka para sa proteksiyon ng Sierra Madre.

Noong Pebrero 2023, bumaba mula sa General Nakar, Quezon ang mahigit 300 Agta at nagmartsa nang siyam na araw tungong Malacañang para iprotesta sa gobyernong

Marcos Jr. ang pagtutuloy ng Kaliwa Dam. Hindi sila maaaring tumigil.

Sa harap ng nagpapatúloy na banta sa lupang ninuno at búhay ng mga Agta, nananatili at patuloy na nagiging okasyon ng pagtutol ang awit na *On Potok*. Sa mga rali at pagkilos, ang *On Potok* na bersiyon ni Fr. Castor ay dala at nagsisilbing anthem ng mga Agta at kapuwa katutubo. Sa mga pamayanang Agta, awit ng pagsalubong sa mga panauhin ang *On Potok*, kapuwa ang orihinal at ang awit ni Fr. Castor na inangkin na rin ng mamamayang Agta bilang kanilang awitin. Ang awit-protesta ay naging awit-komunidad ng mga Agta. Ang awit-komunidad ay palagiang humihimig ng protesta, sa kabundukan man o sa kapatagan.

KONGKLUSYON

Gámit ang mga inilatag na pre-rekisitos ni Voloshinov sa pagsusuri sa teksto, nahinuha nating taglay ng *On Potok* ang ideolohikal na senyas—mga instrumento na kailangan sa produksiyon (lupa, tao, yedi, Makidapat) at mga materyal na kairalan sa pakikibaka para sa lupa (hindi ginawa para sa tubig).

Ang *On Potok* ay isang awit protesta na isinilang noong dekada ’70. Sa loob ng limang dekada, nanatili rito ang diwa ng protesta dahil sa patuloy na mga banta ng agresyon sa mamamayang Agta. Ang mga agresyong ito ang materyal na realidad na iniralan ng ideolohikal na senyas, samakatwid ng Ideolohiyang Agta. Nagpapatúloy ang laban ng Agta, at tulad sa lahat ng lipunan ay laging nása proseso ng paghuhubog ng ideolohiya, at sa prosesong ito nakapook ang mga senyas ng *On Potok*.

Mga senyas, na gawa rin ng tao, ang ideolohikal na senyas ayon kay Voloshinov (12). Bagama’t may malalim na espiritwal na ugnay ang tao at lupa ayon sa katutubong konsepto, panlipunang materyal ito, nalilikha lámang sa pagitan ng mga nagsasama-samang indibidwal at anumang pagbabago sa komunidad ng mga indibidwal na ito ay magpapabago rin sa kabuluhan ng mga senyas, kundi man ng mismong mga senyas. Ito ang kaligiran ng istorikong materyalismo na tinuturing ni Voloshinov na kaligiran din ng mga nagbabagong senyas at kamalayan.

⁶ Pansinin ang kaibahan sa baybay ng mga salita. Walang tiyak na ortograpiya ang Umiray Dumaget at sa pagbigkas ibinabatay ang mga pagbaybay.

Anti-dam ang Ideolohiyang Agta, at mananatiling sisidlan nito ang awit na *On Potok*. Maaaring magbago ang kabuluhan ng mga salita o senyas ng awit na ito, kapag nawala na ang banta ng agresyon at pang-aagaw ng lupang ninuno, at laging may puwang para sa imahinasyon ng hinaharap na ito. Ito naman ang punto ng pakikibaka. Sa ngayon, pinakamaigting ang laban, pinakamalakas ang tunog ng *On Potok*, at pinakamatalas ang winiwikang diwa ng mga senyas ng awit na ito. ♦

APENDIKS - LIRIKS NG MGA AWIT

1.) On Potok

(Sinulat at inawit ni Fr. Oliver Castor)

Koro

On potok na eyenade
Na eyenade ni Makidjapat
On potok na eyenade
Na eyenade ni Makidjapat
On potok na eyenade
Na eyenade ni Makidjapat

Berso 1

On potok na ang lupang nilikha ni Makidjapat
Kakmuka ni Agta, para sa mga Dumagat
Sa pusod ng Sierra Madre, tahimik ang aming
daigdig
Nang dumating ang mga gahaman, dala ay ligalig

Koro

On potok na eyenade
Na eyenade ni Makidjapat
On potok na eyenade
Na eyenade ni Makidjapat
On potok na eyenade
Na eyenade ni Makidjapat

Berso 2

On potok na ang lupang nilikha ni Makidjapat
Binulabog na ng ingay ng lagaring de makina
Ang yaman ng kagubata'y kanilang kinukuha
Panaghoy ng Sierra Madre, aming ina

2.) Awit sa Kailugan ng Kadumagatan

*(Nakalap ni Bro. Martin Francisco;
nakalathala sa librong Mahabe Pagotan)*

Wawang Matulid nagsimula
Unag-unag ipagsusulit
Ang lugar ng Wawang Matulid.

Noon nga po kami'y nagtawid
Nabulos sa paligid
Nang kami nga po'y nabulos
Kami nga po'y nabara

Kami nga po ay nabangko
Doon nga po sa batong pula.
Ang isa pong mahirap dito
Ang batisang tapat ni Tarugo
Doon ay mayroon tatlong bato
Ang agos ay doon patungo
Kamanuyo ang pasunod
Tumagtag, Wawang Krus
Batisan na nakapanglambangot
Ang tikin mo ay mahuhubog
Ang Bayaba at Arsobu
Ang langud kamariabu
Ang Kanasna at Umiko
Ang Lamesa at Ubiro
Ang Aduas sa Kailigan
Ang bunga sa Kaibukal
San Lorenzo kaalunan,
Pagkabulos mo ay kudkuran
Ang siko ay dilikinti
Dyan namatay si Vicinti
Barong Putin a halili
Nagpapasikat kung kati
Ang Bininit nga ay sentral
Labasan po ng tulisan
Dilikinti po ay sagagen
Lalu pa nga ang Anginan
Ang Pako nga ay matindi
Lalu na 'yang Kamatsile
Ang Papaya ay mabuti
Sa Ipu kayo ay madadale
Diya'y may batong kalabaw
Diyan ka makukubabaw
Palibhasa'y kapunturan
Ang balsa mo nga ay magkakalasugan
Bubulusan mo ang Liyang
Saka na po yang Babatuan
Dalawang Ilog Pamusuan
Ang lipya ay pasiwaran
Sa Bitbit na ang Batisan
Ng si Ka Lito ay namatay
Nang makuha, pangatlong araw
Sa Batisan Pamakpakan
Ang Paila ay mahirap din naman
Ang Batong Pula po ang ngalan
Susunod po ang Batong Anay
Diyan ka nga maghuhugos
Mag-ingat ka kay Pugot
Sa Nabutas ka huhulog
Sa ibaba ay may puntod

Inalapid ay mahirap
 Diyan po ay may batong matulis
 Mangamba diyan sa Suklib
 At diyan ka isisiksik
 Pagdating mo 'kay basa
 Ang Baraka ay masama
 Pagkiling ay may dalita
 Ang mga Saplad, pasa gitna
 Ang magsanla pahirapa'y
 Kung laki Katakawan
 Ang Bitin-bitin ay mahigpit
 Dyan namatay ang ina ni Munik
 Palibhasa'y mata'y palipit
 Isinisiksik pa sa yungib
 Sa lugar po na ang langka
 May namatay na isang bata
 Palibhasa'y hanging pasuba
 Isiniksik sa Malimba
 Ang Santol po ay maginhawa
 At maalon nga lang siya
 Sa Balugan kayo mangamba
 At tatapis doon ang balsa
 Pagdating mo sa Misit
 Magtitiis ka ng init
 Lanay ng hanggang matiktik
 At Manggalas at paligid
 Sa lugar nga po ng Bakas
 Tatlong buhay ang inutas
 Kapatid po ni Marianong peklat
 Sumisid di na nakalabas
 Bubulusan mo 'yang Lawang
 At saka po ang Kalumpang
 At tawiran po nga sa Garay
 Yamang ito ay tapos na
 Buhay naming inistorya
 Kami nga po, paalam na
 Sa Kasiro at Kasera.

3.) Baru Kung Ladut

Baru kung ladut, un isinla, un isinla
 (Ang baro kong sira ay isa lang, ay isa lang)

An diti kakmukan
 (Walang iba)

Gitangos si Ina, gitangos si Ama
 (Umiiyak si Ina, umiiyak si Ama)

Gitangos kami, de kahedepan
 (Umiiyak kami sa kahirapan)

O-yen ipag-ani, gepangan me kanin
 (Palaging nag-aani, palaging kumakain ng kanin)

Pag-eyen ti kanin, kamote o eyen
 (Pag wala nang kanin, kamote o wala)

4) Lupang Minana*

(Sinulat at inawit ni Fr. Dondon Irinco, 2001)

Minsan ako'y nadalaw sa isang tribong Dumagat
 buhay nila'y inaasa sa biyaya ni Makidyapat
 ngunit ako'y nalungkot sa aking nakita
 lupaing alay ni Bathala, inangkin ng isang gaha-
 man.

On potok ni ayenade ayenade ni makidyapat,
 On potok ni ayenade ni ayenade para di pesen,
 e ayenade, e ayenade, e ayenade para de orat.

Walang humpay na pagtotroso,
 mina at dam para lang sa ilan
 taong lumilikha ng pagpanaw ng inang kalikasan
 ipagtanggol at ating alagaan lupaing minana pa sa
 'ting ninuno
 ito'y alay ni Bathala, mahalin at ipaglaban.

On potok ni ayenadi ayenadi ni makidyapat
 On potok ni ayenadi ni ayenadi para di pesen,
 e ayenade, e ayenade, e ayenade para di orat.

**Kinanta ni Marvin Astoveza sa panayam ng
 may-akda (2013)*

5) Oyayie ni Makiejapet

(Sinulat ni Norman Taniegra)

Na...Mena... Mena... Me... Na (2x)

Haplos ng sariwang hangin
 Dampi ng lamig at dilim
 Pinaghele ng lalarin...larin
 Bulong ng dahon na naglalambing
 Lagaslas ng batis, batubalaning umakit
 Sa kagandahan mo kalikasan
 Sa kandungan mo'y hayaang maidlip
 Ang pagal na katawan ng Agtang
 Humihibik...

Koro:
 Un potok na ayenaden
 Un potok na ayenaden
 Kakmukan ti Agta
 Naglaho ang lupa
 Un potok na ayenaden
 Na aye naden ni Makiejapet

Haplos ng sariwang hangin
 Kislap ng buwan at bitwin
 Tanglawan mo ang lahing himbing
 Lupa 'wag kang manimdim

Ulitin ang Koro

MGA SANGGUNIAN

- Baes, Jonas. "When there is no more music... or Dumagat Internal Refugees in the Philippines and the Issues of 'Cultural Objecthood.'" *Wacana Seni Journal of Arts Discourse*, Vol. II. Pernerbit University Sains, Malaysia, 2012.
- Collection of Unpublished Materials. SIL International-Philippines.
- de la Rosa, Ma. Cecilia. *On Potok: awit-protesta bilang awit-komunidad ng mga Agta sa Quezon*. Undergraduate Thesis. University of the Philippines Manila, 2013.
- Fischer, Ernst, 1899-1972. *The Necessity of Art, a Marxist Approach*. Penguin Books, 1963.
- Flores, Guiller J. et. al. *I Kitam ay Magsolat: Panuntonan de Pagsolat ni Surut a Dumaget-Bulus (Dumagat-Bulus Spelling Guide)*. Summer Institute for Language (SIL Philippines), 2017
- Francisco, Martin, BSMP. *Mahabe Pagotan: Kasaysayan, kalinangan at lipunan ng mga Dumagat sa bahaging Bulacan ng Sierra Madre*. Bahay Saliksikan ng Bulacan-Bulacan State University, 2012.
- Galang, Armand. "Pantabangan Ruins Recall Sacrificies of Displaced Villagers." *Philippine Daily Inquirer*, 2 August 2020.
- Himes, Ronald S. *The relationship of Umiray Dumaget to other Philippine languages*. *Oceanic Linguistics* Vol. 41, 2002.
- Ibon Foundation. "Megadams: unuseful, destructive-WPN". March 23, 2017. <https://www.ibon.org/megadams-unuseful-destructive-wpn/>
- Lopez, Mellie Leandicho. *A Handbook of Philippine Folklore*. University of the Philippines Press, 2006.
- Maceda, Teresita Gimenez. *Mga Tinig Mula sa Ibaba: Kasaysayan ng Partido Komunista ng Pilipinas at Partido Sosyalista ng Pilipinas sa Awit, 1930-1955*. University of the Philippines Press, 1996.
- Marx, Karl. *A Contribution to the Critique of Political Economy*. (Progress Publishers, 1859/ Marxists.org, 1999).
- Official Website Pantabangan, Nueva Ecija. "Pantabangan Dam". <http://www.pantabangan.gov.ph/>
- Reid, Lawrence A. "Possible Non-Austronesian Lexical Elements in Philippine Negrito Languages." *Oceanic Linguistics*, Vol. 33, No 1, Jun. 1994.
- Reid, Lawrence and Fe Yap. *Sheet of Cooper*. Microsoft Excel File. Web 4 Feb 2024. [[https://zorc.net/RDZorc/Yap/Reid-Yap\[Cooper\].xlsx](https://zorc.net/RDZorc/Yap/Reid-Yap[Cooper].xlsx)]
- Tran Duc Thao. *Investigations into the Origin of Language and Consciousness*. D. Reidel Publishing Company, 1984.
- Voloshinov, Valentin. *Marxism and the Philosophy of Language*. Translated by Ladislav Matejka and Irwin R. Titunik. Harvard University Press, 1929/1973.
- "Umiray Dumaget Agta" *Ethnologue*, 2015.

MGA PANAYAM

- Astoveza, Marvin. Panayam. Ma. Cecilia de la Rosa. 6 Agosto 2013.
- Astoveza, Ramcy. Panayam. Ma. Cecilia de la Rosa. 5 Agosto 2013.
- Fr. Castor, Oliver, CSsR. Panayam. Ma. Cecilia de la Rosa. 18 Enero 2013.



Si MA. CECILIA C. DE LA ROSA ay nagsusulat ng tula at dula. Nagtatrabaho siya bilang kawani sa Departamento ng Agham Pampulitika at lektiyurer sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, kapwa sa UP Diliman. Siya ay nagtapos ng Master sa Arte Malikhaing Pagsulat sa UP Diliman at Batsilyer sa Arte sa Sining Pilipino sa UP Manila.

Pagpapakahulugan sa Konsepto ng Kalooban sa Kongregasyon ng Jesus Miracle Crusade International Ministry (JMCIM)

MARVIN RAE TENECIO

mrtencio@up.edu.ph

Unibersidad ng Pilipinas Diliman

ABSTRAK

Bagaman malaon nang pinapakahulugan ng mga iskolar ang konsepto ng kalooban sa lipunang Pilipino, nangangailangan pa ring mapatingkad ito sa konteksto ng mga relihiyosong institusyon sa Pilipinas. Esensiyal ang usapin ng kalooban sa konteksto ng espiritwalidad, sapagkat lumilikha ito ng mga serye ng kaisipan at kulturang tumutungo o umuugnay sa Diyos. Nagsisilbing lunsaran ito ng etika, batas, o moralidad ng iba't ibang grupo ng mananampalataya sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay. Sa ganitong tulak, nahuhubog ang partikularidad sa paggamit sa kalooban bilang ugnayan sa Diyos sa konteksto ng relihiyosong institusyon.

Sinuri sa pananaliksik ang iba't ibang pagpapakahulugan sa konsepto ng kalooban sa kongregasyon ng JMCIM at tinalakay rin kung paano nakapag-aambag ang espiritwalidad ng mga kasapi sa paglawig ng konsepto ng kalooban bilang ugnayan sa Diyos; at maging sa kanilang praktis, etika, at pananampalataya. Gamit ang pamamaraan ng obserbasyon, pakikipanayam, pangangalap ng mga pag-aaral ng salita ng Diyos, patotoo at mga awitin, lumitaw sa pag-aaral na malaki ang ginagampanan ng isang grupo ng relihiyon o kongregasyon gaya ng JMCIM sa paglikha at pagyabong ng mga natatanging katangian ng konsepto ng kalooban.

Natunghayan sa pananaliksik ang mga konsepto o usaping kaugnay sa kalooban sa kongregasyon ng JMCIM at sa kabuuang diskurso ng mga kasapi nito hinggil sa paggamit ng konseptong ito sa kanilang praktis bilang isang grupo ng mga mananampalataya.

Mga Susing Termino: kalooban, relihiyon, loob, pananampalataya, JMCIM

ABSTRACT

Although scholars have long investigated the concept of kalooban in Philippine society, it still needs to be examined in the context of religious institutions in the Philippines. The discussion on the kalooban is essential in spirituality because it creates a series of thoughts and cultures that lead to or relate to God. It serves as a foundation for the ethics, law, or morality of different groups of believers in their daily lives. The milieu of the religious institution shapes the particularity of the exercise of the kalooban as a relationship with God in this approach.

The research examined the different interpretations of the concept of kalooban in the congregation of JMCIM and analyzed how the members' spirituality contributed to the expansion of this cultural concept as a relationship with God; this can also be seen in their practices, ethics, and faith. Using the methods of observation, interviews, gathering studies of their word of God, testimonies, and songs, it appeared in the study that a religious group or congregation like JMCIM plays a pivotal role in creating the peculiar characteristics of the concept of kalooban. Likewise, this research investigated the concepts or issues related to the kalooban in the JMCIM congregation and the total discourse of its members regarding the use of this concept in their practice as a group of believers.

Keywords: Kalooban, religion, loob, faith, JMCIM



RASYONAL

Matagal nang idinidiskurso ang konsepto ng 'loob' bilang paksa sa domeyn ng Philippine Studies. Sa katunayan, may mga ginawa nang pag-aaral hinggil sa kung paano ito kumikilos at tumatalab sa mga tao sa konteksto ng lipunang Pilipino. Ang pagdiskurso sa 'loob' gamit ang iba't ibang lente ay maituturing na isang mahalagang hakbang sa pagpapalawak at pagpapalalim pa hinggil sa patuloy na pagbubuo sa konsepto nito.

Sa maraming pag-aaral, ang loob ay tumutulay sa konsepto ng kalooban na madalas inilalapat sa mga diskursong may kaugnayan sa relihiyon at relihiyosidad. Sa ganitong pagtingin, maaaring may ipahiwatig ang kalooban hinggil sa pananampalataya ng mga Pilipino at maging sa estado ng kanilang paniniwala. Hindi ito naiiba sa mga kaisipang nailatag ng mga iskolar ukol sa kung paano naibubukas o naiugnay ang konsepto ng kalooban sa pagluwal ng moralidad na siyang nakaangkla sa relihiyosidad, kamalayan, at kultural na oryentasyon ng mga Pilipino.

Sa ganitong tulak, maaaring masuri ang pagpapakahulugan hinggil sa konsepto ng kalooban ng Jesus Miracle Crusade International Ministry (JMCIM).¹ Isang hakbang ito upang makapag-ambag sa mga pananaliksik hinggil sa kalooban na nakalapat sa pag-aaral ng relihiyon, na tinitingnang mga lehitimong paksa sa ilalim ng programang Philippine Studies ng Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas (DFPP). Sa katunayan, wala pang nag-aral sa konsepto ng kalooban sa kongregasyon ng JMCIM, kung saan madalas nagagamit ng mga kasapi nito ang naturang konsepto.

LAYUNIN

Pangkalahatang layunin:

Pangkalahatang layunin ng pag-aaral ay masuri ang konsepto ng kalooban sa kongregasyon ng JMCIM.

Mga tiyak na layunin:

- 1) Matalakay ang iba't ibang pagpapakahulugan sa konsepto ng kalooban.

¹ JMCIM na lámang ang gagamitin sa susunod na pagtukoy sa kongregasyon.

- 2) Maipakilala ang kongregasyon ng JMCIM.
- 3) Masuri ang mga pagpapakahulugan hinggil sa konsepto ng kalooban sa kongregasyon ng JMCIM.

METODOLOHIYA

Nakasandig sa kalitatibong pananaliksik ang pag-aaral, kung kayâ ang tatlong mahahalagang metodong ginamit sa paglikom ng mga datos ay mula sa mga artikulo o libro (*publications*), pagtatanong-tanong (*interview*) at mismong pagmamasid sa isang grupo tulad ng JMCIM (*observation*) ay maaaring *Triangulation*. Isinagawa ang nasabing pananaliksik mula Agosto hanggang Disyembre 2020.

Gamit ang balangkas ng “loob” ni Alejo (2018), sinuri ng mananaliksik kung ano ang naiisip, nararamdaman at kung paano nagpapasya ang mga kasapi ng JMCIM sa sandaling dinidiskurso ang konsepto ng kalooban sa pamamagitan ng kanilang mga aral at patotoo upang mas magkaroon pa ng malawak na kaalaman ukol sa mga pagpapakahulugan ng kalooban.

Para sa metodong pagtatanong-tanong, may pinadalang sulat ang mananaliksik sa dalawang (2) mangangaral at labindalawang (12) ordinaryong kasapi ng kongregasyon upang maikedyul ang pakikipanayam. Ang pagpili sa mga ordinaryong kasapi ay ibinatay sa mahigit sampung taon nila sa pagiging kasapi ng nasabing kongregasyon, na maituturing nang may malawak na kaalaman at karanasan sa diskurso at gámit ng kalooban sa konteksto ng JMCIM. Ipinaalam ng mananaliksik sa kanila ang paksa ng pananaliksik sa pamamagitan ng pagpapahatid ng mga serye ng tanong upang maging mabilis at produktibo ang pakikipanayam.

Magkaiba ang mga tanong sa mga ordinaryong kasapi at sa mga mangangaral, dahil iba ang kanilang sentimyento at antas ng kaalaman hinggil sa paksa. Ang katanungan sa mga ordinaryong kasapi ay nása anyong *open-ended* upang mas malayang makasagot ang mga kalahok hinggil sa paksa. Samantala, mas detalyado ang mga tanong sa ikalawang bahagi ng pakikipanayam sa mga mangangaral upang mas maunawaan at maugat ang kalikasan, kaligiran, at mga paniniwalang nakaangkla

sa konsepto ng kalooban sa kanilang kongregasyon.

Tinalakay ang pagsusuri hinggil sa diskurso ng kalooban sa kongregasyon ng JMCIM sa paraang *thematic* upang mas maunawaan ang mga tumingkad na mga usapin kaugnay nito. Mula sa labindalawang (12) patotoo o aral ng ilang kasapi ng JMCIM, napalitaw at napalutang ng mananaliksik ang mga nabuong tema patungkol sa pagpapakahulugan ng kalooban.

TEORETIKAL NA BATAYAN


Sisidlan ng diwang Pilipino ang konsepto ng “loob”. Binubuo ito ng katutubong kamalayan, pag-iisip, gunita, karanasan, damdamin, o pakiramdam. Dahil sa nakalapang konsepto nito sa konteksto ng lipunang Pilipino, mas mauunawaan ito gámit ang kulturang Pilipino. Umuugnay ang loob sa paligid ng tao sa pamamagitan ng pakikisangkot sa kapuwa, bagay-bagay, lipunan, kalikasan, at Diyos; upang maging ganap, aktibo, at makabuluhan ito. (Alejo, 2018).

Nahahati sa tatlong balangkas ang loob; ábot-maláy, ábot-dama, at ábot-káya. Ang katutubong kamalayan, pag-iisip, alaala, at gunita ay siyang lumilikha sa ábot-maláy. Samantalang ang karanasan, pakiramdam, at damdamin ang bumubuo sa ábot-dama. Habang maituturing na isang aktibong ahente na responsable sa pagpapasya, pagbubuo ng loob, at pananagutan ang ábot-káya. Sa tatlong balangkas na nabanggit, ang ábot-maláy at ábot-dama ang nagsisilbing imbakan ng kamalayan, karanasan, at damdamin ng tao at napupunan ito sa tuwing ang loob ay nakikisangkot at umuugnay sa kanyang paligid. Batayan din ang ábot-maláy at ábot-dama ang ábot-káya sa kung paano tutugon at kilos ang loob. Samantala, magiging ganap lámang ang loob kung nása antas na ito ng ábot-káya, sapagkat sa kategoryang ito makikita ang resulta ng pakikisangkot ng ábot-maláy at ábot-dama ng loob sa kanyang paligid.

Sa patuloy na ugnayang ito, napupunan ang ábot-maláy at ábot-dama na siyang magiging batayan ng tao upang tumugon sa kanyang kapuwa o sa sinumang táong pinahahalagahan niya. Ang prosesong ito ng loob ang magsisilbing basehan sa pag-unawa sa sistema ng ugnayan, na kinasasangkutan ng

loob ng tao at kanyang paligid upang pag-ibayuhin pa ang kanilang pag-iisang-loob habang sila ay nabubuhay sa daigdig.

Sa antas ng ábot-káya kumikilos ang loob ayon sa ábot-maláy at ábot-dama. Kung gayon, nakadepende sa ábot-maláy at ábot-dama sa kung paano kikilos o tutugon ang ábot-káya. Halimbawa, kapag nasaksihan ng isang mag-aaral ang mga magsasakang pinagkaitan ng karapatan sa lupa at karapatang pantao ng malalaking kompanya, magkakaroon ito ng epekto sa kanya. Ang pangyayaring ito ay titimo kinalaunan sa ábot-maláy at ábot-dama ng mag aaral. Kahit hindi niya kamag-anak ang mga magsasakang nakita niya, dama niya at sariwa sa kanyang alaala ang kanilang pagdadalamhati at paghihirap sa sitwasyong iyon, dahil sa ito ay nanahan na sa kanyang ábot-maláy at ábot-dama. Buhat sa pangyayaring ito, ang ábot-maláy at ábot-dama ng mag-aaral ay magreresulta sa kanyang ábot-káya upang tumugon sa panawagan na ipagtanggol ang karapatan ng mga naturang magsasaka. Makikiisa siya sa mga organisasyon o mobilisasyon na mangangalaga sa kanilang karapatan, kultura, at kabuhayan. Gayundin, makikibaka siya sa repormang agraryo para sa mga magsasaka.



TSART 1 –Ang Balangkas ng Loob (Alejo 2018)

DATOS AT PAGESUSURI

I. Pagpapakahulugan sa Kalooban

A. Ang Etimolohiya at Denotatibong Kahulugan ng Kalooban

Nararapat na bigyang-pansin na ang kalooban ay nabuo mula sa mga panlaping 'ka' at 'an,' at ang salitang ugat na 'loob.' Ang unlaping ka- ay nagpapahiwatig ng kasama, kasosyo, kapuwa, kapareha; isang ugnayan ng pagiging kasapi tulad ng kaanib. Ang hulaping an- ay tumutukoy naman sa maramihan o higit pa sa isang tao (Capaque, 2007).

Habang ang salitang ugat na 'loob' mula sa salitang kalooban ay bumabalangkas sa intelektuwal, emosyon, etikal, at *volitional* o ang kilos bilang resulta ng desisyon o pagpili (Mercado, 1972). Ang intelektuwal ay sumasaklaw sa pagkakaloob, saloobin, at saloob. Samantalang ang emosyon ay nagsasaad ng malakas ang loob, buong-buo ang loob, at laki ng loob. Ang utang na loob naman ay pinakahulugan bilang bahagi ng etika. At ang huli ay *volitional*, na tumatalakay sa usapin na sundin ang loob, loobin, kusang-loob, mahulog ang loob, at buong-loob o taos-puso.

Samantala, isang pangngalan ang kalooban na tumutukoy sa kabuuang kapangyarihan o ugali na umiiral sa mga gawaing tulad ng pagpili, paglulungati, pagmimithi, pangangarap, at ang pagkilos tungo sa katuparan ng mga nabanggit. May kaugnayan din ang konseptong ito ng kalooban sa pinakamalalim at pinakapusod ng loob ng tao (Almario, 2015).

Madalas ikinakabit ang kalooban sa mga konseptong may salitang-ugat na loob, tulad ng kalooban, kaloob-looban, magkaloob, pinagkalooban, pangloloob, pangloob, kaloob, looban (San Antonio, 1624); at saloobin (Panganiban, 1972). Hawig din ito sa kalooban, kaloob-looban, at loob ng tao (Komisyon sa Wikang Filipino, 2003).

Ipinaliwanag ni Alejo (1990; 2018) na ang loob ay hindi lámang pumapatungkol sa interyor o '*inside*' sa wikang Ingles, bagkus inilarawan niya ang loob bilang isang salitang-ugat na naglalayong bumuo ng mga konseptong nakaangkla sa lipunang Pilipino. Gayundin, tinalakay niya ang balangkas ng loob na binubuo ng ábot-maláy, ábot-dama, at

ábot-káya. Lubusang mauunawaan ang mga kategorya nito ng loob kung titingnan ito mula sa loob patungo sa paligid nito.

Iba naman ang pananaw ni Reyes (2012) hinggil dito. Naniniwala siyang mas mauuna pang makita ng paligid ng loob o kapuwa ang loob ng tao kaysa sa kanilang sarili. Mas tiningnan din ni Reyes ang katangian ng loob bilang walang pribadong wika—ang loob ay laging para sa publiko.

Habang mas pinalalim ni Lanaria (2014) ang konsepto ng loob. Para sa kanya, ang loob ay isang bukal na salita na may paglubog sa danas ng mga Pilipino. Dagdag pa niya, ang estado ng loob ng isang tao ay nakaaapekto rin sa labas ng kanyang mundo dahilang pagiging holistiko ng konsepto nito.

Bagama't masasabing sisidlan ng kamalayan, pag-iisip at damdamin ng tao ang loob (Alejo, 2018), nananatiling bukás ang iskolarsip sa pagdiskuro ng konteksto nito hinggil sa kung paano hinuhubog at nababago ang loob ng kanyang paligid.

Hindi nalalayo ang denotatibong kahulugan ng kalooban bilang ugali, desisyon, mithiin, emosyon, kamalayan, at karanasan ng tao sa mismong etimolohiya nito, na tumutukoy sa ugnayan ng loob ng tao sa kanyang kapuwa o kasama, na parehong lumalahok sa pagdedesisyon at lumilikha sa kanilang mga kamalayan bilang sisidlan ng kalooban. Sa madaling salita, ang pagtatalakay sa konsepto ng loob ay tumutungo sa usapin ng relasyon nito sa kapuwa.

Nilinaw ni Miranda (1989) na kailangan ng loob ang kapuwa upang maging 'loob' o ganap na loob ito. Sa madaling sabi, pinatutunayan ng ugnayang loob-kapuwa ang usapin ng *intersubjectivity* at pakikiisa. Isang kondisyon para sa sariling pag-iral at pagiging awtentiko ng loob ang patuloy na pagtugon nito sa kapuwa. Sa katunayan, sinusugan ni Reyes (2015) na ang loob ng tao ay higit na mauunawan hindi sa pamamagitan ng pagmumuni, ngunit sa proseso ng pamumuhay na may kaugnayan sa iba. Ang likás na katangian ng loob na umugnay sa iba ang nagpapalawak sa sistema ng kanyang daigdig.

B. Ang Kalooban sa Ilang Wika sa Pilipinas

Ang loob bilang kalooban ay may mayamang pagpapakahulugan din sa iba't ibang wika ng Pilipinas, tulad ng loob sa

konteksto ng 'kapuwa' ng kulturang Tagalog, 'nakem' sa konteksto ng "naimbag a nakem" o kabutihang-asal ng kulturang Ilokano, at 'buot' sa konteksto ng "utang na buot" o utang na loob ng kulturang Bikolano.

Sa wikang Tagalog, ang loob ay tumutukoy sa kalooban, estado ng pag-iisip, at kamalayan ng tao (Panganiban, 1972). Ang kahulugan at kalikasang ito ng loob ay nagiging buo sa tuwing ikinakabit sa usapin hinggil sa ugnayan sa kapuwa (Alejo, 2018). Samakatwid, ang konsepto ng loob ay hindi lámang literal na tumutukoy sa *inside* o loob ng tao, bagkus may pagdidiin din ito sa kamalayan at emosyon ng tao sa konteksto ng kanyang kapuwa. Kaugnay ang kalooban, estado ng pag-iisip, at kamalayan ng tao sa konsepto ng loob bílang bumubuo sa sariling pagkatao.

Samantala, ang konsepto ng 'nakem' ay mas napapalawig sa konteksto ng 'naimbag a nakem,' isang katutubong pagpapahayag mula sa pananaw at karanasan ng kulturang Ilokano, partikular sa moral, kultural, at politikal na mga aspekto ng búhay (Bueno, 2010). Ang salitang 'nakem' din ay tumutukoy sa kalooban, kaisipan, kritikal na kamalayan, magandang katwiran, at moral na istandard sa kulturang Ilokano (Agcaoli, 2011). Ang naturang kahulugang ito ay karaniwang makikita sa ekspresyon ng mga Ilokano na may pagdidiin sa kalikasan ng dalawang salita; imbag at nakem. Ang 'imbag' ay nangangahulugang isang positibong pananaw na sumasaklaw sa impresyon ng kabutihan.

Lápit ang diskurso ng nakem bílang daluyan ng kabutihang-asal sa pag aaral ng konsepto ng buot sa konteksto ng pagpapahayag ng 'utang na buot,' ang katumbas ng utang na loob sa Bikol (Loquias, 2019). Ang buot ay tumutukoy sa kamalayan o persepsiyon ng tao (Panganiban, 1972). Ang kahulugang ito ng buot ay pinalawig ni Loquias sa konteksto ng 'utang na buot' na laging nakaugnay sa konsepto ng 'atang kan buot' (kaloob ng sarili). Madalas, ang utang na buot at atang kan buot ay siyang bumubuo sa mataas na antas ng pasasalamat na nakapaloob sa salitang 'Dyos Mabalos' na maihalalintulad sa 'mabalos' na nangangahulugang salamat. Subalit mas nakapaloob ang konsepto ng utang na loob sa salitang 'Dyos mabalos' ng tuwing ito ay ipinapahayag sa kanyang kapuwa na ikinakabit naman sa pagpapalang ipagkakaloob ng Diyos sa mga may mabubuting-loob.

Ang tatlong ito na umuugnay sa konsepto at kalikasan ng kalooban ay may pagsasaysay sa magandang relasyon sa kanilang mga kapuwa. Patunay lámang ito na ang buot-loob-nakem ay nagsasaad ng mga komon na karanasan, paniniwala, at pagpapahalaga sa ilang etnolingguwistikong grupo sa Pilipinas.

C. Ang Kalooban Bilang Bahagi ng Loob

Ang holistikong pagtingin ng mga Pilipino sa kanilang sarili o loob ay makikita sa tatlong ekspresyon o pagpapahayag: katawan, kaluluwa, at espiritu (Mercado, 1972). Ang katawan ay sisidlan ng kalooban; nangangahulugang walang kalooban kung walang katawan. Ang kaluluwa ay lalim ng kalooban; nakapaloob sa kaluluwa ang konsepto ng kamalayan. Habang ang espiritu ay lagusan ng loob tungo sa loob ng kapuwa o ibang nilalang. Ang espiritu ay umuugnay sa mismong daigdig, sapagkat likás sa loob ng tao na umugnay sa mundong kanyang ginagalawan. Ibig sabihin, hindi mabubuo ang mga balangkas ng kalooban ng isang tao kung walang magaganap na pakikipag-ugnay, pakikipagkapuwa, at pakikiisang-loob sa mga táong nakapaligid sa kanya.

Sa usapin ng kilos at gámit ng tatlong pagpapahayag na nabanggit, ang kalooban ay tumitimo sa kaluluwa at espiritu ng tao; habang ang manipistasyon at ekspresyon nito ay makikita sa kanyang katawan. Ang ugnayan sa pagitan ng katawan, kaluluwa, at espiritu ay siyang nagpapatibay sa katutubong konsepto ng kalooban bílang holistiko. Sa madaling salita, ang kalooban ay nananahan sa katawan, kaluluwa, at espiritu (Mercado, 1975). At mula sa tatlong pagpapahayag ng sarili o loob, mas matingkad at litaw sa kaluluwa at espiritu ang kalakhang kalikasan ng kalooban ng tao, sapagkat dito nagsisimulang mabuo ang kanyang pag-uugnay sa kapuwa batay sa kanyang kamalayan at karanasan.

Makikita ang manipistasyon ng kalooban sa loob ng tao kung ang tao at kanyang kapuwa ay nása mataas na ng antas ng pakikipag-ugnay; sa pamamagitan nito, mainam na maibabahagi ng loob ng tao sa kanyang kapuwa ang pag-unawa niya sa mundong nakapaligid. Sa madaling salita, malayang papapasukin ng tao ang kapuwa patungo sa kanyang loob. At kinalaunan, sabay nilang mauunawaan ang isa't isa. Sa pamamagitan ng ugnayan at

pagbabahagian ng mga loob, ang kalooban ay lubusang mauunawaan at ang pagbuo ng pagkatao ng loob ay magiging ganap (Capaque, 2007).

Samantala, sa pagdidiskurso ng loob-kapuwa, hindi maiiwasang lumitaw ang konsepto ng kagandahang-loob bilang isang 'produkto' ng ugnayan ng dalawa. Tinukoy ni Enriquez (1992) ang kagandahang-loob bilang isa sa mga pagpapahalagang Pilipino na lumilikha sa balangkas ng pagkataong Pilipino. Sa kanyang pagpapaliwanag, binanggit niya na ang pakikipagkapuwa ay dimensiyon ng loob-labas bilang dalawang katangian ng kagandahang-loob. Hindi nalalayo ang kalooban bilang lunsaran ng pakikipag-ugnay sa balangkas ng kalooban bilang sisidlan ng mga emosyon at katwiran na tumutulong sa tao na makilala ang kanyang sarili na may kaugnayan sa kanyang kapuwa, sa mga bagay, idea, kaganapan, o aksiyon; at upang maunawaan din kung ano ang kahulugan ng mga relasyon na ito sa kanya. Binubuo ng málay, dama, at ugali ang kalooban. Ang málay ay tumutukoy sa pag-iisip ng tao, samantalang ang dama ay tumutukoy sa emosyon ng tao. Habang ang ugali ay tumututukoy sa kung paano nakikisangkot at tumutugon ang tao sa kanyang kapuwa (Jocano, 1998).

Madalas, ang ugnayan ng kalooban at kapuwa ay nauugnay sa pagpapahalaga, katwiran, at paniniwala ng tao na siyang bumubuo sa *within-ness* o *inner-ness*, isang pundasyon ng diwa. Ang halagang inilalagay ng tao sa *within-ness* o *inner-ness* ay mas makikita pa sa mga konseptong may salitang-ugat na loob, tulad ng mabuting-loob, tibay ng loob, mababang loob, bukás na loob, kaloob-looban, at marami pang ibang mga salitang nagpapakita kung gaanong nakasentro ang bokabularyo ng mga Pilipino hinggil sa panloob na sarili. Likás sa tao na panatilihing buháy at dalisay ang kanilang panloob. Habang ang kalooban o panloob na sarili ay may malaking kakayahan na magtanggap ng mga paghihirap, dalamhati, at pagdurusa na nagbibigay-daan sa tao upang magtiis sa mga kamalasan, natural

na kalamidad, at maging sa pandemya (Tayag, 2020). Matiyagang tatanggapin ng tao ang lahat at titiisin ang hirap ng kanyang sinapit. At sa huli, isasalooob na lámang niya ito, dahil naniniwala siyang may magandang dahilan ang lahat ng bagay na nangyari sa kanya.

D. Ang Kalooban Bilang Salalayan ng Etika

Inakma ni Kant² ang kalooban sa usapin ng etika na ang prinsipyo ng isang kilos ay mabuti kung ito ay naaayon sa mabuting kalooban ng Diyos, at masama naman kung hindi (Mabaquiao, 2006). Halimbawa, ipagpalagay na ginawa ng isang tao ang kilos nang may pagpapahalaga at pagmamahal sa kanyang kapuwa bilang pagtalima sa utos o batas ng Diyos na nagsasaad na huwag magbibintang o magsisinungaling sa kapuwa. Kung ituturing na mabuti ang batas na ito, mabuti rin ang kilos na ginawa bilang pagsunod dito. Kaugnay nito, ang prinsipyo ng etika ay mabuti kung ito ay nagpapalakas sa tao upang magpatuloy na mabuhay, at masama naman kung hindi. Mula sa talakayan sa pagitan ng mabuti at masama hinggil sa prinsipyo ng etika, titingkad ang usapin ukol sa pagkakaroon ng mabuting kalooban bilang isang pamantayan o batayan sa prinsipyo ng etika, sapagkat dito nagsisimula kung paano tutugon at mabubuhay ang tao na ugnay sa kanyang kapuwa o sa mga táong nása paligid niya (Paton, 1948; Mabaquiao, 2006).

Bagama't lagapan ang maraming pamantayan at batas hinggil sa usapin ng etika sa isang partikular na lipunan, hindi sa lahat ng oras ay magagawa nitong limitahan ang likás na katangian ng kalooban ng tao na maging malaya mula sa mga pamantayang ito. Ibig sabihin, may kalayaan pa rin ang tao na piliin ang ninanais na batayang etikal. Ang malayang pagpili sa batayang etikal ay nakadepende sa kalooban ng tao na siyang magbibigay sa kanya ng kakayahang kumilos nang malaya. Halimbawa na lámang ang mga patakarang isinusulong ng ilang paaralan na nag-oobliga sa mga estudyanteng tumayo sa kinauupuan sa tuwing may ibabahagi sa klase;

² Si Immanuel Kant ang gumawa ng isang sistematikong pagsusuri sa pamantayan ng sukdulang prinsipyo ng etika. Para sa kanya, ang sukdulang prinsipyong ito ay nakapaloob sa konsepto ng *will* na ginagamit ng tao bilang batayan ng kanyang paghuhusgang etikal. Pinakahulugan niya na ang *will* ng tao bilang kakayahan ng tao na kumilos nang naaayon sa kanyang kinikilalang prinsipyo o batas. Mula dito, papasok ang konsepto ng kalayaan hinggil sa pagpili ng tao sa ninanais na batayang etikal. Bagama't may kalayaan ang tao sa pagpili nito, may mga limitasyon pa ring kaakibat ito, sapagkat ang mga tao ay saklaw ng isang makapangyarihang sistema, gaya ng pamahalaan at iba pang mga institusyon na lumilikha ng matibay na pamantayan sa paghusga ng isang partikular na kilos bilang mabuti o masama.

at ang magpaalam sa kani-kanilang guro bago pumunta sa palikuran bilang pagpapakita ng paggalang. Gayunman, may ilang paaralang naniniwalang hindi lámang sa mga nabanggit na kilos maipapakita ang paggalang sa kapuwa, bagkus makikita rin ito sa paraan ng pananalita at kung paano tumutugon ang estudyante sa kanyang kapuwa estudyante at maging sa kanyang mga guro. Sa halimbawang ito, makikita na nagkaroon ng kalayaan ang ilang paaralan na piliin ang kanilang ninanais o pinaniniwalaang batayang etikal. Kung kayâ, may ilang opsiyon ang mga estudyante upang ipamalas ang kanilang etikal na gawi. Sa huli, ang kalooban ng tao ay masasabing isang praktikal na aspekto ng katwiran na tumutukoy sa kanyang kakayahang na kumilos nang naaayon sa kanyang mga kinikilalang prinsipyo o batas (Atwell, 1986).

Mula sa talakayan sa pagitan ng mabuti at masama hinggil sa prinsipyo ng etika, titingkad ang usapin ukol sa pagkakaroon ng mabuting kalooban bilang isang pamantayan o batayan sa prinsipyo ng etika, sapagkat dito nagsisimula kung paano tutugon at mabubuhay ang tao na kaugnay sa kanyang kapuwa o sa mga táong nása paligid niya (Paton, 1948; Mabaquiao, 2006).

Mula sa kilos at ugnayang ito ng tao at kanyang kapuwa, masusuri at makikita ang mabuting kalooban bilang batayan ng moralidad o etika. Ang pag-unawa sa batayang etikal ay naglalahad din ng dikotomiya ng pagiging mabuti at masama ng kalooban. Dagdag pa, tumingkad ang konsepto ng utang na loob at kagandahang-loob sa pag-unawa sa batayang etikal o pagpapahalaga ng tao sa kanyang kapuwa.

E. Ang Kalooban Bilang Ugnayan sa Diyos

Hindi rin naiiba ang kalooban bilang salalayan ng etika sa kalooban bilang ugnayan sa Diyos dahil may pagpapaliwanag din ito hinggil sa konsepto ng utang na loob at kagandahang-loob na bahagi ng kalinangan, kamalayan ng tao, at maging sa usapin ng pagpapakatao. Dagdag pa, saklaw ng konsepto at kalikasan ng kalooban ang ugnayan sa pagitan ng tao at ng Diyos (Lanaria, 2014). Ang pag-ugnay ng tao sa kalooban ng Diyos ay tinitingnan bilang pagbibigay-hudyat at gabay sa kung ano ang dapat gawin ng tao hinggil sa kanyang pamumuhay at maging sa usapin

ng pakikitungo sa kanyang kapuwa. Ang ugnayang ito ay magiging batayan ng pagiging buo at ganap ng tao, sapagkat bibigyang-linaw ng kalooban ng Diyos ang layunin o mithiin ng tao sa kanyang búhay (Mercado, 1972). Kung kayâ, hindi lámang sa usapin ng sikolohikal-sosyolohikal na loob-kapuwa dinidiskurso ang konsepto ng loob, bagkus may pagninilay rin ito sa usaping teolohikal. Mula sa pagdiskuro ni Ramos (2017), ang loob ay hindi mahihiwalay sa diskurso ng relihiyon, dahil nása kamalayan na ng mga Pilipino ang pagiging relihiyoso (Rebustillo, 2017).

Matingkad din ang pilosopiya ng kalooban nasiyag nagpapatibay ng ugnayan ng katawan, kaluluwa, at espiritu. Ang relasyon ng tatlo ang nagpapatunay ng pagiging holistiko ng mga Pilipino sa usapin ng relihiyon (Mercado, 1972). Pinatotohanan ni Capaque (2007) na ang loob bilang kalooban ay lumilikha ng mga kadahilanan at emosyon na siyang nagbibigay-daan sa tao upang mapagtanto ang kanyang mithiin sa búhay o kayâ naman makilala niya ang sarili bilang may kaugnayan sa kanyang Diyos.

Diniskurso naman ni De Mesa (1987) ang loob bilang lagusan ng kabutihan. Ayon sa kanya, ang pagkikisangkot ng mga Pilipino sa kalikasan ng kagandahang-loob ay maituturing na ebolusyon ng konsepto ng loob na siyang tumutulay sa pag-ibig ng Diyos. Kung gayon, ang kagandahang-loob na ito ay siyang patuloy na nagbubuklod sa dalawa.

Ang pagdidiskurso sa loob sa konteksto ng relihiyon ang nagpapatitingkad sa kalikasan at konsepto ng kalooban upang bigyang ningas ang ugnayan nito ng loob ng mananampalataya sa kanyang Diyos na pinaglilingkuran (Caranzo, 2015). Bagama't nagmula ito sa salitang-ugat na loob, ang kalooban ay maituturing na karaniwan at ganap sa usapin ng relihiyon, sapagkat ito ay umaangkla sa ugnayan hinggil sa loob ng tao at Diyos (Reyes, 2015). Gayundin, ang konsepto ng kalooban ay pumapagitna sa puwang sa pagitan ng dalawa upang mas makalikha ng matibay na pundasyon ng pakikiisang-loob. Hindi lámang sa usapin ng pakikiisang-loob makikita ang ugnayan ng dalawa, sapagkat may sinasabi rin ito hinggil sa pagsunod sa mabuting prinsipyo at kung ano ang nararapat na gawin ng loob ng tao sa kanyang mundong ginagalawan (Mabaquiao, 2006). Sa madaling salita, nabibigyang linaw rin ng kalooban ang mga katanungan at agam-

agam ng loob ng tao upang makarating siya sa dapat niyang paroroonan at maunawaan kung ano ang makabubuti para sa kanyang buhay.

Itinuturing ang kalooban bilang esensiyal na sisidlan ng kamalayan sa konteksto ng espiritwalidad, na pinakahulugan bilang isang sentral at mahalagang gámit ng relihiyon (Hill, 2000). Lunsaran ang relihiyon sa pakikiisa ng katawan at kaluluwa sa kinikilalang Diyos, na nagdudulot ng kaghinawaan, gaya ng pag-asang nililikha ng relihiyon hinggil sa pagkatao at búhay ng mga Pilipino (Covar, 1998). Sa pag-aaral ng espiritwalidad, lumilitaw ang dalawang temang kaugnay nito; penomenolohikal na karanasan at pagkakaugnay-ugnay sa Diyos at kapuwa. Dahil sa tumutukoy ang espiritwalidad sa isang maka-Diyos na karanasan, itinuturing itong isang panloob na bagay. Sa madaling salita, nása kaibuturan ito ng isang tao. Sa usaping ito, tumutugon ang tao sa kung ano ang nakapag-iisa sa kanya nang higit pa kaysa sa kung ano ang nakapaghihiwalay sa kanya. At sa madalas na pagkakataon, ang pagtugon ng tao sa kung ano ang nakapag-iisa sa kanya ay tumutungo sa kanyang magandang ugnayan sa kapuwa at Diyos. (Yabut, 2013).

Ang konsepto ng kalooban ay mas napapalalim pa kung pagninilayan o pag-aaralan ito mula sa konteksto ng relihiyon o espiritwalidad. Hindi lámang ito sisidlan ng kamalayan, bagkus nagsisilbing gabay ang kalooban sa kung paano kikilos ang loob ng tao sa kanyang pang-araw-araw na pamumuhay (Capaque, 2007). Kung gayon, ang kalooban ang umuudyok sa loob ng tao upang lumakad sa katwiran na naayon sa moralidad o batas ng Diyos upang hindi siya mapahamak sa landas na kanyang tatahakin. Sa kabuonan, may manipestasyon ang kalooban sa usapin ng relihiyosidad sa kung paano nabubuksan ang loob ng tao o mananampalataya patungo sa kalooban ng Diyos.

Mula sa limang antas ng pagtatalakay hinggil sa konsepto ng kalooban, mababanaag na malaki ang saklaw nito sa kalikasan ng tao na kaugnay sa kanyang kapuwa, karanasan, damdamin, etika, kamalayan, kultura, at maging sa usapin ng espiritwal na paniniwala o pananampalataya. Makikita rin na magkakaugnay ang mga ito; at ang ugnayang ito ay siyang nagpapaliwanag at nagpapatingkad sa mga penomenang esensiyal sa diskurso ng kalooban, gaya ng ugnayan ng loob ng tao sa kapuwa at sa kanyang kinikilalang Diyos.

II. Pagpapakilala sa Jesus Miracle Crusade International Ministry (JMCIM)

A. Kasaysayan ng JMCIM

Itinatag ang Jesus Miracle Crusade International Ministry (JMCIM) nina Pastor Wilde E. Almeda at ng kanyang asawang si Asst. Pastor Lina C. Almeda noong Pebrero 14, 1975 sa Novaliches, Quezon City, Metro Manila. Unang nangaral ang mag-asawa sa mga residente ng Urduja, Novaliches, na noon ay binubuo pa lámang ng apat na pamilya. Nairehistro ang naturang samahán noong 1983 sa Securities and Exchange Commission (SEC) — Philippines (Severino at el., 2007).

Mula sa lalawigan ng Surigao Del Sur ang mag-asawang Almeda. Noon ay nagdurusa si Wilde Almeda sa karamdamang insomnia sa loob ng anim na taon. Madalas hindi siya nakakatulog nang maayos at halos dalawa o tatlong oras siya ay naglalakad nang tulog gabi-gabi. Ang insomnia ay dulot ng labis na pagsusumikap niya sa pangangampanya sa politika para sa kapangyarihan at kayamanan. Subalit nang siya ay bahaginan ng salita ng Diyos ng isang Pilipinong misyonerong si Corazon Gatdula, na may kaugnayan sa grupong *pentecostal*, siya diumano ay lubusang pinagaling ng Diyos. Mula noon, siya ay nagsimulang maglingkod sa Diyos sa pamamagitan ng doktrina ng *apostolic (oneness) pentecostalism* (Almeda-Smith, 2015).

Sinasabing ang Amerikanong misyonerong si John Willhoite ang pinagmulan ng JMCIM, isa sa pinakamalaking samahán ng *apostolic (oneness) pentecostal* sa bansa. Noong huling bahagi ng 1970, ang pamilyang John Willhoite ay nagtungo sa Pilipinas bilang mga misyonero kasama ang Apostolic Ministers Fellowship (Smith, 2015).

Naging matunog na paksa ang JMCIM nang umakyat si Pastor Wilde Almeda at kanyang labindalawang prayer warriors sa bundok ng Talipao, Jolo, Sulu noong 2000. Mithiin nilang palayain ang mga bihag na Pilipino at banyaga mula sa kamay ng Abu Sayyaf Group (ASG) bilang pagtugon sa utos ng kanilang Diyos (De Leon, 2000).

B. Ang JMCIM at Apostolic (Oneness) Pentecostalism

Alinsunod sa *oneness pentecostalism* ang katuruan ng JMCIM, tumutukoy ito sa iisang Diyos sa tatlong manifestasyon o pagpapahayag; Diyos Ama, Diyos Anak, at Diyos Espiritu. Mula nang itinatag ang JMCIM ng mag-asawang Almeda, ang oneness pentecostalism o kilala rin sa tawag na *apostolic pentecostalism* o *Jesus' name pentecostalism* (Bowman, 1994) ang naging batayan ng doktrina o kultura ng nasabing kongregasyon. Ang kulturang ito ang humubog sa JMCIM bilang grupo ng mga mananampalataya.

C. Ang JMCIM bilang Kongregasyon

Itinuturing bilang kongregasyon ang JMCIM, sapagkat nagtitipon-tipon ang mga kasapi³ nito upang isagawa ang mga espirital na gawain o praktis, tulad ng pagpupuri, pag-aawit, pakikinig ng mga patotoo,⁴ at pag-aaral ng salita ng Diyos. Tinatawag din ang kongregasyon ng JMCIM bilang gawain ng Diyos ng mga kasapi nito, sapagkat naniniwala silang ang Diyos ang nagtatag ng nasabing kongregasyon; at ginamit si Pastor Wilde Almeda na manguna sa gawaing ito. Pinaniniwalaan din ng mga kasapi nito na hindi bahagi ng relihiyon ang JMCIM, bagkus isang relasyon sa Diyos. Gayunman, sakaling pumanaw, ikasal, o nag-aplay ng trabaho ang mga kasapi, ang inilalagay nila sa kanilang biodata o resumé ay *Born Again Christian* bilang relihiyon.

Gayundin, ang kongregasyon ng JMCIM ay sumasangguni sa bibliya bilang nag-iisang awtoridad sa lahat ng mga espirital na bagay. Yamang maraming bersiyon ang bibliya, itinakda ng JMCIM ang *King James Version* (KJV) bilang opisyal na sanggunian nito. Pinaniniwalaan din ng mga kasapi nito na ang bawat kagawian ng JMCIM ay isang pagtalima sa mga turo ni Kristo na matatagpuan sa banal na kasulatan (King, 2016).

Tulad ng marami sa mga grupo ng oneness Pentecostal, masidhing binibigyang-diin ng JMCIM ang *soteriology* o doktrina ng kaligtasan

na matatagpuan sa aklat ng Gawa 2:38, na nagsasaad ng pagsisisi, bautismo sa tubig sa pangalan ni Hesukristo para sa kapatawaran ng mga kasalanan, at pagtanggap ng bautismo ng Banal na Espiritu na mapatutunayan sa pagsasalita ng ibang wika. Ang paniniwala tungkol sa bautismo sa pangalan ni Hesus ay nauugnay sa kanilang ganap na pananaw tungkol sa iisang Diyos; tinatanggihan nila ang tradisyonal na doktrina ng Trinitarian. Marahil ito ang pinakanatatanging bahagi ng kanilang doktrina. Dagdag pa, may pokus ang JMCIM sa pagpapatibay ng pananampalataya at pagbabago ng buhay mula sa pagkalulong sa droga, mga problema sa pag-aasawa, at iba pang mga personal na isyu sa buhay (Goh, 2005).

D. Mga Kagawian at Paniniwala ng mga Kasapi ng JMCIM

Sa katunayan, noong 2011, naglabas ang JMCIM ng *preacher's handbook* na may 252 pahina na nása wikang Filipino at Ingles. Nakasaad dito ang layunin ng mga karaniwang tagubilin para sa lahat ng mga ministro o mangangaral na sumasaklaw sa mga paksang may kaugnayan sa espirital na paniniwala o kagawian, kabilang ang doktrina at kung paano magsasagawa ang JMCIM hinggil sa kasal, paghahandog sa bata, at iba pa (King, 2016). Ang sumusunod ay ang praktis sa kongregasyon ng JMCIM:

Mga Pangunahing Selebrasyon ng JMCIM

Mayabong ang mga pagdiriwang ng JMCIM. Sa katunayan, ang kongregasyon ay may tatlong pangunahing selebrasyon; kapanganakan ni Pastor Wilde Estrada Almeda, anibersaryo ng JMCIM, at anibersaryo ng Talipao Peace Mission. Ipinagdiriwang ng JMCIM ang kapanganakan ni Pastor Wilde Estrada Almeda tuwing ika 28 ng Hulyo. Sa tuwing sasapit ang ganitong selebrasyon, nagkakaroon ng magarbang pagsalubong sa nasabing Pastor bilang pagbati at paggalang. Madalas, siya ay lulan ng kanyang kotse na sinusundan ng marami pang sasakyan,

³ Ang mga kasapi ng JMCIM ay mas kilala sa tawag bilang mga kapatiran sa konteksto ng JMCIM. Nahahati ito sa dalawang klasipikasyon; baguhan at datihan. Ang baguhan ay tumutukoy sa mga bagong kasapi, habang ang datiha ay tumutukoy sa mga kasaping bumilang na ng mahabang taon sa paglilingkod sa Diyos sa kongregasyon ng JMCIM.

⁴ Ang patotoo ay tumutukoy sa pagpapahayag ng mga himalang naranasan ng kasapi nito, tulad ng paggaling mula sa malubhang sakít, pagbabago ng buhay, at pagpapalang natamo niya buhat sa Diyos.

habang nakahilera ang mga miyembro ng koro o mang-aawit at mga ordinaryong kasapi na nagwawagayway ng mga puting watawat.

Samantala, ipinagdiriwang ang anibersaryo ng JMCIM tuwing ika-14 ng Pebrero. Kung hindi sumakto ang naturang petsa sa araw ng linggo, pinipili na lámang ang ikalawang linggo ng Pebrero. Madalas, nagtitipon-tipon ang mga kasapi mula sa iba't ibang gawaing pangkomunidad upang makiisa sa pagdiriwang ng nasabing anibersaryo.

At ang huli ay ang anibersaryo ng *Talipao Peace Mission* na ipinagdiriwang tuwing ikalawa o ikatlong linggo ng Oktubre bílang paggunita sa matagumpay na misyon at mga himalang mula sa Diyos sa bundok ng Talipao, Jolo, Sulu. Matagumpay ang pagpapalaya sa mga bihag at maging ang pagbabalik ni Pastor Wilde Estrada Almeda at labindalawang (12) *prayer warriors* sa Maynila. Ang pangyayaring ito ang sinasabing pinakamatagumpay na misyon ng JMCIM na nagpatibay sa pananampalataya ng mga kasapi nito hanggang sa kasalukuyan. Kayâ, tuwing taon ay ipinagdiriwang nila ito bílang pasasalamat at pagninilay sa mga himalang naganap sa mapanganib na lugar na kinaroroonan ng Abu Sayyaf Group (Smith, 2015).

Ang nabanggit na tatlong pangunahing selebrasyon ng JMCIM ay madalas idinaraos sa Amoranto Sports Complex, Quezon City; Luneta Park, Manila; at CCP Open Grounds, Pasay City dahil sa milyon-milyong kasapi ng JMCIM sa iba't ibang dáko ng mundo ang nagtitipon-tipon at nakikiisa sa mga pagdiriwang ito.

“Services”

Ang JMCIM ay may tatlong “services”⁵ o pananambahan sa loob ng isang linggo; Linggo (10- 5 ng hapon), Miyerkoles (1-6 ng hapon), at Biyernes (1-6 ng hapon). Madalas, isinasagawa ang pag-aalay⁶ ng papuring awitin tuwing Biyernes, isang magdamagang pagpupuri. Bago nagkaroon ng pandemya, sa Amoranto Sports Stadium sa Lungsod Quezon malimit idinaraos ang kanilang pagtitipon upang isagawa ang espiritwal na gawain gaya ng pagpupuri sa kanilang Diyos. Ang programa ng JMCIM ay binubuo ng mga papuring

awitin (*joyful at solemn songs*), mga patotoo, pagbibigay ng ikapu't handog, at pag-aaral ng salita ng Diyos. May inilalaan ding oras ang JMCIM sa pagpapayo at *back-up prayer* para sa mga kasapi nito.

Pagpapahayag sa mga Himala Mula sa Diyos

Sa bawat “service” ng JMCIM, laging pinag-uusapan ng mga kasapi nito ang mga himala ng Diyos sa kanilang mga búhay, gaya ng pagpapagaling ng kanilang mga karamdaman, kaligtasan mula sa panganib, pagbabago ng búhay, at mga pagpapalang natatamo nila sa araw-araw. Ang madalas na pagpapahayag ng mga kasapi nito ng JMCIM sa mga himala ay ibinatay nila sa mga pangako ng Diyos, partikular sa paghihimala ni Hesus sa Israel. Para sa mga kasaping ito, ang mga himalang naganap at nagaganap ay isang palantadaan ng pagiging tunay ng kongregasyon na nilalakipan ng kapangyarihan ng Diyos. Dagdag pa, ang mga himalang ito ay pinapatotoo ng mga kasapi dahil naniniwala sila na nararapat na ipaalam ang mga himalang nagmula sa Diyos upang madakila ang kanyang pangalan; at gayundin, upang lumago ang pananampalataya ng iba pang mga kasapi, at higit sa lahat, upang marami pang tao ang makaalam na may Diyos na naghihimala. Ang isa sa mga himalang madalas na pinag-uusapan ng mga kasapi ay ang tagumpay ng *Talipao Peace Mission*.

Mahabang Pagpupuri

Naglalaan ang JMCIM ng mahabang oras sa pagdarasal at pagpupuri upang maabot ang pamantayan ng Diyos. Mula sa mahabang pagpupuring ito sa pamamagitan ng pagpalakpak at pagtaas ng kamay, pag-indak, at pag-iyak sa Diyos, naniniwala ang mga kasapi nito na ang mahabang pagpupuri ay nakakapagbigay-lugod sa kanilang Diyos. Gayundin, naniniwala sila na sa pamamagitan ng mahabang pagpupuri, binibigyan sila ng kapangyarihan ng kanilang Diyos na magpagaling ng mga may karamdaman at magpalayas ng mga diyablo sa pangalan ni Hesus sa unang panalangin ng kanilang Pastor Wilde Almeda.

⁵ Ang “services” ay ang tawag sa pananambahan o pagtitipon-tipon ng mga kasapi ng JMCIM kung saan nakasentro sa pagpupuri, pakikinig ng patotoo, at pag-aaral ng ebanghelyo.

⁶ Ang pag-aalay ng papuring awitin ay tumutukoy sa pag-awit sa Diyos sa entablado o mas tinatawag ng JMCIM bílang banal na pulpito.

Pag-aaral ng Salita ng Diyos at Krusada

May mga idinaraos ding mga pag-aaral ng salita ng Diyos (*bible study*) at krusada ang kongregasyon ng JMCIM sa iba't ibang lugar sa Pilipinas at maging sa ibayong dagat. Kalimitan, ang haba ng pag-aaral ng salita ng Diyos ay umaabot ng apat hanggang anim na oras sa pastoral at *fasting houses* sa iba't ibang gawaing pangkomunidad. Samantala, ang mga krusada⁷ ay idinaraos sa loob ng ilang araw sa mga lugar na malimit puntahan ng mga tao tulad ng parke. Ang JMCIM ay naglulunsad ng mga krusada na bukás para sa lahat at ipakilala sa lahat ng mga tao na si Hesus ang Diyos at tagapagligtas.

Bautismo sa Tubig sa Pangalan ni Hesus

Ang bautismo sa tubig sa pangalan ni Hesus ay tumutukoy sa paglubog sa tubig ng mga baguhan o mga bata na edad pito (7) at pataas. Bago maging ganap na mga kasapi ng JMCIM, kinakailangang mabautismuhan sila sa tubig sa pangalan ni Hesus. Malimit, pinatatanggal ng mga mang-aawit ang mga damit pantaas at pambaba ng mga babautismuhan; at pinapasuot sila ng *robe* upang hindi mabasa ang kanilang mga damit. Bago sila bautismuhan, may mangangaral na magpapaliwanag ng kahalagahan ng bautismo sa tubig sa pangalan ni Hesus at ipananalangin sila kinalaunan. Habang isinasagawa ang bautismo sa tubig, umaawit ng mga papuring awitin ang mga miyembro ng koro.

Pag-aayuno

Sa mga pastoral at fasting houses dumadako ang mga kasapi sa tuwing sila ay

nag-aayuno. Madalas na tumatagal ito ng tatlong araw. May ilan naman na nakakaya ang ilang linggo at minsan pa ay *absolute* o walang inumin. Ang pagpunta sa mga fasting houses ng mga kasapi ay naging praktis na ng JMCIM. Ang layunin nito ay upang magsumamo sa kanilang Diyos na sila ay tulungan sa kanilang mga suliranin o daing; at paraan din ito ng pagpapasalamat sa kanilang Diyos sa mga pagpapalang kanilang natatamo. Pinag-aayuno rin ng pamilyang Almeda ang mga kasaping nais maging mangangaral, manggagawa, manunugtog, at mang-aawit bago sila maging ganap na mga kasapi ng mga nabanggit na katungkulan, Ang prosesong⁸ ito ang nagiging batayan nila kung sila ay nararapat magkaroon ng mga katungkulan sa kongregasyon ng JMCIM.

Paghahayo

Masigasig ang mga kasapi ng JMCIM sa paghahayo⁹ upang mas maraming makaalam sa salita ng Diyos at sa nasabing kongregasyon, lalo na sa mga táong hindi pa kasapi ng JMCIM¹⁰. Ang ganitong gawain ng JMCIM ay ibinatay nila sa paglalakbay ng mga disipulo ni Hesus sa iba't ibang lugar upang palaganapin ang salita ng Diyos. Mula sa paghahayong ito, maraming tumatanggap sa Diyos.¹¹ Madalas ang paghahayong ito ay nagaganap bago ang malalaking pagdiriwang, gaya ng anibersaryo ng JMCIM at ng *Talipao Peace Mission*.

Pagsasalita ng Iba't Ibang Wika

Malimit, ang pagsasalita ng iba't ibang wika ng mga kasapi ng JMCIM ay nagaganap sa tuwing nagpupuri ang mga ito, partikular

⁷ Ang krusada ay tumutukoy sa pagdaraos ng “services” o pananambahan sa iba't ibang dáko ng Pilipinas o maging sa ibang bansa. Ang layunin nito ay upang marami pang makakilala sa Diyos sa pamamagitan ng kongregasyon ng JMCIM.

⁸ Ang prosesong ito ay mas kilala sa tawag na *under observation*. Malimit, tumatagal ito ng ilang buwan bago maging ganap na mga kasapi ng mga nasabing katungkulan.

⁹ Ang hayo o *sounding* ay tumutukoy sa pagbabahagi ng mga *leaflets* at salita ng Diyos sa mga lansangan, kalsada, barangay, at iba pang lugar. Madalas na ginagawa ito sa pamamagitan ng *motorcade*, tumutukoy sa pagpapatugtog ng mga papuring awitin habang nakalulan ang mga kasapi sa kani-kanilang mga sasakyan upang mag-anyaya sa mga tao na dumalo sa gawain o kongregasyon ng JMCIM.

¹⁰ Ang mga hindi pa miyembro o kasapi ng JMCIM ay tinatawag bilang mga táong nása sanlibutan. Tumutukoy ito sa mga táong hindi naglilingkod sa Diyos sa espiritu at katotohanan, hindi gumagawa sa kalooban ng Diyos, at sa mga táong hindi pa nakakatanggap ng bautismo sa tubig sa pangalan ni Hesus.

¹¹ Ang pagtanggap ng tao sa Diyos na resulta ng paghahayo ay kilala sa tawag na bunga, na tumutukoy sa mga táong bunga ng paghahayo ng mga kasapi nito ng JMCIM. Madalas, ang mga bunga ay ang mga kamag-anak o kakilala ng mga kasapi nito na nagpakilala at nagdala sa kanila sa kongregasyon ng JMCIM.

ang pag-awit ng mga miyembro ng koro. Sa kalagitnaan din ng kanilang pagpupuri at pagtangis, may mga kasaping nakakadama ng presensiya ng Diyos at sa oras na madama nila ito, sila ay napupuspos¹² at nagsasalita ng iba't ibang wika. Pinaniniwalaan ng mga kasapi ng JMCIM na hindi sila ang nagsasalita nito, bagkus ang Espiritu ng Diyos. Ang pagsasalita ng iba't ibang wika ay isa sa mga Espiritwal na gawain ng mga samahan ng *apostolic (oneness) pentecostal*, gaya ng kongregasyon ng JMCIM na masidhing naniniwala na ang espiritwal na gawain na ito ay palantandaan ng kanilang pagtanggap sa Espiritu ng Diyos.

Pagpapahaba ng Buhok

Mahaba ang mga buhok ng mga babaeng kasapi ng JMCIM, sapagkat naniniwala sila na ang pagpapanatili ng kanilang mahabang buhok ay isang kapurihan sa kanilang Diyos. Ang ganitong paniniwala ay ibinatay nila sa bibliya na nagsasaad na ang buhok ay ibinigay ng Diyos sa mga babae bilang kanilang pangtakip sa kanilang pagkababae. Sa katunayan, kinakailangang magtaglay ng mahabang buhok ang mga babaeng kasapi na ibig maging mang-aawit sa kongregasyon ng JMCIM.

Pagbibigay ng Ikapu't Handog

Ang ikapu't handog ay tumutukoy sa pagbibigay ng mga kasapi sa kongregasyon ng JMCIM ng sampung porsiyento (10%) mula sa kanilang kinita o natanggap na pagpapala. Ginagamit ang mga salaping ito sa mga gastusin ng buong kongregasyon, gaya ng rental, tubig, koryente, sa mga krusada, mga pagdiriwang, at iba pa. Samantala, ang praktis na ito ay ibinatay nila sa bibliya, na nagsasaad na ang pagbibigay ng ikapu't handog ay siyang susi ng pagpapala.

Konsepto ng Kabanalan

Ang kabanalan sa konteksto ng JMCIM ay hindi lámang makikita sa kilos at pananalita, gaya ng madalas na pagbigkas ng '*Hallelujah, Praise the Lord,*' bagkus matingkad din ang pamantayan nito sa pananamit na

naglalarawan ng kahinhinan at pagpipigil sa sarili, isang doktrinang madalas na tumutukoy bilang kabanalan. Ang mga babaeng kasapi ay may mahahabang kasuotan: damit pantaas (*long sleeves*) at palda. Habang ang mga lalaking kasapi ay may mahaba ring kasuotan: damit pantaas (*long sleeves*) at pantalon. Sa araw ng kanilang "service" o pananambahan, ang mga kasapi ay nakasuot ng puting damit. Kaugnay rin ng kabanalan ang hindi pagsusuot ng mga kasapi ng mga kuwintas, hikaw, singsing, o anumang alahas na inilalagay sa katawan, dahil naniniwala ang mga kasapi ng JMCIM na hindi ito katanggap-tanggap sa kanilang Diyos, sapagkat nagiging ugat lámang ito ng disgrasya at hadlang sa kanilang paglilingkod sa Diyos. Dagdag pa, ang pagpipinta o pagmamarka sa katawan ay hindi rin pinahihintulutan ng nasabing kongregasyon. Pinaninindigan ng mga kasapi ng JMCIM na sinisira lámang nito ang kabanalan o kadalisan ng templo ng Diyos. Ang kanilang mga katawan ay pinapaniwalaan nila bilang sisidlan ng Espiritu ng kanilang kinikilalang Diyos. Ang lahat ng kanilang paniniwala hinggil sa konsepto ng kabanalan ay ibinatay nila sa bibliya.

Paghahandog ng Sanggol

Nahahawig ito sa binyag ng katoliko, subalit naniniwala ang mga kasapi ng JMCIM na hindi pa nararapat binyagan ang sanggol, sapagkat sila ay wala pang mga kasalanan, bagkus sila ay nararapat na ialay sa Diyos sa pamamagitan ng pagpapanalangin sa kanila upang lumaki silang may tákot sa Diyos.

Pagiging Kasapi ng JMCIM

Upang maging mga ganap na kasapi ng JMCIM, kinakailangan na sila ay mabautismuhan sa tubig sa pangalan ni Hesus. Kaugnay nito ay ang iba pang reglamento ng kaligtasan, gaya ng masidhing pananampalataya, taos-pusong pagsisisi sa mga kasalanan, at bautismo sa banal na Espiritu. Pinaniniwalaan ng mga kasapi ng JMCIM na ang Diyos ang magsasagawa ng bautismo sa banal na Espiritu matapos sundin ng tao ang mga naunang tatlong reglamento. Kaakibat nito ay ang patuloy na

¹² Ang puspos sa JMCIM ay tumutukoy sa pagkilos ng banal na Espiritu ng Diyos sa mga kasapi nito. Madalas, kapag nararamdaman ang banal na Espiritu, ang mga kasapi ng JMCIM ay tumatangis, nagsasalita ng ibang wika, at may panginiging sa dalawang kamay habang nakataas ang mga ito.

pagdalo sa mga pananambahan ng nasabing kongregasyon upang lumago pa ang kanilang pananampalataya.

Paghuhugas ng Paa

Ang paghuhugas ng paa ng mga kasapi ng JMCIM ay isinasagawa tuwing buwan ng Abril. Pinapipila ang mga kasapi hanggang makarating sa isang mang-aawit (*finest choir member*) na naatasang maghugas ng mga paa. Ang praktis na ito ay naganap noong hinugasan ni Hesus ang mga paa ng kanyang labindalawang apostol habang isinasagawa ang huling hapunan. Naaayon ito sa bibliya bilang pagpapamalas ng kababaang-loob at pag-ibig na walang pag-iimbot.

Kasal

Bago mag-isang dibdib ang dalawang kasapi ng JMCIM, kinakailangang dumalo muna sila sa bible study na may pangangaral hinggil sa pag-aasawa at pagkakaroon ng pamilya. Sa araw mismo ng pag-iisang dibdib, may inilalaan na oras sa pagpupuri bago ikasal ang dalawang kasapi ng isang mangangaral. Sa katunayan, isa sa mga turo ng kanilang Asst. Pastor Lina Almeda ay ipanalangin ang nararapat na maging kabiyak nila sa buhay. Kung kayâ, malimit na walang proseso ng panliligaw ang pag-iisang-dibdib ng mga kasapi sa JMCIM. Pinapayuhan din ng pamilyang Almeda na mag-ayuno ang dalawang kasaping balak ng magpakasal upang malaman ang kalooban ng Diyos para sa kanila.

Lamay

May mga mangangaral at grupo ng mang-aawit na tumutungo sa mismong lugar kung saan ginaganap ang lamay upang ipanalangin ang kaluluwa ng kasaping namayapa na; at gayundin upang magdaos ng pagpupuri sa Diyos. Mahigpit na ipinagbabawal ng pamunuan ng JMCIM ang pag-*cremate* sa mga kasaping namayapa na, sapagkat naniniwala sila na mahalaga ang katawan ng mga Kristiyanong namayapa sa pagbabalik ng Diyos. Naniniwala rin ang mga kasapi ng JMCIM na ang kamatayan ng isang táong matuwid o Kristiyano ay isang pakinabang, dahil sa oras ng kanilang kamatayan ay siya namang pagdilat ng kanilang mga mata sa

piling ng Diyos sa kalangitan. Pinagdarasal din ng mga kasapi nito ang mga mahal sa buhay ng isang namayapa na sila ay aliwin o bigyan ng kapanatagan ng loob at kalakasan na harapin ang mga hindi inaasahang pangyayari gaya ng kamatayan ng tao.

Kapaskuhan

Mayabong ang pagdiriwang ng mga kasapi ng JMCIM sa kapaskuhan, dahil ito ang araw ng kapanganakan ni Hesus na kanilang Diyos at Tagapagligtas. Sa katunayan, sa unang araw pa lámang ng Disyembre, ikinakabit at inilalagay na ang Christmas tree at Christmas lights sa entablado o pulpito. Inaawit din ang mga awiting pamasko ng mga miyembro ng koro. At naglulunsad din ng mga Christmas party sa bawat organisasyong nakapaloob sa JMCIM, gaya ng mga mangangaral, manggagawa, mang-aawit, at iba pa. Gayundin, binibigyan ng regalo ang pamilyang Almeda bilang pasasalamat sa pangunguna at pangangalaga nila sa kongregasyon ng JMCIM. Samantala, naghahandog din ng mga aginaldo ang ibang mga kasapi sa mga mangangaral sa panahong ito. Dagdag pa, nagdaraos ang JMCIM ng mga konsiyerto na bukás sa lahat ng mga kasapi nito upang lubos na ipagdiwang ang mahalagang araw na ito ng kanilang Diyos. Sa araw na ito, pumupunta ang mga kasapi nito mula sa iba't ibang gawaing pangkomunidad sa main church sa Lungsod Quezon. Nakikiisa sila sa pagdiriwang sa pamamagitan ng kanilang mga awitan, pagsasadula sa kapanganakan ni Hesus, at mga temang may kinalaman sa kapaskuhan. Pinapaunlakan din ng pamilyang Almeda na magsama ang mga kasapi ng kanilang mga mahal sa buhay na hindi pa nabautismuhan sa pangalan ni Hesus o hindi pa miyembro ng JMCIM.

Mababanaag mula rito ang matingkad na kaibahan ng JMCIM sa ibang pang mga grupo ng relihiyon hinggil sa kagawian at pamantayan ng kanilang kongregasyon sa pangunguna ni Pastor Almeda; at gayundin sa pananampalataya na kanilang ibinabatay sa bibliya at sa mga turo mula sa mga nangunguna sa kanila. Mahalaga para sa mga kasapi ng JMCIM na masunod ang mga pamantayang ito sa paniniwalang sa pamamagitan nito, mapananatili nila ang magandang ugnayan sa Diyos. Gayundin, tinalakay na mahalaga sa JMCIM ang usapin ng pagdiriwang ng

Anibersaryo ng JMCIM, *Talipao Peace Mission*, at kaarawan ni Pastor Almeda, pagdalo sa *services* o pananambahan, pagpapatotoo o pagpapahayag ng mga himala ng Diyos, mahabang pagpupuri, pag-aaral ng salita ng Diyos, krusada, pag-aayuno, paghahayo, bautismo sa tubig sa pangalan ni Hesus, mahabang buhok ng mga kasaping babae, “*gift of tongue*,” pagbibigay ng ikapu’t handog, kabanalan na makikita sa kanilang kasuotan, kilos at pananalita, hindi pagtangkilik sa mga alahas at maging sa pagpipinta sa katawan, pag-aalay sa mga sanggol, pagiging kasapi ng nasabing kongregasyon, paghuhugas ng paa, kasal, lamay, at kapaskuhan. Ang mga ito ay isinasagawa sa JMCIM upang maisakatuparan ang kanilang mga gampanin bilang isang kongregasyon at bilang isang grupo ng mananampalataya na tumatalima sa mga turo ng kanilang kinikilalang Diyos.

III. Pagsusuri ng mga Pagpapakahulugan hinggil sa Kalooban

A. Ang Kalooban bilang Plano ng Diyos

Tumutukoy sa plano o kagustuhan, intensiyon, at hangad ng Diyos ang pagpapakahulugan sa kalooban. Ibig sabihin, inuunawa ito bilang serye ng mga pangyayari na ipinagkakaloob ng Diyos para sa kanyang mga anak. Ito ay sinasangguni ng mga Kristiyano upang sila ay magtagumpay sa buhay. Ang ganitong pagpapakahulugan at kalikasan hinggil sa konsepto ng plano ay mayabong sa mga awitin, patotoo, at pag-aaral ng salita ng Diyos ng mga kasapi ng JMCIM. Madalas, iniuugnay nila ang konsepto ng plano sa kalooban ng Diyos. Isa sa mga pag-aaral ng salita ng Diyos na kaugnay sa kalooban bilang plano ay ang sumusunod:

May magandang plano ang Mahal na Panginoong Hesus sa ating buhay. Umasa tayo sa kanyang kalooban kahit anuman ang mangyari. Patuloy nating ipamuhay ang kaloobang ito. Alam niya ang makabubuti para sa atin. Hindi niya tayo bibiguin (Cruz, 2020).

Mula dito, mahihinuha na tumutukoy ang konsepto ng plano sa kalooban o kagustuhan ng Diyos, anuman ang kalagayan sa buhay, pinaniniwalaan na ito ay magiging batayan

nila sa kung paano nila ipapamuhay ang mga turo ng Diyos. Kaugnay nito, pinaniniwalaan ng mga kasapi na ang kalooban ay maaaring gawin o balangkasin ng tao o ng Diyos, na magsisilbing gabay nila hinggil sa kanilang pamumuhay at pangarap. Subalit, mas pinipili ng mga kasapi ang plano ng Diyos, sapagkat nananampalataya sila na batid ng Diyos ang anumang makabubuti para sa kanila. Sa kabilang dako, ang pagtitiwala sa kanilang sariling plano ay iniuugnay nila sa pagsunod sa sariling kalooban, na itinuturing nilang limitado, sapagkat walang kakayahang makita ng tao ang hinaharap.

Para sa mga kasapi, ang pagtamo ng masagana, mapayapa, ligtas na pamumuhay, at buhay na walang hanggan ay bahagi ng malaking plano ng Diyos para sa kanila (Almeda, 1995). Una, ang masaganang buhay ay tumutukoy sa mga pagpapala, gaya ng pinansiyal, materyal, pisikal, at higit sa lahat sa espiritwal na aspekto. Ikalawa, ang mapayapang buhay ay nangangahulugang kahit nasa gitna ng mga suliranin, batid ng mga kasapi na may Diyos silang matatawagan. Dahil sa relasyon nila sa Diyos, nagkakaroon sila ng kapayapaan sa kanilang puso at isipan. Ikatlo, ang ligtas na pamumuhay ay tumutukoy naman sa pagtamo ng kaligtasan mula sa mga nakaambang panganiib, gaya ng mga kalamidad, aksidente, malubhang karamdaman, at maging kamatayan. At ang huli ay ang buhay na walang hanggan na para sa mga kasapi ay makakamtam nila sa kalangitan sa oras ng pagbabalik ng kanilang Diyos. Isa sa mga patotoo na kaugnay nito ay ang sumusunod:

Batid ko na makabubuti sa amin ang plano ng Dakilang Diyos, siya ang nakaaalam ng lahat, kaya kahit na nahihirapan kami, patuloy kaming mananampalataya sa kanyang perpektong plano, dahil ‘ang ang kalooban ng Diyos (Patotoo 1).

Samakatwid, naniniwala sila na ang lahat ng plano o kalooban ng Diyos ay makabubuti para sa kanilang buhay. Kung minsan, kahit sila ay nahihirapan, nananalangin sila sa kanilang Diyos na bigyan sila ng kalakasan at katatagan ng loob upang patuloy na masunod ang kanyang plano. Nasa praktis na nila na hindi kuwestyunin ang mga planong ito, sapagkat nananalig sila na tapat ang Diyos

sa kanyang mga gawa. Samantala, bunsod ng madalas na paggamit ng mga kasapi hinggil sa salitang kalooban sa kanilang mga papuring awitin, patotoo, pag-aaral ng salita ng Diyos, at maging sa kanilang pagtatalastasan sa isa't isa, nagkaroon na ito ng pagpapaikli: loobin, nangangahulugan itong kung ano ang loobin o plano ng Diyos, iyon ang magaganap. Sa katunayan, madalas na marinig ito sa kanilang mga patotoo at isa na rito ay ang sumusunod:

Loobin, makakasakay po ako ng barko sa susunod na linggo. Kung anuman pong kahihinatnan, alam ko pong ito ang plano ng Diyos at malugod ko po itong tatanggapin (Abribado, 2020).

Mahihinuha na ginamit ang loobin bilang isang pagdidiin sa plano ng Diyos para sa kanilang búhay, na maituturing na isang katibayan ng kanilang paniniwala at pagtugon sa Diyos. Inilalapat din nila ang plano ng Diyos sa pag-abot ng kanilang mga pangarap, na lantarang makikita sa kanilang patotoo:

Akala ko hanggang dito na lámang ako. Dahil hindi ako nakatapos ng pag-aaral, naging mahirap sa akin ang makapagtrabaho sa magandang kompanya. Kaya tinanggap ko na po na wala akong mararating sa búhay. Subalit may magandang plano pala ang Diyos sa akin. Mas mataas pa palá ang pangarap niya sa aking búhay, nagkaroon ako ng mga negosyo, bahay, lupa, at mga sasakyan. Inihanda lang pala ako ng Mahal na Panginoong Hesus sa malaking pagpapalang ito. Kayâ, hanggang ako ay nabubuhay sa daigdig, patuloy ko pong ipagsasabi ang kabutihang ito ng Diyos sa aking búhay (Patotoo 2).

Mapapansin na ginamit ang plano ng Diyos upang ilahad na mas epektibo at mainam ito kaysa sa inaasahan o iniisip ng kasapi hinggil sa pagtamasa ng kanyang mga pangarap. Makikita rin dito na kahit tila may pagsuko sa panig ng kasapi hinggil sa pag-abot ng kanyang mga mithiin sa búhay, patuloy niyang ipinapatotoo na may magandang plano at layunin ang Diyos sa kanya. Gayundin, isa pa sa mga inuugnay sa kalooban, bukod sa plano, ay ang gabay. Makikita ito sa kanilang patotoo:

Tunay na naging gabay sa akin ang kalooban ng Mahal na Panginoong Hesus sa kursong pipiliin ko sa kolehiyo. Noong una, hindi ko talaga alam kung ano ang para sa akin, ngunit nang sundin ko ang kalooban ng Diyos, nagpuri ako at nag-ayuno, naging malinaw na sa akin kung anong kurso ang nararapat kong kunin (Patotoo 3).

Mapapansin mula dito na ang kalooban ay ginamit ding gabay ng kasapi. Ang ganitong sitwasyon ay hindi na iba sa marami pang kasapi. Tinitingnan nilang gabay ang kaloobang ito ng Diyos, partikular sa mga bagay na sila ay nagugulumihanan. Lagi silang humihingi ng tulong sa Diyos na sila ay gabayan sa anumang bagay na gagawin nila. Naniniwala sila na sa oras na sila ay tumalima sa kalooban ng Diyos, magdudulot ito ng magandang resulta. Ang kalooban bilang plano ng Diyos ay isang proseso para sa mga kasapi nito. Batid nilang kailangan din nilang kumilos, bukod sa manalangin at magpuri. Samakatwid, ang pagtamasa sa planong ito ay may kaakibat na pagsusumikap at pagtitiis. Kung kayâ, naging kagawian ng kongregasyon ng JMCIM na umasa sa perpektong plano ng Diyos, subalit batid nilang kailangan sabayan din ito ng gawa upang maganap ang kalooban ng Diyos para sa kanilang búhay.

B. Ang Kalooban bilang Pagpapasya ng mga Kasapi

Ang pagpapasya ng tao ay maaaring sumaklaw sa gabay o kalooban ng Diyos at maging sa kanyang sariling kagustuhan. Maituturing itong proseso, na siyang humuhubog sa kanyang pinal na pasya hinggil sa kanyang búhay o anumang bagay na kinakailangan ng pagpapasya. Mula sa usapin hinggil sa plano ng Diyos, tumutungo naman ito sa pagpapasya. Ang paggamit ng kalooban, lalo na sa pag-aaral ng mga kasapi ng salita ng Diyos, ay may dalawang ibig pakahulugan; ang kalooban ng tao at kalooban ng Diyos. Ayon sa mga kasapi ng JMCIM, ang pagtupad sa kalooban bilang plano ng Diyos ay tiyak na may mabuting maidudulot kaysa sa pagsunod sa kanilang sariling mga kalooban. Makikita ito sa kanilang pag-aaral ng salita ng Diyos:

Mainam ang plano ng Diyos sa ating búhay. Manampalataya táyo sa kanya, dahil kailanman ang kalooban ng Mahal na Panginoong Hesus ay para sa ating kabutihan at kapakanan. Magsisilbing gabay ang kalooban ng Diyos, subalit nása atin pa rin ang pagpapasya kung susundin natin ito. Kalooban ng Diyos kung ito ay makabubuti sa atin (Blanco, 2020).

Mahihinuha mula rito na ang kalooban ng Diyos ay magsisilbing gabay ng mga kasapi, subalit ang hulíng pasya ay nása kamay pa rin nila. Nananampalataya ang mga kasapi na hangad ng Diyos ay para sa kanilang kabutihan. Ang paniniwalang ito at maging ang kanilang sitwasyon ay siyang magpapabuo ng kanilang kalooban upang magpasya sa anumang bagay na kanilang kahaharapin sa búhay. Madalas maganap ang kalooban bilang pagpapasya sa tuwing ang mga kasapi ay nagbabalak ng magkaroon ng sariling pamilya. Isa sa mga turo sa kanilang kongregasyon ay ang pagsangguni sa plano ng Diyos hinggil sa kanilang magiging kabiya sa búhay. Kung kayâ, maraming kasapi na sinusunod ang kaloobang ito ng Diyos. Yamang may malayang pagpapasya o free will ang mga kasapi, may mga pagkakataon na hindi nila nasusunod ang kalooban ng kanilang Diyos. Naniniwala sila na ang hindi pagsunod dito ay may kaakibat na kapahamakan at kabiguan. Bunsod nito, nagsisisi ang mga kasapi sa kanilang mga kasalanan at kakulangan bilang mga Kristiyano upang sila ay kahabagan ng kanilang Diyos.

Bagama't limitado ang kakayahan ng tao sa pagsunod sa kalooban ng Diyos, dahil na rin sa sitwasyong kanilang pinanggagalingan, madalas na pinapayuhan ng mga mangangaral ang mga kasapi na ang kalooban ay magiging gabay nila sa kanilang pamumuhay, na siyang magpapalapit sa kanila sa tugatog ng kanilang mga pangarap. Ang tungkulin ng mga kasapi ay magpasya kung sila ba ay papasakop sa kalooban ng Diyos o sila ba ay susunod sa sarili nilang kalooban. Kung kayâ, anuman ang maging resulta nito ay nakadepende na sa kanilang mga gawi at pagpapasya. Halimbawa na lámang nito ang hindi pagbibigay ng ikapu't handog sa Diyos ng ilang kasapi. Ang pagbibigay ng ikapu't handog ay tinuturing ng mga kasapi bilang kalooban ng Diyos. Sa hindi inaasahang pagkakataon, may ilang kasapi ang hindi nakasusunod sa kaloobang ito, sapagkat

nauna na nilang gastusin ang nasabing handog sa kanilang mga babayaran sa kuryente, tubig, matrikula, at iba pa. Sa oras na hindi nila nasunod ang kaloobang ito, pinapatotoo nila na sila ay pinapaalalahanan ng kanilang Diyos, gaya ng pagpapaisip sa kanila ng kanilang pagkukulang o pagkakamali. May ilang nagpapatotoo na sila ay naaksidente o nadigrasya sa kanilang pagmamaneho, at sa oras na nangyari iyon, pinapaisip sa kanila ng Diyos ang kanilang pagkukulang hinggil sa hindi nila pagsunod sa kalooban ng Diyos.

Gayunman, sa madalas na pagkakataon, tumimo sa mga kasapi na makipag-ugnay sa Diyos sa gitna ng kahirapan, kagipitan, at suliranin. Kung minsan pa, kahit ito ay labag sa kanilang kalooban, ipinagkakatiwala na lámang nila ang kanilang búhay sa kalooban ng Diyos, sa paniniwalang ang lahat ng mabubuting bagay ay mula sa Diyos; at gayundin, higit sa sinuman, ang kanilang Diyos ang may kakayahan na pagpalain sila.

C. Ang Kalooban bilang Pahintulot mula sa Diyos

Ang salitang pahintulot ay tumutukoy sa pagsang-ayon, na tinitingnan bilang kalooban ng Diyos na isakatuparan ang isang bagay. Madalas, ang pahintulot ay nagmumula sa mga maykapangyarihan gaya ni Hesus, na siyang kinikilalang Diyos ng JMCIM.

Mayabong ang pagtalakay sa konsepto ng pahintulot ng mga kasapi, sapagkat para sa kanila, ang Diyos ang siyang may awtoridad upang magpahintulot sa mga bagay na dapat maganap. Sa katunayan, ang kalooban ay madalas iniugnay ng mga kasapi sa pagpapahintulot ng Diyos, na lantaran makikita sa kanilang mga patotoo:

Sabi ko sa Mahal na Panginoong Hesus, kung kalooban mo Diyos na mabuhay pa ang aking anak, lalo po kaming magpapakainit sa paglilingkod sa iyo, kung hindi mo man ito pahihintulutan, tatanggapin po namin ito nang buong puso (Garcia, 2020).

Naniniwala ang kasapi na ang lahat ng kalooban ng Diyos ay nangangahulugang may pahintulot mula sa kanya na maganap ang isang bagay. Kaya kahit labag sa kalooban ng ilan, nananampalataya pa rin sila na kung ito ay kalooban ng Diyos ay ito ang siyang

magaganap. Madalas din na pinapasalamatan nila ang Diyos, kahit pa hindi pinahintulutan ang kanilang mga panalangin, sapagkat batid nilang lahat ng bagay ay hayag sa Diyos. Ilan lámang sa konteksto ng kalooban bílang pahintulot mula sa Diyos ay ang pag-aaral, pagtatrabaho, pagdalo sa service o pananambahan, pagiging manggagawa o mang-aawit, pagpunta sa ibang bansa, at marami pang iba. Habang nagpaplano ang kasapi na magtayo ng negosyo, madalas na ipinapanalangin nila ito upang malaman kung ito ay pahihintulutan ng kanilang Diyos. May mga pagkakataon na ang ilang kasapi ay nawala sa paglilingkod sa Diyos, buhat nang sila ay nagkaroon ng malaking negosyo. Bundod nito, mas maraming kasapi sa kasalukuyan ang sumasangguni sa kalooban ng Diyos upang humingi ng basbas mula sa kanya, at gayundin ay upang hindi maging dahilan ang negosyong kanilang patatakbuhan sa kanilang paglilingkod sa Diyos. Nagiging matingkad din ang kalooban bílang pahintulot mula sa Diyos sa sandaling nagnanais ang mga kasapi na magtrabaho sa ibang bansa. Kaugnay nito, sila ay nag-aayuno upang pahintulutan ng Diyos ang kanilang panalangin.

Dagdag pa, kapag ibig ng mga kasapi na maging manggagawa sa nasabing kongregasyon, humihingi sila ng pahintulot sa Diyos na sila ay gabayan at tulongan sa pagganap sa tungkuling nabanggit. Ang pinakamatingkad dito ay ang patuloy na pagdalo sa pananambahan, na napakahalaga para sa mga kasapi nito. Pinaniniwalaan nila na isa ito sa mga paraan upang lumago pa ang kanilang pananampalataya; at upang mapanatili rin ang magandang ugnayan sa Diyos. Kung kayâ, sa sandaling nararamdaman nila na hindi sila makadadalo sa susunod na pananambahan, dahil sa kawalan ng pinansiyal o pagkakaroon ng karamdaman, madalas nilang binabanggit ang salitang kalooban upang humingi ng pahintulot sa Diyos at buksan ang posibilidad sa iba't ibang pangyayari, gaya ng paggawa ng Diyos ng paraan upang sila ay makadalo. Ang ganitong paniniwala ay inilalapat ng mga kasapi sa mga bagay o pangyayaring hindi na kayang maarok ng kanilang kaisipan o kakayahan. Kung kayâ, ang pagpapahintulot ng Diyos sa isang bagay ay itinuturing na isang mahalagang kasagutan para sa kanilang mga suliraning kinahaharap.

D. Ang Kalooban bílang Tanda ng Pananampalataya ng mga Kasapi

Ang pananampalataya ay tumutukoy sa pagpapakahulugan ng kalooban ng Diyos, kung saan ipinamamalas ng mga mananampalataya ang kanilang kapanatagan sa mga bagay na hinihintay; ang katunayan at katibayan ng mga bagay na hindi nakikita. Sa madaling sabi, ang pananampalataya sa Diyos ay ganap na pagtitiwala sa isang bagay o pangyayari.

Pinaniniwalaan ng mga kasapi na kailangan ng pananampalataya upang sumunod sa Diyos, na itinuturing ding bahagi ng kanyang plano at layunin. Dagdag pa, ang pananampalataya sa Diyos ay nagbibigay-lakas sa kanila sa panahon ng kahirapan. Mayabong ang usapin ng pananampalataya sa kongregasyon ng JMCIM. Sa lahat ng pagkakataon, ang pagtugon sa kalooban ng Diyos ay indikasyon kung gaano kalaki ang pananampalataya ng mga kasapi. Ibig sabihin, ang pagtalima sa kalooban ng Diyos ay iniuugnay nila sa laki o liit ng pananampalatayang mayroon ang mga kasapi. Makikita ito partikular sa kanilang pag-aaral ng salita ng Diyos:

Masusukat ang inyong pananampalataya sa pagsunod ninyo sa kalooban ng Diyos, kahit na may kahirapan, kahit na hindi ninyo batid ang kahirinatnan. Diyan nalulugod ang Mahal na Panginoong Hesus. Samantala, ang kawalan ng pananampalataya sa kanya ay hindi niya kinalulugdan (Angeles, 2020).

Mapapansin mula rito na sinusukat nila ang pananampalataya ng kasapi sa kung paano ito sumusunod o tumutugon sa kalooban ng Diyos, kahit pa na hindi malinaw para sa kanila ang kahirinatnan nito. Esensiyal ang pagpapamalas ng pananampalataya para sa mga kasapi, sapagkat naniniwala sila na ang ganitong praktis ay katanggap-tanggap sa Diyos. Isa sa mga patotoo na kaugnay naman sa pananampalataya ay ang sumusunod:

Sabi ko sa Mahal na Panginoong Hesus, kung kalooban mo Diyos na mabuhay ang aking anak, ipagpapasalamat ko po ito, pero kung hindi mo pahihintulutan, hindi ito ang magiging dahilan ng aking pagwalay sa paglilingkod sa iyo. Kahit mahirap, patuloy na nagpupuri at

nananampalataya ako noong mga oras na 'yaon (De Ocampo, 2020).

Mula sa patotoong ito, makikita na ang paggamit ng salitang kalooban ay nangangahulugang paglagak ng lubos na tiwala sa Diyos at pagsunod sa nais o kagustuhan niya, kahit ito pa ay mahirap gawin o tanggapin. Kung kayâ, ang salitang kalooban sa kongregasyon ng JMCIM ay tinitingnan bilang tanda ng kanilang pananampalataya sa Diyos. Ang paniniwala at pagsunod sa Diyos ay siyang nagtutulak sa mga kasapi na gamitin ang kalooban, na nagpapaganap sa kanilang pananampalataya. Kaugnay nito, pinaniniwalaan ng mga kasapi na magiging matagumpay lámang na mapaglabanan ang mga pangamba at pagkabahala, na tumutukoy sa mga tanong na nangangailangan ng panahon para sa kalutasan ng mga ito, kung may lubos na pananampalataya at pagtitiwala sa Diyos.

Masusukat din sa mga pagsubok na nararanasan ng mga kasapi ang kanilang pagpapamalas ng tiwala o pananampalataya sa Diyos. Ilan sa pagsubok dito ay ang walang katiyakang kahihinatnan, gaya ng pagtúngo sa ibayong dagat upang mag-aral o magtrabaho. Kung kayâ, may ilan sa kanila ang napaghihinaan ng loob o nawawalan ng pag-asa. Gayunman, tinuruan ang mga kasapi ng kanilang Pastor na manampalataya nang lubos sa Diyos, anuman ang mangyari, upang makamtan ang inaasam-asam na pagpapala, kaligtasan o maging kagalingan. Gayundin, para sa mga kasapi, ang kalooban bilang tanda ng pananampalataya ay lunsaran ng kapangyarihan at kadakilaan ng Diyos. Sa oras na umasa sila sa kaloobang ito, naniniwala ang buong kongregasyon na ang Diyos mismo ang gagawa ng paraan upang maganap ang mga bagay na ipinanalangin ng mga kasapi, kahit ito pa ay imposible sa mata ng tao (Espiritu, 2020).

Malaki ang ibinibigay nilang halaga sa pananampalataya na may kaugnayan sa kanilang pagsusumikap at pagtitiis sa gitna ng kahirapan. Kung kayâ, lahat ng praktis sa nasabing kongregasyon ay may pagdidiin sa pananampalataya sa Diyos, na makikita sa pagsunod o pagtiwala sa kalooban nito, kahit pa na may kahirapan ang mga ito. Bunsod nito, ang manampalataya sa Diyos ay tinitingnan ng mga kasapi bilang tungkulin ng mga tapat na Kristiyano at isang proseso na dapat lahukan

ng mga kasapi ng JMCIM.

Samantala, ang pinakamatingkad sa mga nabanggit na praktis ay ang pag-aayuno. Madalas, ang mga kasapi ay nag-aayuno sa loob ng tatlong araw upang maunawaan ang kalooban ng Diyos sa pamamagitan ng pagpapasaisip sa kanila kung ano ang nararapat na gawin, pagbibigay ng bersikulo na kaugnay sa kanilang pinagdaraan, at kung minsan pa, pagbibigay ng tanda o solusyon sa pamamagitan ng isang panaginip.

E. Ang Kalooban bilang Sandigan ng mga Kasapi

Ang sandigan ay tumutukoy rin sa pagpapakahulugan ng kalooban, na siyang pinanghahawakan ng tao upang patuloy na makipagsapalaran sa agos ng búhay. Kaugnay ang sandigan sa pundasyon ng espiritalidad ng tao, na siyang inuunawa bilang isang sisidlan ng kalakasan at pag-asa na iginagawad ng Diyos sa tao.

Ang mga kasapi ang nagpapahalaga sa kalooban bilang pundasyon ng kanilang pananampalataya. Ang pundasyong tinutukoy dito ay sandigan ng mga kasapi sa mga pangyayaring hindi nila inaasahan. Malaki ang ginagampanan nito sa pagningas ng kalakasan at katatagan ng loob ng mga kasapi. Kaakibat ng sandigan ay ang pagtitiwala sa Diyos sa konteksto ng JMCIM. Ang pagtitiwalang ito sa kalooban ng Diyos ay siyang nagpapalinaw sa kanilang pinagdaraan sa búhay.

Ilan sa mga konteksto ng kalooban bilang sandigan ng mga kasapi ay ang mga sumusunod: Pagkamatay ng mahal sa búhay, pagkabigo sa pangarap, at pagkalugmok sa malubhang karamdaman. Ang mga ito ay nagpapadalamhati sa mga kasapi. Sa oras na mangyari ito sa kanilang búhay, ang Diyos ang pinanghuhugutan nila ng lakas ng loob upang harapin ang mga hindi inaasahang pangyayaring ito. Isa sa mga halimbawa nito na kaugnay sa kalooban bilang sandigan ng mga kasapi ay ang sumusunod:

Naging sandigan ko po ang kalooban ng Diyos noong panahon na namatay ang aking kapatid. Masakit pero alam kong may dahilan at layunin ang Diyos kung bakit nangyari ito (Colis, 2020).

Mapapansin sa halimbawang ito na ginamit ang kalooban bilang sandigan ng kasapi sa panahon ng kadalambahatian at kalungkutan. Naniniwala ang mga kasapi na ang Diyos lámang ang magiging matibay na sandigan sa mga pangyayaring hindi inaasahan.

Madalas ding naging sandigan ng mga kasapi ang kalooban ng Diyos sa sandaling sila ay nabibigo sa kanilang pangarap. May ilang kasapi na nagpapatotoo na naging kaparaanan ng Diyos ang pagkabigo nila sa búhay upang sila ay manatili sa paglilingkod sa Diyos. Isa sa mga patotoo na kaugnay nito ay ang sumusunod:

Noong hindi ako nakapasa sa *board exam*, nanlumo po talaga ako. Sabi ko sa sarili ko, wala na akong pag-asa. Sa kabila ng nangyari, ang Mahal na Panginoong Hesus ay siyang naging sandigan ko. Inaliw niya ako hanggang sa naging maayos na ang aking kalagayan. Pinaisip sa akin ng Diyos na naging kalooban niya ito upang mas umasa ako sa kanyang kakayahan (Benitez, 2018).

Makikita rin ang halimbawang ito sa mga patotoong may kinalaman sa kabiguan hinggil sa kursong nais kunin sa kolehiyo. May ilang kasapi na nagsasabi na hindi pinahintulutan ng kanilang Diyos na makuha ang kursong nais nilang tahakin. Sa panahong iyon, pakiramdam nila ay wala na silang mararating sa búhay, na hindi na nila matutupad ang kanilang pangarap. Subalit naniniwala sila na ang Diyos ay siyang naging sandigan nila sa panahon ng kabiguan at kalungkutan. Kinalaunan, pinaisip sa kanila ng Diyos na may layunin pala ang kabiguang iyon at ito ay upang pumili ng ibang kurso, kung saan sila ay mas pagpapalain at makakasunod sa kalooban ng Diyos. Dagdag pa nila, ang kaloobang iyon ng Diyos ay siyang nagsilbing batayan nila upang magkaroon ng lakas ng loob na sumubok muli, mangarap nang walang pangamba, at humarap sa mga pagsubok sa kanilang búhay na kasama ang Diyos.

Gayundin, ang pagkalugmok sa malubhang karamdaman ay siyang naging dahilan upang sumandig ang mga kasapi sa kanilang Diyos. Sa panahong sila ay nagkakasakit, ang kanilang tinatawagan ay ang kanilang Diyos, sapagkat naniniwala sila na ang Diyos lámang ang higit na makakapagpagaling sa kanilang

mga karamdaman. Isa sa mga patotoong kaugnay dito ay ang sumusunod:

Noong na-*diagnose* na may kanser sa lapay ang aking ina at nasa *stage 4* na, nanlumo ako. Iniisip ko noong mga panahon na yaon kung paano ko pa maililibot ang aking nanay sa iba't ibang dáko ng daigdig kung wala na siya. Gusto ko pang maranasan ng aking nanay ang maginhawang búhay. Napanghihinaan na ako ng loob, subalit kailanman hindi ako iniwan ng Mahal na Panginoong Hesus. Siya ang naging sandigan ko noong panahong nawawalan na ako ng pag-asa. Batid kong kalooban niyang umasa kami sa kanya (Patotoo 4).

Mapapansin mula sa patotoong ito na ang pagsandig sa kakayahan at kalooban ng Diyos ay siyang nagbibigay ng kalakasan at pag-asa sa mga kasapi sa panahon na sila ay napaghihinaan nang loob at nagugulumihanan. Ang sandigang ito ay siyang nagtutulak sa kanila upang maging matatag sa búhay, maniwala na may magagawa ang kanilang Diyos; at higit sa sa lahat, umasa sa kanyang pangako at kalooban na may magandang dahilan kung bakit nangyayari ang mga ito.

Mahihinuha mula sa talakayang ito na ang sandigan bilang kalooban ay madalas maganap sa panahon ng kalungkutan at kadalambahatian, gaya ng pagkamatay ng mahal sa búhay, pagkabigo sa pangarap, at pagkalugmok sa malubhang karamdaman. Naniniwala ang mga kasapi na ang mga pangyayaring ito ay siyang naging kaparaanan ng Diyos upang lalo silang umasa sa kalooban at kakayahan ng kanilang Diyos. Batid nilang hindi sila papabayaang ng Diyos sa oras na sila ay nahihirapan at nabibigatan sa kanilang mga suliranin. Dagdag pa, ang sandigang ito ay siyang nagbibigay sa kanila ng motibasyon upang maniwala na may magandang layunin ang Diyos sa kanilang búhay. Hindi man nila makita sa kasalukuyan, subalit naniniwala sila na mauunawaan din nila kinalaunan ang dahilan kung bakit pinahintulutan ng Diyos na maganap ang masasaklap na pangyayaring ito. Mababanaag din sa talakayan na ang kalooban bilang sandigan ay naging instrumento ng mga kasapi upang mas tumatatag pa ang kanilang pananampalataya at ugnayan sa kanilang Diyos.

Sa kabuoan, pinakita ng talakayang ito na ginagamit ang kalooban bílang plano ng Diyos, pagpapasya ng mga kasapi, pahintulot mula sa Diyos, tanda ng pananampalataya at sandigan ng mga kasapi; upang ilarawan ang natatanging kalikasan hinggil sa ugnayan ng Diyos at mga kasapi. Mula sa pagdidiskurso hinggil sa konsepto ng kalooban, titingkad ang kagawian ng JMCIM bílang isang kongregasyon.

Pagpapakahulugan sa Kalooban	Ibinabahagi o Ipinapahayag sa Kalooban
Plano ng Diyos	Ang salitang kalooban ay tinitingnan bílang plano at kagustuhan ng Diyos. Naniniwala ang mga kasapi na perpekto at makabubuti ang mga plano ng Diyos sa kanilang mga .
Pagpapasya ng mga kasapi	Ang kalooban bílang pagpapasya ng mga kasapi ay tumutúngo sa tungkuling dapat nilang isakatuparan hinggil sa kanilang paniniwala sa kalooban ng Diyos.
Pahintulot mula sa Diyos	Ang pahintulot mula sa Diyos ay iniuugnay sa kalooban. Naniniwala ang mga kasapi na kung pahihintulutan ng Diyos na maganap ang isang bagay, walang anuman o sinuman ang makakahadlang dito.
Tanda ng pananampalataya ng mga kasapi	Ang kalooban ay inuunawa bílang pananampalataya na may kaugnayan sa kanilang pagsusumikap at pagtitiis sa gitna ng kahirapan. Kung kayâ, lahat ng praktis sa nasabing kongregasyon ay may pagdidiin sa pananampalataya sa Diyos.
Sandigan ng mga kasapi	Ang sandigan bílang kalooban ay madalas maganap sa panahon ng kalungkutan at kadalamhatian, gaya ng pagkamatay ng mahal sa búhay, pagkabigo sa pangarap, at pagkalugmok sa malubhang karamdaman. Ang kalooban ng Diyos ay magsisilbing pundasyon ng mga kasapi upang maging matatag sa hámon ng búhay.

Talahanayan 1 - Pagsusuri ng mga Pagpapakahulugan hinggil sa Kalooban

KONGKLUSYON

Natalakay sa pananaliksik ang iba't ibang pagpapakahulugan hinggil sa konsepto ng kalooban, isa na rito ang kalooban bílang pakikipag-ugnay sa Diyos, na mayabong sa lente ng espiritalidad at relihiyon ng mga Pilipino. Mula sa pagpapakahulugan nito ng kalooban, tumúngo ito sa paglahad hinggil sa kasaysayan, doktrina, kinagawian, at mga patotoo ng mga kasapi ng JMCIM. Kadalasan, konektado sa kanilang pakikipagrelasyon sa Diyos ang manipestasyon ng kalooban. Makikita sa mga awitin at patotoo ng nasabing kongregasyon kung paano pinapahalagahan ng mga kasapi ang konsepto ng kalooban bílang isang kautusan mula sa Diyos. Lumilitaw na ang pagsunod sa kalooban ng Diyos ay maituturing na priyoridad o tungkulin ng mga kasapi. Kung kayâ, laganap ang pagdidiskurso hinggil sa konsepto ng kalooban mula sa kanilang mga awitin, patotoo, pag-aaral ng salita ng Diyos, at maging sa kanilang pakikipag-usap sa bawat isa.

Gámit ang balangkas ng loob ni Alejo at mula sa pagsusuri ng mga pagpapakahulugan hinggil sa konsepto ng kalooban at sa kongregasyon ng JMCIM, lumitaw na nagkaroon ng *Christianized* na kalooban dahil sa paraan ng paggamit ng mga kasapi nito sa nasabing konsepto bílang plano ng

Diyos, pagpapasya ng mga kasapi, pahintulot mula sa Diyos, tanda ng pananampalataya, at sandigan ng mga kasapi. Sa ganitong tulak, mababanaag na malaki ang ginagampanan ng isang partikular na konteksto tulad ng JMCIM sa pagpapatingkad at pagpapalawig pa ng partikularidad at kalikasan hinggil sa konsepto ng kalooban, na tinitingnan bilang nakaangkla sa kultural na oryentasyon at relihiyosidad ng mga Pilipino.

REKOMENDASYON

Sinikap sa pananaliksik na ito na makita ang kabuoang paglalarawan hinggil sa konsepto ng kalooban sa konteksto ng JMCIM gamit ang kanilang mga awitin, patotoo, at pag-aaral ng salita ng Diyos. Sa mga susunod na pananaliksik na may kinalaman din sa pagsusuri ng kalooban, mainam kung tutuunan nang masinsinan kung paano isinasalin ng mga kasapi ang konsepto ng kalooban sa kanilang mga awitin, patotoo, at pag-aaral ng salita ng Diyos patungo sa iba pang mga katutubong wika, yamang ang JMCIM ay may mga grupong pangkomunidad sa iba't ibang panig ng bansa. Ang pananaliksik na ito ay makapagpapatibay at mapagpapayaman sa kalikasan at katangian ng wikang Filipino, na nakasalig sa mga katutubong salitang umiiral sa iba't ibang etnolingguwistikong grupo sa Pilipinas.

Mainam ding suriin kung papaano tinitingnan at prinoproseso ang pagdiskurso ukol sa konsepto ng kalooban sa iba pang grupo ng relihiyon sa bansa. Ang pagtuon ng pansin sa kasaysayan ng iba't ibang relihiyon, kung saan lagapan din ang paggamit sa kalooban, ay magandang hakbang sa pagpapalawig ng naturang konsepto, na tinitingnang nakabatay sa katutubong kultura ng Pilipinas. Mula rito, mainam na suriin kung paano nahuhubog ng kanilang mga espirital na gawain ang pagpapakahulugan hinggil sa konsepto ng kalooban. Dagdag na rin, magandang tukuyin kung paano at saan nagsimula ang pag-uugnay ng kalooban sa usapin ng espiritalidad mula sa lente ng kulturang Pilipino upang mapalinang nang lubusan ang partikularidad ng konsepto ng kalooban na bahagi ng wikang pambansa. ♦

MGA SINIPING AKDA

Almario, Virgilio. UP Diksiyonaryong Filipino. Sentro ng Wikang Filipino–Diliman; Anvil Publishing, 2010. Limbag.

Almario, Virgilio at el. Vocabulario de la lengua tagala. Komisyon ng Wikang Filipino. National Government Publication, 2013. Limbag.

Atwell, John. Ends and principles in Kant's moral thought. Dordrecht: Martinus Nijhoff Publishers, 1986. Limbag.

Agaton, Sheldon. Vantage Points of Utang na Loob. Social Ethics Society Journal of Applied Philosophy, 2017. Limbag.

Agcaoili, Aurelio. Contemporary English-Ilokano dictionary. Quezon City, Philippines; Honolulu, Hawaii: Undertow Books, 2011. Limbag.

Alejo, Albert. Tao Po! Tuloy!: Isang Landas ng Pag-unawa sa Loob ng Tao. Quezon City: Ateneo de Manila University Office of Research and Publications, 1990. Limbag.

Baldo, Jezeabelle. "Utang na Loob: The Ilonggo Perspective." University of the Philippines Visayas. Undergraduate Thesis, 2011. Web.

Bowman, Robert. "Oneness Pentecostals and the Name of Jesus." Atlanta Christian. Apologetics North American Mission Board, 1994. Web.

Bueno, Christopher. A Phenomenology on the Ilocano Notion of "Naimbag A Nakem" in The Context of Cultural Reciprocity of the Amianan. University of Northern Philippines Education to Cultural Diversity and Linguistic Democracy, 2010. Limbag.

Capaque, George. Pagbubukas-Loob: A Filipino Evangelical Theology of Spirituality. De La Salle University: Animo Repository, 2007. Limbag.

Covar, Prospero. Larangan: Seminal Essays on Philippine Culture. Manila: Sampaguita Press, 1998. Limbag.

- De Leon, Isabel. Prayers work- Erap asks JMC to pray for troops. *Tempo: News in a Flash. The Nation's Fastest Growing Newspaper*, 2000. Limbag.
- De Mesa, Jose. In *Solidarity with the Culture: Studies in theological re-rooting*. Maryhill School of Theology. De La Salle University, Manila, Philippines, 1987. Limbag.
- Enriquez, Virgilio. *From Colonial to Liberation Psychology*. Quezon City: University of The Philippines Press, 1992. Limbag.
- Goh, Robbie. *Christianity in Southeast Asia*. Institute of Southeast Asian Studies, 2005. Limbag.
- Institute of National Language. *A National Language-English Vocabulary*. Manila, Philippines, 1950. Limbag.
- Landa, Jocano. *Filipino Social Organization: Traditional Kinship and Family Organization*. Punlad Research House, 1998. Limbag.
- JMCIM.org. Soul Winning Ministry, (n.d.) <https://www.facebook.com/JMCIM> SoulWinning Ministry
- Kant, Immanuel. *Fundamental principles of the metaphysic of morals*. New York: Prometheus Books, 1987. Web.
- King, Johnny. "Spirit and Schism: A History of Oneness Pentecostalism in the Philippines." University of Birmingham, UK: PhD Thesis. (2016): pp. 204-211. <https://etheses.bham.ac.uk/id/eprint/7206/1/King17PhD.pdf>
- Lanaria, Lara. *Kapwa in Pamilya rooted in Loob of Divine Image: Thoughts from a Filipino Catholic Theologian*. University of San Carlos, Philippines. Faith and Culture; 2014. DOI: 10.5339/rels.2014.family.14
- Loquias, Victor. "Diyos Mabalos!" and the Speech-Act of Gratitude among Bikolanos. *Ateneo de Naga University. Social Ethics Society Journal of Applied Philosophy* Vol. 5, pp. 85-106; 2019. Limbag.
- Mabaquiao, Napoleon. "Ang Mabuting Kalooban at ang Sukdulang Prinsipyo ng Etika: Mula sa Pananaw ni Immanuel Kant." *Pamantasang De La Salle-Maynila*. (2006)17(1): 25-3. Web.
- Matienzo, Rhochie. Ang pagkilos ng Pananampalataya at Utang na Loob; Si Hornedo sa Etnograpiya ng Popular na Paniniwala. *Filipino Philosophy and Culture*, 2017. Web. <https://www.kritike.org/journal/issue>
- Mercado, Leonardo. *Reflections on Buut-Loob-Nakem*. Ateneo de Manila University. *Philippine Studies*. Fourth Quarter. Vol. 20 (No 4). (1972). pp. 577-601. <https://www.jstor.org/stable/42634841?seq=1>
- Melton, Gordon. *Pentecostalism*. Encyclopedia Britannica, Inc, 2020. Web. <https://www.britannica.com/topic/Pentecostalism>
- Miller, Emily. Acts of faith: What's an Apostolic Christian and why is Kim Davis's hair so long. *Religion News Service*, 2015. <https://www.washingtonpost.com/news/acts-of-faith/wp/2015/09/30/whats-an-apostolic-christian-and-why-is-kim-daviss-hair-so-long/>
- Miranda, De Mesa. *Loob--The Filipino Within: A Preliminary Investigation Into a Pre-Theological Moral Anthropology*. Manila: Divine Word Publications, 1989. Web. <https://journals.ateneo.edu/ojs/index.php/landas/article/view/1255>
- Patterson, Eric. *The Future of Pentecostalism in the United States*. New York: Lexington Books. pp. 123-4, 2007. Limbag.
- Paton, Herbert. *The categorical imperative: A Study in Kant's moral principle*. Chicago: The University of Chicago Press, 1948. Limbag.
- Ramos, Christine. *Filipino Concept of "Loob."* Arts, Social Sciences, Humanities and Interdisciplinary Studies. Manila, 2017. Web. <http://uruae.org/siteadmin/upload/UH1217422.pdf>

Rebustillo, Rowan. A New Look at Intersubjectivity and Theology: A Retrieval of Filipino Loob-Kapwa Relationality in Dialogue Gabriel Marcel and Ludwig Binswanger. *An International Journal of Philosophy and Religion*, 2017. Limbag.

Reyes, Jeremiah. "Loób and Kapwa: Thomas Aquinas and a Filipino Virtue Ethics." *KU Leuven Humanities and Social Sciences Group Institute of Philosophy Dissertation*, 2015. Limbag.

Severino, Rodolfo at el. Whither the Philippines in the 21st Century. *Institute of Southeast Asian Studies*. p. 110, 2017. Limbag.

Smith, Sam. *Miracles in Moroland. A Journey of Faith, Love and Courage: The Inside Story of the Sipadan Hostage Crisis*. Jesus Miracle Crusade International Ministry. Rianella Printing Press, 2015. Limbag.

Tayag, Nick. Kalooban: The Filipino's inner. *Business Mirror: Our Time*, 2010. Web. <https://businessmirror.com.ph/2020/07/25/kalooban-the-filipinos-inner-core/>

Wheeler, Bert. *Radical Individualism*. Bereans at the Gate. Cedarville University, 2017. Web. <https://bereansatthegate.com/radical-individualism/>

Willhoite, Johnny. *Reaching Hands: Pentecostals in Action*. Philippines: self, 1993. Web. <https://etheses.bham.ac.uk/id/eprint/7206/1/King17PhD.pdf>

Yabut, Homer. Isang paglilinaw sa mga paniniwala at pagpapakahulugan sa espiritwalidad at relihiyon ng mga Pilipino. *Diwa E- Journal*, 2013. Limbag.



Si MARVIN RAELE TENECIO ay kasalukuyang kumukuha ng master's degree sa Asian Studies sa Asian Center, Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Nagtapos siya ng magna cum laude sa nasabing unibersidad sa kursong BA Philippine Studies. Ilan sa kanyang mga interes ay ang pagsulat ng mga akdang pampanitikan at mga artikulong tumatalakay sa mga isyung panlipunan, intelektwalisasyon ng wika, at maging sa pilosopiya ng realidad. Siya ay aktibo sa pakikilahok sa mga organisasyon o presentasyong may kaugnayan sa pambansang wika, panunuring pampanitikan, konseptong kultural, relihiyon, at araling Asyano. Siya ay nagwagi ng overall best presentation sa 10th International Conference on Social Sciences 2023, Thailand at naging shortlisted para sa best research awards sa APCORE 2023 Hybrid International Conference, Indonesia. Bukod dito, tatlong taon na siyang nagtuturo ng Humanities, Filipino at Philippine Literature sa OB Montessori Center.

Ang Teatrikalidad ng *MonoVlog*: Improbisasyon at Kuwentuhan sa Panahon ng COVID-19 sa Pilipinas

SIR ANRIL P. TIATCO

sptiatco@up.edu.ph

Unibersidad ng Pilipinas Diliman

LAYETA BUCOY

lpbucoy@up.edu.ph

Unibersidad ng Pilipinas Los Baños

ABSTRAK

Mula sa dalawang salita: monologo at *vlog*, ang *monoVlog* ay isang *hybrid* na pagtatanghal sa internet noong panahon ng pandemya. May pagkakahawig at pagkakaiba ang monologo at ang *vlogging*: parehong iisang tao ang nagtatanghal at kailangang *live* ang mga ito. Gayunpaman, noong nagsimula naman ang *vlogging*, hindi naman nangangahulugang *live* ito agad. Karamihan sa mga vlogger ay nagrerekord muna bago ilagak ang *content* sa kanilang sariling *channel* sa *social media*. Noong kasagsagan ng COVID-19, nag-shift sa *live* ang mga vlogger. Ang kaibahan naman nito sa monologo, mas maiksi ang pagtatanghal ng *monoVlog* kumpará sa pagtatanghal ng monologo sa entablado. Ang papel na ito ay isang artikulong-panayam hinggil sa *MonoVlog*. Layunin nito ang maidokumento ang pag-usbong ng porma at ang pagtala ng isang espekulasyon hinggil sa posibleng direksiyon nito sa hinaharap. Layunin rin ng panayam ang maisalin ang mga idea ni Layeta Bucoy, ang pigura sa likuran ng pormang nabanggit, sa akademikong sulatín. Panghuli, layunin din ng papel na maging bahagi ang porma sa sinupan ng mga pagtatanghal sa Pilipinas. Inaasahan na ang artikulong ito ay isang mahalagang reperensiya sa mga susunod na taon hinggil sa katatagan ng mga artistang Filipino at ang kanilang pagiging malikhain sa likod ng krisis. Ang huling bahagi ng papel ay ang dulang *JonaLive*, dalawang pinag-isang *MonoVlog* na isinulat ni Bucoy. Ang pagpasok ng iskrip sa artikulo ay mahalaga upang mas lalong maintindihan ang aspektong dramatiko (o monologo) at aspektong vlog ng porma.

Mga Susing Salita: Pagtatanghal sa Panahon ng Pandemya, pagtatanghal

ABSTRACT

A contraction of two words: monologue and vlog, the *monoVlog* is a hybrid performance genre developed during the Covid-19 pandemic. While the *monoVlog* is similar to vlogging and to the performance of a monologue, the *monoVlog* differs from vlogging because a vlog has not always been live. Several vloggers produce content by recording themselves prior to its online premiere. On the other hand, the *monoVlog* has a shorter duration compared to most monologues performed on stage. This article is an interview-essay regarding the *monoVlog*. The aim of the paper is to document the form and to produce a preliminary speculation regarding the future direction of the form. At the same time, it is intended to transfer the ideas of Layeta Bucoy, the figure behind the performance form, to academic writing. Finally, the paper aims to include the *monoVlog* in the archive of performance practices of the Philippines. The archiving of the form is intended for the future generation of performance artists and scholars and for them to understand that despite crisis such as the Covid-19, the resiliency and creativity of the Filipino artists continue to persist. The final section of the article is the play *JonaLive*, two short *monoVlogs* combined as one-act-play by Bucoy. An example is provided to understand the dramatic aspect of the form and at the same time, its vlog aspect.

Keywords: COVID-19, digital theatre, social media, performance-as-research, liveness



Ang *MonoVlog* sa Panahon ng Pandemya: Isang Panimula ni S Anril P Tiatco

Noong 16 Marso 2020, idineklara ni Rodrigo Duterte, noo'y Pangulo ng Republika ng Pilipinas na magkakaroon ng *lockdown* na tinawag na *Enhanced Community Quarantine* (ECQ). Noong una, ito ay balak isagawa sa Metro Manila lámang. Dito kasi unang pumapasok ang karamihan ng mga banyagang bumibisita sa bansa. Gayunman, sa tulong ng mga ahensiya ng pamahalaan lalo na ng Kagawaran ng Kalusugan, ang buong kapuluan ng Luzon ay naisailalim sa *total lockdown*. Ayon na rin sa artikulo ni Ana Santos sa *Al Jazeera Online*, ang ECQ ang naging sanhi upang makwarantin ang 57 milyong indibidwal sa buong kapuluan ng Luzon. Ipinatupad ang ECQ upang maiwasan ang tansmisyon ng noon ay bagong virus: ang COVID-19, mula sa isang indibidwal tungo sa isa pa at mula sa isang komunidad tungo sa iba pa. Noong mga panahon ding iyon, idineklara na ang COVID-19 ay isa nang pandaigdigang krisis sa publikong kalusugan.

Ang transpormasyon ng sakít bílang isang pademya ang pangunahing dahilan upang buoin ni Pangulong Duterte ang Inter-Agency Task Force for COVID-19 (IATF) na pinangunahan ng Kagawaran ng Kalusugan. Ang mga miyembro nito ay nagsilbing *frontliner* ng Pambansang Administrasyon upang labanan ang paglaganap ng virus sa bansa. Naging limitado ang galaw ng mga mamamayan simula noong *lockdown*. Kanselado ang mga publikong eroplano. Ang lahat ay pinakiusapang manatili na lámang sa loob ng kanilang mga tahanan. Samakatwid, ayon na nga sa isang ulat ng *Rappler News* noong 16 Marso 2020, isa sa mga

hakbanging magaganap ay ang pagsasara ng mga mga establesimyento na kabilang sa mga tinatawag na establesimyentong naglalabas ng mga produkto o nagbibigay ng mga serbisyong kabilang sa mga tinatawag na di-esensiyal kagaya ng mga paaralan, simbahan, at tanghalan.

Ang inaasahang pansamantalang *lockdown* ay nagpatúloy hanggang sa katapusan ng 2020, bagama't may mga ilang pagbabago. Noong 1 Mayo 2020 halimbawa, ipinakilala ng IATF ang *Modified Enhanced Community Quarantine* (MECQ). Dito pinayagan ang ilang mga pagtitipon na hanggang sampung (10)

katao. Ipinakilala rin ang mga bagong uri ng lockdown: ang *General Community Quarantine* (GCQ) at ang *Modified General Community Quarantine* (MGCQ). Sa GCQ, maaaring payagan ang pagtitipon hanggang 30% ng kabuuang kapasidad ng isang espasyo, habang 50% naman ng kabuuang kapasidad ng isang espasyo ang maaaring payagang dumalo sa pagtitipon sa kategorya ng MGCQ.

Isa sa mga apektadong institusyon sa paglaganap ng COVID-19 ay ang dulaan. Dahil na rin sa ontolohiya nitong humihikayat ng isang pagtitipon, ang mga tanghalan ay isa sa mga naunang nagsara ng mga pintuan noong idineklara ang mga iba't ibang kategorya ng lockdown sa Luzon simula sa ECQ hanggang sa MGCQ. Magpahanggang unang bahagi ng taong 2022, palaisipan pa rin kung babalik ba sa dati o sa nakasanayang normal, ang mundo ng pagtatanghal.

Binanggit ni JC Gotinga sa kanyang artikulo sa *Rappler*, na simula noong magsara ang mga tanghalan ay gumuho ang mundo ng mga artista sa entablado. Ang pagsasara ng mga tanghalan ay nangangahulugan ding kawalan ng trabaho hindi lámang ng mga aktor at direktor, maging mga indibidwal sa likod ng entablado: tagapamahala ng produksiyon, tagapamahala ng entablado, teknikal na direktor, mga taga disenyo ng produksiyon, at iba pang mga tauhan. Gayunman, hindi nagpatinag ang komunidad ng pagtatanghal sa krisis at nakahanap ng oportunidad na magpatúloy ang kanilang paglikha ng sining sa pamamagitan ng birtuwal na pamamaraan. Gamit ang mga plataporma ng social media gaya ng Facebook at YouTube, mga online application kagaya ng Zoom at mga pangnegosyong platapormang pang-streaming gaya ng KTX, nagpatúloy ang pagsasagawa ng mga dulaan. Kayâ lámang, isa sa mga naging agam-agam ay ang isyu ng *liveness* at ang mahalagang tanong sa komunidad: Dulaan pa bang maituturing ang mga pagtatanghal na ipinalalabas sa mga platapormang nabanggit?

Dahil sa mga agam-agam na ito, muling nabuhay ang matagal nang debate sa araling pagtatanghal hinggil sa ontolohiya nito: ang debate nina Peggy Phelan at ni Philip Auslander. Ayon nga kay Phelan sa *Unmarked*:

"Performance's only life is in the present. Performance cannot be saved, recorded, documented, or otherwise participate

in the circulation of representations of representations: once it does so, it becomes something other than performance.[...] Performance's being, like the ontology of subjectivity proposed here, becomes itself through disappearance (146)."

[“Ang búhay ng pagtatanghal ay ang kasalukuyan. Hindi ito maaaring madokumento, lalo pa sa *recording*. Kapag ito ay ipinilit na maidokumento at naihanay na sa pagpatuloy ng sirkulasyon ng representasyon, ito ay hindi na pagtatanghal [...] ang pagdokumentong ito ay isang pagtataksil sa kanyang ontolohiya na kung bubusisiin ay nakaangkla sa pagkawala (disappearance)”]

Sa kabilâng dáko naman, ang proposisyon ni Auslander ay kabaligtaran ng dalumat ni Phelan. Samakatwid, naniniwala si Auslander na ang *media technology* ay nanghimasok na sa pagsasagawa ng pagtatanghal. Halimbawa ang mga *live event* sa telebisyon at sa mga social media ay talamak na sa kulturang pagtatanghal simula pa noong panahon ng *avant garde* noong kalagitnaan ng 1960. Sa madaling salita, argumento ni Auslander na ang mga pagtatanghal sa kasulukayan ay hindi maikakailang *mediatized* rin: “historically, the live is actually an effect of mediatization, not the other way around” (*Liveness* 51). At bago pa man ang pamumukadkad ng media technology “the concept of live as a category had no meaning. Therefore, like liveness itself, the desire for live experiences is a product of mediatization” (55). Kung tutuusin, ang posisyong ito ni Auslander ay nananaig ngayon dahil na rin sa pagusbong ng mga iba't ibang *mediatized event* na mapapanood sa internet.

Dahil na rin sa paglipat ng mga artista o manananghal sa mundong *digital*, ang argumento ni Phelan hinggil sa *non-reproducibility* ng pagtatanghal at hinggil sa kanyang posisyon na hindi maaaring mai dokumento ang pagtatanghal ay tila walang bisa simula pa noong Marso 2020. Tuluyan na ngang ginalugad ng mga manananghal ang kabuuang potensiyal ng internet para gamitin ito bílang plataporma sa paglikha ng sining-pandulaan. Simula noong ikalawang kuwarter ng 2020, ang *National Theatre* sa Inglatera ay ginamit ang YouTube para magpalabas ng mga dulaan. Ang *The Really Useful Group* ni Andrew Lloyd Webber ay nagpalabas din

ng mga megamusical kagaya ng *Jesus Christ Superstar*, *Phantom of the Opera*, *Cats*, at mga ibang megamusical na likha o produksiyong sinuportahan ni Webber.

Sa Pilipinas, ang Philippine Educational Theatre Association (PETA) ay nagpalabas ng kanilang mga dula sa *digital platform* na KTX.ph. Samakatwid, ang kanilang pakikipag-ugnay sa nasabing plataporma ay nag-udyok din upang magpatúloy ang PETA sa pagsasagawa ng mga pagtatanghal, pagpapalabas ng mga dulang itinanghal na ng kompanya at inirekord sa video at gumawa ng dokumentaryong pelikula hinggil sa pag-unlad ng PETA bilang isa sa mahahalagang institusyong panteatro sa Metro Manila.

Noong Agosto 2021, nagkaroon din ng isang *online theatre festival* na pinamagatang *MONOSCOPES 2()2(1)*, isang proyekto ng mga mag-aaral sa programang gradwado ng Sining Panteatro ng Unibersidad ng Pilipinas. Ang mga pagtatanghal sa *festival* na ito ay base sa *MonoVlog*, isang uri ng *online performance* na naging popular sa panahon ng pandemya na sinimulan ni Layeta Bucoy kasama si Olive Nieto. Ipinaliwanag ni Nieto sa *post-show conversation* ng *festival* na ang *MonoVlog* ay parang pagtatanghal ng monologo na hinaluan ng estilo ng *vlogging* ng YouTube o isang porma ng *vlogging* habang nagtatanghal ng monologue.

Ang *vlogging* ay isang uri ng transmedia storytelling kung saan ang nagkukuwento o mas kilala bilang *vlogger* o *content creator* ay gumagamit ng video. Madalas, ang video camera ng sariling mobile phone ang ginagamit upang mas *real time* at *candid* ang pagkukuwento tungkol sa sarili (Schiller “Transmedia Storytelling” 99). Mula sa *video log* or *video blog*, inspirasyon nito ang *web-blogging* na sumikat noong kalagitnaan ng dekada ’90 sa kasagsagan ng social media. Sa *web-blogging*, ang indibidwal ay isang tagapagtala ng sariling kasaysayan o isang *chronicler* ng mga iba’t ibang karanasan – masasaya, malulungkot, o anumang hindi malilimutang aktibidad gaya ng iba’t ibang aktibidad na ginawa bilang isang turista sa ibang bansa. Maiiksi pero malalamán ang mga uri ng sulating ito kaya madalas na inuusisa bilang uri ng sariling talambuhay sa panitikan (McNeill and Zuernn “Online Lives 2.0”).

Dahil na rin sa pag-usbong at pag-unlad ng teknolohiya at dahil na rin sa paglaganap

ng digital literacy sa kasalukuyang panahon, ang blogging ay naisalin sa pagdokumento ng sarili gamit ang video ng mga mobile phone. Dahil dito, ang *web-blogging* ay naging *video blogging* o mas kilala ngayon bilang *vlogging*. Sa ngayon, inuusisa ito madalas bilang isang uri ng pagtatanghal ng *autobiography* (Lange “Vlogging Toward Digital Literarcy”). Nanatili ang pagiging maiksi ng mga *content* ng mga *vlogger* at ito rin ang pumalit sa telebisyon bilang popular na midyum pang-aliwan. Sa tingin din namin, ang pagiging popular ng midyum na ito ay dahil na rin sa improbisasyong katangian ng mga *vlogger* o *content maker*. Sa madaling salita, mas kagyat o *immediate* ang mga naratibo sa *vlogging* kayâ mas nagkakaroon ng malalim na pagpapalagayang-loob ang mga manonood sa ipinalalabas na content. Matuturing ang mga pagtatanghal ng improbisasyon, mas may kiliti dahil bukal o mas *spontaneous* at hindi “scripted” ang mga salitang lumalabas sa mga content maker.

May katangiang hawig sa monologo/monologue ang mga *vlog*. Dahil na rin siguro sa pagiging isang paraan upang itanghal ang sarili sa publiko bagama’t ang madla sa kontekstong ito ay mas angkop sa konteksto ng mediatization ni Auslander. Ang monologue ay mula sa dalawang salitang sinaunang Griyego, ang *monos* na ang literal na kahulugan ay pagiging mag-isa at *logos* na ang literal na kahulugan ay pagsasalaysay. Sa madaling salita, ang monologo ay isang uri ng pagsasalaysay ng isang indibidwal, na madalas ay upang ibahagi ang kanyang mga nasasaisip na dalumat. Sa teatro, madalas ito ay pagtatanghal ng isang aktor na ang kausap ay isang karakter o ang mga mismong manonood.

Ang epekto ng pandemya ang naging angkla rin ng kumperensiya ng *Asian Theatre Working Group* (ATWG) ng *International Federation for Theatre Research* na birtuwal na isinagawa noong 2 hanggang 4 ng Marso 2022. Sa pangunguna ng Departamento ng Komunikasyong Pasalita at Sining Panteatro ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman, layon ng ika labing-apat na taon ng ATWG na sagutin ang tanong na “ano ang inaasahan sa kulturang pagtatanghal sa rehiyon ng Asya matapos ang COVID-19?” Isa sa mga naimbitahang *keynote speaker* ay si Layeta Bucoy, mandudula at propesor sa Unibersidad ng Pilipinas Los Baños. Ang kanyang *keynote address* ay nakasentro sa *MonoVlog*.

Ang *monoVlog* ayon nga sa pag-uusap at panayam na mababása sa ibaba ay mula sa dalawang salita: *monologue* at *vlog*. Ito ay isang *hybrid* na pagtatanghal sa *online world*. May pagkakahawig at pagkakaiba ang *monologue* at ang *vlogging*: parehong iisang tao ang nagtatanghal at kailangang *live* ang pagtatanghal – pero noong nagsimula naman ang *vlogging* ay hindi naman nangangahulugang *live* ito agad. Karamihan sa mga vlogger ay nagrerekord muna bago ito ilagak sa kanilang sariling *channel* sa *social media*. Pero sa kasagsagan ng COVID-19, biglang nag-shift na sa *live* ang mga vlogger. Ang kaibahan naman ng dalawa, ayon na rin sa mga sinasabi ng mga nagtatanghal nito, mas maiksi ang pagtatanghal ng *monoVlog* kompara sa pagtatanghal ng *monologue* sa entablado.

Ang mga susunod na talâ ay isang artikulong-panayam hinggil sa *MonoVlog*. Layunin nito ang maidokumento ang pag-usbong ng porma at ang pagtala ng isang espekulasyon hinggil sa posibleng direksiyon nito sa hinaharap. Mahalagang mai dokumento ang nasambit na pormang pagtatanghal dahil patuloy pa rin itong umiiral at umuunlad sa kadahilanang hindi pa rin nagbubukas ang mga pintuan ng mga tanghalan sa Pilipinas sa panahong naisulat ang papel na ito. Mahalaga ring maidokumento ito dahil inaasahan na sa mga susunod na panahon ay mararamdaman na ang pagbabalik ng mga artista sa entablado.

Layunin ng panayam ang maisalin ang mga idea ni Layeta Bucoy, ang pigura sa likuran ng pormang nabanggit, sa akademikong sulatín. Ang panayam ay pinaghalong pormal at hindi pormal. Maganda ring mabása ang mismong transkripsiyon dahil tila ang pag-uusap ay may karakter ng pagiging isang *vlog*. Sa madaling salita, hinihikayat ang mga mambabasa na gamitin ang imahinasyon habang binabása ang pag-uusap upang maging aktibo ang mga salitang lumabas sa aktuwal na nagsasalita. Ganito naman ang hinihiling din ng tinatawag na *performative writing* na kahalintulad din ng isang pagsulat ng blog o ang pagrekord bilang isang *vlog*. Panghulí, layunin din ng pag-uusap na maging bahagi ang porma sa sinupan ng mga pagtatanghal sa Pilipinas. Inaasahan na ang sulatíng ito ay isang mahalagang reperensiya sa mga susunod na taon hinggil sa katatagan ng mga artistang Filipino at ang kanilang pagiging malikhain sa likod ng krisis.

Ang huling bahagi ng papel na ito ay ang dulang *JonaLive*, dalawang pinag-isang *MonoVlog* na isinulat ni Bucoy at itinanghal ni Nieto kasama si Jonathan Tadioan para sa *MONOSCOPES 2()2(1)*. Ang pagpasok ng iskrip sa artikulo ay mahalaga upang mas lalong maintindihan ang aspektong dramatiko (o monologo) at aspektong *vlog* na binanggit ni Nieto sa *postshow conversation* at bibigyang-diin sa pag-uusap sa susunod na bahagi ng papel na ito. Gaya ng *MonoVlog*, mahalaga ang pagdokumento nito bilang patunay na makahahapan ng oportunidad ang mga artistang Filipino upang magpatúloy sa paglikha kahit na ba nababalot ng pangamba ang buong daigdig.

Ang Pag-uusap hinggil sa *MonoVlog*: Panayam ni S Anril Pineda Tiatco kay Layeta Bucoy

Naganap ang pag-uusap o panayam noong 12 Marso 2022, isang linggo makalipas ang Birtuwal na Kumperensiya ng ATWG. Birtuwal itong isinagawa sa pamamagitan ng Zoom conference application. Sa mga talâ ng pag-uusap, ginamit ang SAPT at LB bilang mga inisyals sa pangalan ng mga manunulat ng artikulong ito.

SAPT: Base sa mga napanood ko na at sa mga *post-show conversation* na narinig ko, ang *MonoVlog* ay galing sa dalawang salita: *monologue* at *vlog*. Sa madaling salita, ito ay isang *hybrid* na pagtatanghal – pagtatanghal sa *online world*. Kung sabagay, may pagkakahawig at pagkakaiba naman din kasi ang *monologue* at ang *vlogging*: parehong iisang tao ang nagtatanghal at kailangang *live* ang pagtatanghal – pero noong nagsimula naman ang *vlogging* hindi naman nangangahulugang *live* ito kaagad-agad. Karamihan sa mga vlogger ay nagre-record muna bago ito ilagak sa kanilang sariling *channel* sa *social media*. Pero sa kasagsagan ng COVID-19, biglang nagshift na sa *live* ang mga vlogger. Ang kaibhan naman ng dalawa, ayon na rin sa mga sinasabi ng mga nagtatanghal nito kagaya halimbawa ni Olive Nieto¹ mas

¹ Si Olive Nieto (Olivia Kristine D. Nieto) ay isang aktor sa Pilipinas at guro ng Departamento ng Komunikasyong

maiksi ang pagtatanghal ng *monoVlog* kesa sa pagtatanghal ng *monologue* sa entablado. Siguro maganda ring maitala natin ang pinagmulan nito. Paano nga ba siya nagsimula.

LB: Bilang isang *monoVlog* na?

SAPT: Ang ibig mong sabihin, may mas maaga na *variety* ang *monoVlog*?

LB: Hindi naman *variety*. Iisa lang naman yata ang kalikasan ng *monoVlog*. (Tawa) Ito na 'yung *form* na dini-*discover* at ine-*explore* namin ni Olive nitong pandemya. Pero bago siya naging *monoVlog*, may mga ginagawa na kami sa Los Baños² (UPLB) na parang *monoVlog* na rin. Noong 2016, una kong nalaman 'yung tungkol sa Facebook (FB) *live*. *Campaign* para sa *national elections*. Sa mga *supporters* ni Pangulong Duterte ko unang napanood. Nag-e-Fb *live* sila para sabihin kung bakit sinusuportahan nila ang kandidatura n'ya o kaya naman ay para ipagtanggol s'ya sa mga bumabatikos sa kanya. Bukod sa *very passionate* sila, ang nakakatuwa pa, may *comment section*. *Interactive*. Habang nagla-*live* sila, sinasagot na nila ang mga *comment* ng mga nanonood sa kanila. May mga pa-*shoutout* din. Saka ginagawa nila sa iba't ibang lugar. Meron pa akong napanood na nag-e-Fb *live* habang naglalakad. Hanggang sa napansin kong may *notification* na rin sa Facebook kong si ganito, si ganyan *is going live*. Kaya *one time*, habang nakatambay sa isang *coffee shop* sa LB, sabi ko sa mga kasama ko, *try* natin 'tong Fb *live*. Sabi ko sa isa, "dali, ikaw ang mag-Fb *live*. Ito ang *situation*, kunwari ipapakilala mo sa *friends* mo 'tong *coffee shop*." Nu'ng nagkakaroon ng *views*, ginanahan kami. Kung ano-ano na ang naisip. Sinasagot ang mga *live comments*. May pa-*shoutout*. *For coaching*, para kaming may *idiot board*. Sinusulat

namin sa papel 'yung pwedeng isagot, gawin, o sabihin, tapos itataas namin 'yung papel para mabasa nu'ng nagla-*live*. Kadalasan, habang nagla-*live* nagtatawanan o itatanong nu'ng nagla-*live*, "gagawin ko nga?" 'Pag ginawa, tawanan na naman. At lalong tawanan 'pag sa *comment section*, nagtatawanan din ang *viewers*. Medyo nawili sa pagla-*live*, kaya tinuloy pa. Di naman regular. 'Pag natripan lang. Hanggang kung ano-ano na ang pinasok. Halimbawa, may mga Fb *live* na mag-pe-*play* kami ng *music*, *on the spot*. Kung maramdaman naming may bagay na kanta habang nagsasalita 'yung nagla-*live*, ilalapit lang ang isa pang *cellphone* sa *cellphone* na ginagamit sa pagla-*live*. May pagkakataon ding biglang naisipang magpa-*production number*. Biglang pina-*appear* sa *live* 'yung ibang kasama at bigla na lang silang naging *backup dancer*.

SAPT: Ito pala yun. Facebook *live*. Alam mo, ako hindi ko pa nasubukan ang Facebook *live*. Kung ang usapin ay yung kahalintulad nang sinasabi mo, hindi pa nga pero may mga ilang engkwentro na rin ako nito – halimbawa noong ipinagdiwang ang ika-isang taong anibersaryo ng aking partner at ng aking tatay. Nag-Facebook *live* nga pala kami pero hindi talaga katulad nitong karanasan ninyo sa coffee-shop.

LB: Pero hindi pa 'yan 'yung *monoVlog*. Parang *pre-history* pa lang. Nakatuwaan lang. *Though* 'yung mga nadiskubre du'n sa Fb *live*, nag-*linger*. Halimbawa, 'yung pagiging *interactive* nito. Impluwensyado ng *comment section* 'yung sasabihin o gagawin ng nagla-*live*. Nu'ng nagkakaro'n na kami ng *outline* o *semblance of a script*, masaya 'yung *right then and there*, nababago ang *outline* o ang napag-usapan, depende sa reaksiyon

Pasalita at Sining Pandulaan. Isa siya sa mga susi sa pagkakabuo ng *monoVlog* kagaya ng nabanggit sa animula. Sa mga susunod na talâ, ipaliliwanag ni Layeta Bucoy sa interbyu ang mahalaga at malaking papel ni Nieto upang mas mapaunlad ang porma bilang alternatibong pagtatanghal simula pa noong Marso 2020, noong magdeklara ng lockdown si Pangulo Rodrigo Duterte sa buong kapuluan ng Luzon, kung saan matatagpuan ang Metro Manila o ang National Capital Region.

² Ang Los Baños ay isang munisipalidad sa probinsiya ng Laguna. Sa artikulong ito, ang paggamit ng Los Baños ay isang reperensiya sa Unibersidad ng Pilipinas Los Baños kung saan si Bucoy ay isang Kawaksing Propesor sa Malikkaing Pagsulat.

ng viewers. Masaya ‘yung *spontaneity* kasi kung ano-ano talaga ang naiisip. *Then*, nadiskubre ko ‘yung *vlogging*. May isang *large class* ako kung saan may mga *student assistants*. ‘Yung isa sa kanila *one time*, may pinapanood sa *cellphone*. Tapos, pinakita n’ya sa akin. Si Kris Aquino raw. *Fan* daw s’ya ni Kris. Sabi ko, di naman ako masyadong *fan* ni Kris. Sabi n’ya, tungkol sa makeup daw. *So*, pinanood ko.

SAPT: Kris?

LB: Aquino. Kris Aquino.³ ‘Yun ang unang *vlog* na napanood ko. Tungkol sa *kikay kit* n’ya. Mga makeup.

SAPT: Ito pala ang inspirasyon ng *Vlog* sa *monoVlog*? Si Kris Aquino! (*Tawanan ang dalawa*). Pero ano’ng nangyari pagkatapos ng karanasan na mapanood mo sa unang pagkakataon ang *vlog* ni Kris.

LB: *Fast forward* nu’ng implementation na ng K-12. Nu’ng *time* na walang *college freshies*, nagkaroon ng mga *curricular revision*. Nag-develop ng *G.E. courses*. Isa du’n ang *ARTS 1 o Critical Perspectives in the Arts*.⁴ Sa mga *ARTS 1 class* ko pa higit na nalaman ang tungkol sa *vlogging* kasi nababanggit ng mga estudyante. May mga *requirement* na ‘yung iba mas komportableng gawin in *video format*. Pero merong nahihya, kasi *vlog* lang daw ang ginawa. Wala raw halos o wala talagang *editing*. Sa *cellphone* lang daw, walang masyadong alam sa *editing app*, nanginginig pa raw ang kamay, may pagka-*boring* daw. Sabi ko naman, ok lang ‘yun. Ang mahalaga, ‘yung sinasabi ng *video*. Pero du’n ako napag-isip. Sabi ng mga estudyante, *blog* daw in *video format* ang *vlog*. Pwedeng mag-*share* tungkol sa buhay o kaya opinyon, interes, o kahit ano pang gustong *i-share*. Pwedeng *live*, pwedeng *recorded*. Kung

walang masyadong *high tech* na *gadget* o kaya di masyadong kayang mag-*edit*, e di pwede namang *i-live*. Tapos, para iwas *boring*, pwedeng gumawa ng iskrip o ng *flow* na hindi *boring*.

SAPT: So ibig sabihin nagsimula pala siya – ‘yung *prehistory* niya bilang isangistratehiya sa pedagohiya o pagtuturo.

LB: Oo, may kinalaman sa pagtuturo o sa pwedeng *format* ng isang *requirement* sa klase. Pagsasamahin ‘yung *vlogging*, saka mga nadiskubre sa *Fb live*.

SAPT: Ang galing naman ng simula pala nito. Tapos, nauso na rin ang *YouTube live*. Pero karamihan sa mga *vlogger*, lalo na yung sa *YouTube*, ‘pag gumagawa sila ng *content* ay *recorded* na. Ganito din ba ang nakikita mo noon bilang isang porma?

LB: Mas *interesting* sa akin ‘yung may *live component*. *Exciting* ‘yung nag-a-adjust ang *performance* base sa reaksiyon ng *viewer*.

SAPT: Kung sabagay sabi mo nga noong *post show conversation* ng *Monoscope* and sa *keynote* mo sa Kumperensiya, ang *live component* ang nagtatawid sa kanya bilang isang dulaan.

LB: Naniniwala akong ‘yung *liveness* ay *simultaneity* ng *performance* and *reception*. Naiimpluwensyahan o nakakasama sa pagbuo ng *performance* ang *reception* ng *audience*. So, kung sarado na ang pinto ng isang *performance* para makasama sa paghulma nito ang reaksiyon o *response* ng *audience*, tingin ko, nawawala na ‘yung *liveness*.

SAPT: Pero paano naman s’ya naging *monoVlog*?

LB: Nu’ng una, tuloy lang ‘yung trip na nag-e-*Fb live*. May mga natatanong na rin ako na, “kung ganito kaya?” Tipong may iskrip na talaga ng isang *monologue* ang *i-e-Fb live*. Walang

³ Si Kris Aquino ay isang popular na pigura sa kulturang popular ng Pilipinas. Siya ay tinaguriang *Queen of All-Media* (Reyna ng Iba’t Ibang Midya) dahil sa pagiging popular sa telebisyon, sa internet at maging sa traditional media bilang endorser ng mararaming produktong pangkalusugan, pangtahanan, at pangkatawan.

⁴ Ang Lupon ng mga Rehente o ang Board of Regents ay ang pinakamataas na namamahalang kinatawan ng Unibersidad ng Pilipinas System. Ito ay pinamumunuan ng Pangulo ng Unibersidad at katuwang ang Tagapangulo ng Komisyon ng Mas Mataas na Edukasyon (CHED). Ang UP System ay may walong constituent university na may kanya-kanyang espesyalisasyon: Diliman (Main Campus), Los Baños (Agrikultura), Manila (Pambublikong Kalusugan), Baguio (Aralin sa Katutubong Kasanayan), Visayas (Fisheries), Cebu (Pangne-negosyo), Mindanao (Aralin sa Mindanao), Open University (Open Education). Ang ARTS 1 naman ay isang General Education subject na idinesenyo para sa lahat ng mag-aaral ng UP System.

pumatol. Hindi ma-*imagine*. Di ko pa rin masyadong alam kung ano nga ba ang gusto kong mangyari. Kung *scripted* na kasi ‘yung *monologue*, mag-a-*assume* na ng *character* ‘yung mag-e-Fb *live*. E mag-no-notif sa Fb na pangalan n’ya ang magla-*live*. Tapos, pa’no ‘yung *viewers*? I-sha-shoutout n’ya ba? Kelan? *In character* pa rin ba o bilang s’ya na? Pa’no ‘yung mga *comments*? Kailan n’ya i-a-*acknowledge*? Saka, ano lang du’n ang i-a-*acknowledge* n’ya? Dahil nag-ti-*trip* nga lang kami sa paggamit ng Fb *live*, di na masyadong pinag-isipan pa ‘yung paghahalo sa *vlogging*, Fb *live*, and *monologue*. Tapos, nagkapandemya na.

SAPT: May kinalalaman pala talaga ang pandemya sa *development* ng *monoVlog*.

LB: *In the middle of the sem*, di ba? *Last meeting* ng mga klase ko, napag-uusapan na ang pag-migrate *online*. May mga estudyante pa akong nag-joke na ‘pag nag-online na raw, mag-lecture o mag-discuss daw akong parang *vlogging*. Tanong ko, “pa’no ko gagawin ‘yon?” Sabi nila, basta umupo lang daw ako at mag-lecture gaya ng ginagawa ko na. Parang *vlogging* na raw ‘yun kasi *funny* raw, *animated*. Nu’ng umpisa pa lang ng *lockdown* nu’ng *March 2020*, nagka-chat kami ni Olive. Napag-usapan ‘yung tungkol sa pag-migrate ng mga klase *online*. Na-mention ko sa kanya ‘yung jinoke ako ng mga estudyante ko. Sabi ko, *why not* nga *try* natin *if* pwedeng ang *lecture* ay *vlog form* na may *monologue* na kasama para maiba sa *lecture* na nakasanayan na? Kahit di pa s’ya pamilyar nu’n sa *vlog* o kahit sa Fb *live*, pumayag naman s’ya. So sabi ko, sige gagawa ako ng iskrip, *try* natin. Pagka-send ko sa kanya ng iskrip, sabi ko, basta i-Fb *live* na n’ya agad, *since* nagta-try lang naman. Pero dahil nga *monologue* s’ya, at seryosong *actress* itong si Olive, gusto n’yang aralin daw muna ang iskrip. Lalagyan daw muna n’ya ng *units* at *beats*. Sabi ko naman, unang-una maikli lang s’ya. Sunod sa Youtube na mga 12 to 15 *minutes* ang *typical* na *vlogs*. Tapos, *since* di pa s’ya

gaanong *familiar* sa *vlogging*, baka ang dapat ‘yung *vlogging itself* muna ang mas pag-aralan. Binigay ko ang mga pangalan ng *vloggers* na pinapanood ko: sina Lloyd Cadena, ang Bakla ng Taon, sina Ranz Kyle at Niana, pati si AkosiDoggie. Nakailan din kami sa Fb *live*, tapos sinubukan n’ya rin sa *kumu*.

SAPT: Tama! Naalala ko pa ang mga personang nabuo niya sa *kumu*: MananangGal Gadot, Aling Ada, and Madam Tseter. Mga persona na nabuo dahil na rin sa *monoVlogs*. So ang ibig mong sabihin, ang *monoVlog* ay nagsimula talaga bilang isang aspektong may kinalaman sa pedagohiya?

LB: Gano’n na nga. Nag-iisip kami ng mga pwede pang tipo ng *video lecture*. At isang malaking konsiderasyon ay ‘yung hindi na kailangan ng masyadong *editing*. Hindi kami gano’n kamaalam pa sa mga *editing app*, o kahit sa mga klase ng *camera*. Tapos, ‘yung mga estudyante rin mismo. ‘Yung iba sa kanila naka-*data* lang. Medyo magaang sa *data* ang Fb kumpara sa Youtube. Tapos, naisip ko, nu’ng panahong ‘yon, bukod sa mga minimal na rekisito para makapagklase *online* – *laptop*, WiFi – ang meron pa kami ni Olive ay ang pagiging artista n’ya at ang pagiging manunulat ko. Ba’t hindi na rin gamitin?

SAPT: Ano’ng nangyari du’n sa unang *monoVlog*?

LB: Gusto ko nang masubukan ‘yung iskrip kaya sabi ko sa kanya, i-Fb *live* na n’ya agad. Sa Fb *account* n’ya naman gagawin. Kung may makapanood man, *friends* n’ya. Kung бага, alam namang umaarte na talaga s’ya.

SAPT: Ibig sabihin, sa umpisa, hindi sinaulo ni Olive ang iskrip?

LB: Hindi. Sabi ko nga, kahit basahin na lang n’ya. Parang sa *lecture*, di naman laging saulo ng *teacher*. May mga pagkakataong binabasa ang *slides* o kaya may *lecture notes*. Sa iskrip, nakalagay na rin kung kailan s’ya kailangang tumingin o magbasa sa *comment section*. ‘Yun ang isang malaking hamon sa *performer*. May nakalagay na sa iskrip kung kailan magsha-shoutout. Pero nasa *performer*

- na ang kung sino ang i-sha-shoutout kasi depende na sa kung sino talaga ang nanonood. May nakalagay na rin na “pag ganito ang *comment*, eto ang sagot.” May mga A, B, C, etc. Pero hindi naman mahuhulaan lahat ng pwedeng i-*comment*. Kaya kailangang mahusay mag-*adlib* ang *performer*. ‘Yung interaksyon n’ya sa nanonood, o sa *comment* ng nanonood, dapat nakapaloob pa rin sa inilalatag na *parameters* ng iskrip. Hindi ‘yung makasagot lang o makahirit o mema lang. Hindi ko na alam kung saan mas nahirapan si Olive: sa *units* at *beats* o sa *adlib*. (Tawa.)
- SAPT: Naintindihan ko na siya ngayon. Nu’ng una akala ko talaga kailangang i-*memorize* ang iskrip. Pero sobrang hindi halata na nagbabasa si Olive kapag nagtatanghal siya. Siguro ito na rin talaga ang mahika ng *online performance* mapa-Zoom o kung anuman.
- LB: May mga nadiskubre rin kaming mga paraan para hindi mahalatang binabasa lang ang iskrip. ‘Yung mga nag-*monoVlog* bukod kay Olive, ‘yung iba ro’n, talagang hindi na kinayang maisingit pa sa *schedule* nila ang pag-*memorize* ng iskrip. May mga trabaho, saka mga iba pang pinagkakaabalahan para mabuhay. Kaya lang, dahil nagkaro’n ng pagkakataong nagkaro’n ng *clamor* na magtanghal, may *schedule* na. Kaya para mapagbigyan ‘yung mga humiling na magkaro’n ng palabas, dumiskubre ng mga paraan para magawang basahin ang iskrip sa mismong pagtatanghal na hindi halata. Iba-ibang klase. Mula klase ng *eye makeup*, mga lugar kung saan ikakalat ang baha-bahagi ng iskrip, paggamit ng tatlong *gadget*, hanggang sa pagmanipula sa makikita sa *monitor*.
- SAPT: May *rationale* ba ang hindi pagmemorya ng iskrip?
- LB: Mas pa sa praktikal. Pwede ngang katulad nu’ng nangyari kay Olive, nagmamadali lang na masubukan ‘yung *form* para makita na agad kung pwede nga bang magamit sa klase. O ‘yung sa iba na wala nang panahong magmemorya kasi may *clamor* na magpalabas na agad. Kasama na rin ‘yung magbabasa na rin lang sa *comment section* kaya pwedeng basahin na rin pati ang iskrip.
- SAPT: Sumasang-ayon din sa *medium* kumbaga?
- LB: Oo. May mga *vlog* na rin naman kasing halatang nagbabasa ang *vlogger*. Merong pinapakita pa ng *vlogger* ang mismong binabasa n’ya.
- SAPT: Gano’n pa rin kahit noong dinala na ni Olive ang *monoVlog* sa kumu?
- LB: Gano’n pa rin. Mukhang natuwa naman ang mga *follower* ni Olive sa kumu.
- SAPT: Totoo, grabe na-*feature* nga si Olive sa *WheninManila.com* bilang isa sa mga popular o maraming *follower* sa kumu na *non-showbiz celebrity*⁵ dahil na rin sa *monoVlog*.
- LB: Oh, di ba? Bongga si Olive! (Tawa.) Du’n sa kumu, sa serye ng Madam Tseter n’ya, parang pang-*lecture* na sa klase. Sinusubukan na talagang maging *teaching material*. Baka ‘yun din ang dahilan kaya napansin s’ya ng kumu. Iba ‘yung *content* n’ya. Ang dami na rin kasing nag-kumu nu’n.
- SAPT: Naging sobrang sikat kasi ng kumu nitong pandemya. Pinutakti ng mga artista mula sa ABS-CBN at mga nawalan ng trabaho o gigs na mga banda at mga *singer*. *Eventually* natuklasan din ito ng mga *theatre people* – mga *musical theatre performer* ay nag-*concert* din. Tapos may mga *vloggers* na ang *content* ay parang *magazine show* – panayam sa mga historyador, sa mga mananaliksik at maging mga *celebrity*.
- LB: Baka nga kaya naging kakaiba ‘yung kay Olive. *Teacher* na nagle-*lecture* pero sa anyong *monoVlog*.
- SAPT: May pag-*appropriate* pa nga pala ng Pinoy Big Brother sa kumu. Dumami talaga ang *subscriber*. Nagkaro’n ng malaking *opportunity* ang mga *performer* na kagaya ni Olive na magkaroon ng mas malaking *audience*. Iba din talaga ang ginawa ng *social media* sa ideya natin ng manonood.

⁵ Para sa impormasyon hinggil sa balitang ito, narito ang link: <https://www.wheninmanila.com/these-5-financially-successful-kumu-livestreamers-share-perks-of-being-a-content-creator/>

At iba rin talaga ang ginawa nito sa konsepto natin ng *live*.

LB: *Technologically mediated*, pero may *simultaneity* pa rin ng *performance* at ng *reception*. May mga kaibahan pa rin naman kung ikukumpara sa nakasanayan nating konsepto ng *liveness*. Halimbawa, *simultaneous* pa rin nga ba ang *performance* at *reception* kung nagkakaroon ng *lag* o *delay* kahit isang segundo o saglit lang ang *transmission*? Kung sa nakasanayan nating *liveness*, pwedeng mabato ang *stage* o ang *performer*, 'pag *mediated*, *virtual* din lang ang batuhan. Sa akin, magkaiba pa rin 'yun.

SAPT: Ang susunod na katanungan naman ay hinggil sa kolaborasyon. Paano mailalarawan ang kolaborasyon sa pagitan mo at ng magtatanghal? Sunod, paano ang direktor? Sino ang direktor? May negosasyon din bang sinusundan kasama ang mga miyembro ng pangkat pang-artistiko?

LB: Kadalasan, 'yung *performer* na rin ang direktor. Eto 'yung walang *rehearsal* na kasama ako. Parang 'yung nangyari kina Tata Nanding⁶ at Ate Guy.⁷ Sa kaso nila, nahirapan noong una kasi sanay silang may direktor. Dahil naka-*quarantine* pa no'n sa mga bahay-bahay, mag-isa nilang ginawa ang *performance*. Sila na ang nagdesisyon sa *setup* ng *laptop* nila. Pati kung *laptop* ba o *cellphone* ang gagamitin nila. Sila na rin pati *production design*. Kung ano'ng *backdrop* ang gusto nila. Sa iskrip, nakalagay s'yempre ang *character* nila. At do'n na nila pagdesisyonan kung ano ang *immediate environment* ng *character* base sa kung ano ang meron sa bahay nila. Kung may *rehearsal* na kasama ako, kasama na rin ako sa nagdidirek. Pinagkakasunduan ang mga bagay na kasama sa *performance*.

SAPT: Ibig bang sabihin nito, kasama rin ang magtatanghal sa pagbuo ng *tauhan* at sa *milieu* ng tauhan?

LB: Sa anumang pagtatanghal, kasama

namang talaga. Hindi lahat ng detalye tungkol sa tauhan at sa *milieu* o sa *setting* na ay mape-predict ng iskrip. Sa kaso ng *monoVlog*, sunod pa rin ito sa kumbensyon ng *vlog*. Sa mundo ng *vlogging*, mahalaga ang *authenticity* o ang *factuality*. Halimbawa, 'pag sinabi ng *vlogger* na alas-tres ng madaling-araw s'ya nag-*vlog*, dapat totoo 'yun. 'Pag napatunayan ng *viewer* na hindi alas-tres ng umaga ginawa ang *vlog*, malaking bagay 'yon. Nagkaroon ng kontrobersya d'yan noon. Kaya dahil *vlog* pa rin ang *monoVlog*, kailangang may *factuality* pa rin ito sa buhay ng *vlogger*. Kahit na pwedeng *fiction* 'yung *monologue*, hindi pwedeng mawala 'yung paghalaw sa ilang *factual* na detalye sa buhay ng *monoVlogger*.

SAPT: 'Yung *monologue* ay sumusunod pa rin sa mga elemento ng isang dula?

LB: Ang hamon sa *monoVlog* ay gawing *dramatic form* ang *vlog*. Ang *vlog* mismo ay hindi isang dramatikong anyo. Babalik du'n sa mga naunang problemang nais tugunan: kung meron ka lang *cellphone*, naka-*data* ka lang, di ka masyadong makapag-*edit*, baka maging *boring*. Pwedeng gawin mo sa Fb *live* – uubra na ang *cellphone* at *data* at pwedeng hindi maging *boring* kasi magmo-*monologue* ka. Kung nahiiya o nadidiyahe kang biglang bumulaga sa mga *friends* mo ang Fb *live* mong nagmo-*monologue* ka, du'n na papasok ang *vlogging*. Ikaw pa rin 'yon, ikaw na Fb *friend* nila. Nagbabahagi ka pa rin tungkol sa buhay mo, o sa interes o opinyon mo. Pero sa paraan ng monologo. Nagsasanib ang *fact* at ang *fiction*, ang *vlog* na pinaniniwalaang *factual* at ang monologong pinaniniwalaang *scripted*. Sa pagsasanib na ito, higit na napapayaman ang mga kahulugan tungkol sa isang bagay, hindi sa paraang ibinabahagi lang ang opinyon, pagtingin, o isang inaakalang katotohanan, kundi sa paraang dramatiko, kinakatawan ng

⁶ Si Tata Nanding o Fernando Josef ay isang aktor at direktor sa entablado, telebisyon at pelikula. Siya ay kasalukuyang *Artistic Director* ng Tanghalang Pilipino ng Sentrong Pangkultura ng Pilipinas (CCP).

⁷ Si Nora Aunor o mas kilala bilang Ate Guy ay isang aktor sa entablado, telebisyon at pelikula na kinikilala bilang isa sa mga pinakamahuusay na artista sa pelikula hindi lámang sa Pilipinas kundi sa buong Asya.

performer ang naratibo. At maaaring katawanin na rin ng manonood dahil sa interaksyong magaganap sa pagitan ng *performer* at ng manonood, ang manonood ay nagiging aktibong bahagi na rin ng *performance*.

SAPT: Ah naintindihan ko na. Halimbawa nga yung *JonaLive* – kumpleto rekados ng elemento ng dula kumbaga pero kung sisilipin mo magkahiwalay na *vlog* ang dalawang ito pero noong pinagsama na – ay nabuo nga ang naratibo – ‘yung *plot* ay ‘yung kabuuang naratibo. Tapos *character* siyempre si Olive at si Jonathan. *Thought* naman ay ‘yung kritisismo mismo noong pagpa-prank na nagiging sanhi na sa kalituhan kung alin ang totoo at alin ang hindi. Siyempre ‘yun *diction* ay ‘yung mismong diyalogong isinulat mo – may iba’t ibang lebel at tekstura noong itinanghal na nila Olive at Jonathan. Tapos nandiyan rin ang *music* na maaaring nasa pagbigkas din nila ng mga linya pero ito rin yung mga tunog na maririnig natin habang nagtatanghal sila. At panghuli, *spectacle*? Siguro ito ‘yung mismong kombinasyon na ng lahat ng aspekto – sa aktwal na pagsasa-entablado ang tawag natin dito ay *mise-en-scène*. Siguro ito rin yung *framing* na ginagawa ng mga artista – pagharap sa *camera*, paggamit ng mga *props*, pagsasaayos ng ilaw, at kung anu-ano pang makaka-apekto sa mismong kabuuang karanasan ng panonood ng bidyo kasama na ang karanasan na dulot ng relasyon ng *audio* at biswal na elemento ng pagtatanghal.

LB: May pagtatangka pa ring sumunod sa *Poetics* ni Aristotle. Pero higit pa ro’n, ang *exciting* para sa akin ay ‘yung potensyal ng *monoVlog* na papusyawin ang linyang naghihiwalay sa itinuturing na *fact* at sa itinuturing na *fiction*. Sa pagpusyaw na ‘yon, maaaring maisip ng manonood na ang napapanood n’yang alam n’yang *fiction* ay isang *fact* na pala sa kanyang buhay. O ang isang *fact* sa kanyang buhay ay makita n’yang *fiction* na isinama ng Fb *friend* n’ya sa *monoVlog* nito.

SAPT: Wow – ibig sabihin may aspektong

depamiliarisasyon?

LB: Meron. Halimbawa, du’n sa isang *monoVlog* na kasama si Olive, nabanggit na nauubos na ang kanyang pagkain. Nandu’n na s’ya sa puntong binubuksan na ang mga de latang *for special occasion*. Sa madaling-salita, di na n’ya alam kung saan makakabili o makakakuha ng pagkain. Kumbaga, kailangan na n’ya ng ayuda. Hindi naman talaga umabot sa gano’n si Olive na mananawagan na para mabigyan ng ayuda. Pero may nakapanood ng *monoVlog* na ‘yon na hindi s’ya personal na kilala. Napanood lang noong *shinare* ko sa FB ko. Biglang nagpadala ng *care package* kay Olive. Di lang pagkain, pati mga sabon, at sanitary napkin. Sabi nang nagpadala, noong nililista n’ya kung ano ang mga ipapadala kay Olive, saka n’ya naisip na di lang dapat pagkain ang lamanin ng ayuda. Na may ibang pangangailangan pa ang isang tao para magpatuloy sa buhay kahit bihirang lumabas ng bahay. Na s’ya rin mismo, ano nga ba ang mga kailangan n’ya bukod sa pagkain? Na maswerte s’ya kasi malapit lang ang palengke sa bahay nila, at bukas pa rin ang palengke. So, ‘yung *fiction* sa *monoVlog* ni Olive, tiningnan bilang *fact* ng isang nanonood. At dahil do’n, di lang naisip ng nanonood ang sarili n’yang kalagayan at ang kalagayan ng iba, nakatanggap pa si Olive ng *care package* galing sa isang *stranger*. (Tawa.) Sa susunod na *monoVlog*, siyempre nagpasalamat si Olive. Naging *friends* na rin sila sa Fb. At nagawan na rin ng *monoVlog* ‘yung *interaction* nina Olive at ng *new Fb friend* n’ya sa labas ng *monoVlog*. Kumbaga, marami nang kahulugang pwedeng mabuo at marami nang pwedeng mangyari dahil sa isang *vlog* o sa isang pinalabas na *monologue*. Kaya maaaring mas marami pang kahulugang mabuo at mas marami pang maaaring mangyari kung pagsasamahin ang *vlog* at ang *monologue*.

SAPT: Ah tama – naaalala ko nga yung ayuda *monoVlog* ni Olive at kung papaano rin ipinakita yung *dependency* talaga natin sa bawat isa at ‘yung kritisismo

sa pambansa at local na pamahalaan pagdating sa pagtugon sa panahong tulad nito. Ito yung nagtatawid din sa kanya bilang isang porma ng dulaan hindi ba? Sabi ni Doreen Fernandez sa *Palabas*, ang nagtutulak daw sa mga mandudula para makapagsulat ng makabuluhang teksto ay ang tinatawag na *urgency* ng panahon.

LB: Sang-ayon ako na isa sa mga maaaring magtulak sa mandudula upang makapagsulat ng makabuluhang teksto ay ang *urgency* ng panahon. Pero kung ang pangunahing produkto ng teatro ay dulang pang-entablado, hindi ko pa masasabing dulang pang-entablado ang *monoVlog* bagama't meron itong *theatricality*.

SAPT: Ano'ng ibig mong sabihin? Kasi tingin ko sa kanya maaari naman nating dalumatin na uri ito ng dulaan.

LB: Ang pagtanggap o pagkilala sa isang anyo bilang anyong pang-teatro ay hindi lang naman nanggagaling sa manlilikha. May *agreed upon tacit* ito sa pagitan ng manlilikha, mga tagatangkilik, at mga institusyon. Lalo na kung babalikan si Doreen Fernandez. S'ya na rin ang nagsabi sa *From Ritual to Realism, community-based* daw ang ugat ng ating drama. Kung susundan ang pag-unlad ng ating drama hanggang sa kasalukuyang panahon base sa sinasabi n'yang ugat, ang komunidad na bumubuo sa teatro ang makakapagsabi kung anyong pang-teatro na nga ba ang *monoVlog* o hindi.

SAPT: May ganyan na rin namang nangyari sa kasaysayan ng dulaan. Halimbawa ang *naturalism* – *short lived* siya pero ipinagdiriwang natin ngayon bilang mahalagang kontribusyon nina August Strindberg sa dula at dulaan.

LB: 'Yun na nga, hindi naging sapat na ipagdiwang lang ni Strindberg at ng mga iba pang lumikha ng mga dulang sunod sa *naturalism* ang *naturalism*. Kinailangang tangkilikin, paulit-ulit na tularan, at sa huli, sabi mo nga, ipagdiwang *natin*.

SAPT: Tama rin – kaya mahalagang maidokumento na natin siya kasi patapos na rin ang pandemic –

hindi rin natin alam kung ano ang naghihintay sa *monoVlog* sa darating na panahon. Basta mahalaga ngayong maidokumento natin na may umusbong na ganito sa panahon ng COVID-19.

LB: Kapana-panabik din kung paano ito titingnan o aaralin ng mga iskolar, kung sakaling pansinin nila. (Tawa.) *Online theatre* ba ito kasi dula itong *deliberately* na ginawa para sa *online consumption*? O titingnan ba ito bilang dulang pang-entablado dahil naging pansamantalang entablado ang *online platform* habang naghihintay pa kung kailan muling bubuksan ang mga tanghalan upang magkaro'n ng *gathering*? Pupusyaw na rin ba ang linyang naghihiwalay sa pisikal at birtwal na realidad? At napakarami pang kapana-panabik na aabangan.

SAPT: Kung sabagay mahalaga talaga ang komunidad bilang ang tingin din natin sa dulaan o teatro ay isang sining panlipunan o isang sining na lumilikha ng lipunan. Isa pa, parang tradisyon din kasi ang usapin ng porma o anyo ng dulaan. Kagaya ng tradisyon, ang mga iba't ibang uri o anyo ng dulaan ay inimbento at napagkasunduan din ng mga tao o mga miyembro ng lipunan. Madalas, dahil din sa paulit-ulit na pagtatanghal, nagiging bahagi na siya ng mundo ng tradisyon – tradisyonalisasyon kumbaga. Malay natin manatili rin ang *monoVlog* at mas marami pang tumangkilik rito at di natin mamalayan, tradisyon na pala siya sa mismong *online world*.

LB: Nakakatuwa rin namang may mga sumunod na sumubok. Ang Sining Banwa ng Bicol, lahat ng na-*monoVlog* ni Olive, hiningi nila sa akin ang iskrip, tapos trinanslate nila at pinasukan ng mga detalyeng batay na sa karanasan ng kanilang komunidad. May isang *university* din, na 'yung *high school* nila, ginawang *contest* ang *monoVlog* para sa selebrasyon ng Buwan ng Wika. 'Yung Tanghalang Pilipino (TP), sumubok din. Tinanong ako ni Tata Nanding kung pwede ko ba s'yang gawan ng *monologue*. Gusto n'ya lang na personal s'yang magbigay ng *tribute* sa

mga *frontliner*. Du'n lang sa FB *account* n'ya gagawin. Sabi ko, tamang-tama at meron nga kaming sinusubukang gawin ni Olive. Pinanood n'ya 'yung mga na-*monoVlog* ni Olive. Nu'ng una, na-*insecure* s'ya kay Olive. (Tawa.) Tapos, hindi pala s'ya marunong mag-Fb *live* at hindi n'ya alam ang *vlog*. Ang alam lang daw n'ya ay *blog*. Hanggang sa mabanggit n'ya sa isang *meeting* ng TP, at napagkasunduan nilang gawin ng *project* ng TP. Du'n na sa Youtube *channel* ng TP pinalabas. At sumunod na pinag-*monoVlog* nila ay si Bb. Nora Aunor. Pagkatapos, sina Marco Viaña at Jonathan Tadoian ng Actors' Company nila.

SAPT: Ang dami na rin pala. Pero kanina pa natin binabanggit si Olive. Pag-usapan naman natin ang mahalagang papel niya sa kabuuang hulma nito yaman din lamang at na-*insecure* pala sa kanya si Tata Nanding. (Tawa.)

LB: (Tawa.) S'ya naman talaga ang unang sumubok nito. Kaya 'yung mga *monoVlog* n'ya ang pinanood ni Tata Nanding at 'yun din ang unang nakita ni Sari Saysay ng Sining Banwa kaya naisipan n'yang pwede ring gawin ng grupo n'ya. Mahirap din 'yung naging sitwasyon ni Olive. May mga *vlogger* s'yang pwedeng gayahin pagdating sa *vlogging*. Sa *monologue*, alam na naman n'ya 'yun. Pero sa *vlog* na gagawin sa paraan ng *theater monologue*, wala kaming naisip gayahin. March 2020, nag-*search* s'ya *online*. Isang *rant rap* sa Youtube ang nakita n'yang may *label* na *monovlog*. May nakita rin ako sa IMDB nu'n, nakalagay *Monovlog* pero walang laman. Dahil wala nga kaming makitang pwedeng gayahin, 'yung naglalaro sa isipan ko bilang ideya, malaking bahagi si Olive para magkaroon ng materyalisasyon. At mabuti na rin lang dedikado s'yang hulmahin pa rin 'to. Mas may dedikasyon s'ya kesa sa akin. (Tawa.)

SAPT: (Tawa.) Dahil sa dedikasyong 'yun ba

kaya naipakilala n'yo na rin ito sa iba't ibang kumperensiya?

LB: (Tawa.) Gano'n na nga.

SAPT: Una ko itong narinig bilang bahagi ng dalumat o diskurso sa Australasian Association for Drama, Theatre and Performance Studies (ADSA) Conference noong 2020.⁸ Kayo pa ni Olive ang nagbasa ng papel.

LB: 'Yung mismong papel, nasa anyo na ng *monoVlog*. Dahil tungkol sa *performance* ang papel, ba't di rin ito sulatin bilang isang *performance* di ba? Nagsimula din lang naman ito kakaisip sa mga pwedeng maging anyo o paraan ng *video lecture*, kaya tinitingnan na rin namin kung pwedeng *performance lecture*. O pwede ring *performance paper* kung may gano'n man.

SAPT: At may *spontaneity* pa rin?

LB: Oo. Du'n sa ADSA, sinasagot 'yung mga *comment* na hindi makapaniwalang buhay na manok ang ayuda. At du'n *very engaged* ang mga kasali sa *conference*.

SAPT: Para ba siyang *commedia dell'arte*?

LB: *Consciously*, may pagka-*commedia dell'arte* ang *approach* sa kanya. Si Malou Jacob ang unang nag-*point out* nito. Wala s'yang napanood sa kahit anong na-*monoVlog* ni Olive. Ang napanood n'ya 'yung kay Tata Nanding at kay Nora Aunor. Pagkatapos, 'yung ilang *alumni* ng UPLB, humiling na magpalabas daw *online* nu'ng napapanood nila noon na serye ng mga dula sa UPLB. *Icebag*, *Let's Go Tarugo*, at *Elbi Pie* ang mga tawag. Iba't ibang dula na ang pamagat ay *Icebag 2*, *3*, *4*, etc. O *Let's Go Tarugo 0*, *2*, *3*; *Elbi Pie 15*, *16*. Minsan pinagsasama ang mga pamagat, *Icebag Tarugo 3*, *4*. Parang *franchise*. Pwedeng may kinalaman sa isa't isa ang mga dula sa serye, tipong sequel o prequel. Pwede ring wala namang mga kinalaman sa isa't isa. Mga labing-anim na taon ding tumagal. Susulat ako ng dula, mga estudyante ang magtatanghal.

⁸ Ang ADSA Conference ay naganap noong 2 – 4 Disyembre 2020. Ito ay isang birtuwal na akademikong pagtitipon na pinangunahan ng University of New South Wales. Isang performance lecture ang inihandang presentasyon nila Bucoy at Nieto sa ADSA Conference. Dito ipinaliwanag nila kung paanong ang MonoVlog ay naging serye ng digital na pagtatanghal na ginamit bilang tugon sa pambansang isyu na may kinalaman sa karanasan ng lockdown. Nabanggit din sa presentasyon na ginamit ang porma bilang pruwera ng pagkabuhay (proof of life), bilang mga paalaala hinggil sa pandemya at pagpupugay sa mga Frontliners.

Iba't ibang mga *student organization* ang kasa-kasama. Isyu s'yempre ang pera. May bayad ang *venue*, ang ilaw, ang kuryente, ang *sound system*. May isang *production meeting* ng Icebag na dumalo si Sir Rene Villanueva. Natuwa lang s'ya nu'ng nalamang may serye nga ng mga dula sa LB na ang mga bumubuno bukod sa mga *major* ng *Communication Arts* ay mga *major* ng *Biology*, *Economics*, *Veterinary Medicine*, *Chemical Engineering*, at iba pang *science oriented* na kurso. Suhestiyon n'ya, para makatipid, ba't di gamitin ang monologo. Sinunod ko naman. Pero ang naging problema, malaki ang *DL Umali Auditorium*, kung saan kalimitang nagtatanghal noon. 600-seater. 800-1,000 capacity. 'Pag pinuno talaga, may *audience* sa mga hagdan pati sa *pit*. Kung *monologue*, paano isu-sustain ang interes ng *audience*? *Eventually*, humindig na sa *commedia dell'arte*. Maraming *exaggeration* o *parody*, may pagmamime, tinuring na komunidad ang UPLB kaya may mga *inside joke* sa pagitan ng mga umaarte at manonood, nagkakaroon ng mga *improvisation* kasi *involved* talaga ang *audience*. Minsan parang pang *concert* na ang *atmosphere*. Ina-acknowledge ng umaarte ang sinisigaw o reaksiyon ng *audience*. Maraming *adlib*, maraming *antics* na sa mismong *performance* na lumalabas. May *idiot board* na rin naman kami. Para kung sakaling hindi alam ng mga umaarte kung ano ang gagawin base sa reaksiyon ng *audience*, itataas na lang namin ang *idiot board* – *manila paper* lang naman na susulatan gamit ang *pentel pen* at ang ilaw mula sa *cellphone* o maliit na *flashlight*. Matapos mapanood ni Malou Jacob ang *monoVlog* sa *Icebag online*, du'n n'ya tinext na i-develop pa raw gamit ang *commedia dell'arte* at sana raw ay maging regular ang palabas. Mga *once a week*. S'yempre ang nakakatawa ro'n, wala naman s'yang kinalaman sa UPLB. (Tawa.) So, di ko alam paano

n'ya na-appreciate e ang daming *inside joke* LB *joke* do'n. (Tawa.)

SAPT: (Tawa.) Ibig sabihin, ang *monoVlog* ay ang *online version* ng karanasan ninyo sa UPLB?

LB: Oo. (Tawa.) Sanay na ako sa *on-the-spot* na magpapalit ng *dialogue* o gagalawin ang *plot*. Sanay na rin sa bigla na lang mag-i-improv o mag-a-adlib ang artista tapos ibabalik uli sa iskrip. Dahil din pala sanay kami do'n sa mga serye sa UPLB na importante ang reaksiyon ng *audience* sa kabuuan ng *performance*, hindi diretso sa *Fb live* at hindi rin Zoom ang ginamit namin. Streamyard. Para napapakita sa mismong *screen* ng *performance* ang ibang *comment* ng nanonood. Kung бага, hindi lang lalabas sa *comment section* na pwedeng hindi na mabasa ng ibang manonood. Parang pagpaparamdam na rin sa mga nanonood na kabahagi talaga sila ng *performance* at pag-encourage na rin sa kanilang pwede silang mag-interact sa isa't isa. At ang *interaction* nila sa isa't isa, pwedeng kasama na rin sa *performance*. Gano'n na rin kasi ang nakasanayan namin sa mga serye ng dula namin sa UPLB. Sa UPLB pa lang kasi, nag-i-incorporate na rin ng ilang detalye sa buhay ng mismong mga aarte. Kaya minsan, biglang may sisigaw na manonood kasi kilala ang artista at alam ang detalyeng naka-incorporate sa dula. Tapos, sasagutin o mag-re-act do'n ang ibang manonood. Tapos, i-a-acknowledge ito sa *performance*. Pwedeng sumagot din ang artista. O kaya biglang magpapatugtog ako sa banda ng kung ano'ng kantang sakto du'n sa sinigaw o reaksiyon ng *audience*. May pagkakataon ding may papasok na *voice over* para sagutin ang reaksiyon ng manonood. O ang isang artistang nasa *stage* biglang hihirit ng, "Ma'am Lallie, 'yung *audience* oh." Tapos, tawanan na lahat. 'Yon ang gusto pa rin sana naming ma-capture kahit nag-online na, kaya ginamit ang Streamyard. Sa huli, dagdag pa ni Malou Jacob, sundan na raw si Dario Fo.⁹

⁹ Ayon sa artikulo ni Maria Pia Pagani sa *The Theatre Times*, madalas sa dramaturhiya (dramaturgy) ni Dario Fo ay may interes upang pumukaw ng kolektibong opinyon ng publiko sa kanyang pagtatanghal. Madalas ding tinitira ng kanyang mga dula ang katamaran at kawalan ng empatiya at simpatiya ng sangkatauhan (<https://thetheatretimes.com/dario-fo-life-is-a-comical-mystery/>, 16 Marso 2016).

SAPT: Ah – mga *political sketch* at satirika ni Dario Fo?

LB: Oo. May pagka-*political sketch* at *satire* ‘yung napanood ni Malou Jacob e. Baka kaya naisip n’ya si Dario Fo.

SAPT: Tama, mga *solo performances* niya lalo na ang kanyang *Mistero Buffo*¹⁰ na talagang naging kontrobersiyal noong ipinalabas sa tanghalan. Sumikat din sa *traditional media* si Dario Fo. Kung hindi ako nagkakamali, ipinalabas ang *Mistero Buffo* sa telebisyon na talagang ikinagulat ng mga konserbatibong sektor ng Katolisismo at Kristiyanismo.

LB: Sumusunod naman sa *community standards* ng Facebook. (Tawa.) Sa Fb *live* pa rin. *Account* nu’ng nag-*monoVlog*. Di naman pinabayaan ng mga *alumni* ng UPLB. Naka-12 *thousand views* s’ya habang nag-la-live. 30 *minutes* pagkatapos ng *live*, pina-take down ko na. Bihira rin kasi naming i-document ‘yung mga dulang kasama sa mga serye namin sa LB. Kaya para *consistent*, kahit nag-online na, may pagka-*ephemeral* pa rin.

SAPT: Paano naman natin ilalapat ito sa mismong *monoVlog*?

LB: Kung sa pangkalahatan, naroon ang *satire*, ang *parody*, ang *farce*. Hindi maiiwasang makapagkomento tungkol sa mga karanasan nitong pandemya dahil nga bahagi pa rin ang karanasan ng *performer* sa kabuuan ng *monoVlog* sa panahong magpapalabas s’ya ng *monoVlog*. At dahil bahagi na rin ang manonood sa *performance*, nagiging bahagi rin ang karanasan ng manonood sa panahon ng kanyang panonood. Kaya maraming natalakay o napasok na mga karanasan sa panahon ng COVID-19. Mula sa mga pang-araw-araw na pakikipagsapalaran upang makapagpatuloy sa paghahanap-buhay hanggang sa usapin ng *mental health*, ng *supplies*, ng mga agam-agam, mga karanasang nagbibigay ng pag-asa, ng takot, ng inspirasyon, at marami pang iba. May mga nabuong *monoVlog* na base sa mga komentaryo ng manonood sa mga naunang *monoVlog*. Halimbawa, merong mga

comment na humihiling kung sino ang gusto nilang umarte sa susunod. O kaya naman kung tungkol saan ang gusto nilang mapanood. Meron ding may mababanggit na maisip kong magandang gawan ng *monoVlog*.

SAPT: Ngayon ko na nakikita ang *commedia dell’arte*, si Dario Fo, at ang *vlog*.

LB: Maraming pinaghahalo-halo. (Tawa.) Sa simula: Fb *live*, *vlog*, at *monologue*. Kinalaunan s’yempre, iisipin na kung ano’ng klaseng *vlog*, ano’ng tipo ng *monologue*. Nu’ng una, hindi pa *capitalized* ang “v.” Sabi ko lang kay Olive, *since* pinaghalong *vlog* naman ito at *monologue*, tawagin na lang naming *monovlog*. Kay MaLou Jacob na galing ang *capitalized* ang “v” sa *monoVlog*. Siguro, kasi nu’ng panahong ‘yon, sabi n’ya sa text, wala pa raw s’yang alam na gano’ng *form*. Tinext ko naman s’yang meron na akong nahanap, ‘yong sa IMDB ngang nu’ng *time* na ‘yon, meron nang *title* na *Monovlog* pero walang laman. Ang text n’ya, “*own the form*.” Tapos, sa text o email, lagi nang *monoVlog* ang gamit n’ya. *Capitalized* na ang “v.” Naisip ko, siguro pagpapakita n’ya kung paano simulan ang *owning the form*. O pwede rin namang para sunod sa *nickname* n’ya. Kasi ang “I” n’ya sa Malou, kina-*capitalize* din n’ya. (Tawa.) Parang *sign* ng pagsasama sa Maria at Lourdes na pangalan n’ya. (Tawa.) *Anyway*, sinunod na lang ang pa-*capital* n’ya sa “v,” para masaya s’ya. (Tawa.) *Seriously*, para maiba rin kung sakali nga at meron na pala talagang *monovlog*. Dahil no’ng sinimulan namin ito ni Olive, mga Fb *friends* lang naman n’ya ang makakanood, at dahil nga mauugat pa ito sa matagal nang ginagawa sa UPLB, importante ang *community* ng *monoVlogger* sa ganitong klase ng *monoVlog*. *Vlogger* pa rin kasi s’ya, nagbabahagi ng ilang *facts* tungkol sa kanyang buhay. Kilala na o nagpapakilala sa kanyang *viewers*. Kaya sa huli, kung itutuloy-tuloy n’ya tulad ng kalimitang ginagawa ng mga *vlogger* sa mga *channel* nila, o kung susundin ang suhestiyon noon ni

¹⁰ Ang *Mistero Buffo* ay maaaring itala bí lang isa sa mga mahahalagang dula na naisulat ni Dario Fo. Ito ay kontrobersiyal dahil sa mga monologo na hinggil sa buhay ni Kristo bí lang isang tao, subersibo at mang-iibig.

MaLou Jacob na maging regular ang pagpapalabas, tulad nga ng sa mga *vlogger*, makakabuo ng *community* ang *monoVlogger*. Magkakaroon na rin ng mga *inside jokes*, mga linya o hirit na sila-sila ng mga *viewer* n'ya ang nakakaalam, mga karanasan o interes na magkakatulad, pinagsasaluhan, o nagbibigkis sa kanila, o sa amin. S'yempre, bilang manunulat, nandu'n pa rin ako. May mga interes ko, mga karanasan ko o ng mga taong nakakadaupang-palad ko. Parang sa kahit ano'ng uri ng dula lang, nandu'n ang *world view* ng nagsulat.

SAPT: Malinaw na malinaw sa akin ang *timeline* ng pag-unlad ng *monoVlog*. Mahaba-haba rin ang *prehistory* pala niya at nakakatawa rin ang pag-unlad niya mula *monovlog* patungong *monoVlog*. Sa palagay ko maaari na nating ilatag ang mga pangunahing elemento nito. Una, ang *monoVlog* ay pinagsamang *monologue* at *vlog*. Pangalawa, ito ay isang maiksing pagtatanghal. Pangatlo, bagamat ito ay itinatanghal *online*, ito ay *live* pa rin. Pang-apat, mahalaga ang papel ng manonood na kung tawagin sa *online world* ay mga *viewer* o mga *subscriber*. Katulad ng improbisasyon, malaki ang epekto ng interaksyon ng nagtatanghal at ng manonood sa daloy ng pagtatanghal. Ikalima, bilang isang *monologue*, isang naratibo ang itinatanghal at bilang isang *vlog*, ang naratibo ay konektado sa buhay ng nagtatanghal. Pang-anim, ito ay maaaring sumagot sa realidad ng kasalukuyang panahon o isang kritisismo sa lipunan o sa sosyo-politikal na aspekto ng lipunan. Tama ba?

LB: Gano'n na nga. Isama na rin ang wala halos o wala talaga itong *editing*. Kung sakali at maging *recorded* ito, dapat pinerform pa ring isa lang ang *camera*, isang *take* lang, tuloy-tuloy. Mawala man ang *simultaneity* ng *performance* at *reception*, *since* mala-komunidad na ang *monoVlogger* at ang mga manonood, may *shoutout* pa rin o pag-*acknowledge* sa presensya ng manonood. Kilala na naman malamang ng *monoVlogger* ang

ilang posibleng manood. At pwedeng mahulaan na rin ang posibleng ihirit ng ilang manonood habang pinapanood ang *recorded performance*. Kung бага, malay na malay ang *performance* sa mga posible nitong maging manonood.

SAPT: Ang huling tanong ko, konektado ito sa tema ng kumperensiya noong nakaraang linggo kung saan ikaw ay isa sa mga mahahalagang tagapagsalita. Ano ba sa tingin mo ang kinakaharap ng *online performance* lalo na ang *monoVlog* pagkatapos ng pandemya?

LB: Tingin ko, dahil sa pandemya, umigting ang pagtanggap na bahagi na talaga ng pang-araw-araw na buhay natin ang *online platform*. Kung di man ito direktang kabahagi ng buhay ng isang tao, malamang sa paligid n'ya, may mga kapamilya, kamag-anak, kaibigan, o kakilala s'yang lubog sa *online platform* at nababahaginan na rin s'ya ng mga ito ng mga nakukuha o nararanasan nila *online*. Kung sa usapin naman ng teatro, alam naman nating bukas ang teatro sa mga bagay na dala ng pag-unlad ng teknolohiya. Siguro ang isang magandang isipin ay ang pagkakaiba ng isang dula bilang *online content* at ng isang dulang gumamit ng *online platform* sa loob nito. Kung ako ang pamimiliin, mas gusto kong abangan ang patutunguhan nu'ng huli.

JonaLive: Dalawang MonoVlog na Pinag-isa ni Layeta Bucoy

Itatanghal sa Zoom.

Spotlight sa Zoom account ni Uleb.

Unang Monologue: Uleb

Uleb: (*Ready Eye Drop; with trademark tuwalya; naka-dark glasses <the bigger, the better>*)

Hey, Guys! Welcome to the JonaLive Channel of Love Season 3! Nagulat ba kayo at may Super Chat tayo? Alam n'yo naman ang JonaLive lagi kayong ginugulat kasi laging may pasabog. Yes, love warrior (*mention name*), mahal na mahal ka rin

ng JonaLive. Oh, thank you love warrior (*mention name*) sa 5,000 pesos. Kahit five pesos pa 'yan, love warrior pa rin kayo ng JonaLive kaya ina-appreciate namin ang kahit na magkanong binibigay n'yo dito sa super chat. Yes, love warrior (*mention name*), hindi talaga natin kasama ngayon si Jonathan, ang Jona ng JonaLive. Ako lang muna, ang Ate Olive n'yo ang makakasama n'yo ngayon.

(*Pan camera*)

As you can see, wala s'ya ngayon dito sa aming unit sa BLISS. Nakita n'yo naman ang naa-afford ng combined salaries ng untenured college literature teacher and freelance theater actor. Oo, ganito. (*Tatawa*) Yes, dito pa rin ako sa aming unit sa BLISS after ng aming pasabog two days ago. (*Tatawa*) Yes, I know. I know, nabulabog ang vlogging world sa aming pasabog. At dahil d'yan, sure akong babalik uli ang JonaLive. (*Magbabasa*) Yes, love warrior (*mention name*) support JonaLive, support love, support one another and receive the love we deserve.

(*Read*)

Naku sunod-sunod na! Natataranta na ako. Baka di ko na naman kayo mashoutout lahat. Yes, receive the love we deserve (*mention name*). I love you too, (*mention name*). Ate Olive is always here for you (*mention name*). And (*mention name*), h'wag ka nang magmultiple post, s'yempre naaalala ko 'yung vlog namin two days ago 'no? Hello? Vlog namin 'yun. Pa'no ko makakalimutan? Kaya nga naka-shades pa ako e. Akala n'yo hindi ako affected? Akala n'yo gusto ko lang kumita dito sa Super Chat. Oh, thank you sa 7,000 (*mention name*). True blue love warrior ka talaga. Anyway, yes. Last vlog. How can I forget?

(*Tatangalin ang salamin, maglalagay ng eye drop, dapat may tears/Shift mood na malungkot, ginagaya ang last vlog, tanggal ng towel*)

To all JonaLive love warriors, alam kong lagi naming sinasabi sa inyong always choose love, kahit mahirap, kahit lupagi ka na, di ka na masaya, para ka nang di makahinga o hirap na hirap ka na, basta piliin mo pa rin 'yung love mo. Gano'n naman talaga sa love di ba? Talagang may kasamang pain, may kasamang paghihirap. Di naman laging masaya sa love. Kaya nga pinaglalaban talaga ang love. Di pwedeng kampante lang lagi. Di pwedeng bahala na ang buhay o bahala na si Batman. Kung love mo, ipaglaban mo. Para in the end, you receive the love you deserve. Pero nakakapagod din palang makipaglaban. At kahit ipilit mo pa ring ipaglaban, hindi naman sa lahat ng pagkakataon, di naman sa lahat ng laban, panalo ka. Yes, mga dear love warrior, kinalulungkot po naming ipaalam sa inyong wala na po ang JonaLive. Buwag na po. Wala pong third party. Wala pong away. Sadyang mahirap lang pong kalaban itong pandemic. Di po namin kinaya. Sana'y maintindihan at mapatawad n'yo kami. JonaLive signing off.

(*Shift*)

It's a prank! (*Tatawa*) Alam n'yo naman ang JonaLive, prank dito, prank doon. (*Tatawa*) Di ba Jonathan? Paano mabubuwag ang JonaLive? We receive the love we deserve. Jonathan, tingnan mo, mahal na mahal tayo ng mga love warriors natin. Di natin sila pwedeng i-disappoint. Etong si (*mention name*), si (*mention name*), si (*mention name*), sama na rin natin si (*mention name*). Importante sila sa atin di ba? Mga sweet moments, happy moments, it's a prank moments natin ang inaabangan nila. 'Yun ang mga moments na nagbibigay sa kanila ng good vibes. Mga moments na nagpapasaya sa kanila sa panahon ng pandemic na maya't maya may (*In one breath*) ECQ, MECQ, GCQ, MGCQ, banana-Q, barbe-Q, at sana

umulan na rin ng maraming I.Q., E.Q., QDK Quantum Development Kit and Q#, language for quantum programming. (Pormal) Ang quantum ay ang pinakamaliit na posibleng maihiwalay na yunit sa anumang pisikal na katangian tulad ng enerhiya o bagay.

(Shift back)

Hindi na tayong maliit ngayon, Jonathan. JonaLive na tayong. Malaki na tayong. Nag-trending sa YouTube ang last vlog natin. Ang laki ng revenue natin du'n sa hiwalayan vlog. Ano pang iniinarte mo? Umuwika na rito. Ituloy na natin ang JonaLive. Binulgar ko na sa mga viewers and subscribers natin na "it's a prank!" Nagawa na naman natin di ba? For three years since naging JonaLive tayong, ilang beses na tayong nagkairangan dahil hindi pa rin tayong magkaanak. Pero masaya pa rin tayong humaharap sa mga vlogs natin. Pinaglalaman pa rin natin ang love natin. Isang katutak pa nga ang mga pranks natin di ba? More pranks pa rin kahit pinagsisisihan mong nag-follow your heart ka at naging theater actor kesa naging heart surgeon na gusto ng father mong di maka-get over dahil sa enlarged heart namatay ang bunsong kapatid mo nu'ng 13 years pa lang s'ya. Ano naman ngayon kung kumikita ka pa rin sana kung heart surgeon ka at hindi theater actor na walang maartehan dahil bawal ang mga stage plays ngayon? Binubuhay naman kita kahit na nagkukulang paminsan-minsan ang sweldo ko as college prof. Ang sabi ko sa 'yo, mabigyan lang ako ng tenure, magiging stable na tayong. Pero pa'no ako mabibigyan ng tenure kung bubuwagin mo ang JonaLive? Kino-consider ang good moral character sa tenure. At pa'no ako magkakaro'n ng good moral character kung hiwalay ako sa asawa?

(Read)

Yes, love warrior *(mention name)*. Prank lang talaga 'yung hiwalayan vlog. Pero kahit mahilig kaming

mag-prank, inaamin namin kung prank lang o totoo na. 'Yun nga ang nagustuhan n'yo sa amin, di ba? Honest kami, authentic. Naguguluhan na ang mga love warrior ng JonaLive, Jonathan. Ang usapan natin, pampataas lang ng revenue. Tumaas na nga ng katakot-takot, ano pang pinag-iinarte mo?

(Kakalma)

Ganito kasi 'yon. Sige, honesty in the house na tayong. Yes, pera ang pinag-awayan namin. Ilan lang ba sa atin ang wala ni ga-titing na problema sa pera these days? Ako ngang may trabaho pa rin, oo nga, bihira akong lumabas kasi work from home, pero kinailangan ko namang bumili ng matinong laptop, computer table, ergonomic chair, ring light, (mention all you purchased). Tipid nga sa pamasaha, pero lugod naman sa kuryente. Kailangan pang magpakabit ng matinong wifi. Yes, count our blessings. Nakakakin pa rin. Nakakabayad ng bills. Paminsan-minsan, nakakapagpadeliver sa Lazada. 'Yung si Jonathan sa Shopee kasi favorite n'ya si Jackie Chan. Pero ayun e, dalawa ang tinamaan sa amin ng covid e. Mother ko saka father n'ya. Dalawang milyon. Tig-isa. Nalimas ang savings namin.

(Sandaling katahimikan)

Ginawa ko lang ang kailangan kong gawin para sa nanay ko. Ako naman ang nag-e-edit ng mga vlogs namin ha? Ako ang nag-iisip ng content. Pati JonaLive, ako ang nag-isip. Ako pa ang may regular na sweldo. Binilhan ko pa s'ya ng live streaming gadgets para makapag-kumu s'ya. May nangyari ba? Kumita ba s'ya? Wala s'yang narinig sa akin. Pero 'pag tungkol na sa nanay ko, ibang usapin na 'yon. Single mother, clerk sa munisipyo, mag-isa n'yang binuno ang pag-aaral ko para makatapos ako ng Literature. Tapos, ano'ng gusto mo, Jonathan? 'Yung pinaghirapan kong pag-isipan, i-edit, i-upload, sulatin, pagtrabahuhan, hahatian ko ang

tatay mong nilustay lahat ng ari-ariang minana ng nanay mo sa mga magulang n'ya kaka-ABS? (Read) Oo, (mention name) ABS. Hindi 'yung nawalan ng franchise. Asawa, Babae, Sugal. ABS. Kayo kaya? Kung pamimiliin kayo, kaninong buhay ang isasalba n'yo? 'Yung matinong single mother o 'yung tatay na mahilig sa ABS?

(Sandaling katahimikan)

Hindi ko sinisiraan ang tatay ni Jonathan o si Jonathan. Ang point ko lang dito, magdadalawang taon nang ako ang bumubuhay kay Jonathan. Pati pinapadala n'yang monthly allowance sa tatay n'ya, galing na sa akin. At dito sa mga vlogs, artista lang s'ya. Ako na lahat. Kaya dapat ang makuha n'ya e 'yung share n'ya e 'yung bilang artista lang.

(Shift, i-smile, perky na uli)

Pero h'wag kayong mag-alala mga JonaLive love warriors. Love takes a lot of work. Kaya 'yang si Papa Jonathan n'yo, uuwi rin 'yon. Babalik din 'yun dito sa aming unit sa BLISS. Mas malulugi s'ya kung hindi s'ya babalik. Love takes a lot of work at dahil wala s'yang work, marami s'yang time para magwork para sa JonaLive. Ito na lang JonaLive ang pinagkakakitaan n'ya. First and last kita n'ya nitong pandemic 'yung commercial n'ya sa kama. Ayun, pagkatapos ng commercial, natulog na sa kama ang career n'ya. Wala pa sa kalingkingan ng hospital bill ng father n'ya 'yung kinita n'ya ro'n. At sa laki ng utang nila sa hospital, for sure babalik 'yun dito, babalik 'yun sa JonaLive. (Tatawa) Oo, s'yempre. May kasamang survival din 'yung love 'no? Kaya nga sinasabi nu'ng ibang di sila mabubuhay 'pag wala 'yung love nila. Kaya nga kailangang ipaglaban e, kasi parang buhay mo na rin ang nakataya.

And that's all for today! Thank you sa lahat ng nagbigay ng pera. I love you all. And remember, support JonaLive, support love, support one another and receive the love

we deserve. Mabuhay ang love warriors. Mabuhay ang JonaLive. Mabuhay ang lahat ng lumalaban para sa love! 'Til the next vlog! Bye! *(Dance)*

Ikalawang Monologo: Tad

Tad

(Rapido kung magsalita) Oo, nagsu-super chat din ako. Oo, si Olive ang mahilig mag-super chat. Oo, hindi ko s'ya kasama. At oo, wala ako sa unit namin sa BLISS. Nakikita n'yo naman di ba? (Pan camera) Tingnan n'yo, tingnan n'yo. Ibang-iba sa unit namin sa BLISS. Nandito ako ngayon sa bahay ng tatay ko. Sa bahay ng tatay kong namatay dahil kay Olive.

(Maiyak-iyak pero agitated)

Talagang s'ya naman ang may kasalanan. Ginawa namin 'yung vlog na naghiwalay na kami, nabuwag na ang JonaLive kasi nga kailangan namin ng pera, kailangang dumami ang views, lumaki ang revenue, maligtas sa Covid ang nanay n'ya at tatay ko. Pero ano'ng ginawa n'ya?

(Agitated)

Niligawan ko 'yan kasi akala ko mabait. (Read) Love warrior (mention name), h'wag kang tanga. Kung ganda din lang ang hinahanap ko, e di sana nilagawan ko na lang 'yung mga theater actress o kaya 'yung mga artista sa pelikula o sa TV. 'Yun ang talagang magaganda. Hindi ko sinasabing pangit si Olive. Ang sanasabi ko, mabait si Olive. Akala ko mabait si Olive. Akala ko si Olive ang babaeng dapat pinapakasalan. Akala ko hindi darating ang araw na mabubuko kong sa puso n'ya, puro kasamaan lang pala ang umaapaw.

(Hinga ng malalim)

Oo, tama 'yung sabi n'ya sa super chat n'ya. S'ya ang nag-isip ng JonaLive. S'ya ang nagsusulat ng content, s'ya ang nag-e-edit. S'ya na lahat. Aktor lang ako. Pero habang iniisip n'ya ang JonaLive, ako ang nagtitimpla ng kape n'ya, ako ang nagtitiyagang makinig sa mga pangarap n'ya, ako ang naglilinis ng unit namin sa BLISS, nagluluto, naglalaba,

namamalantsa, nagpa-pump sa baradong kubeta, nagtitiklop ng mga damit n'ya, nagliligpit sa mga kalat n'ya kasi nag-iisip pa s'ya!

(Sandaling katahimikan)

Habang nagsusulat s'ya ng content, ako ang sumusugod sa Meralco, Nawasa, PLDT para magayad ng mga bills. Ako ang namamalengke, nakikipagtawaran sa mga tindera, nagmamasaha sa ulo, batok, leeg, at balik at n'ya, nagpapaypay sa kanya para makatulong s'ya ng mahimbing. Ako ang sumisisid para sumigaw s'ya, umirit, kumislot, lumiyad hanggang labasan s'ya para makasulat uli s'ya ng content. Lahat ng pangangailangan n'ya binigay ko habang nag-iisip s'ya, nagsusulat, nangangarap na balang-araw lalaki rin kami, lalaki rin ang JonaLive habang wala na s'yang ginawa kundi maliitin ako, maliitin ang mga naitulong ko, maliitin ang mga nagawa ko. Oo, ako na ang maliit. Sa laki ng krisis na dala nitong pandemya, lahat tayo nagmistulang mga walang laban, walang lakas, walang kapangyarihan. Dahil sa pandemya, lahat ng tao naging maliit. Minaliit n'ya tatay ko. Umaasa lang daw sa mga ari-arian ng nanay kong minana n'ya sa mga magulang n'ya. ABS, asawa, babae, sugal. Utak parokiyal daw. Utak barriotic. Small town mindset. E ano ngayon? Nasa'n ang utak lungsod n'ya? Nasa'n ang utak malakihan n'ya? Sino ba ang nagtutulong ngayon? Kung sumigaw ka, ang kasama mo sa bahay ang unang makakarinig. Kung kailangan mo nang tulong, ang kapitbahay mo ang una mong malalapitan. Walang nag-iisa sa mga barriotic. May pera ka man o wala, bubuhayin ka ng mga taong may small town mindset.

(Sandaling katahimikan)

Gusto n'yang maging pilian. Gusto n'yang isalba ang nanay n'ya habang hinahayaang mamatay ang tatay ko. Sa mga barriotic, walang pilian. May maliwanag na komunidad. Nagtutulongan. Naghahatian. Hindi

nagpipilian!

Mabuti na raw 'yung may isang mabuhay kahit may isang mamatay. Ang sa akin, mabuti na 'yung parehong madugtungan ng buhay, tig isang linggo, tig isang araw, kahit tig isang oras, tig isang minuto, tig isang segundo. Kesa may tumuloy-tuloy na mabuhay dahil may hinayaan kang tuloy-tuloy na mamatay. Nagtutulongan, naghahatian, kahit sa buhay, sa mga segundo ng buhay. Hindi binibigay ang lahat sa isa para may isa namang ang tatanggapin ay wala.

(Sandaling katahimikan)

Kanya raw ang pera, kanya ang revenue, ang ipon, ang sweldo. Sige, sabi ko. Iyo na lahat. Gamitin mo para may ibayad ka sa taong magtitiyagang tulongan kang mabuhay habang nag-iisip ka ng kwento para sa sa JonaLive, nagsusulat ng content, nag-e-edit ng mga video. (Read) Ewan ko. Malay ko. Kaya nga sa kanya na ang pera e. (mention name) Hindi ako nag super chat para kikilan kayo. Hindi ako nanlilimos o nagpapaawa sa inyo. Gusto ko lang malaman n'yo rin ang panig ko. Dahil 'pag iisang panig lang ang nalaman n'yo, pwedeng hindi n'yo alam, niloloko na pala kayo.

(Sandaling katahimikan)

Hindi ko sinasabing niloko n'ya kayo. Ang sinasabi ko, niloko ko, niloko ko ang sarili ko. Magda-dalawang taon na, di ko pa rin napansin, unti-unti nagpapakilala na s'ya sa akin. Nagsimula sa mga utos na may kahalang sumbat, gawin mo 'to, tapusin mo 'yun, tumakbo ka do'n, dahil mo 'to. Kasi inaayos ko ang channel, kasi nag-e-edit ako ng vlog, kasi may klase ako, kasi pagod na ako, kasi ako ang bumubuhay sa atin, ako ang may sweldo, ako ang nag-iisip, ako ang gumagawa ng paraan.

(Sandaling katahimikan)

Lagi naming sinasabing pagdating sa pagmamahalan, kailangan itong ipaglaban. Mali, maling-mali ako.

Hindi 'yon ang naisip ko. Hindi 'yon ang natutunan ko. Hindi pakikipaglaban ang kailangan sa pagmamahalan, ang kailangan sa pagmamahalan ay pagtutulungan. Walang tunay na pagtutulungan kung nagbibilangan. Walang tunay na pagtutulungan kung ang lahat na lang dinadaan sa sumbatan. At lalong walang tunay na pagtutulungan kung may tao kang ipinagkakanuno mo sa kamatayan. Ewan ko kung may tumulong pa sa kanya. You receive the love you deserve. Ano ba ang deserve n'yang love? Magbayad s'ya, tatala rin naman s'yang ginawa kundi bayaran ang sarili n'ya.

(Agitated)

Wala na. Wala na. Wala na ang JonaLive. Kanya-kanya na kami. Jonathan. Olive. Magkahiwalay. Hindi na ako babalik sa unit sa BLISS. Magdildil man ako ng asin, dumila man ako sa baga, kumapit sa patalim, sa panahon ng krisis, lumalabas ang tunay na ugali. Nalalaman kung sino talaga ang may malasakit. Nahuhubaran ang mga peke. Nalalantad ang mga kahinaan. Kung makapag-post sa Facebook akala mo mahal na mahal ang pamilya. Pero ilang linggo lang hindi makalabas ng bahay, akala mo'y nabubuwang na, naiinip, nagsusungit. Akala ko ba mahal na mahal mo ang pamilya mo? Ayan, oh. Lagi mo silang kasama. Ano pang hahanapin mo? Ano pang kinabubuwang, kinaiinip, kinasusungit mo kung kasama na ang mga taong ibinabendera mo sa facebook na mahal na mahal mo? Bakit hindi sila sapat?

Ayoko na sa hindi nakokontento. Ayoko na sa lagi na lang nakakakita ng kulang, lagi na lang nagsasabing hindi sapat. Kailangan daw laging papalaki nang papalaki. H'wag makontento sa pagiging maliit. Nasaan 'yung mga malalaking taong sinasamba n'yo noon? Ilang beses ba nila kayong kinamusta, ilang beses sinabihang mag-ingat kayo, ilang

beses tiniyak na ligtas kayo, buhay pa kayo, humihinga pa?

(Sandaling katahimikan)

(Read) Oo, (mention name) kailangan kong magpahinga. Pagod na ako. Pagod na pagod. Kung ano-ano na ang sinasabi ko. Oo, walang iskrip galing kay Olive. Baka kaya kung ano-ano na ang sinasabi ko. Pero kahit pagod na ako, kahit magulo na ang isipan ko, alam kong bukas, may kapitbahay akong magdadala ng ulam. Alam nilang halos di ako gumagalaw dahil di ko pa rin natatanggap na abo na lang tatay ko. Bukas, may tatawag o kakatok, titiyaking buhay pa ako. At magpapatuloy ang lahat sa marami pang bukas nang hindi ko kinakailangang maglabas ng pera. Walang bilangan, walang palakihan, walang sumbatan. Puro tulungan. Di na kailangang ipaglaban. Kusang ibinibigay kahit walang kabayaran. Hindi ko na kayo masha-shoutout isa-isa. *(Mention name)* Wala akong magagawa kung gusto mo ako bilang artista pero ayaw mo sa totoong ako. Sigurado ka bang hindi ako artista ngayon at 'yung ako na nakita mo sa mga vlog ng JonaLive ang hindi totoong ako? *(Tatawa nang tatawa, mahaba)* It's a prank!

(Tatawa)

Katabing unit namin 'to sa BLISS. Wala, walang namatay. Matagal nang patay ang tatay ko at nanay n'ya. Nagulat ba kayo sa triple prank namin? First prank 'yung hiwalayan vlog. Second prank 'yung arte vlog ni Olive. At 'tong arte vlog ko ang third prank. *(Tatawa)* Hindi na kayo nasanay sa amin. Alam n'yo naman sa JonaLive Channel of Love Season 3, puro prank para laging ipaalala sa inyong naghahalo-halo na ang mga realidad – mula buhay n'yo online hanggang pisikal n'yong buhay. Ano nga ba sa mga 'yon ang totoo at ano ang "it's a prank!"

(Tatawa)

O siguro ang dapat na tanong ay hindi 'yung kung ano ba talaga ang totoo sa mga pinaniniwalaan

mong realidad. Siguro ang dapat na tanong ay, kaya mo bang panindigan ang tinuturing mong realidad?

(Tatawa)

At mga JonaLive love warrior, sagutin n'yo man 'yan o hindi, bahala na kayo. Basta ang sinisiguro ko lang sa inyo ay, buhay na buhay pa rin ang JonaLive. Don't forget to subscribe. Mag-like, i-share ang video na ito. Mag-comment, mag-invite pa ng mga viewers at subscribers. Dahil kahit nasa gitna tayo ng pandemya, pwede pa rin namang tumawa kahit pa'no, ngumiti kahit sandali, maging masaya, dahil sa huli, we will receive the love we deserve. Support JonaLive, support love, support one another. 'Til the next vlog, JonaLive love warriors! ♦

MGA REPERENSIYA

Auslander, Philip. *Liveness: Performance in a Mediatized Culture*. London and New York: Routledge, 1999.

Fernandez, Doreen G. *Palabas: Essays on Philippine Theatre History*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1996.

Gotinga, JC. "Will the Corona Virus Kill Philippine Theatre." *Rappler Online*, 6 June 2020. <https://www.rappler.com/newsbreak/in-depth/263043-will-coronavirus-kill-philippine-theater/>. Accessed 10 March 2022.

"Guidelines: Luzon Enhanced Community Quarantine" *Rappler Newsletter*, 16 March 2020. <https://www.rappler.com/newsbreak/iq/254783-full-text-guidelines-luzon-enhanced-community-quarantine/>. Accessed 20 December 2021.

Lange, Patricia G. "Vlogging Toward Digital Literacy." *Biography* 38.2 (2015): 297 – 302.

McNeill, Laurie and John David Zuern. "Online Lives 2.0: Introduction." *Biography* 38.2 (2015): v – xlv.

Pagani, Maria Pia. "Dario Fo: Life is a (Comical) Mystery." *The Theatre Times*. 16 Oct. 2016. <https://thetheatretimes.com/dario-fo-life-is-a-comical-mystery/>. Accessed 31 March 2022.

Phelan, Peggy. *Unmarked: The Politics of Performance*. London and New York: Routledge, 1993.

Santos, Ana. "Coronavirus: Philippines Quarantines Island of 57 Million People." *Aljazeera Online*. 16 March 2020. <https://www.aljazeera.com/news/2020/3/16/coronavirus-philippines-quarantines-island-of-57-million-people>. Accessed 20 December 2021.

Schiller, Melanie. "Transmedia Storytelling: New Practices and Audiences." *Stories*. Ed. Ian Christie and Annie van den Oever. Amsterdam: Amsterdam University Press, 2018, 97 – 107.

WheninManila. "These 5 Financially Successful kumu Livestreamers Share

Perks of Being a Content Creator." *WheninManila*, 8 May 2021. <https://www.wheninmanila.com/these-5-financially-successful-kumu-livestreamers-share-perks-of-being-a-content-creator/>. Accessed 31 March 2022.



Si SIR ANRIL P. TIATCO ay propesor ng dramaturhiya at araling pagtatanghal mula sa Departamento ng Komunikasyong Pasalita at Sining Panteatro ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Kinilala siya ng National Research Council of the Philippines bilang *Achievement Awardee* sa larang ng Humanidades para sa Taong 2021. Siya ang kasalukuyang tagapangulo ng *Asian Theatre Working Group* ng *International Federation for Theatre Research*. Si Tiatco ay kinikilalang Artist II ng Unibersidad ng Pilipinas.

Si LAYETA BUCOY ay Propesor ng malikhaing pagsulat at humanidades sa Unibersidad ng Pilipinas Los Baños. Siya ay nagtapos ng PhD sa Malikhaing Pagsulat mula sa De La Salle University. Siya ay may limang Carlos Palanca Memorial Award para sa kanyang mga dula. Kinilala din ng Gawad Buhay ng PhilStage ang kanyang mga dulang *Doc Resurreccion: Gagagmutin ang Bayan* (para sa Tanghalang Pilipino) at *Bona* (para sa Philippine Educational Theatre Association). Si Bucoy ay kinilalang Artist III ng Unibersidad ng Pilipinas.

Ang Posibilidad at Hanggahan ng Ekosalin: Isang Pagbabalangkas at Paglalapat ng Nababagong Teorya sa Larangan ng Pagsasalin^{1*}

CLAUDETTE M. ULIT

culit@ateneo.edu

Pamantasang Ateneo de Manila

ABSTRAK

Nakatuon ang pag-aaral na ito sa pagbubuo at paglalapat ng dulong pampagsasaling nakasentro sa kalikasan na tatawaging “*ekosalin*” na salig sa larangan ng *eco-translation* at ekolingguwistika. Ilalapat ang nabuong dulong o ang ekosalin sa mga piling artikulo sa Ingles na arawang lumabas sa pahayagang *The Manila Times* noong 1986-1989 — ang *Halupi*, partikular ang mga pumapaksa sa *flora* at *fauna* na ituturing sa pag-aaral na ito bilang mga *stories-we-live-by* o mga-kuwentong-nakasanayan-na. Pangunahing hakbang ang paglaland sa mga padron ng paggamit ng wika sa loob o kabuuan ng teksto, gayundin ang pagtatabi ng mga teksto sa inilatag na ekosopiya ng tagasalin na nakasandig sa konsepto ng malalim na ekolohiya o *deep ecology*, at nakaangkla sa kasalukuyang lagay ng kalikasan o kapaligirang ginagalawan ng tagasalin. Sa pamamagitan nito, matutukoy ang mga (1) tekstong benepisyal para sa kalikasan kayâ dapat na isalin nang walang pagbabago, (2) *ambivalent* o alanganin na kinakailangang ayusin sa salin, at (3) destruktibo o nakasasama sa kalikasan kayâ dapat isantabi’t hindi na isalin. Naroon ang paniwala na kapag nakapasok na sa sistema ang ekosalin ng mga teksto, magagawa na ng ekolohikal na pananaw na makapasok sa nangingibabaw na ideolohiya at sirain ang kasalukuyang mga restriksiyong panlipunan na magbubunsod sa mga panibagong gawi’t asal na magsasantabi sa mga praktikang anti-ekolohikal.

Mga Susing Salita: ekosalin, *eco-translation*, ekolingguwistika, *translational action*, pagpapahalagang ekolohikal

^{1*} Binigkas ang naunang bersiyon ng sanaysay na ito bilang panayam sa isang onlayn/hybrid na pandaigdigang kumperensiya sa pagsasalin na “The Cultural Ecology of Translation” na inorganisa ng International Association for Translation and Intercultural Studies (IATIS) at Universitat Pompeu Fabra na ginanap noong ika-14-17 ng Setyembre 2021.

ABSTRACT

This study focuses on the development and application of an approach in translation that accentuates nature, an “ekosalin”, drawing from the fields of eco-translation and ecolinguistics. The approach is applied to articles originally written in English in Halupi, a daily column printed in The Manila Times from 1986-1989, particularly focusing on those that are discussing flora and fauna, treating them as ‘stories-we-live-by.’ The predominant steps consist of determining the language pattern used within and in the fullness of the text; and comparing the text with the translator’s ecosophy which is grounded in the concept of “deep ecology” and connected to the present natural or environmental condition. Through this method, texts can be determined as (1) beneficial to environment, thus the need for a translation without modifications; (2) having ambivalences that must be resolved in the translation; or (3) destructive to nature and must not be translated anymore. The principle established here is that once the ekosalin or eco-translation of the texts gets in the system, the ecological perspective will be able to penetrate the dominant ideology and break the present social restrictions, thus welcoming new ways and attitudes that will eradicate anti-ecological practices.

Keywords: *ekosalin, eco-translation, ecolinguistics, translational action, ecological appreciation*




INTRODUKSIYON

Layunin ng pag-aaral na ito na makapagbalangkas at makapaglapat ng isang dulong kaugnay ng ekolohiya at pagsasalin na tatawagin sa pag-aaral na ito bilang **ekosalin** — na isang praktikal at aplikadong dulong ng *eco-translation*. Bagaman halaw ang ilang prinsipyo mula sa huli, higit na radikal ang pagtanaw at paraan ng ekosalin dahil iminumungkahi nito ang pag-uugnay sa ekolingguwistika, maging ang manipulasyon sa pagsasalin ng mga akda mula sa anumang larangan batay sa sarili nitong adyenda na pangunahin na ang maitanghal ang halagang ekolohikal ng mga ito.

Ilalapat ang mabubuong dulong sa koleksiyon ng mga artikulo sa Ingles na arawang lumabas sa pahayagang *The Manila Times* noong 1986-1989 — ang *Halupi* nina Corazon S. Alvina (CSA) at Felice Sta. Maria (FSM). Partikular na susuriin at isasalin ang pumapaksa sa *flora* at *fauna* sa dahilang napakahalaga ng mga ito sa pag-iral ng tao (Gritzner 85), at pinakamalapit sa panganib ng pang-aabuso. May kagyat na epekto rin ang pagkawala ng mga ito sa kabuoan ng ekosistema at makikita ang pakinabang o ambag ng pagsusuri at ekosalin ng mga ito sa krisis pangkalikasan ng kasalukuyang panahon. Sa huli, inaasahang makabubuo ng ekosalin ng mga artikulo sa Filipino na magbibigay rito ng panibagong anyo, halaga, at maging mambabasa. Bagaman may mga iskolar nang nagpasimula ng talakay sa konsepto ng *eco-translation* at naiugnay na ito sa iba pang larangan, gaya ng sosyolohiya, teknolohiya, at panitikan, halos nakatuon

ang mga ito sa teoretikal na antas, at hindi sa antas ng aplikasyon. Sa ganitong konteksto ipapasok ang mungkahing balangkas ni Arran Stibbe hinggil sa tinatawag niyang “ekolohiya ng wika” na nagbibigay ng kongkretong paraan o metodo sa pagsusuri at ebalwasyon ng mga teksto kaugnay ng pananaw o tindig ng mga ito sa usaping ekolohikal. Tinutuklas ng ekolingguwistika ang papel ng wika sa interaksyon sa pagitan ng tao, iba pang mga espesye at ng pisikal na kapaligiran at nakapangalap na ng mahahalagang konsepto mula sa iba’t ibang disiplina, halimbawa na ang *Critical Discourse Analysis* kung saan hinango ang mga konseptong ideolohiya, pagkukuwadro, metapora, ebalwasyon, identidad, pagpapatunay, mga padron ng pagbubura, at pagpapatingkad (Stibbe 9) na magagamit sa pagsusuri ng mga teksto. Nakatuon ang ekolingguwistika sa detalyadong pagsusuring panligguwistika sa tinatawag na *stories-we-live-by* o mga-kuwentong-

nakasanayan-na nang ibinubunyag ang nakapailalim na kuwentong inihahayag ng mga ito na magbubunsod sa pag-uuri sa mga teksto bilang destruktibo, *ambivalent* o alanganin, at benepisyal sa kalikasan; at sa huli, ang pagpili ng mga aksiyon batay sa uri ng diskurso: ang pagtanggì sa mga destruktibong diskurso, nangangahulugang hindi na isasalin; ang pagsasaayos sa magiging salin ng alanganing teksto; at ang pagtangkilik sa mga benepisyal na teksto, ibig sabihin, isasalin (33-35).



Ang limang (5) hakbang sa panukalang balangkas ni Stibbe nang may pag-aangkop sa pagsasalin

Samakatwid, makikita sa pag-aaral na ito na maaaring magamit ang balangkas-ekolingguwistika ni Stibbe bilang batayan ng isang *applied approach* o aplikadong dulong ng ekosalin dahil nagbibigay ito ng mga kongkretong pamamaraan sa detalyadong pagsusuri o *ekosuri* ng mga inihahayag ng mga naratibong ekolohikal. Masasabing matagumpay ang paglinang ng isang aplikadong dulong sa ekosalin kung ang mga ekolohikal na konsiderasyon ay magagawang makaapekto sa pagsasalin, samakatwid, makaaapekto sa tunguhang teksto. Kung gayon, masasabing maitutulad ang *ekosalin* sa mga pagsasalang feminista at postkolonyal sa punto na ang kasarian at ang postkolonyal na representasyon, tulad ng ekolohikal na representasyon, ay maaaring baguhin batay sa kung gaano kamalay ang tagasalin sa mga dimensiyong ito ng simulaang teksto.

Gaya ng nabanggit na sa panimula, ilalapat ang mga kaisipang mabubuo sa *Halupi*. Natipon at naisaaklat na ang mga ito na may kapareho ring pamagat noong 1989 ng Capitol Publishing House, Inc. na siyang gagamitin sa pag-aaral na ito. Nakaayos ang maiikling sanaysay/artikulo na ito batay sa kabuoang petsa ng taon, at dahil tatlong taon ang saklaw nito, may tatlo ring teksto sa bawat araw na pinaghihiwalay sa pamamagitan ng mga paksa at paglalagay ng taon ng pagkalathala sa pinakadulo ng bawat teksto. Itinuturing din ng mga awtor ang nasabing mga teksto bilang “Essays on Philippine Culture,” na nangangahulugang nakabatay ang mga ito sa matamang obserbasyon at pananaliksik. At dahil tinatawag nga ng aklat ang kaniyang kabuoan bilang “cultural essays” o mga sanaysay pangkultura, nilalayan nito, ayon na rin sa talâ ng mga awtor na, “to inspire curiosity and enthusiasm, to build cultural awareness, and to strengthen one’s sense of nationhood remains constant” (viii). Sa ganitong perspektiba, mainam na suriin kung paanong nakita, inilarawan, at ginamit ng kabuoang akda ang kalikasan/kapaligiran hindi lámang sa pagsasakatuparan ng mga nabanggit na layunin, kundi sa pagbuo ng imahen o larawan sa kamalayan ng mambabasa hinggil sa kalikasan. Sa ganito ring paraan, masusubok ang pagtingin nang lampas pa sa mga usaping pambansa at kultural na hanggahan upang kilalanin ang organismo ng planeta, ang sangkatauhan bilang isang espesye.

EKOSALIN: TUNGO SA PAGBUO NG ISANG PRAKTIKAL AT EKOLOHIKAL NA DULOG SA PAGSASALIN

Muling binigyang-diin ni Susan Bassnett sa kaniyang sanaysay na “Culture and Translation,” ang matagal nang ipinahahayag ng ilang batikang tagasalin na napalaya na ang pagsasalin sa hamak na pagturing dito bilang tagapaglingkod lámang ng awtor o manunulat (Kuhiwezak at Littau 2007). Nangangahulugang nalinang na ito bilang disipinang nakapag-aambag sa pag-unawa ng tao sa kaniyang sarili at sa kaniyang kinapapaloobang sitwasyon sa mundo tungo sa pagtuklas ng mga pamamaraang magtutulak ng kaniyang ibayong pagbabago at pag-unlad. Samakatwid, hindi

na lámang nagtatakda kung paano dapat magsalin sa mga kontemporaneong teorya sa pagsasalin, kundi sinisikap nang lumikha ng mga pag-unawa hinggil sa masalimuot na proseso ng pagsasalin na natatakdaan ng mga kontekstong panlipunan, pampolitika, pang-ekonomiya, at iba pa. Kinikilala na sa kasalukuyan ang pagsasalin bílang muling pag-akda sa tunguhang wika. Sa postmodernong panahon, ayon kay Bassnett, binigyang-pansin ang kaugnayan ng pagsasalin at ideolohiya sa *cultural turn* o kultural na pagpihit ng mga araling pagsasalin dahil tinitingnan nito ang pangkasaysayang aspekto ng pagsasalin. Ayon sa kaniya:

Mayroon ding diyakronikong dimensiyon ang kultural na pagpihit. Sa mga unang bahagi ng pagkahubog ng mga idea sa larangan ng Mga Araling Pagsasalin, nakitang mahalaga ang pangangailangang bumuo ng komprehensibong kasaysayan ng pagsasalin, isang henealohiya ng praktika ng pagsasalin tulad ng tinuran ni André Lefevere, at ang dagdag na diin sa mga katanungang kultural ang lalong nagpausad sa pag-aaral ng kasaysayang pampagsasalin. Higit na mahalaga, binuksan ng kultural na pagpihit ang mga usapin kaugnay ng iba't ibang estado ng mga panitikan, ang mga ideolohikal na implikasyon na nakapailalim sa pagsasalin, ang makapangyarihang mga ugnayan sa pagitan ng mga kultura (Berk xii). [akin ang salin]

Sa perspektibang ito sa pagsasalin, tiningnan na ng mga mananaliksik ang kapangyarihan ng pagsasalin na bumuo ng mga identidad at magmanipula ng mga tekstong isinasalin. Bunga nito ang higit na pagsigla ng pag-aaral at paglikha ng iba pang mga teoryang susuporta sa iba't ibang paraan ng pagsasapraktika nito na nakaaapekto rin sa pagsulong ng mga teorya at praktika sa iba pang mga larang na naglalayon din na lalong mapataas ang pag-unawa ng tao sa kaniyang sarili at sa relasyon niya sa kapuwa at sa mundong kaniyang ginagalawan. Ang *eco-translation*, maging ang ekosalin ang ilan sa halimbawa ng pagsasalikop ng iba't ibang disiplinang kultural sa naging bunga ng naganap na kultural na pagpihit sa larangan ng pagsasalin. Maiuugat din ito sa pamamayagpag

ng mga postmodernong nobelang nakasentro sa mga suliraning nagmumula sa kapaligiran/kalikasan sa hulíng bahagi ng ika-20 siglo na nagbunsod naman sa pag-usbong ng ekokritisismo na nangangahulugang aplikasyon ng ekolohiya at mga konseptong kaugnay nito sa pag-aaral ng panitikan (Hiltner 2015). Tulad ng ekosalin, layunin ng ekokritisismo na magmungkahi ng pagbasang ekolohikal o pagbasang may pagsasaalang-alang sa mga isyung pangkalikasan sa mga tekstong pampanitikan upang sa gayon ay mapanumbalik ang mga akdang di-nabigyang-pansin sa nakaraan dahil sa kakulangan ng tiyak na balangkas na teoretikal sa pagsusuri ng mga ito. Tugon din ito sa modernidad, na tila bingi sa tinig ng mundo o kalikasan (Nabholz 37-41). Ayon kay Cheryll Glotfelty, sa introduksiyon ng kaniyang aklat na *The Ecocriticism Reader: Landmarks in Literary Ecology*:

Ano ngayon ang ekokritisismo? Sa payak na pagpapakahulugan, ang ekokritisismo ay pag-aaral ng ugnayan sa pagitan ng panitikan at ng pisikal na kapaligiran. Tulad ng feminismo na sumusuri sa wika at panitikan mula sa perspektibong malay sa kasarian, at Marxismo na nagpapamalay sa mga moda ng produksiyon at uring ekonomiko sa pagbabasa ng mga teksto, nagbubunsod naman ang ekokritisismo ng dulog na nakasentro sa mundo sa araling pampanitikan. (xix) [akin ang salin]

Sa ganitong pagtanaw, mapaghahanguan din ng pag-aaral na ito ang ekokritisismo ng mga batayan sa pagsusuring kaugnay ng representasyon ng kalikasan, ang papel ng kalikasan sa teksto, ang ekolohikal (o anti-ekolohikal) na mga pagpapahalaga sa akda, ang paggamit ng paulit-ulit na tayutay o mga likás na *motifo* paksa at karakterisasyon. Katuwang ang mga kaisipan mula sa ekolingguwistika, higit nitong mapatitibay ang potensiyal ng ekosalin na makalikha ng “panibagong mga akda” alinsunod sa ekolohikal na bisyon — na siyang magiging kaibahan ng pag-aaral na ito sa mga nauna nang nagtuon lámang sa teoretikal na aspekto nito, at halos hindi nakarating sa mismong pagsasalin ng mga teksto. Halimbawa si Gengshen Hu (2003) na nakasentro sa interaksyon ng tagasalin sa iba pang salik at ilang kultural na aspekto

ng kaniyang kapaligiran, si Clive Scott (2015) na binigyang-kahulugan naman ang *eco-translation* bilang siko-pisyolohikong pakikibahagi o *psycho-physiological involvement* ng tagasalin sa simulaang teksto; at maging ni Michael Cronin (2017) na nagtuon sa ekolohiya ng salin at papel ng tagasalin sa preserbasyon ng dibersidad ng wika, na kalaunan ay naikawing na rin niya sa magiging papel ng tagasalin sa pagsusulong ng higit na *sustainable development* o sustenibleng pagpapaulad ng lipunan.

EKOSALIN BILANG *TRANSLATIONAL ACTION*

Bukod sa pagsusuri sa mga teksto at pagsasama ng mga salik-lingguwistika sa iba pang diskurso, isa rin ang pagsasalang interlingguwal sa mga pamamaraan upang maisulong ang mga benepisyal na teksto. Para kay Jakobson, ang pagsasalin mula sa isang wika patungo sa isa ay may potensiyal na makapanghikayat ng bagong pangkat ng mga mambabasa (Jakobson 127), basta’t ang ekolohikal na pananaw at pagpapahalaga ng orihinal ay nananatiling nása tunguhang teksto. Sa ganitong paraan, maaaring tingnan ang ekosalin bilang isang anyo ng *translational action* kung saan ang layunin ng tunguhang teksto ay tutulan, ayusin o isulong ang ekolohikal na tindig ng simulaang teksto. Hindi lubos ang analohiya sa teoryang *skopos* dahil hindi mawawala o mapuputol ang ugnayan ng simulaan at tunguhang teksto.

Maaaring ayusin ang alanganing teksto sa mismong pagsasalin na maaaring magresulta sa isang ekolohikal na tunguhang teksto. Dapat linawin na sa ganitong lápit, mangangailangan ng mga pagbabago sa teksto, kung kaya’t maaaring mauwi ito sa adaptasyon at hindi lámang simpleng pagsasalin na maiuugnay sa *refractions* o *rewritings* ni Lefevere. Para sa kaniya, walang estriktong tama o maling salin, kundi usapin ito ng mga motibasyon at intensiyon ng tagasalin, at ng iba pang mga ahensiyang nása paligid. (Mainam na basahin ang Lefevere, 1992). Limitado lámang din ang maaaring gawin ng tagasalin sa mga destruktibong teksto. Ang pinakamatinding pagtutol na maaaring gawin ay hindi na nga ito isalin, subalit nása tagasalin pa rin ang pagpapasya. Gayunman, posible rin magbunga ito ng alanganing teksto, na hindi pa rin alinsunod sa ekosopiya o di kaya’y lumabas na parodiya ng orihinal.

Sa ginawang pagsusuri, pinag-aralan ang bawat artikulo batay sa ekolingguwistikang perspektiba, sinipat ang mga ito upang mailantad ang mga padron sa paggamit ng wika — talasalitaan o bokabularyo, pagkakaugnay-ugnay ng mga salita, paraan ng paglalahad ng mga pangyayari, paraan ng pagpepresenta o pagpapakilala ng mga tagaganap, at talinghaga. Sa ganitong paraan, matutukoy ang mga kuwentong nakakubli o nakapailalim na maikakategorya sa walo, alinsunod na rin kay Stibbe: ang ideolohiya, pagkukuwadro, metapora, ebalwasyon, identidad, pagpapatunay, mga padron ng pabubura, at pagpapatingkad. Narito ang mga halimbawa at paliwanag/pagsusuri:

Mga-kuwentong-nakasanayan-na		Manipestasyon sa wika (mula sa <i>Halupi</i>)
Ideolohiya	Mga pahayag o kuwentong tumutukoy sa pinaniniwalaan ng ispesipikong pangkat na nailalantad sa pamamagitan ng mga diskurso, ng mga anyo ng wika na ginagamit ng mga pangkat o institusyon.	- Mga diskurso, mga kumpol ng mga katangiang pangwika na maiuugnay sa isang pangkat. <u>Hal.</u> sa pamamagitan ng metaporikal na pahayag na “Nangamote and pulutin sa kangkungan are synonymous Tagalog expressions that performed below par”, gayundin ang “Both plants have been looked down upon as lowly survival food, only slightly better than nothing to eat, until glazed sweet potatoes (then baked with marshmallows on top), and crisp-fried kangkong leaves (dipped in a thick garlic sauce) became fashionable” na kung hindi pa iluluto bilang <i>gourmet</i>, hindi ito maihahain sa hapag-kainan. Dito nabubunyag ang modelong kultural o ideolohiya ng mga Pilipino na mapanghusga at higit na pinahalalagahan ang mataas na uri ng pamumuhay. (mula ang halimbawa sa “Food for Speech”)

Pagkukuwadro	Mga pahayag o kuwentong tumutukoy sa mga tiyak na bahagi ng búhay na gumagamit ng ‘maliliit na pakete’ ng pangkalahatang kaalaman na humuhubog sa kung paano nakikita ng tao ang mundo.	• <i>Trigger words</i>, mga salitang nagbubunsod ng mga tiyak na pagkukuwadro sa isip. • <u>Hal.</u> pagkukuwadro sa mga likás na yaman bílang mga komersiyal na produktong kinokonsumo ng tao; <i>trigger words</i>: “pleasure”, “delicious”, “products”, “flavorful”, “refreshingly” (mula ang halimbawa sa “Top Nut”) • <u>Hal.</u> sa paggamit ng mga salitang “most expensive”, “key ingredient”, at pagtutulad ng estado ng dilaw na kulay nito sa lila na kulay ng “royalty” sa Europa, nailuluklok ang saffron (<i>crocus sativus</i>) sa pinakatuktok ng hirarkiya ng mga pampalasa; habang sa mga salitang “substitute”, “bastard”, “wild (saffron) herb” nagagawang mabura at maikuwadro ang tila di-makapapantay at “lokal” na <i>kasubha</i> (<i>Carthamus tinctorius</i>) (mula ang halimbawa sa “Golden Grains”)
Metapora	Mga pahayag o kuwentong tumutukoy sa paggamit ng tiyak, kongkreto at malinaw na kuwadro sa pagsasaalang-alang o paglalarawan sa isang bahagi ng búhay.	• Mga paralelismo, pagtutulad • <u>Hal.</u> ang búhay ng halaman ay tulad ng búhay ng tao: “moving orchids and flowering plants where they receive morning sunlight”, “In traditional child-bearing, the newly severed umbilical cord was buried as if it were a eastern coconut awaiting its first sign of green; “Like plant, like babe”, “Sunlight was recognized as Bearer of Life.” (mula ang halimbawa sa “The Sun Side”)
Ebalwasyon	Mga pahayag o kuwentong tumutukoy sa pagiging mabuti o masama, negatibo o positibo ng isang tiyak na bahagi ng búhay.	• <i>Appraisal patterns</i>, mga padron ng wika o lipon ng mga salita na positibo o negatibong kumakatawan sa isang bahagi o aspekto ng búhay. • <u>Hal.</u> maituturing na isang uri ng ebalwasyon ang sanaysay na nagpapahayag sa negatibong epekto ng pag-abuso o labis na pagkonsumo sa kalikasan, na may kaakibat itong konsekwensiya: “who must now get what they deserve consequences of deforestation such as warmer and stickier climes, floods, and the sting of the Tagalog saying “Ubos-ubos biyaya, tapos nakatunganga!” (mula ang halimbawa sa “Wood Woes”)
Identidad	Mga pahayag o kuwentong tumutukoy kung sino ang tao, partikular ang mga pangkat na kinabibilangan, at ang lugar ng pangkat na ito sa lipunan.	• Mga salitang nagbibigay-kahulugan sa katangiang taglay ng mga ispesipikong uri ng tao. • <u>Hal.</u> maging ang simpleng paghahardin ay ginagawang negosyo at pinagkakakitaan. Itinuturing ang mga halaman bílang mga obheto at <i>natural capital</i> na ibinebenta at binibili para sa pansariling layunin: “For some, objects are must-haves, or status symbols. Even plants are subject to this curious flow and ebb of enthusiasm. The rarer and more expensive the botanical species, the more desirable”. (mula ang halimbawa sa “Green Issue”)

Pagpapatunay	Mga pahayag o kuwentong tumutukoy kung ang isang partikular na paglalarawan ng mundo ay totoo, maaaring mangyari, hindi mangyari, o walang katotohanan.	• <i>Facticity patterns</i>, mga pamamaraan ng pagtukoy na ang isang pahayag ay tama, mali, o hindi sigurado • <u>Hal.</u> “We lose a part of paradise each time indiscriminate logging and slash-and-burn agriculture take down what climate and soil have formed majestic hardwood forests” dahil na rin sa pagtukoy sa walang habas na pagtotroso at pagkakaingin na pawang mga aktibidad ng tao na nakasisira sa kalikasan. (mula ang halimbawa sa “Vanishing Forests”)
Pagbubura	Mga pahayag o kuwentong tumutukoy kung ang isang bahagi ng buhay ay di-mahalaga o hindi na dapat pahalagahan.	• Mga padron ng wika na nabigong katawanin ang isang partikular na bahagi ng buhay sa kabuoan, o maaari ding manipulado; abstraksiyon, diskoneksiyon • <u>Hal.</u> mga salitang ginamit sa paglalarawan sa salagubang: “a living, breathing, flying toy” malinaw na ito ay isang pagbubura sa halaga ng insekto, gayundin ang pagturing dito bilang isang bagay at walang mahalagang papel sa kabuoan ng ekosistema tulad ng pagiging pangunahing tagaresiklo ng mga sustansiya mula sa mga patay na hayop at halaman para sa pertilidad ng lupa. (mula ang halimbawa sa “Salagubang and Sineguelas”)
Pagpapatingkad	Mga pahayag o kuwentong tumutukoy kung ang isang bahagi ng buhay ay mahalaga at dapat na ikonsidera.	• Mga padron ng wika na nagbibigay ng halaga sa isang bahagi ng buhay. • <u>Hal.</u> pagpapatingkad ng mga ritwal at praktis ng mga pangkat etniko o katutubo na nagpapakita ng malapit at di-nakapipinsalang ugnayan ng tao sa kalikasan, lalo’t may paniniwala sila na may mga insekto tulad ng mga bubuyog na tagapaghatid ng magandang panahon: “In the Cordilleras some powerful spirits were said talent to possess numerous beehives”, “Rituals among the Tagbanua living on Palawan include offerings to bees”, at “Prayers are made to Timingkalan known to hide honey sites from hunters by creating a row of magical trees”. (mula ang halimbawa sa “Sweet Treats”)

Hindi dapat ituring na magkakahiwalay ang mga nabanggit na mga-kuwentong-nakasanayan-na lalo’t may mga pagkakataong nagsasalikop ang mga ito.

ANG EKOSOPPIYA BILANG GABAY SA EKOSENTRIKONG PAGPIHIT

Malaki rin ang gagampanang papel ng nabuong **ekosopiya** ng tagasalin na magiging daan upang matiyak ang magiging aksiyon niya — pangunahing dahilan kung bakit tinutuklas at inilalantad ang mga tinatawag na mga-kuwentong-nakasanayan-na ay upang kuwestiyonin ito, gayundin ang hamunin — kung ang mga naratibo bang ito ay alinsunod sa kasalukuyang kondisyon ng mundo o kinakailangan bang maghanap na ng mga bago? Ang kasagutan dito ay depende sa etikal na bisyon ng tagasuri o tagasalin na may kani-kaniyang *set* ng mga pilosopikal na paniniwalang gagamitin niya sa paghusga sa mga naratibo, subalit nagkakaisa sa pagsasaalang-alang ng magkakasalikop na ugnayan ng tao sa iba pang mga organismo at maging ng pisikal na kalikasan/kapaligiran. Magsisilbing gabay ang pagpapakahulugan dito ni Naess sa pagbuo ng ekosopiya para sa pag-aaral na ito:

Ibig kong ipakahulugan sa ekosopiya ang isang pilosopiya ng ekolohikal na armonya o pagkakatugma-tugma [...] hayag na normatibo na naglalaman ng mga pamantayan, tuntunin, pagpapalagay, paghahayag ng mga pangunahing pagpapahalaga at mga pagpapalagay

kaugnay ng estado ng mga ugnayan [...] Nagpapakita ng maraming pagkakaiba-iba ang mga detalye ng ekosopiya dahil sa makabuluhang kaibahan hindi lámang sa mga “katunayan” ng polusyon, ng mga likás na yaman, populasyon, at iba pa, kundi maging sa mga pangunahing pagpapahalaga. (Drengson at Inoue 8) [akin ang salin]

At dahil taglay nito ang tinatawag na *norms at value priority announcements*, walang maituturing na nag-iisa at “wastong” ekosopiya na nararapat pagbatayan. Magagawa lámang itong husgahan batay sa kung ang nilalaman ba nito ay umaayon o sumasalungat sa mga pagpapalagay hinggil sa estado ng lipunan/mundo kung saan ito ibinatay, o kung mayroon bang makikitang panloob na salungatan. Kaya’t sa puntong ito, mahalagang bigyang-diin na ang pagsusuring gagawin — ang pagpapasiya sa kaangkupan at di-kaangkupan ng isang teksto o salin sa konteksto ng ekolohiya ay maaaring lumampas na sa usaping lingguwistiko, gayundin sa pormalismo, sa dahilang higit itong nakasandig sa mga aspektong kultural at ideolohikal. Idagdag pang sa gagawing sariling ekosopiya para sa pag-aaral, maaaring itabi ang sariling pagpapahalaga sa mga usapin at pagpapahalagang pangkapaligiran/kalikasan sa aspektong pambansa, lalo na’t ang napiling materyales ay nakaugat din sa parehong kultural na karanasan.

ANG PANGANGAILANGAN NG PILIPINAS SA ISANG EKOSENTRIKONG KUMBERSIYON

Mahalagang mabatid ng tao ang lawak ng pinsala sa kalikasang inaasahan niya upang mabuhay, at ang napakalaki niyang papel sa pangyayaring ito. Sa gayon, mamamalayan niya ang pangangailangan para sa isang ekosentrikong kumbersiyon na magmumula sa sarili tungo sa ekolohikal na pagpapabuti ng kalikasan/kapaligiran ng bansa, o higit na mainam, ng buong mundo, lalo’t mapatutunayan na may kamalayang nakapaibabaw sa mga diskursong pangkalikasan. Sa pagbabasa ng mga pangunahing pahayagan, panonood ng balita sa telebisyon o pakikinig nito sa radyo, maging

sa pagtingin sa mga *website*, makikitang napakarami nang nagawa at nagagawa pa ng iba’t ibang sektor ng lipunan, maging ng pamahalaan para isalba ang kalikasan, anupa’t sa kabila nito, nariyan pa rin ang mga suliranin at patúloy pa rin ang pagkasira ng kalikasan. Kaya’t mahalagang makita ang larawan ng biyodibersidad ng Pilipinas sa pamamagitan ng pahapyaw na paglalarawan dito, kasunod ng mga pangunahing dahilan ng pagkasira ng kalikasan sa bansa kung saan din iniuugat ng tagasalin ang kaniyang ekosopiyang gagamitin sa pag-aaral na ito.

ANG PILIPINAS AT ANG BIYODIBERSIDAD NA TAGLAY NITO

Nása Pilipinas ang higit sa limang porsiyento (5%) ng *flora* ng buong mundo kung saan may 10,000 na naitalang espesye, na ang limampung porsiyento (50%) nito ay namumulaklak at itinuturing na endemiko sa Pilipinas. Higit sa limampung porsiyento (50%) naman ng *vertebrate species* at halos pitumpung porsiyento (70%) ng mga insekto rito ay endemiko, at maituturing na ikalawa sa *biological hotspots* sa dami ng espesye kada kilometro kuwadrado. Itinuturing din ang bansa bílang sentro ng *marine diversity* dahil sa malaking bílang ng mga isda, bakawan, at mga molusko. Saklaw naman ng kagubatan ang humigit-kumulang dalawampu’t tatlong porsiyento (23%) ng kabuoang kalupaan kung saan anim na porsiyento (6%) nito ang natataniman ng meranti o lauuan (*Shorea Negrosensis*). Higit sa siyamnapung porsiyento (90%) ng kagubatang natataniman nito ang naglaho na sa nakalipas na 50 hanggang 60 taon kasabay ng pagkawala ng mga espesye ng *flora* at *fauna* na endemiko sa Pilipinas at naglagay sa panganib sa tinatáyang 236 na halaman, 56 na mammal, 146 na ibon, 55 na reptayl, 60 na ampibyan, at 116 na isda. Saklaw naman ng lupang agrikultural ang apatnapung porsiyento (40%) ng arkipelago, at labing-apat na porsiyento (14%) rito ang itinuturing na ‘di-napakikinabangan’ dahil sa pagkakaingin o iba pang anyo ng deporestasyon. Ilan sa mga katutubong pananim ay ang píli, abaka, at mangga na sinasabing pinakamatamis sa mundo. Ilan naman sa mga inangkat o ipinasok lámang na pananim sa bansa ang mais, tabako,

at pinya (Mainam na basahin ang Catibog at Heaney 2006).

Bagaman may panahon ng kakulangan sa tubig sa ibang rehiyon, biniyayaan ang bansa ng higit pa sa pangangailangan ng mga naninirahan dito. Gayunman, animnapung porsiyento (60%) nito ang kontaminado at halos sangkatlo lámang ng tubig ang maituturing na ligtas inumin dahil na rin sa polusyong dulot ng domestikong at industriyal na duming itinatapon sa katubigan. Isa ang Ilog Pasig na pangunahing ilog sa Maynila sa itinatuturing na pinakamaruming ilog sa mundo (Lebreton, et.al). Noong 2010, nása higit sa animnapung porsiyento (60%) ng kabuoang populasyon ang naninirahan sa 1,608 na bayan at siyudad ang kumokonsumo ng tubig at iba pang likás-yaman. At sa 2025, tinatayang halos sasapat na lámang ang suplay ng tubig sa malalaking siyudad at halos limampung porsiyento (50%) sa mga pangunahing inaapawan ng mga ilog. Ang patúloy na pagkasira at di-sustenibleng gawi sa pag-unlad ang magpapalubha sa pagbabago ng klima na nararanasan ng bansa. Maituturing na pinakalantad ang Pilipinas sa bagyo. Madalas na manalasa ang mga ito sa Hilagang bahagi ng bansa kung saan kalat-kalat ang populasyon. Gayunman, hindi ito ang naging kaso sa bagyong Yolanda na maituturing na pinakamapaminsalang bagyo na nanalasa sa Visayas noong 2013 na kumitil sa higit na 6,000 katao (Boquet 48-57).

Noong 2014, tinatáyang nása 99.14 milyon na ang populasyon ng Pilipinas at patúloy itong tumataas nang 1.6% kada taon, na isa sa pinakamataas sa buong mundo. Sa pagtáyang demograpiko, nakikita na may 153.4 milyong tao na sa Pilipinas sa 2050. Halos siyamnapu't limang porsiyento (95%) nito ang nakatira sa 11 na isla kung saan mahigit sa kalahati ang nása Luzon at Mindanao. May 70 na minoryang pangkat na itinatuturing na mga katutubong habang 70-170 na wika ang tinatayang katutubong rin sa bansa, na karamihan ay bahagi ng Malayo-Polynesia na sangay ng pamilya ng wikang Austronesyo. Napakaliit na lámang ng bílang ng mga aborihinal na Negrito o Pygmies (na kilala rin bilang mga Aeta). Sa ilang katutubong komunidad, sagrado at pangunahing pinagmumulan ng kanilang kultural na pagkakakilanlan ang ilang tiyak na likás-yaman o lugar. Labis na umaasa ang mga kultura at kaligtasan ng mga katutubong at lokal na komunidad sa natural na kapaligiran.

Sa paglipas ng taon, naiangkop na nila ang katutubong kaalaman at pamamaraan sa paggamit at pagpapanatili ng mga likás na yaman. Kaugnay nito, sapilitang inatasan ng United Nations (UN) ang lahat ng kanilang kaanib na bansa na igalang at pangalagaan ang gayong kaalaman at mga praktis, sa gayon, maipalaganap pa ang mga ito nang may pagsang-ayon ng mga komunidad, at upang matiyak na patúloy itong pakikinabangan hindi lámang ng tao, kundi ng lahat ng kabahagi ng ekosistema sa kabuoan (48-57).

Sa kabila ng napakaraming likás-yaman na taglay ng Pilipinas, wala pa ring katiyakan ang hinaharap ng biyodibersidad at kabuoang ekolohikal na aspekto nito. Nása ika-9 na antas ang Pilipinas sa buong mundo sa pagkakaroon ng mga pinakananganganib na mga ibon at ika-8 naman sa nanganganib na mammal. Sinuri ng *International Union for Conservation of Nature (IUCN) Red List of Threatened Species* noong 2013 ang 648 na halaman sa Pilipinas, at lumalabas na 443 sa mga ito ang pinakananganganib, o napipintong manganib. Noon namang 2010, 19 na espesye ng mga hayop ang naitala ng *Convention on International Trade in Endangered Species of Wild Flora and Fauna* (CITES) bílang mga nanganganib nang maglaho, at karagdagan pang 814 na espesye na maaaring manganib na rin.

Mga nakababahalang pangyayari na pawang nag-ugat sa kapabayaan ng tao na nagbubunga hindi lámang ng pinsala sa kaniya kundi sa lahat ng may búhay sa mundo. Sa gayon, napakahalagang mapagtuonan ng pansin ang mga ito at mabigyan ng agarang solusyon.

Narito ang ekosopiyang nabuo ng mananaliksik na siyang gagamitin sa pagsusuri: 1) pagkakaroon ng simpleng pamumuhay, 2) pagpapahalaga sa lahat ng anyong-buhay, 3) pagtangkil sa lokal na produkto, 4) pagkontrol sa populasyon ng tao, 5) pagpapahalaga sa mga pangkat-etniko at mga tradisyon, 6) pagtukoy at pagkilala sa tao bílang pangunahing mapaminsala sa kalikasan — na pawang mahalaga at makatutulong upang ibsan o tuluyang tuldukan ang mga pangunahing dahilan sa pagkasira ng kalikasan sa Pilipinas tulad ng mga sumusunod: ang eksploytasyon ng mahahalagang habitat, panghihimasok ng mga banyagang espesye, pagtaas ng populasyon ng tao na nagbubunga ng polusyon, pagbabago ng klima, at labis na pagkonsumo.

ANG EKOSALIN AT EKOSURI NG MGA PILING MGA-KUWENTONG-NAKASANAYAN-NA SA HALUPI

EKOSALIN

THE SUN SIDE	SA PANIG NA NASISIKATAN NG ARAW
Coconuts are usually made to sprout in a spot on the eastern side of farmland. This is similar to moving orchids and flowering plants where they receive morning sunlight. The Gaddang of northern Luzon place their porous water jars in the eastern corner of the raised kitchen. As the liquid seeps through the container and unto the ground, the corner under the kitchen also becomes a fine place for sprouting coconut seedlings. In traditional child-bearing, the newly severed umbilical cord was buried as if it were a eastern coconut awaiting its first sign of green; “Like plant, like babe,” went the magical rationale. Sunlight was recognized as Bearer of Life. A preference for clockwise direction when moving in a circle is the reminder of ancient sun-worship. One faced the sun at the start of every ceremony and moved away from it, from east to west — in what became “clockwise”. One traveled in a right-handed manner. The habit was considered luck-bringing. Counterwise was supposed to be unlucky because it symbolically strengthened the power of darkness over light. But Nordic oral tradition has the south paw or left-handed person’s perfect defense: Left-handed deity Tiw, after whom Tuesday was named, sacrificed his right hand for the good of humankind. FSM, 1987	• Benepisyal; isasalin Madalas na pinatutubo sa silangang bahagi ng bukid ang mga puno ng niyog. Maitutulad ito sa paglilipat ng mga orkidya at namumulaklak na mga halaman sa lugar kung saan sila masisikatan ng araw sa umaga. Inilalagay ng mga Gaddang ng hilagang Luzon ang kanilang sisidlan ng tubig na may mga mikroskopikong butas sa silangang bahagi ng nakataas na kusina. Habang tumatagas ang tubig mula sa sisidlan hanggang sa lupa, ang bahaging nasa ilalim ng kusina ay nagiging mainam na lugar sa pagsibol ng mga punla ng niyog. Sa tradisyunal na panganganak, ang kapuputol pa lamang na pusod ay ibinabaon na para bang mga silanganing niyog na naghihintay ng unang palatandaan ng buhay. “Tulad ng halaman, tulad ng sanggol”, ang mahikal na katuwiran. Kinikilala ang sikat ng araw bilang Tagapagdala ng Buhay. Ang pagkatig sa paikot na kanang direksiyon kapag gumagalaw nang paikot ay isang paalala sa sinaunang pagsamba sa araw. Nakaharap ang isang tao sa araw sa simula ng bawat seremonya at lumalayo mula rito, mula silangan tungong kanluran — na siyang nagiging “paikot sa kanan”. Naglalakbay ang tao sa pakanan na paraan. Itinuturing na may dalang suwerte ang gayong gawi. Kamalasan naman ang dala ng katumbalik nitong pakaliwa dahil sinasagisag nito ang pagpapalakas sa kapangyarihan ng kadiliman sa kaliwanagan. Subalit ang oral na tradisyong Nordiko ay may <i>south paw</i> o ganap na pandepensa ng isang kaliweteng tao: ang kaliweteng bathala na si Tiw, na pinagbatayan ng tawag sa <i>Tuesday</i> (Martes) na isinakripisyo ang kaniyang kanang kamay para sa kabutihan ng sangkatauhan.

THE PROPHET'S EAR	ANG TAINGA NG PROPETA
The less than a foot Philippine Mouse Deer (<i>Tragulus Nigricans Pilandok</i>) is the tiniest deer. The cud-chewing mini-Santa's helper has no antlers, but tusks like a deer, and lives on Balabac Island off the southern tip of Palawan. Deer are known to have existed on the archipelago 40,000 years ago – even in Tabon Cave where the first human skeletal remains of early Filipinos were uncovered. There are different deer types wandering the islands such as the Axis. Deer which is red or brown with spots. Among the Gaddang living in northern Luzon deer antlers were affixed to the first post placed when building a house: it was a symbol for success in hunting. But despite the use of venison (usa) for tapa or adobo, the animal was considered a messenger of karangat – forest spirits. If a deer bayed at a house, the karangat wanted a sacrificial feast. But in other communities killing a deer was taboo. The animal may have been considered a totem, and the ancestors of the ethnic group. Down south in Mindanao, at the opposite tip of the Philippines, the Yakan of Basilan Island recite a charming tale of the animal's origin: Prophet Mohammed awoke suddenly from a deep sleep when a mosquito wandered into his ear. He caught the buzzing culprit and threw it into a pile of rice that happened to be in front of him. Next day the rice was brought outside to dry. The mosquito awoke as a deer and jumped out of the grain, seeking safety. That is why the deer is wild and has such sensitive hearing; it descended from Mohammed's ear. FSM, 1987	• <i>Ambivalent</i> o alanganin; isasalin nang may pagsasaayos Pinakamaliit na usa ang wala pang isang talampakang pilandok (<i>Tragulus Nigricans Pilandok</i>). Walang mga sungay ang maliit na palangatang katuwang ni Santa, bagaman may mga pangil tulad ng sa usa, at nakatira sa Isla ng Balabac na nasa pinakadulo ng katimugang Palawan. Nabubuhay na sa arkipelago ang mga usa 40,000 taon na ang nakalilipas — maging sa Kuweba ng Tabon kung saan nakita ang kalansay ng mga unang tao. May iba't ibang uri ng usa na gumagala sa mga isla tulad ng mga Axis. Mga usa na batik-batik na kulay pula o kayumanggi. Sa mga Gaddang na naninirahan sa hilagang Luzon, kinakabitan nila ng mga sungay ng usa ang unang inilagay na haligi kapag nagtatayo ng bahay: simbolo ito ng tagumpay sa pangangaso. Subalit sa kabila ng pagkain ng karne ng usa bilang tapa o adobo, itinuturing itong mensahero ng karangat — mga espiritu ng kagubatan. Kapag nanaghoy ito sa harap ng isang bahay, nais ng karangat ng handog na piging. Subalit sa ibang komunidad, ipinagbabawal ang pagpatay sa usa. Maaari ring ituring na isang <i>totem</i> o natural na simbolo, gayundin bilang mga ninuno ng pangkat etniko. Sa ibabang bahagi ng katimugan ng Mindanao, at sa kasalungat na dulo ng Pilipinas, binibigkas ng Yakan ng Isla ng Basilan ang kalugod-lugod na kuwento ng pinagmulan ng usa: biglang nagising mula sa mahimbing na pagkakatulog ang propetang si Mohammed nang lumipad-lipad sa kaniyang tainga ang isang lamok. Nahuli niya ang himihiging na maysala at inihagis sa talaksan ng palay na noo'y nasa kaniyang harapan. Nang sumunod na araw, inilabas ang mga palay upang ibilad. Nagising ang lamok na isa nang usa at tumalon mula sa mga butil, naghahanap ng kaligtasan. Sa gayon, kaya mailap ang usa at may sensitibong pandinig; ito ay nagmula sa tainga ni Mohammed. Itinuturing na napakahalagang espesye ng mga usa sa kagubatan dahil ganap o diganap na nakaaapekto sa mga halaman at hayop ang kanilang paraan ng pagkain. Nanginginain ang mga ito sa mga makakahoy na pananim gaya ng mga usbong, maliliit na sanga, murang balat ng puno, at mga dahon ng pino. Gayundin naman, nagsisilbi itong pagkain ng mga lobo, oso, koyote, at maging ng tao. Maging ang patay na katawan nito ay nagiging pagkain ng mga agila, uwak, martines, at iba pang ibon at anumang kumakain ng bulok na hayop. Sa gayon, tunay na mahalagang salik ang mga usa sa pagkakaroon ng balanseng ekosistema (karagdagang tala mula sa Putman 117-122).

BIRDS OF OMEN	
Christian religious symbolism uses the dove as a sign of peace and reconciliation (because of Noah's story), rest, simplicity, innocence, and love; it is also the Third Person of God. A pelican stands for atonement, and the Redeemer because it is believed the bird wounds itself to feed its young with its blood. The king of the birds, the eagle, is a royal emblem, and is respected worldwide for its swiftness, courage, and longevity. It represents regeneration through baptism because, according to legend, an eagle can renew its youth by plunging three times into a spring of pure water. But if there are birds of good tidings, there are also those that bear bad news or actually bring bad times, they say. The hoot of an owl sends shivers down the spines of folk Philippine: it may mean impending death. The grass owl is said to be the self-segmenting aswang's sidekick. Mangyan say that the seloputo owl is a rebellious dead ancestor threatening to return home. In Palawan, two owls the gukguk and the karawang – are said to visit resident evil spirits of homesites. There they fraternize noisily, the cacophony created horrible enough to strike fear in the hearts of the humans, or cause them much anguish at the very least. About 20 birds have been pronounced carriers of ill omen by the folk of Palawan: some birds enter the house to bring death, to announce someone's death. In the mid-1800s, there was a report about the tigmamanuquin – a bird whose flight was watched: if the bird flew to the left, the disastrous was augured; to the right, the auspicious. The Philippine sarimanok is a legendary bird of mysterious origin. One plausible story is that it comes from the manok or chicken. While a cock represents both vigilance and lust in Western art, in pre-Islamic Mindanao rituals, the chicken became a totem bird. The sarimanok has gone on to become a symbol of wealth, power and prestige. Other manok have not been so lucky; they've been killed for their entrails, which were believed to foretell the outcome of ventures. And manok that crow (hens don't, or do they?) are said to broadcast bad news. The manok that crows near the home of someone sick says he's dead for sure, And the young manok or dumalaga that crows that somewhere says in the neighborhood is a young woman, unmarried, who is pregnant. FSM, CSA, 1986	• Destruktibo o hindi isasalin

Gámit ang ekolingguwistika at nabuong ekosopiya ng tagasalin, napagpasiyahan na isalin ang sanaysay na “The Sun Side” bílang **benepisyál** ito, isinalin naman nang may pagsasaayos ang “The Prophet’s Ear” bílang **ambivalent o alanganin** itong teksto, habang hindi naman isinalin ang “Birds of Omen” dahil **destruktibo** ito sa kabuoan.

Maituturing na benepisyál ang sanaysay na “The Sun Side” dahil sa malapit at dinakasisirang ugnayan sa pagitan ng tao at kalikasan. Metaporikal ang naging pagtingin sa búhay ng mga halaman: “moving orchids and flowering plants where they receive morning sunlight”, “In traditional child-bearing, the newly severed umbilical cord was buried as if it were a eastern coconut awaiting its first sign of green; “Like plant, like babe”, “Sunlight was recognized as Bearer of Life.” Sa pamamagitan ng pagbibigay-búhay at katangiang pantao sa kalikasan, napatitingkad ng sanaysay ang halaga nito sa kabuoan. Sa gayon, isinalin ang teksto nang naaayon sa orihinal nitong bersiyon.

Ikinukuwadro naman ng sanaysay na “The Prophet’s Ear” ang usa bílang isang sagradong hayop: “mini Santa’s helper”, “messenger of karangat – forest spirits”, “considered a totem, and the ancestors of the ethnic group”, at “descended from Mohammed’s ear”, kayâ naman nagbubunsod ang ganitong pagkilala upang bigyan ito ng paggalang at ibayong proteksiyon. Sa kabila nito, maituturing na **ambivalent o alanganin** ang sanaysay dahil na rin sa pagbibigay-tuon nito sa iba pang pakinabang ng tao sa usa gaya ng: “deer antlers were affixed to the first post placed when building a house: it was a symbol for success in hunting”, at “the use of venison (usa) for tapa or adobo”. Sa gayon, isinalin ang teksto nang may pagsasaayos upang mapatingkad pa ang ekolohikal na aspekto nito. Sa pagsasagawa ng ekosalin nito, kinakailangan ang karagdagang talâ na maaaring magmula, pangunahin na sa pananaliksik. Sa kaso ng pag-aaral na ito, sumangguni ang tagasalin sa aklat ni Rory Putman na *The Natural History of Deer* upang maidagdag ang sumusunod:

“Itinuturing na napakahalagang espesye ng mga usa sa kagubatan dahil ganap o di-ganap na nakaaapekto sa mga

halaman at hayop ang kanilang paraan ng pagkain. Nanginginain ang mga ito sa mga makakahoy na pananim gaya ng mga usbong, maliliit na sanga, murang balat ng puno, at mga dahon ng pino. Gayundin naman, nagsisilbi itong pagkain ng mga lobo, oso, koyote, at maging ng tao. Maging ang patay na katawan nito ay nagiging pagkain ng mga agila, uwak, martines, at iba pang ibon at anumang kumakain ng bulok na hayop. Sa gayon, tunay na mahalagang salik ang mga usa sa pagkakaroon ng balanseng ekosistema” (karagdagang tala mula sa Putman 117-122).

Sa ganitong sitwasyon, mainam na maglagay ng kaukulang sitasyon. Sa naging halimbawa rin, makikitang may kahabaan ang naging karagdagan subalit napanatili pa rin ang mayorya ng idea mula sa orihinal. Nangangahulugan na “pagpapatingkad” o “pagpapalakas” ng ekolohikal na aspekto ang pangunahing layon ng idaragdag na idea o pananaliksik.

Sa huling sanaysay naman, bagaman nagtuon din sa mga positibong katangian ng mga ibon, maituturing namang pagbubura ang paraan ng pagpapakilala o paglalarawan ng sanaysay na “Birds of Omen” sa mga ibon dahil hindi nabibigyang-tuon ang kanilang ekolohikal na halaga o papel sa ekosistema. Gayundin ang pag-uugnay ng mga negatibong paniniwala hinggil sa mga ibon na naglalagay sa kanila sa panganib: “may mean impending death”, “the self-segmenting aswang’s sidekick”, “rebellious dead ancestor threatening to return home”, “are said to visit resident evil spirits of homesites”, “enter the house to bring death, to announce someone’s death”, “if the bird flew to the left, the disastrous was augured”, “are said to broadcast bad news”. Maituturing na destruktibo ang sanaysay lalo’t hindi nabigyang-diin ang halaga ng pagpapatigil sa ganitong pagkilala hindi lámang sa mga ibon kundi sa iba pang hayop at halaman upang mapangalagaan ang kanilang mga búhay.

Sa mismong bahagi naman ng pagsasalin, bagaman kumakatig ito sa paniwalang kinakailangang isakatuparan ng tagasalin ang kaniyang layunin at habang isinasagawa ito, depende sa pangangailangan, maaaring lumihis ang tagasalin sa matapat na pagsasalin ng simulaang teksto — sa puntong

may pagdaragdag, may manipulasyon na sa simulaang teksto upang makalikha ng ekosalin, may ilang obserbasyon sa naging proseso: epektibo ang paggamit ng sagisag bilang yunit ng pagsasalin kapag nagsasalin ng mga parirala o mga pangngalang pantangi; may mga pagkakataong napagpapasiyahan na lámang na hiram ang ilang termino sa orihinal (maaaring magdagdag na lámang ng mga talâ upang mas maunawaan); may mga tekstual na salik na dapat isaalang-alang sa pagsasalin na nakaaapekto o nakaiimpluwensiya sa pagpili ng mga salita at ekspresyon sa simulaang teksto, at kalauna'y sa tunguhang teksto, Mahalaga ang mga ito lalo na sa pagsasalin ng mga tekstong *ambivalent* o alanganin. Ilan sa mga ito ang tono ng teksto, intensiyon ng akda at may-akda, ang uri o tipo ng teksto: kung ekspresibo, impormatibo ba ito; ang kalidad ng pagkakasulat, ang target na mambabasa; at maging ang rehistro: ang mga permanenteng katangian ng may-akda: dayalek, sosyolek, atbp.; ang antas ng pormalidad, antas ng kasaklawan at teknikalidad, at gayundin ang tono.

KONGKLUSYON

May mahalagang papel ang pagsasalin sa pagsasalba sa kalikasan mula sa tuluyan nitong pagkasira. Katotohanang napatunayan ng pag-aaral na ito sa pamamagitan ng pagbubuo at paglalapat ng *ekosalin* sa mga-kuwentong-nakasanayan-na. Napatunayan na malaking tulong sa ekolohikal na perspektibo ang lingguwistika bilang disiplina na makarating sa mainam na pag-unawa kung paanong gumagana ang wika — kung paano ito ginagamit ng tao para sa sarili niyang kapakanan at kung paano ito naging behikulo sa pagkukubli ng mga katotohanang pumapabor o papabor sana sa kalikasan. Nilalayan ng ekosalin bilang dulong pampagsasalin na makalikha ng mga-bagong-kuwentong-kasanayan sa pamamagitan ng masinsing pagsusuri sa mga naratibong nakasanayan at nakabaon na sa kultura ng tao. Mula rito, magiging bahagi na ng pang-araw-araw na pamumuhay ng tao ang pagsunod sa ekosopiya na maaaring siya mismo ang lumikha. Mapapalinaw ang kaniyang posisyon tungo sa kalikasan at matutuklasan ang malalim na pagkakaunay niya rito — na hindi lámang dapat nakatuon

ang pagpapahalaga sa silbi nito sa kaniya, kundi dapat kilalanin ang kalikasan na may angking likás na halaga. Magbubunga ito ng ibayong kamalayan at kabuoang paggalang sa kabuoang yaman at dibersidad ng lahat ng buhay na matatagpuan sa ekospera.

Malaki ang maitutulong ng ekosalin sa isang bansang tulad ng Pilipinas na dumaranas ng krisis pangkalikasan, tulad ng pang-aabuso sa mahahalagang tirahan o *habitat* at ang lumalalang konsumerismo sa bansa na ang pangunahing naaapektuhan ay ang mga likás na yaman tulad ng mga hayop at halaman. Bilang nása sentro ng antroposeno, nalalagay ang Pilipinas sa bingit ng ekolohikal na pagkasira. Idagdag pang sa isang lipunan na itinuturing nang 'norm' ang pagkonsumo, wala nang puwang ang katwiran dahil ang karaniwang ideolohiya ng konsumeristang lipunan ay nakabatay sa kompormidad. Patunay sa matinding pangangailangang sirain ang mga nangingibabaw na ideolohiya, at palitán ng mga tekstong may makakalikasang pagpapahalaga.

Sa pamamagitan din ng isinagawang ekosalin, napatunayan na hindi lámang simpleng usaping panlingguwistika ang pagsasalin dahil isinasagawa ito nang may kaukulang kontrol at tiyak na layunin. Masasabing matagumpay ito kung magagawang makaaapekto ng ekolohikal na konsiderasyon sa pagsasalin, samakatwid makaaapekto sa tunguhang teksto, sa gayon, mahalagang usapin din ang etika ng pagsasalin na magbibigay-diin sa papel ng tagasalin bilang dalubhasa at siya ang magpapasiya sa kung ano ba ang papel ng simulaang teksto sa kaniyang pagsasalin, depende sa mismong layunin ng tunguhang teksto. Kayâ marapat din na nauunawaan niya ang mga usaping pangkalikasan at malinaw ang kanyang tinding kaugnay ng mga ito. Mula sa binuong ekosopiya ng tagasalin, maitatawid niya sa pamamagitan ng ekosalin ang anumang pagpapahalagang pangkalikasan na pinanghahawakan niya. Samakatwid, hindi lámang simpleng tagasalin mula isang wika tungo sa isa pa ang papel ng tagasalin, kundi nása kaniya ang napakalaking oportunidad upang maipamalay sa mambabasa na may mga balakid kung bakit patúloy na nalalagay sa alanganin ang kalikasan o ang mundo sa kabuoan sa kabila ng mga pagsisikap ng iba't ibang institusyon, kasama na ang pamahalaan na iligtas ito sa tuluyang pagkasira — na may

mga katotohanang ikinukubli ang tao upang mapanatili ang kaniyang kapangyarihan sa iba pang maybúhay sa mundo, kaya't napakahalagang maging kritikal sa lahat ng mga nababasa't naririnig; sa kung paanong nagsasalungat ang mga ito o kung paano pinalalaganap ang kani-kanilang pagpapahalaga.

Sa huli, masasabing may mga hámon para sa ekosalin. Pangunahin na rito ang paraan nito ng pagsasalin na maaaring problematiko para iba. Tinitingnan ng ekosalin ang praktika ng pagsasalin bílang isang transpormasyon, at kinukuwestiyon nito ang mga negatibong kasanayan ng tao sa kaniyang kapaligiran — mga bagay na kung hindi bukás-isip at loob na uunawain at maisasakatuparan ay posibleng maging hanggahan hindi lámang nito, kundi ng mundo. ♦

MGA SANGGUNIAN

- Almario, Virgilio S., pat. *UP Diksiyonaryong Filipino (New Edition)*. Pasig City: Anvil Publishing, 2010. Limbag.
- Alvina, Corazon. S. at Felice Sta. Maria. *Halupi: Essays on Philippine Culture*. Quezon City: Capitol Publishing House, 1989. Limbag.
- Bassnett, Susan. *Translation Studies*. Ikatlong Edisyon. London/New York: Routledge, 2002. Limbag.
- Boquet, Yves. *The Philippine Archipelago*. Switzerland: Springer International Publishing AG, 2018. Limbag.
- Berk, Öslem. *Translation and Westernisation in Turkey: From the 1840s to the 1980s*. Istanbul: Efe Yayinlari, 2004. Limbag.
- Catibog, Corazon. S. at Lawrence. R. Heaney. *Philippine Biodiversity: Principles and Practice*. University of California: Haribon Foundation, 2006. Limbag.
- CITES (Convention on International Trade in Endangered Species of Wild Fauna and Flora). 2010. <https://cites.org/eng>
- Cronin, Michael. *Eco-Translation: Translation and Ecology in the Age of the Anthropocene*. Abingdon/New York: Routledge, 2017. Limbag.
- Drengson, Allan at Yuichi Inoue, mga pat. *The Deep Ecology Movement: An Introductory Anthology*. Berkeley, CA: North Atlantic Books, 1995. Limbag.
- English, Leo James. *English Tagalog Dictionary*. Mandaluyong City: Congregation of the Most Holy Redeemer, National Book Store, 2002. Limbag.
- Glotfelty, Cheryll, "Introduction: Literary Studies in an Age of Environmental Crisis." *The Ecocriticism Reader. Landmarks in Literary Ecology*. Mga pat. Cheryll Glotfelty & Harold

- Fromm. Athens: University of Georgia Press, 1996. xv-xxxvii. Limbag.
- Gritzner, Charles F. *Environment and Natural Resources*. Broomall, US: Chelsea House Publishers, 2010. Limbag.
- Hu, Gengshen. *Eco-Translatology Construction and Interpretation*. Beijing: The Commercial Press, 2013. Limbag.
- IUCN (International Union for Conservation of Nature). *IUCN red list of threatened species*. 2013. <http://iucnredlist.org>.
- Jakobson, Roman. "On Linguistic Aspect of Translation." *The Translation Studies Reader*. Pat. Lawrence Venuti. New York and London: Routledge, 2000. 113-118. Limbag.
- Kuhiwezak, Piotr at Karin Littau, mga pat. *A Companion to Translation Studies (volume 34 of Topics in Translation)*. Multilingual Matters, 2007. Limbag.
- Lebreton, Laurent CM, Joost van der Zwet, Jan-Willem Damsteeg, Boyan Slat, Anthony Andrad, Julia Reisser. "River plastic emissions to the world's oceans." *Nat Commun* (2017 Jun 7). <https://doi.org/10.1038/ncomms15611>. 30 Hun. 2023
- Lefevre, André. *Translation, Rewriting and the Manipulation of Literary Fame*. London/New York: Routledge, 1992. Limbag.
- Licuanan, Wilfredo Y., Reine W. Cabreira, at Porfirio M. Aliño. "Chapter 23: The Philippines." *World Seas: An Environmental Evaluation Volume II: The Indian Ocean to the Pacific*, 2018, 515-537. <https://doi.org/10.1016/B978-0-08-100853-9.00051-8>. 30 Hun. 2023.
- Nabholz, Anne-Catherine. *The Crisis of Modernity: Culture, Nature, and the Modernist Yearning for Authenticity*. 2004. University of Basel, Faculty of Humanities and Social Sciences, Disertasyong Doktoral.
- Naess, Arne. *Ecology, Community and Lifestyle: An Outline of an Ecosophy*. Isinalin ni David Rothenberg. New York: Cambridge University Press, 1989. Limbag.
- Putman, Rory. *The Natural History of Deer*. New York: Comstock Publishing Associates, 1988. Limbag.
- Rees, Colin. *The Philippines: A Natural History*. Quezon City: Ateneo de Manila University, 2016. Limbag.
- Stibbe, Arran. *Ecolinguistics: Language, Ecology and the Stories We Live By*. Abingdon: Routledge, 2015. Limbag.
- Venuti, Lawrence, pat. *The Translation Studies Reader*. Unang Edisyon. London/New York: Routledge, 2000. Limbag.



Si CLAUDETTE M. ULIT ay nagtapos ng B.S. Education (Filipino) sa Unibersidad ng Santo Tomas, MA Panitikang Filipino sa Pamantasang Ateneo de Manila, at PhD Pagsasalin sa Unibersidad ng Pilipinas. Kasalukuyan siyang Katuwang na Propesor sa Kagawaran ng Filipino ng Pamantasang Ateneo de Manila. Saklaw ng kaniyang mga saliksik ang pedagohiya ng wika, pananaliksik pang-edukasyon at praktika, pagsasalin, at panunuring pampanitikan.

Internasyonal na Lupon ng mga Editor

Romulo P. Baquiran, Jr., PhD
Unibersidad ng Pilipinas
Pilipinas

Joi Barrios-LeBlanc, PhD
University of California Berkeley
USA

Rowena Cristina L. Guevara, PhD
Unibersidad ng Pilipinas
Pilipinas

Ramon G. Guillermo, PhD
Unibersidad ng Pilipinas
Pilipinas

Emmanuel M. Luna, PhD
Unibersidad ng Pilipinas
Pilipinas

Fidel R. Nemenzo, PhD
Unibersidad ng Pilipinas
Pilipinas

So Obata, PhD
University of Shizuoka
Shizuoka, Japan

Dina Joana Ocampo-Cristobal, PhD
Unibersidad ng Pilipinas
Pilipinas

Masanao Oue, PhD
Osaka University
Osaka, Japan

Victor Paz, PhD
Unibersidad ng Pilipinas
Pilipinas

Rogelia Pe-Pua, PhD
University of New South Wales
Australia

Epifanio San Juan, Jr., PhD
Philippine Cultural Studies Center
Connecticut, USA

Sachi Takahata, PhD
University of Shizuoka
Shizuoka, Japan

Nicanor G. Tiongson, PhD
Unibersidad ng Pilipinas
Pilipinas

Rolando B. Tolentino, PhD
Unibersidad ng Pilipinas
Pilipinas

Tereso S. Tullao, Jr., PhD
Pamantasan De La Salle
Pilipinas

Galileo S. Zafra, PhD
Unibersidad ng Pilipinas
Pilipinas

Pagpaplanong Pangwika sa New Southbound Policy at ang Pagtuturo ng Filipino sa Taiwan

AURA BERTA A. ABIERA

Isang Paunang Pagsasakasaysayan ng Caliraya Dam sa Silangang Laguna, 1939-1947

RUBEN JEFFREY A. ASUNCION

Malalimang Pagtalakay sa Dalawang Pangunahing Lápit
sa Pagtatása sa Sigla ng mga Wika sa Pilipinas

NOAH CRUZ

Ideolohiyang Agta sa Awit na *On Potok*

MA. CECILIA C. DE LA ROSA

Pagpapakahulugan sa Konsepto ng Kalooban sa Kongregasyon ng
Jesus Miracle Crusade International Ministry (JMCIM)

MARVIN RAE TENECIO

Ang Teatrikalidad ng *MonoVlog*:

Improbisasyon at Kuwentuhan sa Panahon ng COVID-19 sa Pilipinas

SIR ANRIL PINEDA TIATCO

LAYETA BUCOY

Ang Posibilidad at Hanggahan ng Ekosalin: Isang Pagbabalangkas at
Paglalapat ng Nababagong Teorya sa Larangan ng Pagsasalin

CLAUDETTE M. ULIT


Daluyan
Journal ng Wikang Filipino



SENTRO NG WIKANG FILIPINO
UNIBERSIDAD NG PILIPINAS
DILIMAN, LUNGSOD QUEZON

